# TINIG

## Tinipong mga Pahayag
## Patnubay de Guia

Tagapagsalita
National Democratic Front - Southern Tagalog (NDF-ST)



Hunyo 2022

# PAMBUNGAD

Inilalathala ng KARED-TK ang tinipong piling pahayag ni Patnubay de Guia, tagapagsalita ng National Democratic Front - Southern Tagalog (NDFP-ST).

Nilalaman nito ang mga pahayag ni Patnubay de Guia sa panahon ng rehimeng US-Duterte mula huling hati ng 2016 hanggang 2022. Layunin nito na maging dagdag na sanggunian ng lahat ng rebolusyunaryo para sa mga paninindigan ng Partido at Bagong Hukbong Bayan sa rehiyon hinggil sa iba't ibang isyung panlipunan, paglalantad ng pasismo at pagpupunyagi ng mga nakikibakang mamamayang Pilipino sa gitna ng mabagsik na rehimeng US-Duterte.

KARED-TK
Abril 2023

# NILALAMAN

## IKATLONG AKLAT: Pagpupunyagi ng rebolusyong Pilipino sa panahon ng rehimeng US-Duterte


Ipagbunyi ang matagumpay na Second Congress ng CPP . . . . . . . 2

**1-Paglaban ng kilusang masa .............................................4**

Makiisa sa pakikibaka ng KADAMAY-RIZAL para sa disenteng pabahay! . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 4

Jovito Palparan: larawan ng marahas na tradisyon ng AFP laban sa mamamayan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 7

Di kami pasisindak! Di kami palulupig! Labanan ang taksil, kriminal at sagadsaring anti-mamamayang rehimeng US-Duterte! . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 9

Pahayag ng pakikiisa sa mga manggagawa ng Honda Cars Philippines Inc . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 14

Mangahas lumaban! Mangahas magtagumpay! Wakasan ang pasistang rehimeng US-Duterte! . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 20

Saludo sa mga Palaweño sa pagbigo sa pakanang 3in1 Palawan ng Duterte-Alvarez! . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 25

Paramihin ang mga petisyong layas-militar sa rehiyon! Palayasin ang mga pasistang militar sa kanayunan! . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 28

Makibaka para sa hustisya! Kumilos para sa karapatan! . . . . . . . . 31

Magiting na lumaban para sa karapatan sa panirikan at kabuhayan! . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 37

Sugpuin ang bayrus na si Duterte! Makiisa sa laban ng mga manggagawang pangkalusugan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 41

Pagpupugay kay Maria Ressa! . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 44

Makatarungan ang pakikibaka ng residente ng Brgy. Patungan para sa lupa at panirikan at hustisya! . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 49

Panalo sa korte ng mga Marinduqueño, tagumpay ng pakikibaka kontra-mina . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 52

**2-Ang BHB bilang tagapagtanggol ng mamamayang Pilipino ..........................................................................56**

Pagkumpiska sa mga armas ng *goons* ng Hacienda Uy, katugunan sa hinaing ng mamamayan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 56

Matagumpay na taktikal na opensiba at pamamarusa, inilunsad ng NPA-Laguna laban sa Global Heavy Equipment, Inc. at bayarang security nito . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 59

Pagbati ng NDF-ST sa NPA-Quezon sa matagumpay na reyd laban sa bayarang armadong grupo ng Pamilya Murray sa Tumbaga Ranch . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 61

Matagumpay na ambus ng NPA-Quezon, inilunsad laban sa pasistang 85th IBPA . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 64

Puksain ang mga halimaw at salot na tropang militar at pulisya ng pasistang rehimeng US-Duterte na patuloy na nananalasa at nagpapahirap sa mga mamamayan ng rehiyon ng Timog Katagalugan! . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 66

Parusahan ang mga pasista at berdugong tropa ng AFP at PNP sa Timog Katagalugan! Pag-ibayuhin ang paglaban ng mamamayan ng rehiyon sa pasistang rehimeng US-Duterte! . . . . . . . . . . . . . . . . 72

**3-Mga Mensahe ng Pakikiisa ..........................................79**

Bigyang-pugay ang buhay at pakikibaka ng mga rebolusyonaryong kabataang naglilingkod sa sambayanan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 79

Ipagdiwang ang ika-44 na anibersaryo ng NDFP! Suportahan ang usapang pangkapayapaan at magkamit ng higit pang tagumpay! . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 83

Pagpupugay sa ika-53 anibersaryo ng Kabataang Makabayan at mga kabataang sumusunod sa yapak ni Andres Bonifacio! Kabataan, sumapi sa Bagong Hukbong Bayan! . . . . . . . . . . . . . . . . . 86

Isulong ang usapang pangkapayapaan at kundenahin ang paparaming krimen ng rehimeng US-Duterte laban sa mamamayan! . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 90

Pahayag ng pakikiisa sa paggunita at pagdiriwang sa ika-51 taong anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 94

Labanan at gapiin ang Covid-19 sa bansa! Ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte! . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 101

Salute to the Cordillera People's Democratic Front on its 34th anniversary! . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 108

Pulang pagpupugay sa NPA! Tunay na bayani ng sambayanan sa harap ng terorismo ng rehimeng US-Duterte! . . . . . . . . . . . . . . . . . 110

Labanan ang pasistang atake ng teroristang rehimeng US-Duterte! Itaguyod at pakamahalin ang New People's Army—ang hukbo ng mamamayan! .......... 115

**4-Paggunita sa mahahalagang araw sa kasaysayan .........122**

Gunitain ang mga aral ng Pag-aalsang EDSA, paigtingin ang rebolusyonaryong pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya .......... 122

Itaguyod ang mga aral ng EDSA I at ibagsak ang pasistang diktadurang US-Duterte! .......... 126

Pagpugayan ang lahat ng kababaihan at ang kanilang rebolusyonaryo at militanteng tradisyon na pagsusulong ng digmang bayan .......... 129

Manggagawang Pilipino, magkaisa upang wakasan ang kontraktwalisasyon at neoliberal na paghahari sa bansa! ..... 133

Pagpugayan ang ika-200 taong kapanganakan ni Marx! Dakilain ang Marxismo bilang di-nagmamaliw na gabay sa rebolusyong Pilipino hanggang sa pagpapalaya ng sandaigdigan! ......... 137

Tuligsain ang pagtataksil ng rehimeng US-Duterte sa kasarinlan ng bansa! .......... 140

Sa paggunita sa anibersaryo ng Martial Law, Ibagsak ang tiranikong rehimeng US-Duterte at wakasan ang ala-Marcos niyang paghahari .......... 142

Halawan ng inspirasyon ang People Power 1986, Magkaisa at pabagsakin si Duterte! .......... 146

Abante, babae! Patuloy na isulong at itaguyod ang rebolusyon! 151

Manggagawang Pilipino, magkaisa! Isulong ang mga pakikibaka sa ekonomya at pulitika! Ipaglaban ang mga karapatan sa gitna pagharap ng sambayanan sa pandemikong Covid-19! Ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte! . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 154

Wakasan ang pag-iral ng *de-facto* Martial Law sa bansa! Ibagsak ang tiraniko, diktador at pasistang rehimeng US-Duterte! . . . . . 160

Pag-ibayuhin ang paglaban! Isulong ang pakikibaka para sa tunay na repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon! Ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte! . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 165

Ipagbunyi ang mga tagumpay at hawakan ang mga aral ng First Quarter Storm . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 172

Likhain ang panibagong EDSA People Power! Ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte! . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 177

Pagpupugay sa mga kababaihan! Pulang saludo sa mga kababaihang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan! . . . . . . . 183

Magbigkis at lumaban! Pag-alabin ang mga pakikibaka para sa trabaho, sahod, karapatan at hustisyang panlipunan! . . . . . . . . 189

Itinataguyod at isinusulong ng NDFP ang pandaigdigang makataong batas . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 194

Hustisya para sa lahat ng *desaparecidos*! . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 195

Papanagutin ang rehimeng Duterte sa krimen laban sa mga pambansang minorya! Igalang at ipaglaban ang karapatan sa pagpapasya sa sarili ng mga pambansang minorya! . . . . . . . . . . 204

Wakasan ang paghahari ng mandarambong, tiraniko, diktador na si Rodrigo Roa Duterte! Biguin ang pagtatangkang rebisahin ang kasaysayan! . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 208

Pagpupugay sa uring magsasaka! .......................... 213

Bayan, tumindig at lumaban! Ibasura ang alyansa ng mga pasista at mandarambong! ...................................... 220

Gunitain ang pag-aalsang EDSA! Matatag na hawakan ang kapasyahang biguin na makabalik sa kapangyarihan ang mga mandarambong at pasista! ................................ 224

Kababaihang Pilipino: tumindig at magbigkis laban sa pagsirit ng presyo ng petrolyo at mga bilihin! .......................... 229

Sa isang taon ng Bloody Sunday, Paigtingin ang pakikibaka para sa katarungan, panagutin ang AFP-PNP at rehimeng Duterte! .... 232

Buklurin ang bayan sa pagsusulong ng pambansa demokratikong adhikain at pakikibaka para sa hustisya! ..................... 236

Labanan ang doble-karang pagpapakatuta nina Duterte at Marcos Jr. sa US at China ........................................ 241

**5-Parangal para sa mga martir at lingkod-bayan .............244**

Pagpupugay kay Fidel Castro, dakilang rebolusyonaryo at lider ng Cuba ........................................................ 244

Pagpupugay sa mga rebolusyonaryong martir sa Nasugbu, Batangas! Pagbayarin ang rehimeng US-Duterte sa kanyang mga krimen sa mamamayan! ..................................... 247

Gina Lopez: Dakilang kaibigan at tagapagtanggol ng mamamayan at kalikasan ................................................ 250

Ka Facio: Huwarang rebolusyonaryo, tunay na Komunista at tagapaglingkod ng mamamayang Pilipino ................... 255

# Pagpupunyagi ng rebolusyong Pilipino sa panahon ng rehimeng US-Duterte



## Ipagbunyi ang matagumpay na Second Congress ng CPP

*Marso 31, 2017*

Binabati ng National Democratic Front-Southern Tagalog ang bagong halal na Central Committee at ang matagumpay na Second Congress ng Communist Party of the Philippines na ginanap noong Oktubre 24 haggang November 7 ng nakaraang taon. Buong kagalakang ipinagdiriwang ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan ang mga tagumpay na nakamit sa Second Congress ng CPP kabilang ang pag-amyenda sa Konstitusyon ng Partido at mga programa nito sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan at ang mga bagong resolusyong pinagtibay nito.

Isang napakalakas na bigwas sa kaaway na reaksyunaryong estado at imperyalismong US ang matagumpay na Second Congress ng CPP sa kabila ng kampanyang todo-gyera ng rehimen at sa gitna ng mga kasinungalingan at paninira ng mga ahenteng pampropaganda ng mersenaryong AFP.

Napapanahon ang mapanlabang temang "Ibayong Pagkakaisa, Ibayong Tagumpay" ng Second Congress sa mataas na determinasyon ng Partido at higit na paglakas ng rebolusyonaryong kilusan sa lahatang-panig na gawain. Higit na pinagbigkis ng matagumpay na Second Congress ang papalaking kasapian ng CPP sa magkakaalinsabay na pagmartsa pasulong tungo sa mas mataas na antas ng digmang bayan.

Buo ang tiwala ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan sa bagong halal na Central Committee at Political Bureau ng CPP upang pamunuan ang Partido sa ibayo pang mga tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan.

Maaliwalas na kinabukasan ang hinaharap ng mamamayang Pilipino sa tagumpay ng Second Congress ng CPP. Higit itong magtatamasa ng papalawak na suporta ng mamamayan tangan ang wastong linya ng pambansa-demokratikong rebolusyong magwawakas sa mapang-api at mapang-aliping sistema.

Tulad ng tagumpay ng Rebolusyong Bolshevik noong 1917 na nakamit dahil sa pagsasakripisyo ng mamamayang Ruso, inihahanda ng Partido ang lahat ng komunistang Pilipino at rebolusyunaryong mamamayan na balikatin at igpawan ang lahat ng sakripisyo sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng paglulunsad ng digmang bayan. Magsisilbing inspirasyon sa rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan ang mga tagumpay na nakamit ng Second Congress ng CPP upang lalong magpunyagi sa paglulunsad ng digmang bayan hanggang sa ganap na tagumpay. T

# 1

# PAGLABAN NG KILUSANG MASA

## Makiisa sa pakikibaka ng KADAMAY-Rizal para sa disenteng pabahay!

*Hunyo 15, 2018*

Nakikiisa ang National Democratic Front-Southern Tagalog sa pakikibaka ng mga myembro ng KADAMAY-Rizal sa Rodriguez, Rizal para sa disenteng pabahay. Makatwiran ang laban ng KADAMAY-Rizal para sa disenteng pabahay na matagal nang hinaing ng mga maralitang lunsod na patuloy na pinalalayas sa kanilang mga pook-panirikan upang bigyang daan ang mga anti-mamamayan at makadayuhang mga proyekto.

Sa kabilang banda, kinukundena ng NDF-ST ang rehimeng US-Duterte sa tuluyan nitong pag-aabandona sa tungkuling magbigay ng pabahay sa mga maralita laluna yaong mga apektado ng mga demolisyon at mga pamilyang hindi kayang magpundar ng sariling

bahay dahil sa kawalan ng kabuhayan at trabaho. Imbes na tugunan ang pangangailangan ng mamamayan para sa disenteng pabahay, ang reaksyunaryong gubyerno pa mismo ang numero unong nagpapalayas sa mga maralita sa kanilang mga tahanan at pangunahing gumigiba ng kanilang mga panirikan. Sa kabalintunaan, binigyang prayoridad naman ni Duterte ang mga engrandeng programang pabahay para sa pasistang AFP-PNP na nagtataguyod sa mga anti-mamamayang programa ng reaksyunaryong gubyerno.

Matatandaang noong nakaraang taon, nangako si Duterte sa KADAMAY-Rizal na ibibigay na sa kanila ang mga nakatiwangwang na bahay na kanilang inokupa. Ngunit lumalabas na pansamantalang pinahupa lamang  ni Duterte ang galit ng mamamayan sa kainutilan ng reaksyunaryong gubyerno sa usapin ng programa ng pabahay sa bansa.

Kakabit ng pakikibaka ng mamamayan laban sa mga neoliberal na mga patakarang itinataguyod ng rehimeng US-Duterte ang pakikibaka ng mga maralitang lunsod para sa disenteng pabahay. Sa ilalim ng programang Build Build Build ni Duterte, maraming mga maralita ang tiyak na mapapalayas mula sa kanilang mga tahanan para tayuan ng mga imprastrakturang kinakailangan ng mga imperyalista at dayuhang mamumuhunan kabilang ang imperyalismong US at Tsina. Ang Build Build Build ni Duterte ang halimaw na wawasak sa tirahan at kabuhayan ng maraming mamamayan. Binabalikat na nang mamamayan ang pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin dahil sa TRAIN Law, papasanin pa nila ang isa namang problema na idudulot ng mga kaliwa't kanang demolisyon.

Wala nang aasahan ang mamamayan sa mga patakaran at programang makadayuhan ng rehimeng US-Duterte. Tanging ang kanilang pagkakaisa at pakikipaglaban ang kanilang masasandigan para isulong ang kanilang mga batayan karapatan. Nananawagan ang NDF-ST sa mamamayan na patuloy na suportahan ang pakikibaka ng KADAMAY-Rizal at mga maralitang lunsod para sa disenteng pabahay. Dapat na labanan ang anti-mamamayang Build Build Build ni Duterte at igiit ang karapatan ng lahat para sa disenteng pabahay. Sa huli, ang landas ng pagrerebolusyon ang patutunguhan ng mga maralitang lunsod na tiyak na tutugon sa kanilang mga karaingan at aspirasyon para sa kanilang mga batayang pangangailangan at karapatan. T

## Jovito Palparan: larawan ng marahas na tradisyon ng AFP laban sa mamamayan

*Setyembre 18, 2018*

Isang tagumpay sa pakikibaka laban sa mga paglabag sa karapatang-tao ang naging paghahatol na "maysala" sa berdugong si Jovito Palparan, sa kasong pagiging kapural ng pagdukot at iligal na pagdetine sa mga aktibistang estudyanteng sina Karen Empeño at Sherlyn Cadapan noong 2006 sa Hagonoy, Bulacan. Nararapat na pagpugayan ang mga kapamilya, kaibigan, abogado at ang malawak na mamamayang sumuporta sa laban at pagpapanagot kay Palparan at iba pang kasangkot na sina Lt. Col. Felipe Anotado at Staff Sgt. Eduardo Osorio sa nagdaang 12 taon. Ang kanilang tapang at determinasyong kamtin ang hustisya sa pagkawala nina Karen at Sherlyn at ang malawak na simpatya at suporta ng taumbayan ang syang tunay na naghatol kay Palparan.

Bago madestino sa Central Luzon, tigmak na sa dugo ang kamay ni Palparan sa paghahasik ng teror sa Timog Katagalugan. Pinangunahan ni Palparan ang pinaka-madudugong kampanyang militar sa rehiyon na Task Force Banahaw sa Laguna at Oplan Habol Tamaraw sa isla ng Mindoro sa ilalim ng Oplan Bantay Laya 1 ng rehimeng Macapagal-Arroyo Ang mga pasistang hakbanging ito ay nagdulot ng 1,268 kaso ng paglabag sa karapatang-tao at bumiktima sa 4,493 indibidwal at 1,721 pamilya. Sino nga ba ang makalilimot sa pagdukot at pamamaslang ng mga alagad ni Palparan kina Eden Marcellana, Secretary General ng Karapatan-ST at Eddie Gumanoy, tagapangulo ng KASAMA-TK noong

2003. Nararapat lamang na panagutin pa ang berdugong si palparan sa mga krimeng ito. Hangad ng mga mamamayan sa Timog Katagalugan at buong bansa ang katarungan sa mga krimen ni Palparan laban sa sambayanang Pilipino.

Pinatunayan ng hatol kay Palparan ang maruming rekord ng armadong institusyon ng reaksyunaryong estado sa paghahasik ng iba't ibang klase ng karahasan at kalupitan sa mamamayan. Ang halimaw nyang katauhan ay nilikha na ng mahabang mersenaryo, kontra-mamamayan at marahas na tradisyon ng AFP na sumusupil sa lehitimong paglaban ng mamamayan para sa kanilang mga demokratikong karapatan. Isa lamang si Palparan sa maraming opisyal ng AFP na may mahabang listahan ng krimen sa mamamayang Pilipino na dapat ding managot at mapatawan ng hustisya.

Hindi tinatapos ng pagkakahatol kay Palparan ang umiiral na *culture of impunity* sa bansa. Si Duterte mismo at ang kanyang pangunahing mga alyadong Arroyo at Marcos ay katulad din lamang ni Palparan at hanggang ngayo'y malayang nakapaghahasik ng teror sa buong bayan. Nagkukumahog ngayon ang mga alipures at propagandista ni Duterte upang pabanguhin ang kanyang imahe, pagtakpan ang pang-ekonomyang krisis sa bansa at ang kanyang pinakakawalang mas masahol na brutalidad sa mamamayan sa ilalim ng kanyang paghahari.

Nananawagan ang NDF-ST sa mamamayan ng Timog Katagalugan at buong bansa na patuloy na magpunyagi sa pagtatanggol sa karapatang tao at pagpapanagot sa mga berdugo't kriminal tulad nina Palparan, mga yunit ng AFP at si Duterte. Paigtingin ang pakikibaka laban sa pasismo at brutalidad ng estado at papurulin ang talim ng mapagkunwaring Oplan Kapayapaan! T

## Di kami pasisindak! Di kami palulupig! Labanan ang taksil, kriminal at sagadsaring anti-mamamayang rehimeng US-Duterte!

*Agosto 24, 2019*

Ito ang malakas na sigaw ng mga mamamayan ng rehiyong Timog Katagalugan sa lumalalang paglabag sa karapatang pantao at sa malawakan at sistematikong kampanya ng karahasan at terorismo sa rehiyon ng pasistang rehimeng US-Duterte.

"Hindi kami titigil at natatakot sa paglalantad at paglaban sa mga anti-mamamayan at anti-demokratikong mga patakaran ng pasistang rehimen. Habang ginigipit at tinatakot, lalo lamang tataas ang aming kapasyahang lumaban para igiit ang aming mga demokratikong karapatan at panawagan para sa tunay na kalayaan at demokrasya sa bansa. Kung nagawa na ng bayan na mapatalsik sa kapangyarihan si Ferdinand Marcos nuong 1986 at si Joseph Estrada nuong 2001, magagawa din ito kay Duterte na sobra-sobra na ang idinudulot na kalupitan at pasakit sa taumbayan", dagdag pa nila.

Sa mga idinaos na iba't ibang pagkilos sa rehiyon at sa kalakhang Maynila, binuhos ng mamamayan ng rehiyon ang kanilang namumuong galit at nagpupuyos na damdamin laban sa tumitinding mga pag atake ng pasistang rehimeng US-Duterte sa kanilang mga karapatang sibil at demokratiko. Kanilang inilalantad ang sa katunayang pag-iral (de facto) ng batas militar sa rehiyon.

Tampok sa kanilang kinokondena ang walang habas na mga operasyong militar ng AFP at PNP sa mga kanayunan ng rehiyon na nagreresulta lamang sa malawakang pang-aabuso at pagyurak sa karapatang pantao ng mga mamamayan duon. Mariin nilang kinokondena ang mga *aerial bombings, strafing* at pagkanyon ng mga *howitzer* ng AFP sa mga baryo at komunidad ng mga magsasaka at katutubo sa tuwing magkakaroon ng labanan sa pagitan nila at ng NPA. Ang mga naturang aksyong militar ay nagdulot lamang ng malaking pinsala sa buhay at ari-arian ng mga magsasaka at katutubo. Isinasagawa ng AFP nang walang pagsasaalang-alang sa buhay at kaligtasan ng mga sibilyan lalong-lalo na sa mga bata, kababaihan at mga matatanda. Dahil sa mga ito, dumami ang sapilitang nagsilikas at pansamantalang tumutuloy sa mga pampublikong lugar at *evacuation centers.* Nagtitiis sa lamig at gutom para lamang makaiwas na madamay sa mga operasyong militar ng AFP at PNP tulad ng mga pangyayari sa isla ng Mindoro.

Ang mga kahalintulad na pangyayari sa Mindoro ay naranasan din ng mga magsasaka at katutubo sa Quezon, Rizal at Palawan. Sa Quezon, napilitan ang maraming pamilya mula sa Lopez, Macalelon at Catanauan na mag-bakwet dahil sa dinanas na matinding harrassment at panggigipit sa mga mamamayan at upang maiwasang madukot at patayin ng mga mersenaryong 85th IB ng Philippine Army sa mga operasyong ala-Sauron/SEMPO.

Samantala, sa kalunsuran ng rehiyon, marahas na binuwag ng PNP ang piketlayn ng mga nagwewelgang manggagawa ng Pepmaco at NutriAsia sa Laguna. Marami ang nasugatan sa mga welgista na iginigiit lamang ng kanilang makatarungang kahilingan na maging regular mula sa pagiging kontraktwal na matagal nang pinaiiral ng 2

nasabing kumpanya. Nasa 17 manggagawa naman ng Nutri-Asia ang patuloy pang nakakulong dahil sa gawa-gawang kasong isinampa sa kanila ng kumpanya matapos silang maglunsad ng welga.

**Patuloy ang kampanya ng AFP at PNP sa pang-aalipusta, demonisasyon at pagtatatak sa mga progresibong organisasyon sa rehiyon bilang prente ng CPP-NPA.**

Sa Batangas, tampok ang mga pagbabanta sa buhay at pagkakaratula sa ilang lider ng mga progresibong organisasyon bilang mga Komunista at NPA. Ang 730th Combat Group ng Philippine Air Force ang itinuturo na pangunahing may kinalaman sa pagbabanta at pagkakalat ng kasinungalingan laban sa mga progresibong organisasyon sa Batangas.

Nakakaranas din ng mga kahalintulad na pagbabanta at *red-tagging* ang mga lider at progresibong organisasyon sa Cavite, Rizal, Laguna at Quezon na ginagawa ng 202$^{nd}$ Brigade ng 2$^{nd}$ Infantry Division ng AFP.

Ang paggamit sa anti-ilegal na operasyon sa droga ng PNP, AFP at PDEA bilang tabing para ilunsad ang mga *saturation drive* at maghalughog sa mga komunidad at kabahayan kahit walang mga search warrant at walang suot na ID na pagkakakilanlan ay malinaw na panggigipit at pananakot sa mga tao sa komunidad tulad ng nangyari sa Barangay San Isidro, Antipolo City, Rizal. Sa nasabing operasyon, tinipon ang mga tao, lalo na ang mga kalalakihan, sa basketball court at pinuwersang pumaloob sa sapilitang drug testing. Dahil sapilitan, malinaw na ito'y paglabag sa kanilang karapatang pantao.

Ang nasabing operasyon ay may bahid na kontra-insurehensya na sinisimulan sa mga komunidad ng maralita sa mga kabayanan at syudad ng rehiyon.

May mga pagtatangka din ang AFP at PNP na pumasok sa mga paaralan at unibersidad sa rehiyon kahit walang tahasang pahintulot ng pamunuan ng mga paaralan tulad ng ginawa nila kamakailan sa UP Rural High sa Los Banos, Laguna. Nauna pa rito ay nagsagawa rin ng diumano'y *orientation* sa mga estudyante sa UP sa Los Baños kaugnay ng ROTC ngunit tinuntungan lamang ito upang lantarang paratangan ang mga lehitimong organisasyon at mga lider nito na di-umano'y prente ng mga Komunista at NPA na naglalagay sa mga ito bilang target ng *red-tagging,* pagmamanman, panggigipit, pagdukot, pamamaslang. Habang nagaganap ang nasabing "orientation", ikinandado ng mga militar ang pintuan ng bulwagan upang di makalabas ang mga estudyante. Pagpapakita lamang ito ng tatak ng pasismo at napipintong kapalaran ng mga mag-aaral sakaling makalusot ang nais ng AFP-PNP at pasistang rehimeng US-Duterte na sapilitang ipatupad ang ROTC sa mga highschool at pamantasan. Mariing tinutulan ito ng mga kabataang estudyante sa pamamagitan ng pag-*walk out* sa bulwagan at paglabas sa mga *emergency exit* nito bagay na di napigilan ng mga militar.

Ang NDF-ST ay buong giting na nakikiisa at sumusuporta sa mga isyu at usapin na tinututulan at ipinaglalaban ng mamamayan ng rehiyon. Sumasaludo kami sa kanilang ipinapakitang katapangan, paninindigan at kapasyahang labanan at biguin ang mga pakana ng pasistang rehimeng US-Duterte na maghasik ng takot at terorismo sa rehiyon.

Patuloy din ang aming panawagan sa lahat ng mga makabayan at tagapagtanggol ng karapatang pantao sa rehiyon na ibayong palakasin at patatagin ang hanay. Pukawin, organisahin at pakilusin ang iba pa nating mga kababayan para likhain ang isang malapad na nagkakaisang prenteng mga organisasyong anti-pasista. Huwag tayong mag-atubili na magsagawa ng iba't ibang tipo ng pagkilos at paglaban sa pasismo at tiranya ng rehimeng Duterte at biguin ang kanyang mga pakana at balaking magpataw ng lantarang batas militar sa buong bansa.

Ang inyong NPA ay laging handang ipagtanggol ang bayan at biguin ang anumang kampanyang militar na inilulunsad ng uhaw-sa-dugo at pasistang rehimeng US-Duterte laban sa mamamayan. Papapanagutin nito ang mga opisyal ng AFP at PNP na sagadsaring kontra-rebolusyonaryo at talamak na lumalabag sa karapatang pantao. Lagi ding bukas ang pintuan ng rebolusyonaryong kilusan sa pagtanggap sa sinuman na magpapasyang humawak ng sandata at lumahok sa armadong pakikibaka. **T**

## Pahayag ng pakikiisa sa mga manggagawa ng Honda Cars Philippines Inc.

*Pebrero 28, 2020*

Ang National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ay karamay at kaisa ng 630 manggagawa at ng kanilang pamilya na tuwirang maapektuhan sa napipintong pagsasara ng Honda Cars Philippines Inc. (HCPI) sa darating na buwan ng Marso 25, 2020. Nababahala din ang NDF-ST sa libo pang manggagawang maaaring matanggal sa kanilang mga pinapasukang pabrika na may kasalukuyang kontrata sa HCPI at nagsusuplay ng mga pangangailangan nito sa fuse, wirings, air bag at iba pa. Ang napipintong pagsasara ng HCPI at sa humihinang industriya ng sasakyan sa bansa ay epekto at resulta ng lumalalang pandaigdigan at domestikong krisis dulot ng monopolyo-kapitalismong sistema sa daigdig.

Mariing kinokondena din ng NDF-ST ang nakakainsulto at nakakagalit na pahayag ng tagapagsalita ng Malacañang na si Secretary Salvador Panelo na kahit magsara ang HCPI sa bansa ay minimal ang magiging impak nito sa ekonomiya ng bansa. Mas pinili pang bigyan ng bigat ng Malacañang ang paghahambog sa **Duterteconomics** kaysa pagkalooban ng malasakit at mabahala sa kahihinatnan ng mga mawawalan ng trabaho at ng kanilang pamilya sa napipintong pagsasara ng HCPI. Nagawa pang ipagmalaki ni Secretary Panelo ang **Build Build Build Program** ng gubyerno na kuno'y kayang magbigay ng kapalit na trabaho sa mga manggagawa ng HCPI. Palibhasa'y mga

manhid at walang alam sa tunay na kalagayan ng bansa akala nina Duterte at mga taga Malacañang na ganuon kadali ang maghanap ng trabaho sa Pilipinas.

**Ang pagsasara ng HCPI ng planta nito sa Pilipinas ay kumbinasyon ng lumalalang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at ng kronikong krisis ng malakolonyal at malapyudal na katangian ng lipunang Pilipino na ang pangunahing tinatamaan ng hambalos ng krisis ay ang uring manggagawa at magsasaka.**

**Higit pa itong pinalubha ng ilang dekadang pagpapatupad ng neoliberalismo sa bansa na nakabatay sa walang hanggang pagkaganid sa pagkakamal ng supertubo ng mga kapitalista at pag-atake sa organisadong manggagawa na nakikibaka para sa nakabubuhay na sahod, proteksyon sa pook-trabaho at seguridad sa trabaho, at karapatang magtayo ng unyon at pakikipagtawaran sa kapitalista.**

Ayon sa pananaliksik na ginawa ng mga unyon sa rehiyong Timog Katagalugan, kanilang naobserbahan na simula noong 2003, pababa na ang tunguhin ng produksyon sa *auto manufacturing* sa bansa dahil sa pagpasok ng *completely build units* (CBUs) na mga sasakyan galing sa Thailand at iba pang bansa sa Asia. Sa kabilang banda, walang ginawang *safeguards* ang gubyerno upang maprotektahan ang mga lokal na nagmamanupaktura ng mga sasakyan sa bansa", dagdag pa ng mga nagsaliksik.

Ayon naman sa Philippine Metalworks Alliance (PMA), "ang lokal na trabaho ang pangunahing tinatamaan sa pagpasok ng mga sasakyang

CBUs at hindi mismo ang mga kumpanya ng sasakyan. Sa global na kalagayan, paliwanag pa ng PMA, nagbabawas ng produksyon ang mga kumpanya para makapag angkat kaya hindi sila nakakaramdan ng pagkalugi. Ang mga multinational companies (MNCs) ay patuloy na kumikita kahit umasa sila ng malaki sa pag-aangkat (imports)", dagdag pa ng PMA.

Sa paliwanag na ito ng PMA, kung palalalimin, ang pagbabawas sa produksyon ng mga MNCs ay kasing kahulugan ng tanggalan (retrenchment) ng mga manggagawa o pagbabawas sa gastos sa produksyon na pangunahing inilalaan ng mga kapitalista sa nagbabagong kapital (variable capital) sa anyo ng sahod bilang kabayaran sa lakas paggawa. Ang lohika sa likod ng pagbabawas ng *variable capital* para sa pagbili ng lakas paggawa (labor power) ay napapababa nila ang gastos sa produksyon ng kalakal kahit bawasan ang produksyon dahil sa napapalitan o nababawi naman ang nawawala (sa pagbawas ng produksyon) ng nagmumula sa importasyon. Sa ganito, walang pagkalugi ang mga kapitalista bagkus patuloy pa rin silang kikita sa kapariwaraan naman ng mga manggagawang basta na lamang tatanggalin nila trabaho.

Ayon naman sa HCPI, hindi na estratehikong panatiliin pa nila ang kanilang planta sa Pilipinas sa gitna ng paghina ng produksyon at paghina ng bentahan ng industriya ng sasakyan sa pandaigdigang pamilihan. Plano din nilang magbakasakali na pumasok sa paggawa ng elektronikong sasakyan. Bumaba diumano ang kanilang benta ng sasakyan sa 23,294 *units* noong 2018 at lumiit pa ito sa 20,338 *units* sa taong 2019. Bumaba din ang produksyon ng sasakyan ng HCPI sa bansa sa 8,000 *units* noong 2018 mula sa *average* na taunang 15,000

*units*. Ang mga modelong Honda City at Honda BR-V ang ginagawa sa HCPI na nasa Laguna Technopark, Santa Rosa City, Laguna.

Samantala ang kanilang planta sa UK, na ayon sa HCPI na isasara din sa 2021, ay bumaba ang produksyon sa 160, 000 *units* mula sa kakayahan nitong lumikha ng sasakyan ng taunang 250,000 *units*.

Nakadagdag na dahilan sa pagbaba ng benta ng sasakyan ng HCPI at iba pang nasa industriya ng sasakyan ang Tax Reform for Acceleration and Inclusion Act (TRAIN LAW) na ipinatupad ng rehimeng Duterte. Ang pagpataw ng mataas na *excise tax* sa ilalim ng TRAIN LAW ay nagpataas sa halaga ng mga sasakyan at pagtaas ng halaga ng mga batayang pagkain at serbisyo. Bumaba ang bentahan ng sasakyan sa 2 magkasunod na taon (2018-2019) matapos ipatupad ang TRAIN LAW dahil mas binigyan ng prayoridad ng mga may kakayahang bumili ng sasakayan ang mga batayang pangangailangan nila kaysa ang bumili ng bagong sasakyan.

**Union busting at pagdurog sa Tunay na Unyonismo ang nasa likod ng pagsasara ng HCPI**

Ayon kay Christopher Oliquino, Bise Presidente ng Lakas Manggagawang Nagkakaisa sa Honda (LMNH-OLALIA-KMU) "biglaan ang anunsyo ng pagsasara ng kumpanya na para silang tinarakan ng punyal sa likod. Walang naunang abiso o palatandaan sa napipintong pagsasara ng pabrika liban sa nagbawas sila ng produksyon ng modelong sasakyang BR-V sa 18 kada araw nitong katapusan ng Enero mula sa dating 35-38 kada araw."

Noong Pebrero 22 ng hapon, bago dumating ang oras ng pagtatapos ng panghapong shift, pinatawag ang mga manggagawa sa pulong sa pag-aakalang pag-uusapan ang benta ng kumpanya o ng kanilang Collective Bargaining Agreement (CBA) na nakatakdang pag-usapan sa darating na Agosto 2020.

Dagdag pa ni Ginoong Oliquino, "nasorpresa sila sa ipinalabas na video ng Presidente ng HCPI na si Noriyuki Takakura na nag-aanunsyo ng pagsasara ng planta. Kaya bilang tugon, agaran silang nagtayo ng piket protesta sa loob ng planta habang ang ibang kasamahan nilang manggagawa kasama ang pamilya at tagasuporta ay nagpiket sa harapan ng *gate* ng planta upang kondenahin at i-protesta ang hakbang ng HCPI."

Naniniwala ang NDF-ST na ang tunay na dahilan sa likod ng napipintong pagsasara ng HCPI ay hindi dahil sa nalulugi o may pangangailangan silang optimisahin ang kanilang produksyon para umayon sa kasalukuyang pandaigidigang *demand* lalo na sa elektronikong sasakyan. Ginagamit na lang nila itong panabing o dahilan sa tunay nilang intensyon na *union busting* at iligal na pagtatanggal sa mga manggagawa na bumuhay at nagpayaman sa mga kapitalista ng HCPI sa loob 28 taon na operasyon nito sa bansa. Gusto nilang durugin ang Lakas Manggagawang Nagkakaisa sa Honda na matagal nang nagtataguyod at nakikibaka para sa tunay, palaban, makabayan at anti-imperyalistang unionismo sa bansa. Nais ng mga kapitalista, katuwang ang pasistang rehimeng US-Duterte, na durugin ang mga nagtataguyod ng tunay na unyonismo at halinhan ito ng maaamo, sunod-sunuran, dilawan at aristokratang unyonismo.

Dapat magkaisa ang lahat ng mga manggagawa sa rehiyon ng Timog Katagalugan sa pagsuporta sa pakikibaka ng mga manggagawa sa HCPI at sa iba pang mga mangagawa na nakakaranas ng panunupil ng estado sa kanilang mga demokratikong karapatan para sa pagtatayo ng unyon, para sa kahilingan sa nakabubuhay na sahod, paglaban sa kontraktwalisasyon at para sa regular na trabaho at mahusay na kundisyon sa paggawa. Higit kailanman kailangan ngayon ang matatag na pagkakaisa ng lahat upang hadlangan, biguin at ipagtanggol ang hanay mula sa matinding atake ng kapital at ng pasistang estado sa mga militante, tunay, palaban at makabayang unyon.

## Mangahas lumaban! Mangahas magtagumpay! wakasan ang pasistang rehimeng US-Duterte!

*Hulyo 27, 2020*

Malugod na binabati ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ang sambayanang Pilipino, higit lalo, ang mga mamamayan ng rehiyon na lumahok sa malawakang protestang bayan sa iba't ibang panig ng bansa, sa araw ng SONA ni Duterte, upang kalampagin ang gubyerno sa makupad nitong pagkilos, palyado at palpak na paglaban sa Covid-19, ilantad ang mga katiwalian sa loob ng gubyernong Duterte, labanan ang mga panggigipit at paniniil ng kanyang pasistang paghahari at ang pagbabasura sa masahol pa sa batas militar ni Ferdinand E. Marcos na Anti-Terrorism Act of 2020 (ATA) o RA 11479.

Ang pagkilos na tinagurian nilang **SONAgkaisa** ang pinakamalawak na pagkilos na nilahukan ng taumbayan sa panahon ng ipinatutupad na militaristang lockdown na *general community quarantine* (GCQ) ng gubyernong Duterte sa maraming lugar sa bansa lalo sa Kamaynilaan at rehiyong Timog-Katagulan. Malawak ang naging partisipasyon ng taumbayan sa nangyaring kilos-protesta sa ilalim ng **SONAgkaisa,** sa anyo ng mga protesta sa kalsada, *online protests, prayer rallies,* misa ng bayan, sentralisado at disentralisadong mga pagkilos sa mga komunidad, baryo, pabrika at eskwelahan. Patunay ito kung gaano na kalawak at kalalim ang disgusto at pagkamuhi ng sambayanang Pilipino sa inutil, pabaya, traydor, korap, tiraniko, kriminal na

mamamatay taong si Rodrigo Roa Duterte. Naghahangad sila na mawakasan na ang pasista at tiranikong paghahari ng bangkaroteng gubyernong Duterte na siyang puno't dahilan ng kanilang labis na nararanasang kahirapan, kaapihan, pagkabusabos at malawakang pagkawala ng trabaho't hanapbuhay.

Sa kabila ng mga pananakot at bantang huhulihin ang sinumang grupo na magsasagawa ng mga kilos protesta sa araw ng SONA ni Duterte, alinsunod sa advisory ng Department of Interior and Local Government (DILG) na nagbabawal sa mga pagtitipon dahil sa "di umanong" banta ng Covid-19, daan-daan at libo-libo pa ring mamamayan ang nagsipagtungo sa mga lugar na tinakdang pagdadausan ng kilos-protesta. Hindi sila natakot sa kabila na may 24 na lalahok sana sa pagkilos ang iligal na inaresto ng kapulisan ng NCR-PNP. Naigiit nila ang kanilang mga demokratikong karapatan sa malayang pamamahayag at pananalita, kalayaan na magtipon para iparating sa gubyerno ang kanilang mga karaingan at kahilingan dito. Ginawa nila ang pagkilos habang mahigpit na tumatalima sa mga pinagkaisahang *health protocols* ng kanilang grupo bilang mga responsableng mamamayan na mahigpit na nag-iingat at nagbabantay na hindi mahawaan at makahawa ng sakit na Covid-19.

Kung tutuusin, ang *advisory* ng DILG sa mga LGU's na inilabas ilang araw bago ang nakatakdang **SONAgkaisa**, ay isang desperadong hakbang ng administrasyong Duterte at palatandaan kung gaano kasukdulan ang kanyang pagkatakot sa patuloy na lumalawak at lumalakas na nagkakaisang hanay ng mamamayan laban sa kanyang mga katiwalian at lantarang pasistang paghahari. **T**

Sa nangyaring matagumpay na mga pagkilos ng taumbayan, nabigo ang pasistang rehimeng US-Duterte na pigilan na marinig ng malawak na masa ng sambayanang Pilipino ang tunay na kalagayan ng bayan mula mismo sa mga bibig ng katulad nilang mga manggagawa, magsasaka, maralitang tagalunsod, kababaihan, kabataan at estudyante, guro, taong simbahan, manggagawang pangkalusugan, abugado, mamamahayag, artista, maliliit na negosyante at iba pang demoratikong uri't sektor ng lipunang Pilipino.

Tulad ng inaasahan, walang pinagkaiba ang mga pahayag ni Duterte sa kanyang ika-5 SONA sa mga nauna niyang SONA. Patuloy na naglalaman ito ng mga kasinungalingan, pambabaluktot sa tunay na estado ng bansa, mga pambobola, papuri sa sarili, pananakot sa mga kalaban sa pulitika at mga pangakong laging napapako. Tulad ng mga payasong de susi, malugod na pinalakpakan ng mga kapural ni Duterte sa Senado at Kongreso ang mga kabalbalang namumutawi sa bibig ng diktador.

Walang nabanggit si Duterte sa kanyang ika-5 SONA kung paano niya hahanguin ang sambayanang Pilipino mula sa pagkakalubog sa kumunoy ng kahirapan. Kung ano ang kanyang *recovery program* upang maibangon ang lugsong kalagayan ng ekonomiya ng bansa na lalo pang pinalala dahil sa patuloy na pag-iral ng mga patakarang neoliberal, sa malaking kapabayaan at kapalpakan ng gubyerno sa pagharap at paglaban sa pandemyang Covid-19. Walang programa si Duterte kung paano i-aadres ang maraming bilang ng nawalan ng ikinabubuhay at ng patuloy pang nawawalan ng trabaho na mga manggagawa sa bansa at maging mga *overseas filipino workers* (OFWs) dahil sa pandemyang Covid-19.

Sa kabilang banda, walang ipinahayag si Duterte sa kanyang SONA kung paano pipigilan at sasawatahin ang lumalaking bilang ng mga Pilipino na nagkakasakit sa Covid-19 na ngayon ay umabot na sa 82,040 at maaaring umabot sa 120,000 sa pagtatapos ng buwan ng Agosto ayon sa pagtaya ng University of the Philippines Covid-19 response team. Iiinsulto ni Duterte ang sambayanang Pilipino sa paninisi nito sa mga mamamayan bilang "pasaway" para gawing sangkalan sa paglobo ng mga nagkakasakit ng Covid-19.

Ang mga mahihirap at mga naghihikahos na mamamayang Pilipino ang pangunahing tinamaan at naapektuhan dahil sa militaristang paraan ni Duterte sa pagharap at paglaban sa Covid-19. Patuloy na binabalewala ni Duterte na magpatupad ng mga hakbanging medikal na matagal nang pinanunukala ng mga dalubhasa sa kalusugan at mga dalubhasa sa larangan ng pagkontrol sa mga epidemya.

Sa halip, tusong ginagamit ni Duterte ang pandemyang Covid-19 upang isulong ang adyendang kitlin ang kritisismo at oposisyon sa kanyang tiwaling pamamalakad. Inilagay nya sa tuktok ng kanyang listahan ng mga prayoridad ang kontra rebolusyonaryong digma laban sa CPP-NPA-NDFP, sa pagsasabatas sa kinamumuhiang Anti-Terrorism Act of 2020 (ATA) o RA 11479 at ang personal na paghihiganti at pagpapasara sa ABS-CBN Network kaysa paglaban at pagsugpo sa Covid-19 bilang usaping medikal at hindi bilang usapin sa *peace and order*. Ipinagyayabang nya ang paglansag sa lumang oligarkiya upang ipalit ang bagong oligarkiya ng mga militarista, malalaking negosyo at dinastiyang pulitikal na nakapaligid sa kanyang angkan.

Walang ibang pagpipilian ang sambayanang Pilipino kundi ang patuloy na kumilos at mangahas na lumaban upang wakasan ang

pasistang paghahari ng rehimeng US-Duterte. Huwag nating hayaang makapanaig ang obsesyon ni Duterte na patayin ang kalayaan sa pamamahayag at pananalita at sa maitim nitong hangaring lubusang ipagbawal ang lahat ng anyo ng kritisimo, pambabatikos at pagsalungat sa kanyang tiwaling pamamalakad sa gubyerno. Biguin ang kanyang malaon nang kagustuhan na makapaghari ng lagpas sa kanyang termino at ipatupad ang lantarang pasismo ng kanyang gubyerno laban sa mamamayan gamit ang higit na masahol at mapanupil na batas na ATA of 2020 o RA 11479.

Patuloy tayong magsagawa ng iba't ibang mga pagkilos sa paraang ligal, iligal, armado at di-armado. Kailangang abutin natin ang pinakamalawak na bilang ng mamamayan na magtulong tulong para pabagsakin ang sibilyan-militar na *junta* ni Duterte sa pinakamaagang panahong magagawa. Huwag na nating hayaan pang magpatuloy ang kanyang talamak na pagyurak sa mga karapatang pantao at sibil ng mamamayan, mga karahasan at terorismo at karumal-dumal na krimen laban sa bayan.

## Saludo sa mga Palaweño sa pagbigo sa pakanang 3in1 Palawan ng Duterte-Alvarez!

*Marso 19, 2021*

Binabati ng NDF-ST ang matunog na pagtutol ng mga Palaweño sa pakanang hatiin ang Palawan sa tatlong lalawigan. Patunay itong hindi nagawang lokohin ng mga lokal na naghaharing paksyon ang Palaweño sa kanilang mga boladas na ito ang daan upang mapabilis ang pagbibigay ng serbisyong panlipunan. Nangibabaw ang boses ng mamamayan laban sa pagmamaniobra ni Duterte at ng pangkating Alvarez sa Palawan. Isang malakas na hambalos ang pinakawalan ng mga Palaweño na tumama sa ulo ng mga naghahari't nagsasamantalang uri sa Palawan.

Pinamamalas sa pagtatagumpay ng botong "No" sa plebisito nitong Marso 13 na hindi kinakagat ng mga Palaweño ang inasukalang pain ng mga reaksyunaryo. Walang ibang layunin ang 3in1 Palawan kundi hatiin ang isla pabor sa mga lokal na dinastiyang pulitikal para sa pagpapatibay ng kanilang kontrol sa kanilang mga saklaw, mas maluwag na pandarambong at mas madulas na paghahain ng mga rekurso sa mga dayuhang negosyante, lokal na burukrata at mga panginoong maylupa. Nakaayon ito sa planong pederalismo ni Duterte na nagtitiyak na masolido ang kapangyarihan ng kanyang mga kroni sa kani-kanilang mga balwarte at sa gayon ay makokonsolida ang kanyang paksyon para suportahan ang kanyang pangarap na makapaghari lagpas sa Hunyo 2022.

Nakaayon din ang 3in1 Palawan sa imbing planong charter change ng rehimen kung saan tatanggalin ang mga proteksyon sa ekonomikong probisyon ng Konstitusyon ng Pilipinas para bigyang-daan ang 100% pag-aari ng mga dayuhan sa mga mahahalagang yutilidad, negosyo at patrimonya ng bansa. Bahagi ito ng patuloy na pagyukod ni Duterte sa US at China na sa pamamagitan ng pagpaparte-parte ng isla, mas madaling maipagkaloob ang mga yaman nito sa magkaribal na imperyalista. Patunay ang pananatili ng mga base militar ng US sa Ulugan Bay sa Puerto Princesa City habang nagpapatatag ang China ng mga base militar nito sa West Philippine Sea. Nakikipag-uunahan din ang mga dayuhang kumpanya ng mina at korporasyon ng oil palm at mga kasosyong lokal na naghaharing uri.

Hindi tinutugunan ng pakanang 3in1 Palawan ang tunay na interes at kagalingan ng mga Palaweño. Malakas ang kanilang panawagan para sa libre at maayos na serbisyong kalusugan, pagbabakuna at ayuda sa panahon ng pandemyang COVID-19. Tinututulan nila ang pandarambong sa likas na yaman ng isla ng mga dayuhang korporasyon at kasabwat na mga lokal na naghaharing uri. Nagkakaisa ang kanilang tinig para palayasin ang mga imperyalistang US at China na yumuyurak sa pambansang soberanya at teritoryal na integridad ng Pilipinas habang kasabay na dinadambong ang patrimonya ng bansa. Sinisingil nila ang traydor at bentador na rehimeng Duterte at pasistang paksyon ni Alvarez sa kanilang mga krimen.

Kaisa ng mga Palaweño ang NDF-ST sa kanilang laban para sa karapatan at kagalingan. Patuloy silang magkapitbisig at bumuo ng isang malapad na nagkakaisang hanay para isulong ang kanilang mga demokratikong interes. Tanging ang rebolusyonaryong kilusan

ang kanilang masasaligan para makamit ang kalayaan, kasaganaan at kaunlaran. Ang demokratikong gubyernong bayan ang tunay nilang gubyerno na nagkakaloob ng kanilang mga lehitimong kahilingan. ■

## Paramihin ang mga petisyong layas-militar sa rehiyon! Palayasin ang mga pasistang militar sa kanayunan!

*Hunyo 2, 2021*

Nagpupugay ang NDF-ST sa ipinamalas na katapangan at pagkakaisa ng mamamayan ng Quezon para patalsikin ang apat na kampo militar sa kanilang baryo. Sa pamamagitan ng mga petisyon, napalayas ng mga residente ng mga barangay Sta. Elena at Cawayan sa Lopez; at Vista Hermosa at P. Herrera sa Macalelon ang mga kampo ng sundalo sa kanilang lugar.

Inireklamo ng mga residente ng Brgy. Sta. Elena ang bandalismo ng mga sundalo sa kanilang barangay hall. Nag-iiwan dito ng mga kalat at dumi ang mga abusadong militar na pinalilinis sa mga taumbaryo. Bunsod nito, pinagbawalan ng mga residente na tumuloy dito ang mga pasista.

Sa Brgy. Cawayan naman, napilitang umalis ang mga sundalo dahil ayaw ng mga residente na malapit ang kampo sa baryo.

Pinalayas naman ng mga taga-barangay Vista Hermosa ang kampo sa kanilang lugar dahil sa kaguluhan at perwisyong inihahatid ng mga pasista. Noong Enero 31, namatay ang alagang kabayo ng isang residente matapos magpaputok ang mga lasing na CAFGU at militar dahilan para magpetisyon ang mga taumbaryo sa Sangguniang Barangay na palayasin ang militar. Noong Mayo 17, inilipat ng mga

sundalo ang kampo sa P. Herrera, karatig na baryo, ngunit kagyat silang sinalubong ng nagrereklamong mamamayan.

Pinalayas ng mamamayan ng Quezon ang mga militar sa gitna ng nagpapatuloy na focused military operations ng 59th IBPA at 85th IBPA sa 34 barangay ng Lopez, Macalelon at Gumaca. Mahigit isang buwan nang nag-ooperasyon ang mga berdugong militar mula pa noong Abril. Aabot sa dalawang laking kumpanya ng AFP-PNP-CAFGU ang sumasaklaw sa mga naturang lugar. Nagsisilbi silang bantay sa konstruksyon ng dalawang mapanirang proyektong dam sa Brgy. Vista Hermosa.

Pinatunayan nitong hindi hadlang ang sandata at pananakot ng militar sa pagbubuklod ng bayan. Inspirasyon ang pagkilos ng mga Quezonin sa iba pang mamamayan ng TK na piniperwisyo rin ng mga kampo militar. Hinihikayat ang bawat baryo na may presensyang militar na maglunsad ng kilusang masa upang palayasin ang mga tampalasang AFP-PNP at pigilan ang pagtatayo ng mga kampo sa kanilang lugar. Ilantad ang mga paglabag sa karapatang pantao ng mga berdugong militar at magsampa ng kaso laban sa AFP-PNP-CAFGU ayon sa CARHRIHL.

Tutulan ang mga operasyong *retooled community support program* na tabing ng mga sundalo para makapanatili sa mga komunidad at wasakin ang pagkakaisa ng mga taumbaryo. Puspusang ilantad at batikusin ang mga teroristang krimen ng AFP at rehimeng Duterte. Kasabay nito, kailangang ipagpatuloy ng mamamayan ang kanilang panawagan para sa ayuda, serbisyong medikal at bakuna sa gitna ng lumalalang krisis ng pandemyang COVID-19.

Higit pang palawakin at patatagin ang mga organisasyong masa sa rehiyon upang bigkisin ang pagkakaisa at itaas ang diwa at kakayahan ng mamamayan na lumaban. Makipagtulungan at lalupang pahigpitin ang ugnayan sa NPA upang biguin at bigwasan ang palalong kaaway. Sa harap ng hagupit ng kampanyang panunupil ng rehimen, ibayo pang sumulong at makibaka sa landas ng pambansa demokratikong rebolusyon. T

## Makibaka para sa hustisya! Kumilos para sa karapatan!

*Hulyo 10, 2021*

Malugod na tinatanggap ng NDF-ST ang inilabas na ranuntunan (rules) ng Korte Suprema ng bansa na nag-aatas sa Philippine National Police (PNP) at iba pang mga ahente ng batas na *mandatory* ang paggamit ng *body-worn cameras* at iba pang *recording devices* sa pagpapatupad ng *search warrant* (SW) at *warrant of arrest* (WOA). Bagamat di puspusan at maraming butas sa panuntunan, na maaaring ikutan at lusutan ng mga tagapagpatupad ng batas, maituturing pa rin itong positibong hakbang ng Korte Suprema para pangalagaan at protektahan ang mga pundamental na karapatan ng mga Pilipino.

Kinikilala din ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon na ang paglalabas ng panuntunan ng Korte Suprema ay resulta ng masikhay na pagkilos at puspusang pakikibaka ng sambayanan upang wakasan ang impyunidad at kultura ng mga pagpatay, karahasan, pag-aabuso sa kapangyarihan at paglabag sa karapatang pantao ng PNP, AFP at iba pang mga armadong ahente ng estado. Ang pag-iral ng kultura ng karahasan at mga pamamaslang ng AFP at PNP bilang patakaran ng estado ay lalong tumingkad at lumaganap sa panahon ni Duterte dahil na rin sa iniengganyo ito ng pasistang rehimeng US-Duterte. Tumatanggap ng suhol at pabuya, binibigyan ng kaakibat na promosyon at sa panahon ng pagreretiro, ginagantimpalaan ng pwesto sa gubyerno ang mga Heneral at iba pang mataas na opisyal ng PNP

at AFP na buong katapatan at bulag na sinusunod ang ipinatutupad na madugong kampanya ni Duterte laban sa iligal na droga at anti-komunismo.

Ayon sa panuntunan ng Korte Suprema, dumarami ang mga napapaulat na namamatay na sibilyan sa panahon ng pagpapatupad ng mandamyento (warrants) na inilalabas ng mga Trial Courts kung saan ang mga dahilan at kundisyon ng naturang pagkamatay ng mga sibilyan ay malawakang tinutunggali at pinasusubalian ng mga saksi at kaanak ng mga biktima. Ang pag-unlad ng teknolohiya, partikular ng pagkakaroon ng *body-worn cameras,* ay "nagiging posible kapwa ang integrasyon sa gamit nito (body-cam) bilang suporta sa mga tagapagpatupad ng batas at kasabay napoprotektahan ang mga pundamental na karapatan ng mamamayan", dagdag pa ng Korte Suprema.

Sa Panuntunan 2 ng mga Panuntunan ng Korte Suprema kaugnay sa paggamit ng *body-worn cameras,* sinasabi na matapos na madetermina ng Korte na may *probable cause*, maaari na itong magpalabas ng *warrant of arrest* na may nakasaad ding utos sa mga alagad ng batas na dapat gumamit ng dalawang *recording devices.* Maaari ang isa ay *body-worn camera* at isang alternatibong *recording device* na may kakayahang lumikha, magpadala, tumanggap, mag-imbak, magpalabas at magproseso ng *audio-visual* na mga *recordings* habang suot ng mga tagapagtupad ng batas sa panahon ng kanyang mga aktibidad. Kung walang magagamit na *body worn camera*, kailangang humingi ng pahintulot sa Korte ang mga alagad ng batas para makagamit ng alternatibong *recording device* batay sa makatuwirang dahilan.

Kaugnay naman sa paghiling sa Korte kaugnay sa pag-iisyu ng *search warrant*, ayon sa panunutunan ng Korte Suprema, dapat nakasaad sa aplikasyon ng mga tagapagpatupad ng batas kung mayroon o walang magagamit na *body-worn cameras*. Kung wala, ang aplikante ay dapat humiling ng pahintulot sa Korte na payagan itong gumamit ng alternatibong *recording devices*.

Tinitingnan ding positibo ng NDF-ST ang ginawang desisyon ng Korte Suprema na nag-aalis ng otoridad sa mga *executive judges and vice executive judges* ng mga *trial courts* sa Manila at Quezon City na magpalabas ng *search warrants* labas sa kanilang *regional jurisdiction* (NCR). Ibig sabihin, maaari lamang silang maglabas ng kanilang kautusan sa SW sa loob ng Metro Manila. Tinutugunan nito ang mga pagtutol at reklamo ng mga grupo sa karapatang pantao sa kapangyarihan ng mga *executives judges* at mga *vice executives judges* ng Manila at Quezon City Trial Courts na mag-isyu ng mga kwestiyonableng *search warrants* na maaaring ipatupad saan mang panig ng bansa.

Sa Section 2, Rule 5 ng bagong inilabas na panuntunan ng SC, ipinawawalang bisa nito ang Chapter V, Section 12 of Administrative Matter (A.M) No. 03-8-02-SC, *as amended*, kung saan nagbibigay ng kapangyarihan sa mga *executive judges*, at kung hindi sila maaari, ang kanilang *vice executive judges*, ng Manila at Quezon City Trial Courts na magpalabas ng *search warrants* na maaaring ipatupad saan mang bahagi ng bansa. Dahil dito, ang ilang mga Trial Courts sa Manila at Quezon City ay nagsilbing *factory of warrants* at nagresulta ng mga pagpatay at pagkakakulong ng maraming mga aktibista, tagapagtanggol ng karapatang pantao at lider ng iba't ibang

progresibong organisasyon at *partylist* kung saan ang karamihan sa mga naging biktima ay mga dumanas din ng red-tagging mula sa pasistang rehimeng US-Duterte.

Ang AM No. 03-8-02-SC na inilabas ng SC noong 2004 ang ginamit ni Quezon City Executive Judge Cecilyn Burgos Villavert para maglabas ng sangkaterbang *search warrants* na humantong sa mga pagpatay at pagkakakulong ng mga aktibista at mga lider ng mga progresibong organisasyon sa Isla ng Negros sa Kanlurang Visayas. Ito rin ang ginamit ni Executive Judge Jason Zapanta at First Vice Executive Judge Jose Lorenzo de la Rosa ng Manila Trial Courts sa pagpapalabas ng kwestiyonableng *search warrants* na humantong sa March 7 Bloody Sunday sa Timog Katagalugan. Si Judge Zapanta ang nagpalabas ng *search warrant* sa pinaslang na mag-asawang Ariel Evangelista at Chai Lemita ng Nasugbu, Batangas. Si Judge de la Rosa naman ang nagpalabas ng tatlong (3) *search warrants* kung saan ang isa ay nakapangalan sa napaslang na kilalang lider ng Bagong Alyansang Makabayan sa Cavite na si Manny Asuncion.

Ayon sa Office of the Court Administrator (OCA), may kabuuang 63 *search warrants* ang inaplayan ng PNP-Region IV-A (CALABARZON) sa sala ni Executive Judge Jason Zapanta ng Manila Trial Courts kung saan 42 ang aprubado. Ang mga naaprubahang aplikasyon para sa pagpapalabas ng SW ng Manila Trial Courts at mga inisyu ng Regional Trial Courts sa probinsya ng Rizal ang ginamit ng mga operatiba **ng** PNP Region IV-A at elemento ng AFP na nagresulta sa pagkapaslang sa 9 at pagkadakip ng 6 na mga aktibista at kilalang lider ng mga progresibong grupo sa rehiyong Timog Katagalugan. Nangyari ang

madugong insidenteng ito sa loob lamang ng magdamag ng Marso 7, 2021 na tinaguriang Bloody Sunday.

Ang inilabas na panuntunan ng Korte Suprema ay maituturing na hampas sa ulo at nagpapapurol sa pangil ng pasistang estado ni Duterte. Pinapahina nito sa isang antas ang epektibidad ng ilang mga batas ng estado na ginagamit bilang sandata laban sa mga kritiko, oposisyon at mamamayang lumalaban sa pasistang rehimen. Sinasagkaan din ng panuntunan ng Korte Suprema ang umiiral na kultura ng impyunidad sa hanay ng PNP at AFP na malayang nakagagawa ng mga krimen at paglabag sa mga pundamental na karapatang pantao lalo na sa hanay ng mga nagdarahop at kapus-palad nating mga kababayan. Magsisilbing balakid ngayon ang bagong panuntunan ng Korte Suprema sa pagpapatupad ni Duterte ng madugong kampanya kontra iligal na droga at "kontra-insurhensyang gera" laban sa mamamayang Pilipino sa ngalan ng diumanong paglaban sa terorismo.

Pinupuri ng NDF-ST ang naging desisyon ng Korte Suprema na tumindig para sa kapakanan ng taumbayan sa kabila ng mga tinatanggap nitong presyur mula sa ehekutibo at lehislatibo. Ganunpaman, ang kautusan ng Korte Suprema ay hindi maggagarantiya na mawawala ang mga *extra judicial killings*, karahasan at malawakang paglabag sa karapatang pantao sa bansa. Nariyan at nakaamba ang iba pang mapanupil na batas ng estado, lalo na ang Anti-Terrorism Law of 2020 (ATL 2020), na ngayon ang siyang malakas na sandatang ginagamit ng rehimeng Duterte laban sa kanyang mga kritiko at pinararatangan niyang kaaway ng estado. Wala pang desisyon ang Korte Suprema, bagamat tapos na ang mga *oral arguments*, kaugnay sa nakahaing petisyon ng 37 grupo na kumukwesyon sa konstitusyonalidad ng

naturang batas. Dapat patuloy na kumilos ang taumbayan para sa ipanawagan sa Korte Suprema na lubusang ibasura ang ATL 2020.

Samantala, patuloy ang paghahanap ng hustisya ng mga kaanak at kaibigan ng mga biktima ng Bloody Sunday. Patuloy silang kumikilos upang mapanagot ang mga opisyal ng PNP, AFP at gubyerno na nasa likod ng karumal-dumal at madugong krimen noong Marso 7, 2021. Ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon ay patuloy din ang paghahanap ng pagkakataon para mapagbayad nang mahal ang mga salarin hindi lamang sa nangyaring Bloody Sunday kundi ang mga pagpatay, karahasan at terorismo ng PNP at AFP sa mga mamamayan ng rehiyon, lalo na sa mga magsasaka at katutubo at iba pang uring anakpawis.

Hangga't nasa kapangyarihan ang pasista at tiranikong si Duterte at umiiral ang malakolonyal at malapyudal na sistema sa bansa, magpapatuloy ang mga karahasan at terorismo ng reaksyunaryong estado laban sa sambayanang Pilipino. Kailangan patuloy na makibaka para sa pagkakamit ng hustisya. Kumilos nang buong tatag para isulong at ipagtanggol ng sambayanang Pilipino ang kanilang mga demokratikong karapatan. At ang pinakamahalaga ay tahakin ang landas ng demokratikong rebolusyon ng bayan upang ibagsak ang malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan ng bansa na pinaghaharian ng mga oligarko at kamtin ang tunay na kalayaan, demokrasya at kasaganaan ng sambayanang Pilipino. T

## Magiting na lumaban para sa karapatan sa panirikan at kabuhayan!

*Agosto 12, 2021*

Taas-kamaong pinagpupugayan ng rebolusyonaryong kilusan sa TK ang mga maralitang komunidad sa rehiyon sa magiting nilang paglaban sa walang habas na pang-aatake ng rehimeng Duterte sa kanilang karapatan sa panirikan at kabuhayan.

Ipinakita ng mamamayan ng TK ang kapangyarihan ng sama-samang pagkilos sa pagbigo at pakikihamok sa mga banta ng demolisyon na layuning palayasin at wasakin ang mga komunidad ng mga maralita sa mga bayan at kanayunan ng Cavite, Laguna, Batangas, at Rizal. Dinaig ng kanilang paninindigan ang pasismo ng estado sa kanilang pakikibaka. Ang kanilang pagpupunyagi sa pakikihamok laban sa mga nais magpalayas sa kanila ang siyang dahilan kaya't nakakapanatili sila sa mga komunidad at kabuhayan na napundar sa sariling pagsisikap.

Sa kabila ng mga ginagawang paghihigpit ni Duterte sa gitna ng pandemya, inilunsad ng anakpawis ang mga barikada at protesta bilang tugon sa pagpapalayas at pandarahas sa kanila ng naghaharing uri at rehimeng Duterte. Sa Cavite, pinigilan ng mga magsasaka't manininda ng bayan ng Silang ang tangkang demolisyon sa mga tindahan at bahay sa kahabaan ng Tagaytay-Sta.Rosa Road na pakana ng pamilya Aguinaldo at Ayala Land Inc. (ALI) nitong Hulyo. Patuloy rin ang pakikipaglaban ng mga taga-Bacoor upang manatili sa

kanilang mga tirahan na nakatakdang idemolis para bigyang daan ang pagtatayo ng syudad ng Bacoor ng *commercial* at *business district*.

Mahusay na halimbawa para sa mga komunidad ang matatag na pakikibaka ng mga magsasaka sa Hacienda Yulo sa harap ng matinding karahasan ng PML na Yulo at ALI na kinukunsinti ng LGU ng Laguna. Nakahanda naman ang mga mangingisda at magsasaka sa Batangas na labanan ang bantang dislokasyon na dala ng mga iniraratsadang proyekto tulad ng *geothermal powerplant* sa San Juan at higanteng solar facility sa Nasugbu.

Samantala, sa Rizal, nagbibigkis ang mga pamayanang mapapalayas ng mga mapanirang proyektong Kaliwa at Wawa Dam upang tutulan ang konstruksyon at isalba ang ilog at kabundukang mapipinsala ng mga ito. Nagpupunyagi rin ang mga residente sa mga *resettlement area* sa Antipolo City, Rodriguez at iba pa sa pagharap sa militarisasyon na sagot ng rehimen sa kanilang panawagan para sa disenteng pabahay at batayang serbisyong panlipunan.

Kapalit ng suhol, kikbak at mga pabor, ibinebenta ng rehimeng Duterte ang kapakanan ng milyun-milyong mahihirap para itayo ang mga komersyal at mapangwasak na proyektong ipinapakete bilang mga kinakailangang hakbang sa pag-unlad. Kahangalan at kasinungalingan ang katwiran na "pasisiglahin" ng mga inilalakong negosyo't proyekto ng naghaharing-uri ang ekonomya ng bansa. Makaisang panig at eksklusibo ang hatid nitong pag-unlad, at sa totoo'y magdudulot pa ng ibayong pagdurusa ng mamamayang mawawalan ng lupa at hanapbuhay.

Dahil pinapauna ang interes ng malalaking burgesya kumprador at mga dayuhang negosyo, inaani ng walang pusong rehimen ang pagkamuhi ng mahihirap. Nasusuklam ang bayan sa pagpapahintulot sa mga demolisyon at pang-aatake sa mga maralita gayong laganap ang kagutuman at kawalang kabuhayan dahil sa pandemya. Higit 22.8 milyong Pilipinong nakatira sa mga maralitang komunidad ang nanganganib madisloka bunsod ng maanomalya at makadayuhang programang Build, Build, Build na isinusulong pa rin ng rehimen kahit na wala pang kalutasan ang COVID-19. Mismong Commission on Human Rights ng reaksyunaryong gubyerno ang nagbansag sa mga sapilitang pagpapalayas o forced eviction bilang malalang paglabag sa karapatang tao sa panahon ng sakuna o emerhensya gaya ng kasalukuyan.

Ang walang habas na pagpapalayas at demolisyon ng mga maralitang komunidad sa ilalim ng rehimeng Duterte ay patunay ng tagibang at nabubulok na kaayusan ng lipunang Pilipino. Sa ganitong sistema, prayoridad ang mga golf course, high-class na condominium at subdivision, at mga proyektong ekoturismo na libangan lang ng mayayaman habang namamalimos, nagugutom at walang bubong na sisilungan ang nakararami. Ang labis na di pagkakapantay-pantay at pambubusabos sa mahihirap ang nagtutulak sa mamamayan na magbalikwas at tanganan ang rebolusyonaryong solusyon sa pagkakamit ng makatao at makatarungang lipunan.

Hinihimok ng NDF-ST ang iba pang sektor at grupo sa lipunan na makiisa sa laban ng mga maralita at kumilos para kamtin ang tunay na makamamamayang pag-unlad. Dapat igiit ng malawak na hanay

ng mamamayan ang kanilang karapatan sa kabuhayan, panirikan at pabahay bilang mahahalagang komponente ng hustisyang panlipunan. Ang pakikibakang ito ay mahigpit na kaugnay ng kagyat na panawagang panagutin at ibagsak ang pabaya, inutil at pahirap na rehimeng Duterte. **T**

## Sugpuin ang bayrus na si Duterte! Makiisa sa laban ng mga manggagawang pangkalusugan

*Setyembre 1, 2021*

Nakikiisa ang NDF-ST sa kilos-protesta ng mga manggagawang pangkalusugan ngayong Setyembre 1 para ipanawagan ang kanilang karapatan sa karampatang benepisyo at sapat na proteksyon sa kasagsagan ng pagkalat ng nakamamatay na Covid-19. Makatarungan ang iginigiit ng mga manggagawang pangkalusugan para sa kanilang Covid-19 Special Risk Allowance (SRA), hazard pay at benepisyo sa pagkain, akomodasyon at transportasyon. Tumpak din at napapanahon ang kanilang kahilingang magbitiw na sa pwesto si Francisco Duque III bilang Kalihim ng DOH.

Sa harap ng mga lehitimong kahilingan ng mga manggagawang pangkalusugan, nais isantabi ng rehimeng Duterte ang sakripisyo at serbisyong ipinagkakaloob ng mga medical frontliners sa mga pasyente ng Covid-19. Napakasama at malisyoso ang pakana ng estado na pagbanggain ang interes ng mga manggagawang pangkalusugan at mga pasyente ng Covid-19. Nais nitong palabasin na ang paghahapag ng sektor kalusugan ng kanilang mga hinaing, mga panawagan at pagkilos para igiit ang kapakanan at kagalingan ng sektor at ng mamamayan ay "pagtalikod sa kanilang tungkulin bilang tagapangalaga sa mga maysakit", gayong ang pagsasawalambahala ng rehimen sa pangangailangan ng mamamayan, ang kainutilang harapin ang patuloy na paglaganap ng bayrus at ang mga palyadong

militaristang solusyon sa pandemya ang puno't dulo ng paghihinagpis ngayon ng bayan.

Makatwiran ang galit at pagpoprotesta ng mga manggagawang pangkalusugan sa rehimeng Duterte. Habang lalo't nalantad ang pangungurakot ng rehimen sa pondo ng bayan, laluna sa Department of Health, kung saan bilyun-bilyong pisong pondo ang kinulimbat ng sabwatang Duterte, Duque, Lao at iba pa nilang mga kasapakat. Hindi lamang mga manggagawang pangkalusugan ang pinagkaitan sa dinambong na pondo, kundi pati ang sambayanan na hindi nagtamasa ng maayos na serbisyong pangkalusugan sa gitna ng pandemya.

Samantalang tinalikuran ng rehimen ang pagbibigay ng benepisyo sa manggagawang pangkalusugan at ayuda sa mamamayan, todo-todo naman ang pag-ambon nito ng pabuya at benepisyo sa mga sundalo at pulis na binigyan pa ng dagdag na P56.4 bilyong pondo sa pensyon sa Bayanihan 3. Ipinaubaya rin ni Duterte sa mga heneral ng AFP-PNP ang pamamahala sa pagharap sa sakit imbes na sa mga ekspertong medikal at siyentista. Nasa unahan din ng prayoridad ng rehimen na bakunahan ang mga sundalo't pulis imbes na ang mga *medical frontliners*. Sa simula ng pandemya, binantaan ni Duterte ang mga dumaraing na manggagawang pangkalusugan na "magrebolusyon" na lamang sila.

Sa ganitong palpak na pamamahala at labis na kapabayaan ng rehimen sa mga manggagawang pangkalusugan at mamamayan ay sadyang itutulak nga ni Duterte ang buong bayan na maglunsad ng rebolusyon. Higit sa patuloy na paggigiit ng mga manggagawang pangkalusugan sa kanilang mga karapatan ay ang paghahanap ng

tunay na solusyon upang gamutin ang lumalalang sakit ng lipunang Pilipino. Nagnanaknak ang sugat ng buong bayan na idinulot ng labis na pagpapahirap ng rehimeng Duterte. Pinalala pa ito ng pandemyang Covid-19 na sinamantala ng naghaharing-uri at imperyalismo para higit na pagkakitaan at apihin ang bayan. Walang ibang solusyon dito kundi ang pambansa-demokratikong rebolusyon.

Kailangang pahigpitin ang pagkakaisa ng mamamayan laban sa pasistang rehimeng Duterte. Makiisa ang mga manggagawang pangkalusugan sa pakikibaka ng mga manggagawa, magsasaka, kabataan, kababaihan, pambansang minorya at iba pang mga uri at sektor laban sa pabaya, korap at taksil na si Duterte. Sa sama-samang lakas ng mamamayan, marapat na singilin si Duterte at wakasan na ang kanyang diktadurang paghahari. T

## Pagpupugay kay Maria Ressa!

*Oktubre 10, 2021*

Malugod na binabati ng NDF-ST si Bb. Maria Ressa, Chief Executive Officer (CEO) ng *news outlet* na Rappler, sa natanggap nitong Nobel Peace Prize Award para sa mga dyornalista. Si Bb. Maria Ressa ang kauna-unahang Pilipino na nakatanggap ng ganitong pinagpipitagang gantimpala sa harap ng malawakang banta, pag-atake at panunupil sa kalayaan sa pamamahayag at pananalita na nangyayari sa buong mundo at lalong higit sa Pilipinas. Kinilala ng Nobel Peace Prize Committee ang mga pagsisikap, tapang at determinasyon ni Bb. Ressa na ipagtanggol at igiit ang karapatan sa pamamahayag at pananalita bilang pundamental na karapatang pantao hindi lamang sa Pilipinas kundi maging sa ibang panig ng mundo na ayon sa Nobel Peace Prize (NPP) ay nahaharap sa samu't saring pag-atake.

Si Bb. Ressa ay susing lider din sa pandaigdigang paglaban sa dis-impormasyon, pagpapalaganap ng *fake news*, panggigipit at pagpaslang sa mga dyornalista. Ayon sa grupong Center for Media Freedom and Responsiblity (CMFR) at National Union of Journalists in the Philippines (NUJP), umabot na sa 19 ang pinaslang na mga kagawad ng midya sa mahigit na 5 taong panunungkulan ni Duterte. Tinuring naman ng grupong Reporters Without Borders si Duterte bilang maninila (predator) ng kalayaan sa pamamahayag at binansagan ang Pilipinas bilang isa sa mga bansang mapanganib para sa mga mamamahayag at dyornalista.

Kasama ni Bb. Ressa na nakatanggap ng Nobel Peace Prize Award ang Rusong si Dmitry Muratov na nagmamay-ari ng independent newspaper na Novaya Gazeta sa bansang Russia. Pinagkalooban sila ng gantimpala bilang mga dyornalista, na ayon sa Norwegian Nobel Committee, dahil sa kanilang mga "pagsisikap para pangalagaan ang kalayaan sa pamamahayag at pananalita bilang paunang kundisyon sa demokrasya at matagalang kapayapaan". Ito ang ikalawang pagkakataon na nakatanggap ang mga dyornalista ng gantimpala mula sa NPP. Unang nangyari ito noong 1935 sa isang Aleman na dyornalista at sosyalistang si Carl Von Ossietzky. Kinasuhan at ikinulong si Ossietzky sa salang pagtataksil (treason) dahil matapang niyang ibinunyag ang gubyernong Aleman na sikretong nagpapalakas ng armamento na labag sa Versailles Treaty.

Nagagalak ang taumbayan sa malaking karangalan na natamo ni Bb. Ressa. Ang pagkakaloob ng karangalan ng Nobel Peace Prize Award kay Bb. Ressa ay maituturing na pagkilala ng internasyunal na komunidad at organisasyon sa katumpakan at pagiging lehitimo at makatarungan ng isinusulong na pakikibaka ng sambayanang Pilipino, sa kabuuan, at ng mga mamamahayag, manunulat, dyornalista at mga nagtataguyod sa karapatang pantao, sa partikular, laban sa panunupil, pananakot, intimidasyon at mga pagpatay ng gubyernong Duterte. Kinakatawan ni Bb. Ressa ang katotohanan sa pagbabalita laban sa mga nagkakalat ng kasinungalingan, disimpormasyon at *fake news* na walang ibang pinanggagalingan kundi mula sa mismong Presidential Communication Operations Office (PCOO), National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) at mga bayaran nilang *troll armies*.

Malaking sampal sa mukha ng pamahalaang Duterte ang karangalang natamo ni Bb. Ressa mula sa prestihiyosong internasyunal na institusyon at *award body* na NPP.  Bawat pagbati at pagpupugay na  natanggap ni Bb. Ressa ay katumbas ng kabi-kabilang sampal sa mukha ng gubyernong Duterte. Ang mga pagbati, papuri at paghanga mula sa lider ng iba't ibang bansa at mga kilalang personahe sa mundo tulad ni Pangulong Biden ng USA, dating Senador na si Hillary Clinton, pinuno ng European Commission at marami pang iba ay direktang hambalos sa lumalaking ulo ni Duterte.

Sa mahabang panahon, nais busalan ni Duterte ang mga mamamahayag sa pagsisiwalat ng katotohanan. Ngayon, busal ang bibig ni Duterte sa pagkapanalo ni Bb Ressa sa NPP. Nakakabingi ang katahimikan ng Malacañang sa gitna ng mga papuring tinatanggap ni Bb. Ressa mula sa maraming mambabatas, pulitiko, kilalalang mga personahe, *business groups, media,* simbahan at iba pang mga grupo sa bansa. Biglang nabusalan ang matabil na bibig ng tagapagsalita ng Malacañang na si Secretary Harry Roque. Nagulantang sila sa natanggap na pagkilala at karangalan na pinagkaloob ng NPP sa taong labis nilang hinamak at inalipusta.

Si Bb. Ressa, bilang kilala at respetadong mamamahayag sa bansa, ang may pinakamaraming natatanggap na maaanghang na mga pananalita, pambabastos, pag-alipusta at pambabatikos mula kay Duterte. Pinagbawalan ni Duterte na makapasok sa Malacañang  at pagkaitan ng karapatang mangalap ng balita ang *reporter* ng Rappler na si Bb. Pia Rañada kaugnay sa mga kaganapan at aktibidad ng Opisina ng Presidente. Si Bb. Ressa rin at ng kanyang kinakatawang *news outlet* na Rappler ang tumanggap ng sangkaterbang mga gawa-

gawang kaso mula sa gubyernong Duterte bilang ganti sa pagiging kritikal ng Rappler sa gubyernong Duterte lalo na sa madugong kampanya nitong kontra-droga.  Sa hanay ng mga mamamahayag at dyornalista sa bansa, si Bb. Ressa din ang may pinakamaraming natatanggap na mga paninira, pambabastos, pagbabanta at pag-alipusta mula sa mga bayarang *troll armies* ng pasistang rehimeng US-Duterte.

Nanaig sa isang banda ang katotohanan, pagiging lehitimo at makatarungan ng mga isinusulong na pakikibaka ng mga mamamahayag at dyornalista sa bansa sa pagtatangggol at paggigiit sa kalayaan sa pamamahayag, pananalita at iba pang pundamental na karapatang pantao dahil sa ginawad na karangalan ng NPP kay Bb. Maria Ressa. Ganunpaman, hindi pa tapos ang laban ng taumbayan at mga mamamahayag sa tiraniko, mapanupil at malupit na pasistang rehimeng US-Duterte. Nariyan pa rin ang mga mapanupil na batas na ginagamit na sandata ng pasistang rehimen laban sa mamamayang Pilipino tulad ng Anti-Terrorism Law (RA 11479) at Cybercrime Law (RA 10175). Dapat patuloy na lumaban ang sambayanang Pilipino at mga mamamahayag para igiit at ipagtanggol ang karapatan sa malayang pamamahayag, pananalita at iba pang pundamental na karapatang pantao. Nasa atin ang panig ng katotohanan at lakas. Nasa panig natin ang simpatiya at suporta ng mga grupo at makataong institusyon sa ibayong  dagat.

Huwag nating pahintulutan na makapanatili sa kapangyarihan ang tiraniko, taksil, mandarambong at kriminal na si Duterte sa pamamagitan ng pagpataw ng Batas Militar at iba pang imbing pakana na makapanatili sa kapangyarihan. Lalong dapat nating pigilan na

makabalik sa kapangyarihan ang mga Marcos at maluklok si Bongbong Marcos, ang anak ng diktador at mandarambong na nilalayong linisin at ilibing sa limot ang krimen ng kanyang pamilya laban sa mamamayang Pilipino. T

## Makatarungan ang pakikibaka ng residente ng Brgy. Patungan para sa lupa at panirikan at hustisya!

*Enero 15, 2022*

Mariing kinukundena ng NDF-ST ang marahas na demolisyon sa Brgy. Patungan, Maragondon, Cavite noong Enero 13 na nagresulta pagkakasugat sa apat na residente dahil sa tama ng baril, pagkakasugat ng mas marami pa at paghuli sa lima pang mga residente ng Patungan. Walang pakundangan silang pinagbabaril ng pinagsanib na mga armadong goons at pulis sa proseso ng demolisyon upang supilin ang kanilang paglaban. Hindi pa nasiyahan, pati ang mga residenteng nagkawanggawang tumulong sa mga nasugatan sa pamamaril ay pinaghuhuli ng pulis. Maging ang isang sugatan na isusugod sa ospital ay hinuli pa ng mga pulis pati mga kaanak nito.

Ayon sa mga residente, aabot sa libo ang pinaghalong pwersa ng PNP, Seraph Security Agency, Bureau of Fire Protection, PAF, Marines at mga armadong *demolition teams* ang pumasok sa lugar para sa pagdemolis ng komunidad.

Higit sa 214 pamilya ang palalayasin sa Brgy. Patungan nang walang katiyakan sa relokasyon at hanapbuhay. Halos isang dekada na silang pinapalayas ng MTV Investment Properties Holding Corporation (dating MTV Realty Corp) na pagmamay-ari ni Maria Theresa Virata. Nauna nang ibinenta ni Virata ang lupa kay Henry Sy, isang burgesya komprador at kilalang kroni ni Duterte. Nais saklawin ni Sy ang Brgy.

Patungan sa pagpapalawak ng kanyang *resort* sa karatig nitong barangay sa Nasugbu, Batangas.

Simula 2014, samu't saring pakana ang isinagawa ni Sy sa pakikipagsabwatan sa lokal na gubyerno at mga nagdaang rehimen para mapalayas ang mga residente ng Brgy. Patungan. Binarikadahan ng mga pulis ang kalsada papunta sa barangay at walang pinalulusot na residente papasok kung kaya't napipilitang magbyahe sa dagat o maglakad sa bundok ang mga ito para lamang makapamili ng kanilang pagkain. Dulot din nito ay hindi makapaglibing o makadalaw sa sementeryo ang mga taga-Patungan. Tuluy-tuloy ang paggiba ng mga pribadong goons at pulis ng Maragondon sa mga bahay rito. Walang pusong sinisira ang mga pananim at kagamitang pansaka ng mga magsasaka at kagamitang pangisda ng mga mangingisda. Binabantaan din ang buhay ng mga residente at kanilang lider. At ngayong pandemya, iniratsada pa ang *demolition order* ng lokal na yunit ng gubyerno.

Sa kabila nito, patuloy na binibigo ng mga residente ang demolisyon. Malugod na binabati ng NDF-ST ang mga maralita ng Brgy. Patungan na matapang na lumalaban para ipagtanggol ang kanilang karapatan sa lupa at panirikan. Kailangang higit na pasiglahin ang kanilang pakikibaka at pahigpitin ang pagkakaisa laban sa pasistang panunupil ng rehimen.

Nananawagan ang NDF-ST sa mga mapagkawanggawang institusyon, tagapagtanggol ng karapatang tao at tunay na lingkod-bayan na tulungan ang mamamayan ng Brgy. Patungan, laluna ang mga biktima ng marahas na demolisyon. Bigyan sila ng ayuda, suportang medikal at

paralegal na tulong upang patuloy nilang maipaglaban ang kanilang mga karapatan. Suportahan din ang kanilang makatarungang pakikibaka para sa karapatan sa lupa at panirikan.

Dapat pagbayarin ang mga salarin sa madugong demolisyon sa Brgy. Patungan. Sampahan ng kaso ang mga sangkot na pulis at goons. Samantala, patuloy na sisingilin ng demokratikong gubyernong bayan ang malalaking burgesya komprador at panginoong maylupa sa kanilang krimen sa mamamayan. Sa pagtatagumpay ng rebolusyon, pananagutin ng bayan ang mga gahamang katulad ni Sy at pasistang si Duterte. T

## Panalo sa korte ng mga Marinduqueño, tagumpay ng pakikibaka kontra-mina

*Mayo 28, 2022*

Binabati ng NDFP-ST ang mamamayan ng Marinduque sa nakamit nilang tagumpay sa laban upang pagbayarin ang dayuhang kumpanyang Marcopper sa malalaking sakuna sa mina na naganap sa isla, na itinuturing na pinakamalaking sakunang naganap sa bansa dulot ng pagmimina. Dahil sa iresponsableng kondukta ng Marcopper, dalawang beses na gumuho ang dam nito at nagbunsod ng malawakang pagbaha at pagkalason ng ilog hanggang dagat ng Marinduque. Pinerwisyo nito ang 22,000 residente at iniwan nitong patay ang mga ilog, partikular ang Boac at Mogpog River, at baybay-dagat na pinagmumulan ng kabuhayan ng mamamayan.

Nanalo sa korte ang 30 mamamayan na nagsampa ng kaso noong 2001 para singilin ang dayuhang kumpanya sa kapabayaan nito. Nitong Mayo 16 lamang inilabas ang desisyon ni Judge Emmanuel Recalde ng RTC Branch 38 na dapat bayaran ng Marcopper ng P200,000 ang bawat isa sa 30 nagdemanda para sa *temperate damages* at P100,000 para sa *moral damages*. Mayroon ding P1 milyong bayad para sa *exemplary damages*.

Bagamat kung tutuusin ay kulang ang bayad danyos sa permanenteng pagkasira at habambuhay na pinsalang idinulot ng Marcopper sa buhay at kabuhayan ng mga residente at sa kalikasan, sinisimbolo ng pagkapanalo sa korte ang pananaig ng mamamayan sa isang malaking

korporasyon at pagkundena ng bayan sa mapangwasak na pagmimina. Produkto ito ng halos tatlong dekadang pakikibaka sa loob at labas ng korte upang kamtin ang hustisya para sa mamamayan ng Marinduque. Sa panahong ito ipinakita ng mga taga-Marinduque ang kanilang determinasyon na lumaban at inigpawan ang mga tusong maniobra ng kumpanya para takasan ang responsibilidad nito.

Ang tagumpay na ito ay dapat magbigay inspirasyon sa mga taga-Marinduque para ituloy ang pagpapanagot sa Marcopper at pagtulung-tulungan ang rehabilitasyon ng nawasak na kapaligiran. Dapat igiit ang wastong pagsasaayos ng Maguila-guila Dam na iniwan ng Marcopper at ngayo'y nasa bingit na ng pagguho. Delikadong bumagsak ang dam oras na magkaroon ng malakas na bagyo kaya't mahalagang isagawa ito sa pinakamadaling panahon. Kasabay nito, tiyakin ang sapat na pondo at wastong programa para isalba ang mga ilog at lupang nilason ng mina at magkaroon ng kumprehensibong planong pangkalusugan na tutugon sa pangangailangan ng mamamayang nagkasakit dahil sa mina.

Napakatagal nang panahong nagdurusa ang mga taga-Marinduque bunsod ng sakuna, at ang nakagagalit, hindi na kailanman maibabalik ang dating ganda at yaman ng isla. Kaya nga't dapat gawin ang lahat upang hindi na maulit ang ganitong klase ng sakuna bunsod ng mina sa kahit saang panig ng bansa. Para tiyaking wala nang susunod na sakuna dahil sa mina, hindi sapat ang sinasabing "responsableng pagmimina." Sa kasalukuyang bulok na sistema, walang totoong "responsableng pagmimina" dahil nakatuon ang mga operasyong mina para pigain ng mga kapitalista ang maksimum na tubo. Kapalit ng kanilang kita ang dislokasyon ng mga komunidad at pagkawasak

ng kapaligiran na may permanenteng epekto sa buhay, kabuhayan at produksyon ng mamamayan. Ang kinakailangan, at matagal nang sigaw ng taumbayan, ay ipagbawal ang mga malakihan, mapangwasak at mapandambong na operasyong mina sa bansa upang mapangalagaan ang mga komunidad at maipreserba ang yamang mineral para sa tunay na kapakinabangan ng mamamayan.

Igiit ang pagbabasura sa Mining Act of 1995 at EO 130. Marapat ipalaganap at palakasin ang mga panawagang ito lalo ngayong wala nang moratorium sa pagbibigay ng mga permit sa mina sa bisa ng EO 130 ng rehimeng Duterte at muling pinayagan ang open-pit mining. Mula nang inilabas ang EO 130 noong Abril 2021 ay naging agresibo ang mga kumpanya sa mina sa pagpapalawak at pagbabalik-operasyon para habulin ang kitang nawala sa kanila at samantalahin ang mataas na demand sa mga mineral sa pandaigdigang merkado matapos ang pagkaantala at pagliit ng produksyon dahil sa pandemya. Halimbawa nito ang Ipilan Nickel Corporation sa Brooke's Point, Palawan na muling nag-opereyt sa huling hati ng 2021 matapos makakuha ng bagong permit sa LGU. Napatigil ang opersyon ng INC noong 2018 dahil sa sama-samang pagkilos ng mga Palaweño. Pinakahuli ang ginawang pagtatanggal sa open-pit mining ban sa South Cotabato para bigyang daan ang pagtutuloy sa Tampakan Gold Copper Project na pinatigil ng marubdob na pakikibaka ng mamamayang Lumad at mga magsasaka noong 2014.

Hindi dapat manahimik ang mamamayan sa gitna ng banta ng mina. Dapat pursigidong labanan ang pandarambong ng mga ganid na kapitalista sa likas yaman ng bansa at tutulan ang kanilang mga operasyong pagmimina. Dapat magkapit-bisig ang lahat ng

nagmamahal sa pambansang patrimonya at kapaligiran mula sa mga taong simbahan, grupong makakalikasan, at mga tunay na lingkod bayan, at makipagsanib pwersa sa mga magsasaka't katutubong pangunahing biktima at nasa unahan ng pakikibakang kontra-mina.

Patuloy na isulong ang pambansa demokratikong rebolusyon at ihatid ito hanggang sa tagumpay. Sa itatayong tunay na gobyerno ng mamamayan tanging maitataguyod ang interes ng mamayan at mapapangalagaan ang kalikasan. T

# 2

# ANG BHB BILANG TAGAPAGTANGGOL NG MAMAMAYANG PILIPINO

## Pagkumpiska sa mga armas ng *goons* ng Hacienda Uy, katugunan sa hinaing ng mamamayan

*Nobyembre 21, 2016*

Binabati ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ang Apolonio Mendoza Command-New Peoples Army-Quezon (AMC-NPA-Quezon) sa aktibong pagtugon nito sa kahilingan ng mamamayang pagsabihan at kumpiskahan ng armas ang armadong *goons* ng malaking panginoong maylupang Uy noong ika-20 ng Nobyembre sa Brgy. Campflora, San Andres, Quezon.

Nakasamsam ang AMC-NPA-Quezon ng isang *carbine,* dalawang 9mm na pistola, isang 38cal na pistola, isang *improvised* na de sabog, isang *binocular scope,* isang pares na *combat shoes,* mga bala at magasin. Ayon sa mga magsasaka ng hacienda, ang mga armas na ito ang ginagamit ng mga *goons* laban sa kanila. Pinagsabihan ng AMC-NPA-

Quezon si Marcelo Bohol, ang lider ng mga *goons* na kailanma'y huwag na nilang tatakutin at dahasin ang mga magsasaka.

Ang Hacienda Uy ay sumasaklaw sa 2,500 ektaryang lupain sa mga bayan ng San Narciso at San Andres, Quezon. Pagmamay-ari ito ng magkakapatid na Vicente, Juanito at Manuel Uy. Ito ay produktibong taniman ng niyog, mais, palay at may bahaging pastuhan ng baka.

Matatagpuan sa loob ng hacienda ang signipikanteng bilang ng mga magsasaka at manggagawang-bukid na pawang mga maralitang setler mula Bikol at Kabisayaan. Sila ang pangunahing salik sa produktibidad ng lupain sa hacienda mula sa lakas- paggawang iniukol nila sa ilang dekadang pagbubungkal ng lupa.

Matindi ang pag-iral ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa mga magsasaka at manggagawang bukid sa ilalim ng hatiang 60-40 pabor sa pamilya Uy habang ang lahat ng gastos ay magmumula sa bulsa ng mga magsasaka. Mas masahol pa, hindi buu-buong nakukuha ng mga magsasaka ang kanilang kaparte sa ani o kita, lilipas pa ang dalawang buwan bago nila ito makuha.

Isa pang matingkad na anyo ng pagsasamantala at panunupil ng pamilya Uy ay ang pagkakaroon nito ng armadong *goons* na pangunahing nagtatanggol sa interes ng panginoong maylupa. Sila ang responsable sa mga pagpatay at pagpapalayas sa mga magsasakang tumututol at hindi pumapailalim sa pagsasamantala at kontrol ng mga Uy. Sila rin ang responsable sa pananabotahe sa produksyong agrikultural ng mga magsasaka tulad ng pag-aalpas ng mga baka na pumapatay sa mga tanim na mais ng mga magsasaka.

Simula't sapul, ang mga magsasaka ang may karapatang magmay-ari ng lupa. Mula sa pagiging tiwangwang na lupain, pinaunlad nila ang kalawakan nito upang maging isang produktibong lupaing agrikultural mula pa dekada 60. Ngunit mula sa panahong ito'y inangkin na ng pamilya Uy ang pagmamay-ari sa lupa.

Malaon nang inirereklamo ng mga magsasaka at manggagawang bukid ang pamilyang Uy at armadong *goons* nito at makatwiran lamang na igawad ng NPA ang hakbang pamamarusa upang tugunan at ipagtanggol ang kahilingan at interes ng masa.

Ang kalagayan ng masang magsasaka sa hacienda Uy ay patunay lamang na walang aasahan ang mamamayan sa reaksyunaryong gobyerno at armadong pwersa nito. Kailangang higit na pahigpitin pa ng NPA at ng mamamayan ang kanilang pagtutulungan upang harapin at labanan ang lahat ng kaaway ng mamamayan. Hangga't may nang-aapi at nagsasamantala sa mamamayan, magpapatuloy ang NPA sa pagtugon sa panawagan at kahingian ng masang aping kanyang pinaglilingkuran.

Nananawagan ang NDF-ST sa rebolusyonaryong mamamayan sa Timog Katagalugan at sa buong bansa na patuloy na maging militante sa harap ng pang-aabuso ng malalaking panginoong maylupa at mga sagad-saring goons na pangunahing tagapagtaguyod at tagapagpatupad ng pyudal at malapyudal na kaayusan sa kanayunan.

Suportahan ang armadong pakikibaka sa kanayunan sa pamamagitan ng pagpapasapi ng pinakamabubuting anak ng bayan sa NPA! **T**

## Matagumpay na taktikal na opensiba at pamamarusa, inilunsad ng NPA-Laguna laban sa Global Heavy Equipment, Inc. at bayarang *security* nito

*Mayo 15, 2017*

Pinakamataas na pagpupugay ang ipinapaabot ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) sa magigiting na pulang kumander at mandirigma ng Cesar Batralo Command-New Peoples Army Laguna (CBC-NPA-Laguna) sa matatagumpay na mga aksyong militar na inilunsad laban sa 202nd Brigade-PA, 59th Infantry Battalion at sa Civilian Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) na tumatayong bayarang *security*, kaakibat ang pamamarusa sa Global Heavy Equipment, Inc. (GHEI) noong ika-14 ng Mayo, ganap na 6:30-7:05 ng gabi sa mga Brgy. Ibabang Banga at Piit sa bayan ng Majayjay.

Sa loob ng 35-minutong operasyon ng CBC-NPA-Laguna, naisagawa ang tatlong magkakasunod na aksyong militar laban sa tatlong pwesto ng kaaway sa loob ng saklaw ng Global Heavy Equipment. Resulta nito, isang opisyal-militar at dalawang miyembro ng CAFGU ang kumpirmadong sugatan. Kabilang dito sina Sgt. Pepito Rodriguez, Alvin Alsum at Francisco Agencia. Isang *backhoe* naman na pagmamay-ari ng Global Heavy Equipment, Inc. ang sinunog ng mga pulang hukbo sa Ibabang Banga. Bukod dito, napinsala rin ang nasa 2 kagawad ng 80th IBPA na nakapwesto sa *main office* ng GHEI.

Itinalaga ng GHEI ang mga bayarang pwersa ng 59th IB- CAFGU at 202nd Bde upang supilin ang pagtutol ng mamamayan at labanan ang pagpapatupad ng mga patakaran ng demokratikong gubyernong bayan, kabilang na ang pangangalaga sa kalikasan at kabuhayan ng mamamayan sa apektadong lugar. Malinaw ang paninindigan ng mersenaryong militar na ipagtanggol at protektahan ang malalaking negosyo ng mga gahamang kapitalista kaysa itaguyod ang kapakanan at karapatan ng taumbayan.

Masasalamin ang sabwatan ng armadong pwersa ng reaksyunaryong gubyerno at mga dayuhang kumpanya sa proteksyong ibinibigay ng pwersa ng 202nd Bde sa proyekto ng GHEI at sa iba pang kahalintulad na proyekto sa rehiyong TK at sa buong bansa.

Nananawagan ang NDF-ST sa lahat ng mamamayan ng Timog Katagalugan at sa buong bansa na paigtingin pa ang kanilang pakikibaka laban sa mapaminsalang mga proyekto. Kasabay nito ang higit na pagsuporta sa armadong pakikibaka upang bigwasan at papanagutin ang mga dayuhang kumpanyang mapandambong at mga bayarang *security* nila. T

## Pagbati ng NDF-ST sa NPA-Quezon sa matagumpay na reyd laban sa bayarang armadong grupo ng Pamilya Murray sa Tumbaga Ranch

*Pebrero 27, 2018*

Kaisa ng mamamayan ng buong lalawigan ng Quezon, nagbubunyi at nagpupugay ang National Democratic Front-Southern Tagalog sa matagumpay na aksyong reyd-pamamarusang iginawad ng isang yunit ng Apolonio Mendoza Command-NPA Quezon laban sa pribadong armadong grupo ng pamilyang Murray na nagbabantay sa Tumbaga Ranch sa Sitio Tumbaga, Brgy. Pagsangahan, San Francisco, Quezon sa n kahapon ng hapon. Pebrero 26. Tugon ito ng rebolusyonaryong kilusan sa lalawigan sa malaon nang hiling ng mamamayan ng San Francisco na parusahan ang nasabing armadong grupo sa panghaharas at pananakot sa mga manggagawang bukid.

Sinamsam ng mga Pulang mandirigma ng NPA Quezon ang mga kagamitang militar ng bayarang *goons* at sinunog ang *barracks, detachment, management office* na pinamumugaran ng mga ito at mga empleyado ng pamilyang Murray na nagpapasakit sa mamamayan ng Tumbaga at aktibong lumalaban sa rebolusyonaryong kilusan.

Tulad ng iba pang malalaking panginoong maylupa sa Bondoc Peninsula, dekada nang namamayani ang pamilya ni James Murray sa pang-aapi't pagsasamantala sa mga magsasaka, maralitang setler at manggagawang-bukid. Imbwelto ang pamilyang Murray at bayarang armadong **goons** nito kasapakat ang mga yunit ng AFP at CAFGU sa

pangangamkam ng lupa ng mga magsasaka, pagpatay, panununog ng tahanan, paninira ng mga pananim, pananakit at pananakot sa mga manggagawang-bukid at magsasaka sa Tumbaga.

Isang pagtatakip at pawang kasinungalingan lamang ang ipinalalaganap ni Lt. Col. Ely R. Tono ng 85th IBPA na mga sibilyan ang binihag ng magigiting na Pulang hukbo gayong ang mga ito ay bahagi ng armadong *goons* ng mga Murray na matagal nang inirereklamo ng mga residente doon. Nais lamang pagtakpan ng AFP ang mga krimen ng mga ito kasapakat ang pamilyang Murray laban sa mamamayan.

Taliwas sa paninira ni Duterte, muling pinatutunayan ng CPP-NPA na sya ang tunay na hukbo ng mamamayan. Sa kabila ng pagtalikod ng rehimeng US-Duterte sa hinaing ng masang magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa sa pamamagitan ng Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (CASER) na sana'y kasunod nang usapin sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at National Democratic Front of the Philippines, ay patuloy na ginagampanan ng NPA ang kanyang tungkuling itaguyod at ipaglaban ang interes ng pinakaapi't pinagsasamantalahang uri sa lipunang Pilipino. Ang pagbuwag sa mga asyenda at rantsong katulad ng Tumbaga Ranch ay bahagi ng programa ng Pambansa-Demokratikong Rebolusyon na ibagsak ang monopolyo ng mga panginoong maylupa sa malawak na kanayunan ng Pilipinas at bigyan ng sariling lupang mabubungkal ang masang magsasaka.

Nananawagan ang NDF-ST sa mamamayan ng Timog Katagalugan at buong bansa na patuloy na sumalig sa CPP-NPA bilang tunay na tagapagtanggol at tagapagtaguyod ng interes nila. Patuloy nilang suportahan ang umiigiting na digmang bayan sa kanayunan upang

ibagsak ang pamamayani ng malalaking panginoong maylupa at mga pribadong armadong grupo nito kasabwat ang armadong pwersa ng reaksyunaryong estado at wakasan ang kanilang pagsasamantala. Kasabay nito, makiisa at higit pang palawakin ang hanay ng nakikibakang mamamayan sa rehiyon upang ibagsak ang pasista at anti-mamamayang rehimeng US-Duterte. T

## Matagumpay na ambus ng NPA-Quezon, inilunsad laban sa pasistang 85th IBPA

*Pebrero 27, 2018*

Binabati ng National Democratic Front-Southern Tagalog at buong rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon ang isa na namang matagumpay na operasyong inilunsad ng NPA-Quezon laban sa pasistang pwersa ng 85th IBPA. Inambus ng isa pang yunit ng Apolonio Mendoza Command-NPA Quezon ang isang pwersa ng 85th IBPA sa Brgy. Bacong Ilaya, Heneral Luna bandang alas-9 ng umaga kanina. Pinasabog ng magigiting ng Pulang mandirigma ng AMC-NPA Quezon ang isang *military truck* ng pasistang pwersang maglulunsad ng *hot pursuit operations* sa matagumpay na reyd ng isa pang yunit ng NPA Quezon sa bayan ng San Francisco kahapon.

Ang pasistang pwersa ng 85th IBPA ang naglulunsad ng masinsing mga operasyong militar na humalihaw sa South Quezon-Bondoc Peninsula na pumapaslang, nanghaharas, nananakot at nananalanta sa kabuhayan ng mga magniniyog. Sila rin ang isa sa pinagmumulan ng mga pekeng balitang ipinakakalat ng SOLCOM tungkol sa diumano'y paghina ng rebolusyonaryong kilusan sa lalawigan.

Pinabubulaanan ng matatagumpay na aksyong militar ng NPA Quezon ang pahayag Quezon Police Director Armamento noong Pebrero 16 na ang lalawigan ay itinuturing na Conflict Manageable & Ready for Development o isang "NPA-free" na lugar.

Tugon din ito ng NPA Quezon sa mga paninira ng rehimeng US-Duterte laban sa CPP-NPA. Taliwas sa ipinakakalat ng rehimen na umaani ng pagsuko sa hanay ng NPA ang kanilang programang Comprehensive Local Integration Program (CLIP), higit na humihigpit ang pagtangan ng NPA sa kanilang sandata upang patamaan ng pinakamalalakas na bigwas ang AFP na pangunahing instrumento ng rehimen sa pasismo at mga krimen nito laban sa mamamayan.

Nananawagan ang NDF-ST sa mga yunit ng NPA sa rehiyon at buong bansa na patuloy na pahigpitin ang paghawak sa sandata sa gitna ng di-naglulubay na mga pag-atake ng pwersang militar ni Duterte laban sa mamamayan. Patuloy na ipagtanggol at ipaglaban ang interes ng mamamayan upang ipunin ang sapat na lakas para sa pagpapabagsak sa rehimeng US-Duterte. **T**

## Puksain ang mga halimaw at salot na tropang militar at pulisya ng pasistang rehimeng US-Duterte na patuloy na nananalasa at nagpapahirap sa mga mamamayan ng rehiyon ng Timog Katagalugan!

*Hulyo 15, 2020*

Binabati ng National Democratic Front-Southern Tagalog ang mga magigiting na opisyal at mandirigma ng Bienvenido Vallever Command (BVC) ng NPA-Palawan sa mga inilunsad nitong serye ng matagumpay na taktikal na opensiba laban mga pasistang sa tropa ng PNP-Palawan at ng Western Command ng Armed Forces of the Philippines. Ang pinakahuli ay ang matagumpay na ambus ng BVC sa isang yunit ng 3rd Marine Batallion Landing Team (3rd MBLT) na nagsasagawa ng operasyon sa Brgy. Abongan, Taytay, Palawan.

Matagumpay na inambus **ng isang tim ng BVC ang isang** *10-seater army jeep* noong Hulyo 13, 2020, araw ng lunes, sa sityo Ibangley, Brgy. Abongan, Taytay, Palawan sa ganap na alas 3:00 ng hapon. **Sakay ng jeep ang mga elemento ng 3rd Marine Batalion Landing Team (3rd MBLT) na tutugon sana bilang** *reinforcement* **sa naunang aksyon ng BVC.**

Nagresulta ang ambus sa pagkasawi ng 2 marines na sina Private 1st class Christian Cuarto at 1 pang hindi pinangalanan habang 3 naman ang sugatan na sina Corporal Marlon Escobar, Corporal Rumuel

Redondo at Corporal Charlie Carurucan. Walang anumang kaswalti sa panig ng yunit ng BVC.

Ang ambus sa 3rd MBLT ay naisakatuparan isang araw matapos matagumpay na pinaputukan, ng parehong yunit ng BVC, ang isang *police patrol car* lulan ang Chief of Police ng PNP-Dumaran na si Capt. Erwin Carandang at ang kasama nitong si Corporal Mark Russel Evangelista sa parehong Barangay Abongan, Taytay, Palawan nuong Hulyo 12, 2020, araw ng linggo, alas 6:30 ng umaga. Matagal nang inirereklamo ng mga residente ng Dumaran ang korap at madalas na pangongotong ni Capt. Carandang sa mga mangingisda.

Hanggang sa kasalukuyan, nakakampo pa rin ang 3rd MBLT sa gitna ng komunidad sa Brgy. Paly, Taytay na malinaw na paglabag sa umiiral na International Humanitarian Law (IHL).

Nauna pa rito, nuong Mayo 22, 2020 matagumpay na naisagawa ng isang tim ng BVC ang pag-atake sa kampo ng CAFGU sa Brgy. Magara, Roxas na dating kinampuhan ng umalis na 4th MBLT. Hinagisan ng granada ng mga operatiba ang loob ng kampo. Ang pamamarusang ito ay tugon sa matagal nang mga hinaing ng masa sa Brgy. Magara at mga katabing komunidad. Kaliwa't kanan ang mga reklamong natatanggap ng yunit ng BVC laban sa mga CAFGU at Marines na dating nagkakampo rito. Ilan rito ay ang mga pagpapaputok ng baril na nagdudulot ng labis na takot sa mga bata, marahas na pakikitungo sa masa at pambabastos sa mga kababaihan.

Noong Mayo 28, 2020, matagumpay na sinalakay ng mga elemento ng BVC ang isang detatsment ng CAFGU/CAA at 18th SFC sa Mantayog

Falls, barangay Bunog, Rizal. Ang nasabing mga sundalo at CAFGU ay malaon nang nagkakampo sa lugar at nagsisilbing pribadong gwardya ni Gob. Jose Chavez Alvarez sa kanyang proyektong patubig at pasyalan ng mga turista.

Ang serye ng mga taktikal na opensiba ng BVC ay tugon sa patuloy na isinasagawang *focused military operations* (FMOs) at *retooled community support program* (RCSP) ng mga pasistang tropa ni Duterte na pangunahing nanalasa sa mamamayang Palaweño.

Muling nagbubunyi ang mga Palaweño sa kabayanihan at kagitingan na ipinamalas ng kanilang hukbong bayan—ang New Peoples Army sa Palawan dahil sa matagumpay na ambus nuong Hulyo 13, 2020. Muling nagkaroon ng katuparan ang kagustuhan nilang maparusahan at mapanagot ang mga abusadong tropang militar at pulisya sa probinsya dahil sa kanilang walang tigil na mga pang-aabuso, karahasan at pananalasa sa kabuhayan at tahimik na pamumuhay lalo na ng mga magsasaka at katutubong Palaweño. Umaasa silang may kasunod pang mga taktikal na opensibang ilulunsad ang NPA Palawan para tuloy tuloy na pagbayarin nang mahal ang mga palalo at pasistang AFP at PNP sa probinsya hanggang dumating ang panahon na tuluyan na itong malumpo, mawalan ng kakakayahang lumaban at magapi ng pinagsanib na opensibang militar ng NPA at rebolusyonaryong pag-aalsa ng mga mamamayan ng probinsya.

Nais ding ipaabot ng NDF-ST ang pulang pagpupugay at mainit na pagbati sa mga opisyal at mandirigma ng Apolonio Mendoza Command (AMC) ng NPA-Quezon sa matagumpay nitong taktikal na opensiba

laban sa tropa ng 85th IBPA nuong Hulyo 12, 2020, sa Barangay Anyao, Catanauan, Quezon. Napatakbo ng mga Pulang mandirigma ang 30 pasistang tropa na nag-ooperasyon kung saan 2 ang napatay at maraming sugatan ang tinamo ng mersenaryong tropa ni Duterte habang wala ni anumang kaswalti sa panig ng NPA-Quezon.

Ang magkakasunod na presisong patama sa katawan at bigwas sa ulo na tinamo ng mga pasistang tropa ni Duterte mula sa mga taktikal na opensiba ng New Peoples Army sa rehiyon ay tugon sa pagsasabatas ng rehimeng Duterte sa Anti-Terrorism Law. Naging posible ang matagumpay na mga taktikal na opensiba dahil sa malalim na suporta ng rebolusyonaryong kilusan sa mga mamamayan ng rehiyon. Ang naghuhumiyaw na kagustuhan ng masa na mabigyan ng hustisya ang kanilang kaapihan mula sa kamay ng mga pasista ang malalim na dahilan upang tangkilikin nila ang New Peoples Army at suportahan ang rebolusyon. Ang mamamayan ng rehiyon ang nagsisilbing teynga at mata ng NPA-ST at pinagmumulan ng walang-pagkasaid na bukal na suporta para sa Demokratikong Rebolusyon ng Bayan.

Ganunpaman, nanatiling prayoridad pa rin ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon ang pagharap at paglaban sa Covid-19. Patuloy itong nagmomobilisa ng mga boluntirs at nagpapalitaw ng mga rekurso upang patuloy na makapaghatid ng tulong sa mga mahihirap at bulnerableng sektor lalo na sa masang magsasaka at katutubo gayundin ng mga biktima ng pagsabog ng Bulkang Taal na pinagkaitan ng atensyon at inabandona na ng gubyernong Duterte. Patuloy ang pagsisikap ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon na mag-ambag ng ganang kaya nito sa paglaban at pagsugpo sa pandemikong Covid-19. Subalit kasabay nito, kailangang isagawa ng NPA-ST ang paglulunsad

ng mga taktikal na opensiba upang parusahan at pagbayarin nang mahal ang mga abusadong pasistang tropa ni Duterte na walang ginagawa kundi ang maghahasik ng kalupitan at karahasan sa mga mamamayan ng rehiyon. Mula't sapul, nang manalasa sa bansa ang nakamamatay na Covid-19, ang pokus ng pasistang rehimeng US-Duterte ay wala sa paglaban at pagsugpo sa paglaganap ng Covid-19 kundi sa pagpapaigting ng kanyang kontra-rebolusyonaryong digma laban sa CPP-NPA-NDFP. Sa katunayan, ginagamit ng AFP at PNP ang di umanong paglaban sa Covid-19 bilang tabing sa lalong pagpapaigting ng kanyang mga *focused military operations* at *retooled community support program* kung saan ang mga inosenteng sibilyan ang pangunahing biktima ng kanilang mga pang-aabuso at karahasang militar.

Isang ilusyon at produkto ng imahinasyon ang ambisyon ng pasistang rehimeng US-Duterte na durugin ang CPP-NPA-NDFP pagsapit ng Hunyo 2022 sa pamamagitan ng estratehiyang *whole of nation approach to end communist armed conflict* alinsunod sa Executive Order No. 70 na lumikha sa National Task Force to End Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) at sa pinatutupad na Joint Campaign Plan Kapanatagan (JCP-Kapanatagan). Tiyak na mabibigo lang ang gubyernong Duterte, tulad ng mga nagdaang mga rehimen, sa inilulunsad nilang kontra-rebolusyonaryong gera sa CPP-NPA-NDFP at sambayanan.

Ang sitwasyon sa daigdig at ang napakasahol na kalagayan ng bansa, na lalo pang pinalala ng pandemikong Covid-19, ay mga paborableng salik para sa ibayong paglakas ng rebolusyonaryong kilusan at pag-igting ng paglaban ng mamamayan sa korap, traydor, kriminal at inutil

na pasistang rehimeng US-Duterte. Makakaasa ang mamamayan na hindi maglulubay ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon sa kanyang mga tungkulin na isulong ang demokratikong rebolusyon ng bayan sa Timog Katagalugan sa isang bago at mas mataas na antas. Patuloy na hahabulin at papananagutin ng rebolusyonaryong kilusan ang mga taksil at may kriminal na pananagutan sa mga mamamayan ng rehiyon at igagawad sa kanila ang angkop at nararapat na kaparusahan. Anumang pagkakataon titiyakin ng rebolusyonaryong kilusan na mapanagot hanggang sa mapuksa ang mga halimaw at salot na nananalasa at nagdudulot ng malaking sigalot sa buhay ng mga mamamayan ng rehiyon.

## Parusahan ang mga pasista at berdugong tropa ng AFP at PNP sa Timog Katagalugan! Pag-ibayuhin ang paglaban ng mamamayan ng rehiyon sa pasistang rehimeng US-Duterte!

*Hunyo 6, 2021*

Taas-kamaong pagbati at pagpupugay ang ipinapaabot ng pamunuan ng NDF-ST at ng rebolusyonaryong mamamayan sa rehiyon sa Lucio de Guzman (LdGC), Apolonio Mendoza Command (AMC) at sa Narciso Antazo Aramil Command (NAAC) sa inilunsad na magkakasunod at matagumbay na mga taktikal na opensiba laban sa berdugo at pasistang tropa ng AFP at PNP sa Mindoro Occidental, Quezon at Rizal. Binabati at pinasasalamatan din namin ang hanay ng masang nagtaguyod at tumulong para maisakatuparan ang matagumpay na mga taktikal na opensiba ng hukbong bayan. Hindi mangyayari ang matagumpay na mga taktikal na opensiba ng NPA kung wala ang malalim at malawak na suporta ng masa sa mga probinsya ng Mindoro Occidental, Quezon at Rizal. Mariing pinabubulaanan nito ang mga kasinungalingan na pinangangalandakan ng berdugong si General Antonio Parlade Jr. at iba pang matataaas na opisyal-militar sa Southern Luzon Command (SOLCOM), ng PNP-CALABARZON (IV-A) at PNP-MIMAROPA (IV-B) na lubos na nilang napahina ang NPA at wala na itong tinatamasang suporta mula sa mga mamamayan ng rehiyon.

Nagbubunyi ang malawak na masa sa rehiyon sa panibagong kabayanihan na ipinamalas ng mga yunit sa ilalim ng Melito Glor Command (MGC). Mga pagbati at papuri ang sumalubong sa mga

kasamang nagsagawa ng mga taktikal na opensiba mula sa masa sa Mindoro Occidental, Quezon at Rizal. Batid nila na ang mga taktikal na opensibang inilulunsad ng kanilang hukbong bayan ay bahagi ng paniningil at pagbibigay ng katarungan sa kanilang nararanasang kaapihan, kahirapan at pambubusabos sa kamay ng mga pasista at berdugong tropa ni Duterte. Lubos ang kanilang tiwala at pag-asa sa NPA at rebolusyonaryong kilusan bilang siyang magbibigay katuparan sa malaon na nilang adhikaing makamit ang katarungang panlipunan tungo sa isang tunay na malaya, demokratiko, maunlad at masaganang lipunan.

Noong Hunyo 5, 2021 sa ganap na alas 11:00 ng umaga, matagumpay na inambus ng isang yunit ng Apolonio Mendoza Command (AMC) ang tropa ng 85th IB-PA at mga CAFGU habang binabagtas nito ang kahabaan ng Lopez-Buenavista Road sa bahagi ng Batabat Sur ng bayan ng Buenavista, Quezon. Namatay sa ambus ang CAFGU na si Romar Gono at dalawa ang sugatan na sina Arnel Bejamunde at Sergeant Victor Bartocillo. Walang kaswalti sa panig ng tropa ng AMC. Matapos ang matagumpay na TO, takot na takot na iniatras ng mersenaryong 201$^{st}$ Infantry Brigade ang mga tropa ng 85$^{th}$ IB, 59$^{th}$ IB at mga Cafgu na nagsasagawa ng FMO sa Timog Quezon at Bondoc Peninsula. Sapilitan nilang isinama ang mga sibilyan bilang pananggalang sa pag-atras habang ang kanilang mga upisyal ay sumakay pa ng kabayo ng masa para mabilis na makalayo at makarating sa labasan.

Maraming utang na dugo ang 85th IB at 201st Brigade ng Philippine Army sa mga mamamayan ng Bondoc Peninsula at Timog Quezon. Ang mga naturang yunit ang pangunahing naghahasik ng karahasan at terorismo sa mga mamamayan sa Bondoc Peninsula at Timog Quezon.

Karapat-dapat lamang silang singilin, parusahan at durugin ng NPA sa Quezon.

Samantala, noong Mayo 28, 2021, sa ganap na 10:30 ng umaga, matagumpay na inambus ng isang yunit ng Lucio de Guzman Command (LdGC) ang magkasanib na pwersa ng 1st Provincial Mobile Force Company ng PNP-MIMAROPA at 203rd Brigade ng Philippine Army lulan ng isang *back-to-back* na sasakyan ng PNP. Naganap ang matagumpay na ambus, na halos lumipol sa nakalulang pulis at sundalo sa isang *patrol car*, sa Sityo Banban, Barangay Nicolas, Magsaysay, Mindoro Occidental. Sa nasabing labanan, tatlong (3) pasistang tropa ang napatay at sampu (10) ang nasugatan kung saan anim (6) ang malubha.

Ang inambus na sasakyan ng PNP ay bahagi ng isang *convoy* na nagsasagawa ng operasyong saywar, sa tabing ng *community dialogue*, sa mga baryo at bayan sa Mindoro Occidental na inorganisa ng Provincial Task Force to End Local Communist Armed Conflict (PTF-ELCAC). Ang nasabing aktibidad ay pinangunahan ni Governor Eduardo Gadiano ng Mindoro Occidental bilang Chairman ng PTF-ELCAC. Ganunpaman sa pahayag ng LdGC, inilinaw nilang hindi target ng ambus si Governor Gadiano kundi ang mga berdugong PNP at AFP sa probinsya na kasama niya sa *convoy*. Ang sasakyan ng PNP na inambus ay ang pinakahuling sasakyan sa *convoy* na malayong-malayo na sa naunang tatlong (3) sasakyan kung saan kabilang ang sinasakyan ni Governor Gadiano. Tinitiyak ng LdGC na walang sibilyang madadamay sa kanilang isinasagawang taktikal na opensiba. Malaon nang batid ng LdGC na tinatakot, dinadahas at ginigipit ng NTF-ELCAC, sa pamamagitan ng 203rd Bde-PA at PNP-MIMAROPA, ang mga lokal

na opisyal ng probinsya upang maging pangunahing kasangkapan ng pasistang rehimeng US-Duterte sa marahas at madugong kontra-rebolusyonaryong digma nito laban sa CPP-NPA-NDFP at nakikibakang Mindoreño.

Bago pa mangyari ang  magkasunod na matagumpay na ambus sa Magsaysay, Mindoro Occidental at Buenavista, Quezon, dalawang (2) taktikal na opensiba naman ang pinakawalan ng yunit ng AMC sa North Quezon.

Noong Mayo 8, sa ganap na 11:30 ng umaga sa sityo Makanamban, Barangay Pagsangahan, General Nakar, Quezon, tinambangan ng yunit ng AMC ang 30 kataong tropa ng 80th IB na matagal nang nag-ooperasyon sa lugar. Tinambangan sila ng yunit ng BHB at napinsala ang advance team ng 80$^{th}$ IB na noon ay patawid ng ilog.

Noong Mayo 17 naman, nagsagawa ng operasyong haras ang naturan ding yunit ng BHB sa Sityo Lagmak, Barangay Pagsangahan, General Nakar, Quezon. Pinaputukan nila ang nasa 40 nag-ooperasyong tropa ng 80th IB. Kumaripas ng takbo ang kaaway at naantala ng ilang araw ang kanilang operasyon. Sa kabilang banda, nagbubunyi ang mga katutubong Dumagat sa ginawang opensibang aksyon ng mga pwersang gerilya.

Ang mga pamamarusang aksyon ng AMC sa mga nag-ooperasyong tropa ng 80th IB  sa hangganan ng Rizal at Quezon ay bilang tugon sa kahilingan ng masang Dumagat sa lugar na papanagutin ang berdugong 80th IB sa mga karahasan at  krimen nito sa mamamayan ng Rizal at North Quezon. Pagbibigay din ito ng hustisya sa mga

biktima ng *extra-judicial killings* (EJKs) sa Rizal ng 80th IB kasama ang Special Action Force, CIDG at lokal na pwersa ng PNP.

Para sa lahat, marapat lamang na singilin at pagbayarin nang mahal ang mga pasistang tropa ni Duterte sa kanilang brutalidad at mga karumal-dumal na krimen sa bayan. Suklam na suklam ang mga mamamayan ng rehiyon sa AFP at PNP dahil sa inilulunsad nitong maruming gera, karahasan, pagpatay at terorismo na umaatake sa karapatang pantao at saligang demokratikong karapatan ng mamamayan.

Makakaasa ang mamamayan ng Timog Katagalugan na patuloy na gagampanan ng rebolusyonaryong kilusan ang tungkulin nitong isulong ang kanilang mga kahilingan, ipagtanggol ang kanilang mga karapatan at kapakanan at patuloy na sisingilin at parurusahan ang mga pasistang tropa saanman at kailanmang may ibinubukas na opurtunidad na sila'y parusahan ng NPA.

Nakikiramay ang NDF-ST sa mga naulila ng mga namatay sa labanan sa hanay ng AFP at PNP. Hindi maiiwasang mangyari ito dahil may umiiral na armadong tunggalian sa bansa sa pagitan ng rebolusyonaryong kilusan at reaksyunaryong sandatahang lakas. Ang halaga ng buhay ay sinusukat at tinitimbang kung para kanino mo ito iniaalay. Dakila ang buhay ng mga rebolusyonaryong martir dahil walang pag-iimbot nilang iniaalay ito sa pagsusulong at pagtatanggol sa interes at mithiin ng masang inaapi't pinagsasamantalahan laban sa mga lokal na tirano. Samantala, walang kabuluhan ang buhay ng mga pasista at mersenaryong AFP at PNP dahil instrumento sila sa pagtatanggol ng mapagsamantala at mapang-aping sistema ng lokal na naghaharing uri at pagpapanatili ng kapangyarihan ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo sa bansa.

Hangga't hindi nalulutas ang ugat ng kahirapan, pagkaatrasado at kawalan ng hustisyang panlipunan, magpapatuloy ang armadong labanan sa bansa. Sa pagtalikod ng rehimeng US-Duterte sa usapang pangkapayapaan sa NDFP, isinara nito ang pinto sa isang pulitikal na solusyon para kamtin ang matagalang kapayapaan sa bansa na nakabatay sa hustisyang panlipunan. Mas pinili ni Duterte na paigtingin ang kanyang kontra-rebolusyonaryong digma laban sa CPP-NPA-NDFP at mamamayang Pilipino. Sa pamamagitan ng kanyang Executive Order No. 70, nilikha ni Duterte ang isang halimaw na National Task Force to End Local Communist Armed Confict (NTF-ELCAC), isang *de-facto* na sibilyan-militar na *junta* na nakakubabaw sa sibilyang awtoridad ng reaksyunaryong gubyerno. Sa pagkabuo ng NTF-ELCAC lalong tumindi ang mga karahasan at terorismo ng AFP at PNP sa kanayunan. Naging sistematiko at orkestrado ang demonisasyon, *red-tagging* at *terrorist-tagging* laban sa mga indibidwal na kritiko ng gubyerno, mga tagapagtanggol sa karapatang pantao at mga lehitimong progresibong organisasyon. Ang sistematikong *red-tagging* at *terrorist-tagging* ay katumbas ng *death warrant* at lisensya para sa walang habas na pamamaslang sa mga binansagang komunista at terorista ng NTF-ELCAC. Ganito ang nangyari kay Atty. Benjamin Ramos at Zara Alvarez ng Negros Occidental, kay Jory Porquia sa Iloilo, sa lider manggagawa ng Timog Katagalugan na si Dandy Miguel at sa mga pinaslang na biktima noong Bloody Sunday gayundin ang mga inilunsad na *synchronized enhanced managing of police operations* (SEMPO) sa mga probinsya ng Rizal, Masbate, Camarines Sur, Camarines Norte, Negros at Iloilo.

Marami ding utang na dugo ang pasistang rehimeng US-Duterte mula sa mga pinaslang ng AFP at PNP na mga NDFP Peace Consultants at

mga *peace advocates* tulad nina Julius Giron, Randy Malayao, Randall Echaniz, mag-asawang Eugenia Magpantay at Agaton Topacio, Antonio Cabanatan, Rustico Tan at Reynaldo Bocala. Kailangang managot ang pasistang rehimeng US-Duterte at mga berdugong kasapakat sa mga kasalanan at krimen nito sa bayan at rebolusyonaryong kilusan.

Marapat at makatwiran lamang na pag-ibayuhin ng rebolusyonaryong kilusan at mamamayan ang paglaban nito sa inutil, korap, traydor, tiraniko, kriminal at mamamatay taong rehimeng Duterte. Parusahan ang mga may utang na dugo at kamtin ang hustisya sa lahat ng mga naging biktima ng karumal-dumal na krimen ni Duterte. Dapat patuloy na magpalakas ang NPA sa rehiyon at maglunsad ng mga kakayaning taktikal na opensibang tiyak ang tagumpay, dudurog at hakbang-hakbang na magpapahina sa gulugod ng pasista at mersenaryong AFP at PNP sa rehiyon  Patuloy na magpunyagi ang CPP-NPA at NDFP sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan upang magkamit ng mga tagumpay at ibayo pang mga tagumpay  sa kagyat na hinaharap. **T**

# 3

# MGA MENSAHE NG PAKIKIISA

## Bigyang-pugay ang buhay at pakikibaka ng mga rebolusyonaryong kabataang naglilingkod sa sambayanan

*Nobyembre 30, 2016*

Nagbibigay-pugay ang National Democratic Front-Southern Tagalog sa Kabataang Makabayan (KM) sa pagdiriwang nito ng ika-52 taong anibersaryo. Pinararangalan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan ang lahat ng kabataang walang pag-iimbot na inialay ang kanilang talino, lakas, kakayahan at maging ang kaisa-isa nilang buhay sa layuning paglingkuran ang sambayanan sa pamamagitan ng pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Sila ang mga kabataang tumangan sa dakilang misyon ng pagsusulong ng rebolusyon hanggang makamit ang pambansang demokrasya at kalayaan.

Sa pagdiriwang ng ika-52 taong anibersaryo nito, napanday ang KM sa

pagtugon sa mga hamon ng panahon mula nang ito'y itatag noong ika-30 ng Nobyembre, 1964 hanggang sa kasalukuyan. Pinabulwak ng KM ang balon ng libu-libong kabataan para maging bag-as ng Communist Party of the Philippines at New Peoples Army. Bilang talibang organisasyon ng kabataang Pilipino, puspusang nakikibaka ang KM laban sa patuloy na dominasyon ng imperyalismong US sa larangan ng pulitika, ekonomiya, militar at kultura sa bansa. Puspusan itong nagmumulat, nag-oorganisa at nagpapakilos ang mga kabataan upang labanan ang talamak na katiwalian at korapsyon sa reaksyunaryong gubyerno at isulong ang mga batayang karapatan ng mamamayan.

Sa kanayunan, kumikilos ang KM upang labanan ang mga umiiral na pyudal at malapyudal na pagsasamantala tulad ng mataas na upa sa lupa, mababang sahod ng mga manggagawang bukid, at mataas na usura. Lumalahok ang KM sa mga welgang ipinuputok ng uring manggagawa na lalong nagpupunla ng mga makabayan at progresibong ideya sa maraming kabataan upang itulak silang kumilos laban sa naghaharing rehimeng kontrolado ng imperyalismong US. Mula dito ay namumulat ang maraming kabataan para dalhin ang larangan ng labanan sa kanayunan at iambag ang sarili sa NPA bilang hukbo ng mamamayan.

Noong mga unang taon mula nang itatag ang KM, lumaganap ang mga progresibo at makabayang kamalayan na lalong nagpaalab sa patriyotismo at pagmamahal sa bayan ng maraming kabataan na lumahok sa Sigwa ng Unang Kwarto (First Quarter Storm) o FQS. Maraming mga kabataan sa Timog Katagalugan ang lumahok sa FQS upang igiit ang pambansang demokrasya at kalayaan. Isa ang KM sa naging balon ng mga kadre at kasapi ng CPP at sa mga unang nagtayo

ng mga larangang gerilya sa Timog Luzon. Noong 1971, maraming kabataan ang narekluta sa Partido at buong panahong sumapi sa New Peoples Army upang isulong ang pakikidigmang gerilya sa hilagang bahagi ng Bundok Banahaw (Nagcarlan, Laguna), hanggang Quezon-Bikol (Tagkawayan, Quezon) at Batangas (San Juan, Tuy at Nasugbu).

Mula noon hanggang ngayon, maraming kabataan ang pinanday ng mga pakikibakang masa na lalong nagpalawak sa nakalatag na mga balangay ng KM sa iba't ibang pamantasan, komunidad ng mga magsasaka, manggagawa at maralitang lungsod sa iba't ibang bahagi ng rehiyon.

Sa harap ng paghambalos ng krisis ng malakolonyal at malapyudal na sistema sa mamamayan, nahaharap sa mga panibagong hamon ang mga kabataan. Napaka-paborable ng kalagayan para isulong ang pakikibaka ng lahat ng sektor ng lipunan. Sa araw na ito, nararapat lamang na dakilain ang buhay ng libu-libong kabataang hinarap ang lahat ng hirap at sakripisyo upang isulong ang demokratikong rebolusyon. Magiging inspirasyon ang kanilang naging buhay at pakikibaka sa pagtangan ng mga kabataan sa armadong pakikibaka upang tuluyan nang wakasan ang daantaong paghihirap ng mamamayan at isulong ang digmang bayan hanggang sa ganap na tagumpay.

Nananawagan ang NDF-ST sa lahat ng kabataan upang ilaan ang sarili sa lubos na paglilingkod sa bayan sa pamamagitan ng pagtangan ng armas at pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan. Pinatunayan na sa nakalipas na mga dekada na walang aasahan ang mga kabataan sa reaksyunaryong gobyerno. Ilagay natin sa ating mga

kamay ang kinabukasan ng ating bayan. Ipagpatuloy ang maningning na tradisyon ng kabataang Pilipinong pinanday ng pakikibaka laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Kabataan, tumungo sa kanayunan at sumapi sa New Peoples Army!

## Ipagdiwang ang ika-44 na anibersaryo ng NDFP! Suportahan ang usapang pangkapayapaan at magkamit ng higit pang tagumpay!

*Abril 24, 2017*

Pinagpupugayan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan ang ika-44 taong pagkakatatag ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Pinakamainit na pagbati ang ipinaaabot ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) sa lahat ng alyadong organisasyon, rebolusyonaryong pwersa, kaibigan at lahat ng mamamayang lumalaban upang ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo para sa tunay na pagbabago at kapayapaang nakabatay sa hustisyang panlipunan.

Mahusay na naitambol ng sambayanang Pilipino ang paglaban nito para sa kanyang mga batayang karapatan kaalinsabay ng pagpasok ng rehimeng Duterte noong nakaraang taon. Isa sa mga naging pinakamatingkad na usapin ang pagbubukas nito sa usapang pangkapayapaan, pagbawi nito at muling pagpapatuloy ng usapan sa pagitan ng NDFP at GRP. Naging maingay ang mga pagkilos at panawagan sa iba't ibang porma upang ugatin ang sanhi ng matagal nang gerang sibil na nagaganap sa bansa at mga salik upang malutas ang krisis na dinaranas ng malawak na hanay ng masang anakpawis. Kasabay nito, higit pang lumalakas at lumalawak ang rebolusyonaryong hanay.

Ipinagbubunyi ang mga tagumpay na inabot ng rebolusyonaryong kilusan at progresibong pwersa sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan sa lahat ng larangan, mga hayag at lihim na organisasyon sa kanayunan man o kalunsuran. Pinagpupugayan rin ang mga tagumpay na nakamit sa paglahok ng NDFP at pagtutulak ng sambayanan sa pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan. Bagama't masukal at mahaba pa ang daan tungo sa tunay na pagbabago, may inabot nang pag-usad ito sa pamamagitan ng ilang mga napagkasunduan sa nakalipas na apat na serye. Isa na rito ang pagpapalaya sa 23 bilanggong pulitikal na may sakit at may edad na. Pangunahing bitbit ng NDFP ang Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reform (CASER) at Comprehensive Agreement on Political and Constitutional Reform (CAPCR) sa usapang pangkapayapaan kung saan hakbang-hakbang na nakasaad ang programa nito sa pagpapatupad ng makabuluhang reporma na tutugon sa mga panawagan ng mamamayan. Nagkaroon rin ng *joint interim ceasefire agreement* noong Abril 2-6 para sa mas maalwan na pagpapatuloy ng mga susunod pang serye ng usapan.

Sa kabila ng inabot ng kasunduan ng NDFP at GRP, mariin na kinukundena ng NDF-ST ang pananabotaheng ginagawa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa porma ng todo-gerang kampanya nito. Sa Timog Katagalugan pa lamang ay kaliwa't kanan na ang operasyong militar. Higit na matimbang sa AFP na pigilan ang lumalakas na pakikibakang masa upang manatiling nasa kuko ng pagsasamantala at pagpapahirap ng imperyalismong US ang sambayanan. Atat na atat ang reaksyunaryong gubyerno na mahulog ang rebolusyonaryong kilusan sa pasipikasyon at kapitulasyon sa

pamamagitan ng pagmamadali nito na magkapirmahan na ng bilateral na tigil-putukan. Nabubulagan ang GRP kung iniisip nito na basta na lang papasok ang NDFP sa bilateral na tigil-putukan habang lumulubog sa kumunoy ng kahirapan ang uring api at pinagsasamantalahan dahil sa mga neoliberal na polisiyang ipinamamandila ng imperyalismong US at mga lokal na naghaharing uri.

Kasalukuyang iginuguhit sa kasaysayan ang pagbangon ng masang anakpawis. Kasabay ng paglawak ng saklaw ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na ginagabayan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), dumadagundong sa kanayunan ang pagdagsa ng batalyong dami ng mga Pulang mandirigma na magbubunsod sa pagsulong ng tunay na repormang agraryo sa lupa, paglawak ng baseng masa at higit na pag-igting ng armadong pakikibaka.

Higit na inspirasyon rin ang hatid ng pagdagundong ng mga pagkilos sa kalunsuran na nagsisiwalat sa kabulukan ng estado at imperyalismong US na bumabansot sa potensyal ng bansa na magsarili at magtayo ng sarili nitong industriyang lilikha ng pag-unlad ng mamamayang Pilipino. Papalawak ang pagpupukaw, pagkilos at pag-oorganisa ng rebolusyonaryong pwersa, manggagawa, magsasaka, kabataan, kababaihan, mga propesyunal, alagad ng simbahan, at mga negosyanteng makabayan.

Wala nang mas makabuluhan pa sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan sa esensya na makamit ng sambayanan ang kasarinlan at mga batayang karapatan nito. Ang nasimulang mga tagumpay ng rebolusyonaryong kilusan ang nagsisilbing binhi na payayabungin hanggang sa ganap na paglaya ng uring anakpawis.

## Pagpupugay sa Ika-53 Anibersaryo ng Kabataang Makabayan at mga kabataang sumusunod sa yapak ni Andres Bonifacio! Kabataan, Sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!

*November 30, 2017*

Pinakamataas na pagpupugay ang ipinaaabot ng National Democratic Front-Southern Tagalog sa ika-53 anibersaryo ng pagkakatatag ng Kabataang Makabayan, ang rebolusyonaryong organisasyon ng mga kabataan at sa patuloy nitong pagbabandila ng pambansa-demokratikong pakikibaka sa buong bansa. Kasabay nito, ipinagdiriwang din ang ika-154 kaarawan ng bayaning si Andres Bonifacio, isang kabataang manggagawa na malaki ang naging papel sa pangunguna sa pagsusulong ng armadong pakikibaka sa pagpagpapalaya ng bayan laban sa mga kolonyalistang Espanyol.

Tulad ni Andres Bonifacio, iniambag ng marami pang mga kabataan sa buong bansa ang kanilang talino, lakas at buhay sa pagpapatunay ng hindi nagmamaliw na katumpakan ng armadong pakikibaka upang maibagsak ang mga naghaharing-uri. Marapat lamang na dakilain at tularan ang naging buhay at pakikibaka ng mga tulad nina Ian Maderazo, Rizalina Ilagan, Lester Barrientos, Joemar Resureccion, John Paul Aringo, John Eric Perey at marami pa. Sa panahon ngayon, patuloy na dumarami ang kabataang kasapi ng New Peoples Army. Higit pa itong madaragdagan dahil sa lumalalang krisis ng lipunang malakolonyal at malapyudal sa ilalim ng rehimeng US-Duterte.

Ang Kabataang Makabayan bilang alyadong organisasyon ng NDFP ay nahaharap sa banta ng panunupil ng estado matapos nitong tagurian sa Presidention Proclamation No. 360 ang CPP-NPA-NDF at mga tagasuporta nito bilang mga terorista at maaaring isailalim sa pang-aaresto, pagkukulong at sa pinakamasahol ay pagdukot at pagpaslang. Umaalingasaw na ang pagiging pasista at anti-mamamayan ni Duterte at ang pagpapakatuta nito at ng AFP sa imperyalismong US. Ginagawa ni Duterte ang lahat ng paraan tulad ng pangangayupapa sa US, pagpapatupad ng mga anti-mamamayang patakaran at gera upang patuloy na makapangunyapit sa tumatagilid na niyang upuan sa estado-poder.

Para sa mamamayan, si Duterte, ang AFP at ang US ang mga tunay na terorista at hindi ang CPP-NPA-NDF. Simula't sapul, nagsilbi sa demokratikong interes ng mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan ang rebolusyonaryong kilusan. Palaging nasa isip ng rebolusyonaryong kilusan ang kapakanan at kaligtasan ng mamamayan at hindi lilikha ng kung anumang ikapapahamak ng mga sibilyan.

Sa kabilang banda, higit 13,000 na pinaghihinalaang sangkot sa iligal na droga ang pinaslang ng rehimeng US-Duterte, mga mamamayang Moro sa Marawi at katutubong Lumad sa ilalim ng batas militar sa Mindanao, at mga progresibo at rebolusyonaryong kilusan sa ilalim ng *all out war* at Oplan Kapayapaan. Naghahasik ng takot ang rehimen at ang AFP sa patuloy nitong pandarahas, pambobomba at pangwawasak sa buhay at ari-arian ng mamamayan na tampok sa mga lalawigan ng Batangas, Mindoro at Palawan. Maging ang mga ligal at progresibong organisasyon at pagkilos ay sinusupil na ng reaksyunaryong gubyerno

at tinatatakan bilang mga prente ng CPP at nahaharap sa iligal na pag-aresto at pagkakakulong.

Sa ganitong sitwasyon, nananawagan ang NDF-ST sa Kabataang Makabayan at buong mamamayan ng Timog Katagalugan na magkaisa upang ibagsak ang rehimeng US-Duterte. Ipinananawagan ang lubos na paghahanda sa pagharap sa anumang tipo ng panunupil nito sa mga progresibo at rebolusyonaryong alyadong organisasyon ng NDF at sa mamamayan. Kamtin natin ang pinakamalawak na suporta ng mamamayang namumuhi sa rehimen at bumuo ng alyansang magpapabagsak dito.

Ipamalas ng bawat kabataang makabayan at progresibo ang angkin niyang husay sa pagbibitbit ng mga pambansa-demokratiko at rebolusyonaryong panawagan sa pamamagitan ng pagsapi sa Kabataang Makabayan. Ngayong anibersaryo ng KM, hinahamon ng NDF-ST ang lahat ng kabataang naghahangad ng pambansang pagbabago at namumuhi sa rehimeng US-Duterte na sumapi sa Kabataang Makabayan at suportahan ang armadong pakikibaka ng mamamayan upang pabagsakin ang malakolonyal at malapyudal na lipunan.

Tumitindi na ang mga pasistang atake ng rehimen na maghahatid sa kabataan at buong mamamayan sa landas ng paglaban. Ipinanawagan ng NDF-ST na ang lahat ng kabataan at buong mamamayan ay tumungo sa kanayunan at sumapi sa pinakamalapit na yunit ng NPA sa kanilang lugar. Tularan ng bawat kabataang makabayan ang kadakilaan ni Bonifacio at iba pang kabataang martir ng rebolusyon

sa pagpupursiging maipagtagumpay ang armadong pakikibaka bilang pangunahing tugon sa panunupil ng estado.

Walang ibang sagot ang nagbibigkis na sambayanan sa kasalukuyang tiranya at nagbabantang diktadura ng rehimeng US-Duterte kundi ang higit na pagpapalakas sa rebolusyonaryong hanay at pagpapaigting ng digmang bayan.

Mabuhay ang Kabataang Makabayan!

Kabataan, sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!

Mabuhay ang sambayanang Pilipino! T

## Isulong ang usapang pangkapayapaan at kundenahin ang paparaming krimen ng rehimeng US-Duterte laban sa mamamayan!

*Abril 24, 2018*

Maalab na pagbati ang ipinapaabot ng National Democratic Front-Southern Tagalog sa buong rebolusyonaryong mamamayan sa rehiyon sa pagdiriwang ng ika-45 na anibersaryo ng pagkakatatag nito. Nararapat lamang na ipagbunyi ng mamamayan ang maniningning na tagumpay na nakamit ng NDFP sa nakalipas na 45 taon mula nang itatag ito noong Abril 24, 1973. Ang mga tagumpay na ito ay ibinunga ng kanilang puspusang pakikibaka para sa tunay na demokrasya at katarungang panlipunan.

Sa kasalukuyan, tumitindi ang panawagan ng mamamayang ituloy ang *peace talks* sa pagitan ng Gubyerno ng Pilipinas at ng NDFP. Mula nang arbitraryong kanselahin ito ni Duterte noong Nobyembre nang nakaraang taon, higit na lumakas ang kahilingan ng mamamayang ipagpatuloy ito sa gitna ng paparaming kaso paglabag sa karapatang pantao ng rehimen.

Nasasalang ngayon ang sinseridad ng rehimeng US-Duterte sa *peace talks* sa pagdami ng bilang ng mga paglabag sa karapatang pantao. Sa pamamagitan ng konsentradong kapangyarihan ng estado, pilit nitong pinipigilan ang lumalakas na pakikibakang bayan gamit ang iba't ibang tipo ng pandarahas, panggigipit, pampulitikang panunupil at pamamaslang. Ginagamit nito ang buong lakas ng kanyang armadong

pwersa upang maisakatuparan ang pangarap niyang wasakin ang rebolusyonaryong kilusan at ipawalang-saysay ang mga lehitimong pakikibaka ng mamamayan.

Sa rehiyon, mula nang ideklara ang PP 360 at 374 na tusong nag-aakusa sa CPP-NPA bilang mga "teroristang organisasyon", kumapal at higit na suminsin ang inilulunsad na mga operasyong militar ng mga pwersa ng AFP-PNP-CAFGU. Umabot na sa tatlo ang biktima ng pampulitikang pamamaslang, limang kaso ang sapilitang dinukot, 15 biktima ng iligal na pang-aaresto, 89 na sinampahan ng gawa-gawang kaso at 566 ang biktima ng *threat, harrassment and intimidation* sa buong rehiyon.

Papatindi rin ang militarisasyong isinasagawa ngayon sa mga bayan ng Calaca, Nasugbu Balayan, at San Juan sa Batangas, sa mga bayan ng Gumaca, General Nakar, Heneral Luna, Lopez, Macalelon, San Andres, San Narciso sa Quezon. Ganito rin sa mga bayan ng Bansud, Bongabong, Bulalacao at Mansalay sa Oriental Mindoro at sa mga bayan ng Abra de Ilog, Magsaysay, Rizal, San Jose sa Occidental Mindoro. Ang mga operasyong ito ang nagbibigay-tabing sa panunupil ng mga pwersang militar sa mamamayang magsasaka at pambansang minorya sa kanayunan.

Bukod sa pagpapataw ng pasistang lagim laban sa nakikibakang mamamayan, nagbibigay si Duterte ng mga prekondisyon sa muling pagtutuloy ng *peace talks* tulad ang 60-araw ng pagbibigay-palugit sa NPA para magsalong ito ng armas. Pangitang nais lamang nitong ibulid sa kapitulasyon ang buong rebolusyonaryong kilusan. Sa katunayan,

nagkakabuhul-buhol ang bibig ng mga kinatawan ng GRP *negotiating panel* upang pagtakpan ang layuning ito ni Duterte.

Ngunit sa kabila ng lahat ng ito, nakahanda pa rin ang NDFP para sa pagpapatuloy ng *peace talks* upang itaguyod ang tunay na kapayapaang nakabatay sa hustisyang panlipunan. Hindi kailanman nagmaliw ang paninindigan ng NDFP sa *peace talks* upang pag-usapan at resolbahin ang pangunahing mga isyung panlipunang ugat ng armadong tunggalian sa bansa. Kasabay nito ang paggigiit ng pagtataguyod at pagtalima ng reaksyunaryong gobyerno sa nilalaman ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights & International Humanitarian Law (CARHRIHL) at pananagutan ng kanyang mga alipures sa kaliwa't kanang pagyurak sa buhay at karapatan ng mamamayan. Gayundin, naninindigan ang NDFP alinsunod sa tuntunin sa pagpasok sa *peace talks* na hindi dapat magpataw ang sinumang panig ng mga prekondisyon bago ang pormal na mga pag-uusap.

Ang tumitinding panunupil ng estado ang higit na nagtutulak sa rebolusyonaryong mamamayang paigtingin ang paglaban sa iba't ibang tipo ng pasistang panunupil. Hindi sila natitinag sa mga tusong hakbang ng rehimen laban sa kanila.

Kasabay ng paggigiit sa pagpapatuloy ng *peace talks*, hindi kailanman dapat isuko ng mamamayan ang pagsusulong ng armadong pakikibaka bilang tanging landas sa pagkamit ng tunay na kalayaang nakabatay sa hustisyang panlipunan. Ang matatagumpay na taktikal na opensibang inilulunsad ng NPA laban sa mga mersernaryo at pasistang militar ang siyang lalong hahamon kay Duterte upang ituloy ang *peace talks*.

Sa okasyon ng ika-45 anibersaryo ng NDFP, dapat na pahigpitin ng mamamayan ang kanilang pakikibaka para sa kanilang mga demokratikong adhikain at aspirasyon. Kasabay nito, kailangan nilang patuloy na makibaka para sa pagtataguyod ng karapatang pantao at singilin si Duterte at mga pwersa ng 2nd ID ng Philippine Army, 710th SPOW ng Philippine Air Force, Marine Brigade, mga yunit ng PNP sa ilalim ng PNP Regional Command sa CALABARZON at MIMAROPA sa kanilang mga krimen at atrosidad laban sa mamamayan. Dapat na buuin ang pinakamalawak na pagkakaisa ng mamamayan na syang susi sa pagpapabagsak sa pasistang rehimeng US-Duterte at patuloy na isulong ang demokratikong rebolusyon hanggang sa makamit ang kapayapaang nakabatay sa katarungang panlipunan.

Mabuhay ang National Democratic Front!

Mabuhay ang pambansa-demokratikong rebolusyon!

Mabuhay ang mamamayang lumalaban! T

## Pahayag ng pakikiisa sa paggunita at pagdiriwang sa ika-51 taong anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan

*Marso 29, 2020*

**Natatanging pagpupugay sa mga magigiting na bayani at tunay na lingkod ng bayan!**

Pulang saludo at mahigpit na pakikiisa ang ipinapaabot ng pamunuan ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) at ng mga magkakaalyadong organisasyon sa ilalim nito, kabilang ang daang libong mamamayang rebolusyonaryo sa rehiyong Timog Katagalugan, sa pagdiriwang ng Ika-51 taong anibersaryo ng pagkakatatag Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Mapalad ang sambayanang Pilipino sa pagkakaroon ng rebolusyonaryong Hukbo na dalisay ang pagmamahal at hangarin sa bayan—isang Hukbo na handang magbuwis ng tanging buhay sa pagtataguyod sa adhikain at interes ng mga uring inaapi't pinagsasamantalahan. Ito ang Bagong Hukbong Bayan na walang ibang iniisip kundi ang kapakanan at kagalingan ng taumbayan. Ating ipagkaloob sa BHB ang natatanging pagkilala at papuri sa nagawa nitong mga kabutihan sa bayan at sa kanilang mga sakripisyo sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa loob ng 51 taon mula nang itinatag ito noong Marso 29, 1969.

Sa dakilang araw na ito, ipagkaloob din natin sa lahat ng mga opisyal

at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan sa Timog Katagalugan (BHB-TK) ang taas-kamaong pagpupugay at pagbati sa kanilang tinamong mga tagumpay, ambag na kabayanihan, kapuri-puring nagawa at pagiging uliran sa paglilingkod sa mamamayan ng rehiyon at sa rebolusyong Pilipino sa kabuuan. Gawin nating higit na makulay, masaya at hitik sa militansya at sigla ang pagdiriwang ng Ika-51 taong anibersaryo ng BHB bilang tanda ng ating pagkilala at pasasalamat sa mga kagitingan at kabayanihan ng mga opisyal at mandirigma ng BHB-TK sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa rehiyon.

Handugan din natin ng pinakamataas na parangal at pagdakila ang mga martir ng rebolusyon na nagpamalas ng kanilang kabayanihan at malalim na debosyon sa layunin ng rebolusyon. Sila ang mga kasamang walang pag-iimbot na nag-alay ng kanilang tanging buhay para sa interes ng masang api't pinagsasamantalahan. Sila ang modelo ng katatagan sa paglaban at pagbigo sa kaaway at inspirasyon sa pagharap sa mga kahirapan at sakripisyo sa pagsusulong ng digmang bayan sa rehiyon. Laging sariwain sa ating mga puso't isipan ang kanilang alaala at mga katangi-tanging halimbawa ng kabayanihan sa pagtataguyod sa interes at kapakanan ng bayan. Gawing inspirasyon ang iniwan nilang ginintuang mga aral para ibayong isulong ang rebolusyon sa isang bago at mas mataas na antas.

Huwag din nating kalimutan sa okasyong ito na pagkalooban ng pasasalamat ang mga naiwang pamilya ng ating mga rebolusyonaryong martir dahil sa kanilang nag-uumapaw na suporta at pagtangkilik sa BHB. Pasalamatan natin sila sa kanilang katatagan na ipagpatuloy ang dakilang simulain ng kanilang mga martir na mahal sa buhay. Pasalamatan sila sa magandang tradisyon na kanilang nasimulan

sa loob ng pamilya—ang tuloy-tuloy na pag-aalay ng kanilang mga pinakamahuhusay na anak para sa rebolusyon. Itinuring nila na isang malaking karangalan sa buong pamilya ang makapaghandog ng mga mahal sa buhay sa dambana ng rebolusyon.

**51 taong walang maliw na pagmahal at pagmamalasakit ng BHB sa sambayanan. 51 taong masikhay at puspusang pakikibaka.**

Simula ng pagkakatatag ng NDFP nuong Abril 24, 1974, at maitayo din ito sa rehiyong TK, naging saksi na ito sa mga kabayanihan ng BHB at sa halos walang kapagurang pagtupad ng BHB sa kanyang mga rebolusyonaryong tungkulin para sa bayan. Hindi inaalintana ng mga kasama ang pagod at hirap sa mahabang lakarin, pagbagtas ng mga bundok at pagtawid sa mga ilog marating lamang ang mga baryong magsasaka na kanilang paglulunsaran ng gawaing masa. Sa bawat baryong napupuntahan ng yunit, nasaksihan namin kung gaano kainit ang pagsalubong at pagtanggap ng masa sa mga kasama. Pangita ang kanilang labis na kasiyahan at pananabik sa pagdating ng yunit. Totoong nakadarama ang masa ng kapanatagan, kaayusan at kagalingan sa tuwing kapiling nila ang Bagong Hukbong Bayan.

Damang-dama ng masa sa tuwina ang angking pagmamalasakit at pagmamahal sa kanila ng BHB. Iminulat sila sa pangangailangan ng rebolusyong agraryo para wakasan ang sanhi ng kanilang labis na kahirapan pangunahin ang kawalan nila ng lupang masasaka at ng pag-iral ng iba't ibang anyo ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa kanayunan. Sa pamamagitan ng mga pag-aaral iniangat ng BHB ang kanilang pampulitikang kamalayan sa lipunan at rebolusyong Pilipino. Inorganisa sila para buuin ang solidong lakas nila sa pulitika at militar

at pinakilos sila para sa iba't ibang kampanya at pakikibakang masa para sa kanilang kagalingan.

Ramdam ng masa ang marubdob na hangarin ng BHB na paglingkuran sila. Maging sa panahon ng mga kalamidad at sakuna, ang BHB ang unang karamay nila at siyang unang nakapaghahatid ng saklolo at tulong sa kanila. Kaya naman labis din ang pagmamahal na pinagkakaloob ng masa ng sambayanan sa BHB. Ang masa ng sambayanan ang nagsisilbing malawak at malalim na karagatan na ligtas na nalalanguyan ng BHB. Ang masa ang nagsisilbing bukal na pinanggagalingan nang walang pagkasaid na suporta sa pangangailangan ng BHB sa rekurso at lakas tauhan. Tinatamasa ng BHB-TK ang malawak at malalim na suporta at pagtangkilik ng mamamayan sa rehiyong Timog Katalugan.

Nasaksihan din ng mga kasaping organisasyon ng NDF-ST ang katapangan at katatagan ng BHB sa paglaban at pagbigo sa mga kampanya ng pagkubkob at paglipol ng higit na malaking bilang at superyor na kaaway. Tangan ang kaalaman sa tereyn at superyoridad ng taktikang gerilya, nagagawa ng BHB na makawala sa ensirkulo ng kaaway, pasuntukin ito sa hangin at pauwiin nang pagod na pagod, mababa ang moral at duguan. Kapag naman ipinahihintulot ng sitwasyon, ang BHB ay naglulunsad ng mga taktikal na opensiba na tiyak ang tagumpay para pagbayarin nang mahal ang mga palalong kaaway. Sa maraming pagkakataon maraming tinamong pinsala at kaswalti ang kaaway sa mga labanang nasa BHB ang inisyatiba.

Maging sa mga depensibang labanan, dahil sa kagitingan at katapangan ng BHB, husay sa maniobra at pamilyaridad sa kalupaan at

tereyn, nagagawang agawin ng mga kasama ang inisyatiba sa labanan mula sa kaaway at biguin ang pakay nitong mapinsalaan ang yunit. Sa halip na makapaminsala sa BHB, ang palalong kaaway ang dumanas ng malalaking pinsala sa mga labanang kanyang tinakda.

**Napakahalagang papel na ginagampanan ng BHB sa pagpapalakas ng NDFP at iba pang mga kaalyadong organisasyon nito.**

Kinikila ng NDF-ST ang mahalagang papel at kontribusyon na ginagampanan ng BHB-TK, sa ilalim ng pamumuno ng Komiteng Rehiyon ng TK, sa pagpapatatag at pagpapalakas ng NDF-ST at ng mga kasaping organisasyon nito na ang bulto ay nasa kanayunan ng rehiyon. Lubos na pinasasalamatan ng NDF-ST ang BHB-TK sa napakalaking tulong nito sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masang magsasaka. Napakalaki ng tulong ang nagmumula sa BHB-TK. Sa katunayan, sila ang halos bumabalikat sa maramihang pagbubuo ng mga balangay ng Pambansang Katipunan ng Magsasaka (PKM) mula antas baryo pataas. Ganundin sa mga kababaihan para naman sa Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA), ng mga kabataaan para sa Kabataang Makabayan (KM) at sa isang babagi ng Artista at Manunulat para sa Bayan (ARMAS). Kung mahina ang organisadong base ng mga magkakaalyadong organisasyon sa antas baryo, bayan, distrito at probinsya, mahina din ang pundasyon ng nagkakaisang prente para sa armadong pakikibaka. Kinikilala ng NDF-ST ang napakalaking kontribusyon ng BHB-TK sa pagbubuo ng pagkakaisa at solidong lakas ng mamamayan sa rehiyon.

Malakas na katuwang ng NDFP ang BHB sa pagtatayo ng mga organo ng Pulang kapangyarihan pampulitika sa kanayunan at ng mga binhi

ng demokratikong gubyernong bayan dito. Lubos din ang pasasalamat ng NDFP sa CPP-NPA sa rehiyon sa pagkakatayo ng NDFP sa antas rehiyon, probinsya at sa ilang bayan ng rehiyon.

Nanawagan ang pamunuan ng NDF-ST sa lahat ng mga kasaping organisasyon nito, lalo na sa hanay ng mga manggagawa at kabataan-estudyante na maramihang magpasampa sa BHB mula sa kanilang mga kasapian. Samantalahin ang iba't ibang pagtitipon sa pagdiriwang ng ika-51 taong anibersaryo ng BHB para ipanawagan ang maramihang *enlistment* sa BHB. Sa kanayunan, masiglang ilunsad ang mga pulong at mga aktibidad na ang tanging layunin ay maramihang pagpapasampa sa BHB. Gawin nating higit na makabuluhan at makasaysayan ang pagdiriwang ng ika-51 anibersaryo ng BHB sa pamamagitan ng isang masigla, tuloy-tuloy at maramihang pagpapasampa sa BHB.

Bilang pakikiisa at pagsuporta sa pagdiriwang sa ika-51 anibersaryo ng BHB, sing-aga pa lamang ng buwan ng Pebrero 2020, sinimulan na ng mga kasaping organisasyon ng NDF-ST ang pagdiriwang sa pamamagitan ng iba't ibang aktibidad tulad ng paglalabas ng mga pahayag, pagsasagawa ng mga pulong talakayan, pulong masa, pulong pagpapasampa, operation peryo-dikit at operation pinta. Maramihang pagsasabit ng balatengga, pagkakabit ng streamers at plakards sa mga estratehiko at matataong lugar.

Mula pa nuong Pebrero sinimulan na sa mga pabrika, paaralan, komunidad at baryo, sa kabila ng mahirap na sitwasyon ng pagbabantay at pagtugaygay ng kaaway, ang mga paghahanda at aktibidad upang maging masaya, masigla at hitik sa militansya ang gagawing pagdiriwang sa ika-51 anibersaryo ng BHB.

Natatanging pagpupugay ang handog ng NDF-ST sa magigiting na bayani at tunay na mga lingkod ng bayan.

Mabuhay ang ika-51 Anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan!

Mabuhay ang Partido Komunista ng PIlipinas!

Mabuhay ang National Democratic Front of the Philippines!

Mabuhay ang Sambayanang Pilipino!

Isulong ang Demokratikong Rebolusyon ng Bayan! T

## Labanan at gapiin ang Covid-19 sa bansa! Ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte!

*Abril 24, 2020*

Taas-kamaong pagbati ang ipinapaabot ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) sa Pambansang Konseho ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), sa mga organisasyong kasapi nito at sa rebolusyonaryong mamamayan ng rehiyon sa ika-47 na anibersaryo ng pagkakatatag ng NDFP ngayong Abril 24, 2020. Sama-sama nating ipagdiwang ang ika-47 taong pagkakatatag ng NDFP nang may ibayong kapasyahang gapiin ang pandemic na Covid-19 at ang sistemang nagpapahirap at nambubusabos sa sambayanang Pilipino—ang kronikong krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino dahil sa imperyalismo, katutubong pyudalismo at burukrata-kapitalismo.

Binabati ng NDF-ST ang mga bumubuo ng NDFP Negotiating Panel at si Kasamang Jose Maria Sison, ang NDFP Chief Political Consultant, sa mahusay na pagdadala at katatagan sa pakikipaglaban para sa kapakanan at kagalingan ng sambayanang Pilipino sa negosasyong pangkapayapaan sa Government of the Republic of the Philippines (GRP). Binabati din natin ang mga kasaping organisasyon ng NDFP sa patuloy na paglawak ng mga kasapian nito at ganundin ang mga tagumpay sa pagtatag ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika ng rebolusyonaryong gubyernong bayan sa iba't ibang panig ng bansa.

Sa partikular, nais nating ipagdiwang ang mga naging pagsulong at tagumpay ng NDFP sa paglaban sa pasistang rehimeng US-Duterte sa nakalipas na mga taon; sa mga pagsulong ng gawain nito sa hanay ng mga migranteng manggagawa at mga kababayang Pilipino sa ibayong dagat; at sa masiglang pagtatambol sa kalagayan ng Demokratikong Rebolusyon ng Bayan (DRB) sa Pilipinas sa ginanap na mga pagtitipon at okasyon sa iba't ibang panig ng mundo.

Pinagdiriwang din natin ang mga tagumpay ng NDFP sa gawaing internasyunal: sa pagtatayo at pagtatatag ng mga ugnayang bilateral at multi-lateral sa iba't ibang Partido, grupo at organisasyon, mga pambansang kilusang mapagpalaya at anti-imperyalistang mga kilusan sa ibayong dagat.

Sa araw ding ito, alayan natin ng natatanging pagpupugay at parangal ang mga martir ng rebolusyonaryong kilusan. Walang kasing dalisay ang kanilang pagmamahal at paglilingkod sa bayan na ultimong buhay ay inialay para sa kapakanan ng mga uring api't pinagsasamantalahan. Panatilihin nating inspirasyon ang kanilang makabuluhang ambag sa rebolusyon. Taglay ang mga ala-ala ng kanilang kagitingan at kadakilaan sa pakikibaka.

Nais din natin bigyang pagpupugay ang mga manggagawang pangkalusugan na patuloy na sinusuong ang panganib makapag-ligtas lang ng buhay. Ang kanilang sakripisyo ay hindi matatawaran at marapat lamang na ituring sila bilang mga bagong bayani ng ating panahon. Ipinaparating din ng NDF-ST ang taos-pusong pakikiramay sa mga mahal sa buhay at kaibigan ng mga manggagawang pangkalusugan na namatay sa paglaban sa Covid-19. Dapat natin

silang ipagmalaki at ikarangal. Sila'y mga tunay na lingkod ng bayan na matapat na tumutupad ng kanilang sinumpaang tungkulin na anuman ang sapitin nila ang kapakanan at pagsagip ng buhay ng pasyente ang pinakamahalaga.

**Matamang pinag-uukuan ng pansin ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon ang pangangalaga, pagkalinga at pagtugon sa pangangailangan ng taumbayan sa paglaban sa Covid-19.**

Bagamat di pangkaraniwan ang sitwasyong kinakaharap ngayon ng sambayanang Pilipino dahil sa pananalasa ng pandemyang Covid-19, sabayang ginugunita sa rehiyon ang mga maniningning na tagumpay na nakamit ng NDFP sa nakalipas na 47 taon mula nang itatag ito noong Abril 24, 1973. Mga tagumpay ito na resulta ng masikhay at puspusang pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Isinasagawa ang pagdiriwang sa iba't ibang paraang angkop sa partikular na kalagayan habang isinasagawa ang kaukulang pag-iingat sa paglaban at pagsansala na kumalat ang nakamamatay na sakit na Covid-19 sa mga bulnerableng komunidad at mga baryong sakahan sa rehiyon.

Patuloy ang panawagan ng NDF-ST na higit pang pag-ibayuhin ang paglaban at pagbigo sa pasistang rehimeng US-Duterte sa ilusyon nitong durugin ang rebolusyonaryong kilusan bago matapos ang kanyang termino sa Hunyo 30, 2020 nang hindi binibitawan ang kasalukuyan at pangunahing prayoridad sa paglaban at pagsugpo sa nakamamatay na Covid-19.

Kinakaharap natin ngayon ang magkasabay na kaaway, ang pandemic na Covid-19 at ang pasistang rehimeng US-Duterte na imbes na

seryosong pagtuunan ng atensyon ang paglaban sa Covid-19 ay patuloy ang mga pasistang pag-atake sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan kahit sa panahong may pinaiiral ang GRP na *unilateral ceasefire*. Inilalagay lamang sa panganib ng mga operasyong militar ang buhay at kalusugan ng mga mamamayang nasa mga liblib na komunidad at baryo sa posibleng pagkalat duon ng Covid-19 na maaaring dala ng mga nag-ooperasyong tropa ng AFP at PNP.

Hindi magpapadala ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon sa mga probokasyon at walang humpay na operasyong militar ng AFP at PNP. Mananatili itong nasa aktibong depensa at matapat na tatalima sa tigil-putukan na dineklara ng CPP nuong Marso 26 at nagtapos nuong Abril 15 at muling pinalawig pa hanggang Abril 30, 2020. Ititigil ng NPA-ST ang anumang pag-atake sa mga reaksyunaryong tropa ng AFP at PNP upang maiukol ang sarili sa pagbibigay prayoridad sa mga gawaing tumutugon sa kapakanan ng kalusugan, kaligtasan at kagalingan ng lahat.

Kung tutuusin wala pa mang pinatutupad na tigil-putukan ang CPP, kabilang na ang NDF-ST sa agarang nagsagawa ng malawakang kampanya sa edukasyon at impormasyon para maiparating at mapaghandaan ng mamamayan ang dalang panganib ng Covid-19 sa kalusugan at buhay ng mamamayan ng rehiyon. Malawakang namahagi ng mga polyeto at babasahin na nagtuturo sa pagtukoy sa mga sintomas ng bayrus, mga paraan kung paano maiwasang kumalat at magkahawahan ang isa't isa at iba pang hakbangin sa pag-iingat.

Palibhasa sana'y sa pagtugon sa sitwasyong pangkagipitan, tulad sa nagdaang mga sakuna at kalamidad na tumama sa bansa, naging

madali para sa mga opisyal medikal ng NPA-ST, mga grupo at komite sa kalusugan ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa at mga boluntir pangkalusugan, ang magtipon at magplano kung paano haharapin ang Covid-19. Higit na pinalawak at pinasigla ang mga dati nang umiiral na kampanya sa kalinisan at sanitasyon, pagtatanim ng mga halamang gamot at pagdaraos ng mga kilinikang bayan para magsuri sa mga may iniindang karamdaman. Isinagawa ang malawak at maramihang pamamahagi ng libreng **face mask,** mga gamot at bitamina na napalitaw mula sa mga solitasyon at donasyon sa mga kaibigan at alyado ng kilusan. Ang iba ay nangalap ng mga **relief goods** mula sa mga kaibigan at alyado para maipamahagi sa masa.

Bilang pag-antisipa sa posibilidad na magkaroon ng kakulangan sa pagkain, pinasigla ang mga suyuan at kooperasyon para sa malawakang pagtatanim ng halamang-pagkain na madaling pakinabangan tulad ng mais, palay kaingin, gabi, kamoteng baging, balinghoy, iba pang *root crops* at mga gulayin. Kinausap ang mga mayayamang magsasaka at mga naliliwanagang panginoong maylupa na ipahiram sa mga ganap na samahang magsasaka ang kanilang lupain para pagtaniman ng mga produktong pagkain at sa pagpaparami ng alagang hayop.

**Higit na kailangan ngayon ang puspusang pag-iingat, mahigpit na pagkakaisa at tulungan ng sambayanang Pilipino para labanan at gapiin ang Covid-19.**

Walang makakapagsabi kung kailan matatapos ang pakikibaka ng sambayanan laban sa nakamamatay na Covid-19. Patuloy ang pagdami ng bilang ng nagkakasakit at namamatay sa Covid-19. Lalong dumarami ang bilang ng mamamayang nagugutom at dumaranas ng

labis na kahirapan resulta ng mga pagkukulang, kapalpakan at kawalan ng matinong plano ng gubyernong Duterte sa paglaban sa sakit na Covid-19. Hinihingi ng sitwasyon ang puspusang pag-iingat, mahigpit na pagkakaisa at tulungan ng sambayanang Pilipino para gapiin ang Covid-19. Subalit, dapat igiit sa rehimen na bigyan ng prayoridad ang mabilis at sapat na ayudang pinansyal, pagkain at medikal ang mga bulnerableng sektor na higit na apektado ng pinatutupad na kamay-na-bakal na *lockdown* sa Luzon. Kailangan patuloy nating igiit at ipaglaban ang mga solusyong medikal na ipinapanukala ng mga manggagawang pangkalusugan at mga eksperto sa medisina at tutulan ang "martial law" na paraan sa pagpapatupad ng *lockdown* na lalo lamang nagpapalala sa sitwasyong pulitikal at ekonomiya ng bansa.

Bangkarote na ang gubyernong Duterte. Ang gubyernong Duterte at mga nagdaang neoliberalistang rehimen ang pangunahing may pananagutan sa pagsama ng kalagayan ng pampublikong kalusugan at ng serbisyong panlipunan. Sa partikular, ang rehimeng Duterte ay may kriminal na pananagutan sa ibayong paglubha ng krisis sa pampublikong kalusugan at pinsala sa kabuhayan ng sambayanang Pilipino dahil sa kanyang tiwaling pamamalakad at kawalang kakayahan sa paglaban sa Covid-19. Makatwiran at nararapat lamang na manawagan ang sambayanang Pilipino para patalsikin si Duterte sa pwesto.

Umasa ang taumbayan na patuloy na magkakaloob ng tulong at nararapat na pagkalinga ang NDF-ST sa mamamayan ng rehiyon sa paglaban at pagsugpo sa Covid-19. Higit sa lahat, patuloy na ipaglalaban ng rebolusyonaryong kilusan ang isang maaliwalas

na kinabukasan ng sambayanan mula sa kasalukuyang bulok-sa-kaibuturang sistemang panlipunan sa Pilipinas at dadalhin sa tagumpay ang rebolusyong Pilipino para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

Mabuhay ang ika-47 anibersaryo ng National Democratic Front of the Philippines!

Mabuhay ang Sambayanang Pilipino!

Mabuhay ang rebolusyong Pilipino! T

## Salute to the Cordillera People's Democratic Front on its 34th anniversary!

*April 26, 2020*

The National Democratic Front-Southern Tagalog extends its warmest greetings to the Cordillera People's Democratic Front on its 34th founding anniversary. NDF-ST and its allied organizations salute the revolutionary people of the Cordillera region for their unwavering commitment to carry forward the people's democratic revolution despite the intensifying fascist attacks of the US-Duterte regime and the mercenary AFP-PNP against the people and the revolutionary movement.

Celebrating the 34th anniversary of the CPDF is a must amidst the current public health crisis and the imposition of Duterte's de facto Martial Law in the whole country. This occasion reminds us of the victories gained in united struggle waged by the Cordillera people for the past three decades against imperialism, feudalism and bureaucrat capitalism. Further, it adds fuel to our desire to bring the revolution to victory.

The continuing and valiant struggle of the Cordillera people against foreign, large-scale destructive mining, dam projects, eco-tourism and other forms of development aggression has been a source of inspiration to the people of ST especially the indigenous communities in the region. We support and stand with them in their call for the defense of ancestral lands and the cessation of plunder of our

natural resources. Like the Cordillera people, the indigenous peoples in Mindoro, Palawan, Rizal and Quezon have consistently fought bourgeois compradors and bureaucrat capitalists eager to invade and appropriate ancestral lands to satisfy capitalist interests.

The common struggle for land and democratic rights and our aspiration for a prosperous and just society bind and unite revolutionary forces from all corners of the land. This bond and unity becomes ever stronger as we collectively confront the current COVID-19 outbreak and continue grappling with the crises of a semi-colonial and semifeudal system. Our unity and determination strikes fear at the core of the Duterte regime which is becoming weaker and ever more desperate as its failings are exposed to the public. As we commemorate the CPDF's anniversary, let us persevere in uniting all progressive forces with the oppressed classes to create the broadest front that will face the onslaught of the new coronavirus and ensure the well-being of the Filipino people—and more importantly, amplify the people's call for the immediate removal of the corrup t, inutile and fascist US-Duterte regime from power. T

## Pulang pagpupugay sa NPA! Tunay na bayani ng sambayanan sa harap ng terorismo ng rehimeng US-Duterte!

*Marso 29, 2021*

Higit na nagniningning ang New Peoples Army bilang tunay na bayani ng sambayanan sa gitna ng lagim na inihahasik ng rehimeng US-Duterte sa bayan. Sa ika-52 anibersaryo ng pagkakatatag ng NPA, karapatdapat itong gawaran ng pinakamataas na pagpupugay dahil sa pagpupunyagi nito sa buhay-at-kamatayang pakikibaka para sa interes ng masang api't pinagsasamantalahan.Taas kamaong nagpupugay ang NDF-ST sa rebolusyonaryong hukbo ng mamamayan!

Sa araw ding ito, nag-aalay ang NDF-ST ng taos-pusong pasasalamat at pagsaludo sa lahat ng rebolusyonaryong martir ng NPA. Ang kanilang walang pag-iimbot na pag-aalay ng natatangi nilang buhay para sa rebolusyon at bayan ang nagbibigay ng inspirasyon at lakas sa kanilang mga naiwan na magpatuloy at magpursige sa armadong pakikibaka. Kasama ring pinagpupugayan ang kanilang mga pamilya na nagsakripisyo upang buumbuong mailaan ng mga Pulang mandirigma ang kanilang panahon at sarili sa paglilingkod sa masa.

Lalong nagiging malinaw sa sambayanan ang pangangailangang isulong ang armadong pakikibaka at palakasin ang NPA sa harap ng matinding terorismo ng estado na dinaranas ng bayan. Sunud-sunod ang pamamaslang ng rehimeng Duterte sa mga lider-aktibista sa

rehiyon. Kasuklam-suklam ang masaker sa Madugong Araw ng Linggo ng Marso 7 na kumitil sa buhay ng siyam na lider at kasapi ng mga progresibong organisasyon. Noong Marso 28, brutal na pinatay ang lider-manggagawa na si Dandy Miguel na pangulo ng unyon sa Fuji Electric at pangalawang pangulo ng PAMANTIK-KMU. Talamak din ang iligal na pang-aaresto sa mga aktibista, magsasaka, at manggagawa sa TK at sa buong bansa sa panahong ipinatutupad ang Anti-Terror Law na niratsada ng tau-tauhang Kongreso ng pangkating Duterte.

Ang terorismo ng estado ang nagtuturo sa mamamayan na lumaban. Saan pa susuling ang mamamayang ginigipit at binabantaan ang buhay, kundi sa pambansa demokratikong rebolusyon? Kayraming namumulat na mga pamilyang nawalan ng mahal sa buhay dahil sa maruming gera ni Duterte. Kayrami ring napupukaw sa nasasaksihang karahasan laban sa mga walang kalaban-laban sibilyan sa mga abang komunidad na naggigiit mabuhay nang disente tulad ng mga Lumad at mga kilusang bungkalan sa Negros.

Pinakamahalaga, kayrami na at paparami pa ang nakasusumpong sa kawastuhan ng paghawak ng armas para labanan ang teroristang estado. Nauunawaan nilang esensyal ang armadong pakikibaka upang mabago ang kalunus-lunos na kalagayan ng bayan. Nababatid nilang kailangan ang NPA upang ipagtanggol ang sambayanan at bigyang katarungan ang mga biktima ng berdugong gubyerno. Kailangan ang NPA upang igupo ang mersenaryong sandatahang pwersa na gulugod ng kapangyarihan ng marahas at mapang-aping reaksyunaryong estado.

Sa kasalukuyan, matapang na nakikihamok ang NPA sa malupit at mabagsik na AFP-PNP na inaayudahan ng imperyalismong US. Sinasagot ng rebolusyonaryong digmang bayan at pakikidigmang gerilya ng hukbong bayan na may mataas na kapasyahang lumaban ang kontra-rebolusyonaryong digma ng estado ng lokal na mga naghaharing uri na gumagamit ng  mga mamahalin at modernong sandata, eroplanong pandigma, helikopter, *drone*, barkong pandigma, at iba pa. Matagumpay itong nagagawa ng NPA dahil sa malawak na suporta na tinatamasa nito mula sa masang inaapi at pinagsasamantalahan para sa pagsusulong ng digmang bayan.

Binabati ng NDF-ST ang mga yunit sa ilalim ng MGC-NPA ST sa mahusay at magiting nitong paglaban at pagtatanggol sa interes ng masang api't pinagsasamantalahan sa mga sona't laragang gerilyang saklaw nito. Bigo ang rehimeng Duterte na wasakin ang MGC-NPA ST kahit na nagtambak pa ito ng katumbas na pwersa ng 28 batalyon ng AFP-PNP-CAFGU sa rehiyon. Patuloy na lumalawak ang inaabot na erya ng MGC upang ihatid ang magandang balita ng rebolusyon sa mas maraming mamamayan. Sinasaluduhan ng NDF-ST ang mga taktikal na opensiba ng MGC na nagpadugo sa maraming sugat at puminsala sa mga pasista't nagdiskaril sa perwisyong FMO at RCSPO ng militar. Buhay at dugo ang puhunan ng NPA sa pagbigo sa kontra-rebolusyonaryong gera ni Duterte.

Hinding-hindi matatalo ang NPA dahil kasama nito ang malawak na masa sa paglaban sa terorismo ng estado ng rehimeng Duterte. Ang bawat paglawak at pagtindi ng mga pakikibakang masa kapwa sa kalunsuran at kanayunan ay nagbibigay lakas at inspirasyon sa NPA para lalo nitong pag-ibayuhin at patindihin ang pakikidigmang

geriya sa bansa. Lalong tumataas ang diwa ng Pulang hukbo sa tuwing makakabalita ng walang takot na mga pakikibaka ng mga manggagawa, magsasaka't iba pang uring anakpawis para sa kanilang karapatan at kabuhayan sa kabila ng pinakawawalang puting lagim ng estado. Hinahangaan nito ang mga maralitang humuhugos sa mga lansangan kahit may lockdown para isigaw ang kanilang hinaing para sa ayuda at kumprehensibong solusyon sa pandemya.

Dalisay ang hangarin ng NPA para sa bayan kaya't tinatamasa nito ang malawak at mainit na suporta mula sa mamamayang Pilipino. Nakatatak sa kasaysayan ang marubdob na pagtupad ng NPA sa mga tungkulin nito sa bayan. Nagdiriwang  ang mamamayan ng rehiyon sa matutunog na tagumpay ng MGC-NPA ST sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba laban sa mga salot at mapanirang operasyon ng mina, *quarry* at pagpapanagot sa mga mapagsamantalang asyendero't komersyante sa kanayunan. Nagbubunyi ang mamamayan sa rehiyon sa mga opensiba ng NPA na bumigwas sa mga naghaharing uri sa loob ng panunungkulan ni Duterte. Tampok dito ang reyd sa *security agency* ni Henry Sy at pamamarusa sa mapanirang operasyon ng mga dambuhalang minahan at *quarry* sa Rizal, Mindoro, at Palawan.

Dahil tapat na naglilingkod sa masang api't mahihirap, mataas ang prestihiyo ng NPA sa masang anakpawis. Kailanma'y hindi matitibag ng mga paninirang-puri at kasinungalingan ng AFP at rehimeng Duterte ang mahigpit nilang bigkis sa Pulang Hukbo. Patunay nito ang kabiguan ng kampanyang pagpapasuko at mga proyektong saywar ng reaksyunaryong gubyerno na paghiwalayin ang masa at ang NPA. Garapalan itong panunuhol at pagtatapal ng mga pakitang-taong solusyon sa daan-taong suliranin sa lupa't kabuhayan ng masang

magsasaka na dahilan ng armadong pag-aaklas ng bayan. Lalo lamang nalalantad ang kabulukan at kababawan ng rehimeng Duterte dahil bukod sa panlilinlang, batbat ng kurapsyon ang Barangay Development Program, E-CLIP at iba pang programang bahagi ng *whole-of-government approach* sa pagpuksa sa CPP-NPA-NDFP.

Ang todong paghahasik ng teror at paglala ng krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunan ang lumilikha ng kundisyon para sa paglakas ng NPA. Higit na binibigyang matwid ang pag-aarmas para depensahan ang sarili at kamtin ang hustisyang panlipunan. Napatunayan na sa kasaysayan ng bansa na ang walang pakundangang panunugis at pagpatay ng estado sa mga aktibista at lider-masa ang nagdadala sa mas maraming mamamayan sa landas ng armadong pakikibaka. Hinihikayat ng NDF-ST ang lahat ng may kakayanan at nangangamba para sa kanilang kaligtasan na tumungo sa kanayunan, makipamuhay sa NPA at mga magsasaka, at magpasyang buong panahong magsulong ng digmang bayan. Ang pagsapi sa armadong rebolusyonaryong kilusan ang pinakamataas na anyo ng pakikibaka para ibagsak ang teroristang rehimen at ang mapagsamantala at mapang-aping sistemang panlipunan na kinakatawan nito. Sa paraang ito lamang matutupad ang mithiin ng sambayanan na itatag ang masagana at malayang lipunan sa Pilipinas na pinaghaharian ng dating mga api't pinagsasamantalahan. T

## Labanan ang pasistang atake ng teroristang rehimeng US-Duterte! Itaguyod at Pakamahalin ang New Peoples Army—ang hukbo ng mamamayan!

*Marso 29, 2022*

Kasama ng rebolusyonaryong mamamayan at mga kaalyadong rebolusyonaryong organisasyon sa Timog Katagalugan, buong lugod na bumabati at buong tikas na nagpupugay ang NDF-ST sa lahat ng mga opisyal sa pulitika, kadreng militar at Pulang mandirigma ng New Peoples Army (NPA) sa pagdiriwang ng ika-53 anibersaryo ng pagkakatatag nito noong Marso 29, 1969. Binabati rin namin sa partikular ang mga opisyal at kasapi ng mga Milisyang Bayan (MB) at Yunit sa Pagtatanggol sa Baryo (YPB) na mahigpit na katuwang ng mga buong-panahong Pulang mandirigma ng NPA sa pagbibigay ng mga napakahalagang serbisyo sa mga magsasaka, manggagawang-bukid, mga setler at pambansang minorya. Bilang bahagi ng istruktura ng NPA, aktibo silang nagsasagawa ng pagbira sa mga palalong kaaway na naghahasik ng terorismo sa kanilang mga baryo at pamayanan. Kapuri-puri ang ipinamalas na katatagan, katapangan at kagitingan ng mga MB at YPB sa pagtatanggol sa masa ng rebolusyon sa mga baryong magsasaka at pamayanan ng mga katutubo mula sa mga atake ng pasistang tropa ng rehimeng US-Duterte. Binabati rin ng NDF-ST ang rebolusyonaryong mamamayan sa bansa na matatag na lumalaban sa madugong gerang "kontra-insurhensya" ng pasistang rehimeng US-Duterte.

Nagbubunyi tayo sa patuloy na paglakas ng tunay na hukbo ng mamamayan sa kabila ng malulupit na kampanya ng supresyon at pagdurog ng pasista at reaksyunaryong estado sa nakalipas na 53 taon. Itinatag ang NPA noong Marso 29, 1969, sa ikalawang distrito ng Tarlac. Mula sa 65 na pulang kumander at mandirigma na nasasandatahan lamang ng siyam na ripleng awtomatik at 35 na mga single-shot na riple't pistola, ngayon ay nakalatag na ang mga kumpanya at platung gerilya ng NPA na nasasandatahan ng malalakas na kalibre na armas sa mahigit na 100 sona at larangang gerilya sa 74 ng 81 probinsya sa bansa. Ang patuloy na paglalala ng krisis ng kapitalismo sa pandaigidigang saklaw at naaagnas na kronikong krisis ng malakolonyal at malapyudal na katangian ng lipunang Pilipino ang nagsisilbing paborableng salik para sa ibayong ng paglakas ng NPA at armadong paglaban ng sambayanang Pilipino sa susunod pang mga taon laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Isang rebolusyonaryong tradisyon na ng taumbayan ang pagdaraos ng pagdiriwang ng anibersaryo ng NPA taun-taon sa loob ng nakalipas na 53 taon. Paraan nila ito para ipadama ang kanilang labis na pagmamahal at pagtangkilik sa kanilang tunay na Hukbo. Sa Timog Katagalugan at maging sa buong bansa, umaalingawngaw at nag-uumapaw ang kagalakan ng taumbayan sa pagsalubong at pagdiriwang sa ika-53 anibersaryo ng pagkakatatag ng kanilang Hukbong Bayan. Sa mga baryong magsasaka, pamayanan ng mga pambansang minorya, asyenda, komunidad ng maralitang lungsod, pabrika, eskwelahan at mga opisina, isinasagawa ang mga lihim na aktibidad para gunitain at ipagdiwang ang ika-53 na maniningning na mga taon ng pagkakatatag ng NPA. Tulad ng mga nakaraang taon,

dadagsain na naman ng mga dati at bagong pwersa, kaibigan at alyado mula sa kalunsuran at mga sentrong bayan ang pagdiriwang ng anibersaryo ng NPA na isinasagawa sa mga sona at larangang gerilya sa rehiyon nang may kaakibat na paghihigpit at pag-iingat. Sa pamamagitan ng makukulay, masigla at militanteng mga pahayag ng pakikiisa, muli nilang ipadadama kung gaano nila kamahal ang NPA at kung bakit tinatangkilik at sinusuportahan nila ang Demokratikong Rebolusyon ng Bayan (DRB).

Sa gitna ng masasaya at militanteng pagdiriwang sa ika-53 anibersaryo ng NPA, muli nating pararangalan at pagkalooban ng pinakamataas na pagkilala at pagdakila ang mga martir ng rebolusyon sa rehiyon ng Timog Katagalugan na walang pag-iimbot na inialay ang kanilang tanging buhay para sa pagsusulong ng interes at kapakanan ng mga uring pinagsasamantalahan at inaapi. Pinakamataas na pagpupugay at Pulang saludo kina Kasamang Ermin "Ka Romano" Bellen; Bonifacio "Ka Nato" Magramo; Mario "Ka Jethro" Caraig; Charity "Ka Rise" Diño; Lowel "Ka Bernie" Riza Mendoza at marami pang mga kasamang martir. Kahanga-hanga ang ipinamalas nilang katapangan at dedikasyon sa piniling propesyon—ang taos pusong paglilingkod sa rebolusyon at bayan. Tunay kayong mga bayani at pinakamahuhusay na mga anak ng bayan. Ang inyong mga gintuang alaala ng kagitingan at kabayanihan ay patuloy na magniningning sa aming mga puso at isipan. Magsisilbing tanglaw at inspirasyon ito ng mga kasalukuyang kwerpo ng kadreng militar at Pulang mandirigma ng NPA na siyang magpapatuloy ng rebolusyon hanggang sa ganap na tagumpay.

Binabati rin namin ang Communist Party of the Philippines (CPP-MLM) na siyang nagtatag ng NPA, nagsisilbing gulugod nito at nagpapatupad

ng absolutong pamumuno sa NPA sa larangan ng Ideolohiya, Pulitika, Organisasyon at Militar. Ang mga tagumpay na nakamit ng NPA sa nakaraang mahigit na limang dekada ay dahil sa wasto at matatag na pamumuno ng CPP na natatanglawan ng pinakaabanteng rebolusyonaryong teorya sa daigdig—ang Marxismo-Leninismo-Maoismo.  Batid ng CPP ang kahalagahan ng pagbubuo ng Hukbong Bayan dahil kung walang rebolusyonaryong hukbo ay wala  ni anuman ang mamamayan.

Ang NPA ang pangunahing organisasyon ng CPP sa pagdurog sa pasista at mersenaryong armadong lakas ng reaksyunaryong estado. Inilululunsad nito ang paparaming mga  taktikal na opensiba upang pinsalain at lipulin ang mahinang bahagi ng kaaway at kumpiskahin ang kanilang mga armas. Determinado at nagpupunyagi itong biguin ang inilulunsad na kontrarebolusyonaryong gyera ng rehimeng Duterte at pangibabawan ang lahat ng klase ng sakripisyo at kahirapan.

Bukod sa armadong paglaban sa kaaway, ginagampanan ng NPA ang iba't ibang tungkulin sa pagmumulat, pag-oorganisa, pagpapakilos pangunahin sa masang magsasaka, manggagawang-bukid at pambansang minorya para sa armadong rebolusyon at pagsusulong ng Rebolusyong Agraryo (RA).  Ipinatutupad ng NPA ang libreng pamamahagi ng lupa bilang maksimum na programa ng RA; pagpapababa sa upa sa lupa, pagpapataas sa sahod ng mga manggagawang bukid, pagpawi sa usura, pagpapataas sa presyo ng produktong bukid bilang minimum na programa.  Isinasagawa din ang iba pang mga kampanyang antipyudal at sama-samang pagkilos upang itaas ang antas ng produksyong bukid at kita ng mga magsasaka at manggawang-bukid. Bukod dito, ang NPA ay aktibong

nagsasagawa ng mga serbisyong medikal at dental saanmang baryo naroon. Naglulunsad ng mga kampanya sa literasiya at numerasiya o pagbilang, sa kalusugan at sanitasyon. Lumalahok sa produksyon upang itaas ang produksyon at kita ng mga magsasaka. Bukod dito, sa panahon ng pandemya, malawakan silang nagsagawa ng edukasyon sa saklaw nitong mga sona at larangang gerilya kaugnay sa paglaban at pag-iingat sa nakamamatay na sakit na Covid-19 hanggang sa pangangampanya sa pagpapabakuna laban dito. Kasabay ng mga tungkuling ito ang pagbibigay ng pampulitikang edukasyon at iba't ibang pagsasanay sa hanay ng masa.

Sa panahon ng mga kalamidad na tumatama sa bansa lalo na sa mga liblib na lugar sa kanayunan, ang NPA ang unang nakapagbibigay ng tulong at saklolo sa mga magsasaka at katutubong biktima ng kalamidad. Sinusuong ng NPA ang mga kahirapan at panganib upang makapaghatid ng tulong, serbisyo at makapagligtas ng mas maraming buhay. Ni hindi inalintana ng NPA na maging sila ay biktima rin ng kalamidad. Nasa kaibuturan na ng pang-araw-araw na buhay ng NPA ang ipauna ang kapakanan at paglilingkod sa mga pinagsasamantalahan at inaapi, may kalamidad man o wala.

Bilang mahigpit na katuwang ng NDFP, pinangungunahan ng NPA ang hakbang-hakbang na pagtatatag ng mga organo ng pulang kapangyarihan ng mamamayan sa malawak na kanayunan ng bansa. Sa mga lugar na may umiiral at nakatayong lokal na organo ng Demokratikong Gubyernong Bayan (DGB), naipatutupad ang tunay na diwa ng demokrasya at paggugubyerno na pangunahing nakatuon sa paglilingkod at pagseserbisyo sa masa. Tumibay ang pagkakaisa, tulungan at disiplina ng mamamayan sa mga eryang

malakas ang presensya ng NPA at may nakatayong gubyerno nila. Bumuti ang kabuhayan ng mga magsasaka dahil sa kolektibo at sama-samang paggawa sa mga lupang napagtagumpayan ng RA. Nawala ang problema sa iligal na droga, pagsusugal, mga nakawan at iba pang anti-sosyal na mga gawain. Ang mga alitan sa pagitan ng mga magkababaryo ay madaling nalulutas sa pamamagitan ng mga arbitrasyon.

Kabaligtaran naman ang lahat ng ginagawa ng reaksyunaryong AFP at PNP. Winawasak nito ang pagkakaisa ng taumbayan, binabawi ang mga napagtagumpayan ng masang magsasaka sa pagsusulong ng RA, nagpapatupad sila ng mga anti-sosyal na gawain, nagkakalat ng mga kahalayan at dekadendeng kultura lalo na sa hanay ng mga katutubo at higit ang paghahasik ng teror at kalupitan sa masa.

Malayong-malayo ang kaibahan at katangian ng NPA sa pasista, terorista at mersenaryong tropa ng AFP at PNP. Ang busilak at marubdob na pagmamahal ng NPA sa bayan ang dahilan kung bakit lubos din silang minahal at tinangkilik ng sambayanang Pilipino sa loob ng nakalipas na 53 taon. Kabaligtaran naman sa mga teroristang AFP at PNP na labis na kinasusuklaman at kinamumuhian ng malawak na masang Pilipino.

Minamahal, tinatangkilik at itinataguyod ng taumbayan ang NPA dahil sa malalim nitong dedikasyon at kapasyahan na ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo at itatag ang lipunang Pilipino na malaya, demokratiko at may masaganang buhay sa lahat ng Pilipino.

Mabuhay ang ika-53 Anibersaryo ng NPA!

Mabuhay ang Communist Party of the Philippines!

Mabuhay ang National Democratic Front of the Philippines!

Mabuhay ang Uring Anakpawis!

Mabuhay ang Sambayanang Pilipino! T

# 4

# PAGGUNITA SA MAHAHALAGANG ARAW SA KASAYSAYAN

## Gunitain ang mga aral ng Pag-aalsang EDSA, paigtingin ang rebolusyonaryong pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya

*Pebrero 25, 2016*

Sa ika-30 anibersaryo ng Pag-aalsang EDSA, binibigyang-pugay ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ang sambayanang Pilipino sa kanilang magiting na pakikibaka na nagpatalsik sa diktadurang US-Marcos.

Ipinamalas ng sambayanan ang higanteng lakas ng kilusang masa noong 1986 nang humugos ang ilang milyong mamamayang Pilipino sa EDSA para ipanawagan ang pagpapatalsik sa apatnapung taong paghahari ni Marcos. Gayunman, kahit napalayas ang rehimeng US-

Marcos, hinalinhan lamang ito ng panibagong mukha ng pang-aapi at pagsasamantala ng mga naghalinhinang mga papet na rehimen mula kay Corazon Aquino, Ramos, Estrada, Arroyo hanggang sa anak ni Corazon Aquino na si Benigno Simeon Aquino III. Samakatwid, ang naganap lamang ay ang pamamayani ng isang paksyon ng naghaharing uri laban sa nakaluklok na naghaharing paksyon mula kay Marcos.

**Ano ang esensya ng Pag-aalsang Edsa ng 1986 at mga sumunod pa?**

Ang masikhay na pagmumulat ng mga rebolusyonaryo sa mamamayan hinggil sa pambansang demokrasya ang nasa ubod ng gahiganteng kilusang masang ito na nagpatalsik sa diktadurang Marcos. Ang mahabang panahon ng kumulatibong pagsisikap ay rumurok sa kapasyahang wakasan na ang isang anti-mamamayan at anti-demokratikong pasistang rehimeng Marcos. Makabuluhan ang mga aral at karanasang ipinakita ng Pag-aalsang EDSA sa pambansa-demokratikong kilusan. Iniangat nito ang anti-pasistang kamalayan sa pampulitika ng sambayanang Pilipinong labis ang pagkamuhi sa Batas Militar.

Ang Pag-aalsang EDSA ay ibinunsod ng mahabang panahon ng masalimuot na pakikibaka at pag-iipon ng lakas. Nang ideklarang iligal ang mga pambansa-demokratikong organisasyon noong panahon ng Batas Militar, ang mga kadre at aktibista ay tuluy-tuloy na nag-organisa at tumungo sa hanay ng masang manggagawa at magsasaka para itanim ang binhi ng demokratikong rebolusyon ng bayan at armadong pakikibaka sa buong kapuluan.

Dahil sa mga inaning tagumpay, ininda ng diktadurang US-Marcos ang mga pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan. Marahas na sinupil ng

rehimen ang paglaban ng mamamayan. Libu-libo ang pinatay, dinukot, tinortyur, pinahirapan, ginahasa at minasaker ng pasistang diktador.

**Subalit matapos ang EDSA People Power I noong 1986, walang natikmang tunay na pagbabago ang sambayanan.**

Mula kay Corazon Aquino hanggang sa kasalukuyang rehimen ng kanyang anak na si Benigno S. Aquino III, nalasap ng sambayanang Pilipino ang hambalos ng mga patakarang maka-imperyalista, antinasyunal at antimamamayan na lalong nagsadlak sa mamamayang Pilipino sa labis na karukhaan. Bagamat walang deklaradong Batas Militar, nagpapatuloy ang militarisasyon sa kanayunan at kalunsuran ganundin ang atake sa mga progresibong mamamayang nakikibaka para sa mga batayang karapatan. Katunayan, mayroong 54 na mga bilanggong pulitikal mula sa Timog Katagalugan ang iligal na ipiniit ng mga rehimeng nagpoposturang demokratiko. Patuloy na humahaba ang listahan ng mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao.

Higit na mas malinaw ang pangangailangan ng isang panlipunang rebolusyon upang ganap nang ibagsak ang mga nagpapalit-palitang papet na rehimen ng uring malalaking burgesya kumprador at panginoong maylupa, at wakasan ang patuloy na dominasyon ng imperyalismong US sa bansa. Tatlumpung taon matapos ang Pag-aalsang EDSA, nananatiling hinog ang kalagayan para sa pagrerebolusyon na siyang tanging landas para makamit ang mga pundamental na pagbabago sa lipunang Pilipino.

Sa okasyon ng paggunita sa Pag-aalsang EDSA, nananawagan ang NDF-ST sa mamamayang Pilipino na magbalik-tanaw sa kanilang naging makabuluhang pagkilos at gamitin ang mga aral na nakuha

noon sa muling pagpapadaluyong ng rebolusyonaryong kilusang masa sa kasalukuyan. Ang pag-aalsang tipong EDSA people power ay armas ng mamamayan laban sa mga anti-mamamayan, anti-demokratiko at anti-nasyunal na rehimen. Sa isang makabuluhang bahagi ng kasaysayan, napatunayan ng sambayanan ang lakas ng sama-samang pagkilos. Higit sa pagkamuhi sa diktadurang Marcos, ang pag-aalsang ala-EDSA people power ay mananatiling armas sa arsenal ng rebolusyonaryong kilusang masa upang patalsikin ang isang sagad-saring rehimen. Gayunman, hindi makakaasa ng makabuluhang pagbabago ang sambayanan sa simpleng pagpapalit lamang ng nakaupo sa poder. Dapat paigtingin ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka ng mamamayan para ganap nang ibagsak at durugin ang marahas, mapanupil at mapang-aping reaksyunaryong estado, at itayo ang demokratikong gubyernong bayan na kumakalinga sa interes ng malawak na hanay ng mamamayan. T

## Itaguyod ang mga aral ng EDSA I at ibagsak ang pasistang diktadurang US-Duterte!

*Pebrero 25, 2018*

Nakikiisa ang rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan sa paggunita sa ika-32 anibersaryo ng EDSA I na nagbasak sa pasistang diktadurang US-Marcos. Kaalinsabay ang panawagan ng sambayanang kagyat na patalsikin ang pasistang diktadurang rehimeng US-Duterte. Sa okasyong ito, nananawagan ang National Democratic Front-Southern Tagalog sa mamamayang Pilipino na magkaisa at kumilos para tuluyang ibagsak ang pasista, anti-mamamayan at diktador na si Duterte. Kailangang muling ipakita ng mamamayan ang kanilang nagkakaisang lakas sa pamamagitan ng rebolusyonaryong kilusang masa upang biguin, labanan at tuluyang ibagsak ang paghahari ni Duterte tulad ng kanilang nakamit sa panahon ng diktadurang US-Marcos.

Walang pagkakaiba ang rehimeng US-Duterte sa pasistang diktadurang US-Marcos. Kung tutuusin, kayang higitan pa ni Duterte ang rekord at utang na dugo ni Marcos sa mamamayan. Sa saligan, lumala ang kaso ng paglabag sa karapatang pantao dahil sa tumitinding militarisasyon sa kanayunan at kalunsuran habang nagpapatuloy ang kawalan ng hustisyang panlipunan. Si Duterte ang numero unong lumalabag sa karapatang pantao. Malinaw sa kanyang mga pahayag nitong nakaraan ang tahasan at lantarang pag-aatas sa AFP-PNP na labagin ang karapatang pantao at mga internasyunal na makataong batas.

Sa pamamagitan naman ng kanyang mga anti-mamamayang batas tulad ng TRAIN, lalo pang ibinaon ni Duterte ang mamamayan sa kahirapan at mas inilayo niya ang mamamayan sa mga batayang serbisyong panlipunan, reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Ang kanyang ipinataw at pinalawig na Batas Militar sa Mindanao at *de facto* Martial Law sa buong bansa ang lalong nagpa-ulol sa kanyang tuta at mersenaryong sandatahang lakas upang maghasik ng lagim at ligalig sa mamamayan. Nagpapatuloy naman ang kanyang mga gera laban sa mamamayan na pumapaslang sa marami at nangwawasak sa kanilang kabuhayan.

Sa kasalukuyan aabot na sa 20,000 ang pinaslang ng kanyang gera kontra droga bukod pa sa krimen nito sa mamamayang Moro sa Mindanao at sa balangkas ng kontrainsurhensyang Oplan Kapayapaan. Sa Timog Katagalugan pa lang, aabot na sa 16 ang biktima ng pampulitikang pamamaslang, 12,263 kaso ng pananakot, panghaharas at intimidasyon, 84 na biktima ng iligal na pang-aaresto at 29 na iligal na pagkukulong. Naitala din ang 3 kaso ng *strafing*, 3 insidente ng *aerial bombing* na puminsala sa kabuhayan at ari-arian ng komunidad ng sibiliyan. Ilan lamang ito sa mga krimen at atrosidad ni Duterte laban sa mamamayan na dulot ng mga masinsing operasyong militar na inilulunsad ng mersenaryong AFP sa rehiyon.

Nananawagan ang NDF-ST sa mamamayan na militanteng ipagdiwang ang tagumpay ng EDSA I. Gamitin ang mga aral ng EDSA I upang isulong ang pakikibaka ng mamamayan at ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte. Susi sa paglaban ng mamamayan sa rehimeng US-Duterte ang pagsusulong at pagpapalakas pa ng armadong pakikibaka.

Ang armadong pakikibaka ng mamamayan ang magbibigay ng mga mapagpasyang bigwas laban sa US-Duterte tulad noong panahon ng paglaban sa diktadurang Marcos. Ito ang lalong magpapanday sa rebolusyonaryong determinasyon ng mamamayan upang itaas ang antas ng digmang bayan. Sa paglaki ng kasapian ng New Peoples Army na nasa absolutong pamumuno ng Communist Party of the Philippines, lalong magpupunyagi ang mamamayan sa pagsusulong demokratikong rebolusyong bayan. Bitbit ang mga aral ng EDSA I, lalong nabigyan ng gabay ang mamamayan upang ipagtagumpay ang digmang bayan at kamtin ang hustisyang panlipunan at tunay na pambansang kalayaan. T

## Pagpugayan ang lahat ng kababaihan at ang kanilang rebolusyonaryo at militanteng tradisyon na pagsusulong ng digmang bayan

*Marso 8, 2018*

Mainit na binabati ng National Democratic Front–Southern Tagalog ang lahat ng kababaihan sa pagdiriwang ng Pandaigdigang Araw ng Kababaihan ngayong Marso 8. Nagpupugay ang NDF-ST sa lahat ng kababaihang nagpapatuloy sa pagtindig para sa batayang karapatan ng mamamayan at sa pagpapalaya ng sambayanang Pilipino mula sa kuko ng imperyalismo, burukrata kapitalismo at pyudalismo. Binibigyang-pugay din ng NDF-ST ang makabuluhang papel ng kababaihan sa lipunan at sa pagtataguyod ng pambansa-demokratikong rebolusyon.

Kasabay ng pagdiriwang ng Pandaigdigang Araw ng mga Kababaihan, mariing kinukundena naman ng NDF-ST ang ginawang walang habas na pamamaril at pagpatay ng mga ahente ng rehimeng US-Duterte sa 72-taong gulang na ina ni Joseph delos Santos, inaakusahang Pulang kumander ng New Peoples Army sa Lopez, Quezon nitong Marso 7. Isa itong desperadong aksyon ng rehimen na dapat na kondenahin at patuloy na labanan ng mamamayan. Ginagawang lehitimong mga target ng panunupil ang mga kapamilya at kaanak ng mga Pulang mandirigma ni Duterte sa ilalim ng kanyang Oplan Kapayapaan at inilulunsad na *all-out war*.

Nito lamang nakaraang araw, muli na namang binastos ni Duterte ang mga kababaihan sa pahayag nitong bibigyan ng libreng "bakasyon" sa Hong Kong at Tsina ang lahat ng mga susukong kababaihang Pulang mandirigma. Walang kahihiyang ikinumpara ni Duterte ang pagsusulong ng digmang bayan ng mga kababaihan sa simpleng pagbabakasyon nang hindi inuugat ang tunay na dahilan ng paglahok ng mga kababaihan sa kasalukuyang digmang sibil. Hinahamak at binabastos ni Duterte ang dakila, rebolusyonaryo at militanteng tradisyon ng mga kababaihan sa pagsusulong ng digmang bayan sa lahat ng larangan.

Sa kasalukuyan, mas tumitindi ang pakikibaka ng mga kababaihan sa ilalim ng macho-pasistang rehimeng US-Duterte. Matatandaang kamakailan lamang, iniutos ni Duterte sa mersenaryong mga pulis at militar na "barilin ang mga kababaihang Pulang mandirigma sa kanilang ari upang mawalan sila ng silbi" na lantarang naghihikayat sa AFP/PNP na patindihin ang paglabag sa karapatang pantao. Hindi na ito bago sa bastos at anti-kababaihang katangian ni Duterte. Ang kaniyang mga biro ukol sa kasarian at pagsasamantala sa kababaihan ay bunga ng mababang pagtingin nito sa mga babae at kawalan ng pang-unawa sa tunay nilang kalagayan sa isang lipunang malakolonyal at malapyudal.

Habang hindi naman tinutugunan ng rehimen ang mga matagal nang suliranin ng maraming kababaihang manggagawa at magsasaka at mula sa hanay ng petiburgesya--ang patuloy na kawalan ng lupa at kabuhayan sa bansa. Kaya't hindi kataka-taka ang pagdami ng mga kaso ng mga kababaihang OFW's na  inaalipin, pinahihirapan at pinapatay sa ibang bayan. Nariyan ang mga biktima ng karahasan

tulad nina Joanna Demafelis at Mary Jane Veloso. Karumal-dumal ang sinapit ni Demafelis sa kamay ng mga mapang-abusong employer habang si Veloso naman ay walang kasiguraduhan kung palalayain sa kulungan sa Indonesia hanggang ngayon. Ito ang nagiging kapalaran ng maraming kababaihang nangahas mamasukan sa ibang bansa upang kumita ng pera na alam nilang kailanma'y hindi nila kikitain dito sa Pilipinas. Bukod dito, pinapasan rin ng maraming kababaihan at ng sambayanan ang maraming anti-mamamayan at makaimperyalistang mga patakaran ng rehimeng US-Duterte. Kaya't higit pa sa mga pasaring, patutsada, at pambabalahura ni Duterte sa kababaihan, nananatiling may bigat ang pagpapalala nito sa sosyo-ekonomikong kalagayan ng mamamayan, bunsod ng TRAIN Law, *jeepney phase-out,* at kontraktwalisasyon. Lalong nabibigyang dahilan ang mas malawak na hanay ng mamamayan na bumalikwas at manawagan sa kaniyang pagpapatalsik.

Habang nagpapatuloy ang malakolonyal at malapyudal na sistema sa bansa, na lalo lamang sinusuhayan ng neoliberal na polisiya ng rehimeng US-Duterte, nananatiling walang kasiguraduhan ang kabuhayan at katayuan ng kababaihan sa lipunan. Para sa maraming kababaihan, tanging sa pagsusulong ng rebolusyon handa nilang harapin ang maraming mga sakripisyo hanggang sa ialay ang natatangi nilang buhay upang kamtin ang mga demokratikong aspirasyon ng mamamayan at para maipundar ang isang tunay na malaya at makatarungang lipunan. Sila ang mga tunay na bayani ng mamamayan na dapat na tularan at gawing inspirasyon ng mamamayan sa pagsusulong ng kanilang mga pakikibaka. Nariyan ang tulad nina Lorena Barros, Josephine Lapira, Kamille Manangan,

Doris Cuario, Eden Marcellana, Atty. Juvy Magsino at Leima Fortu at marami pang kababaihang nag-aalay ng kanilang-buhay alang-alang sa pagsusulong ng mga demokratikong karapatan ng mamamayan.

Tanging sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan pangunahin sa pamamagitan ng armadong pakikibaka matitiyak na mawawakasan ang matinding pang-aapi at pagsasamantala sa kababaihan at lipunang Pilipino. Ipinapanawagan ng NDF-ST ang pagpapatuloy ng reboluyonaryo at militanteng tradisyon ng kababaihan sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan na may sosyalistang perspektiba.

## Manggagawang Pilipino, magkaisa upang wakasan ang kontraktwalisasyon at neoliberal na paghahari sa bansa!

*Mayo 1, 2018*

Nakikiisa ang National Democratic Front-Southern Tagalog sa lahat ng manggagawang Pilipino at mamamayan sa kanilang panawagang kagyat na ibasura ang kontraktwalisasyon at wakasan na ang "endo" sa bansa. Sa okasyon ng pagdiriwang sa Labor Day o Pandaigdigang Araw ng Paggawa ngayong Mayo Uno, nararapat lamang na dakilain ang lahat ng manggagawa ng daigdig na nakibaka at patuloy na nakikibaka para sa kaseguruhan sa trabaho, disenteng trabaho, nakabubuhay na sahod, karapatan sa pag-uunyon, pagwewelga at iba pa. Sa araw ding ito, napapahong singilin ng mamamayang Pilipino ang rehimeng US-Duterte sa pangako nitong ibasura ang kontraktwalisasyon sa bansa.

Sa loob ng halos dalawang taong paghahari ng rehimeng US-Duterte, hindi pa rin naibabasura ang kontraktwalisasyon bagkus ay sinuhayan pa nito at higit na pinalala sa pamamagitan ng Department of Labor and Employment Order 174. Nananatiling nakapako ang pangako ni Duterteng wakasan ang kontraktwalisasyon, pangakong bukang-bibig nya noong panahon ng eleksyon hanggang pag-upo sa estado-poder.

Sadyang walang balak ang rehimeng US-Duterte na ibasura ang kontraktwalisasyon matapos ipagwalang-bahala ang kautusang

inihanda ng iba't ibang organisasyon ng mga manggagawang magwawakas sa "endo". Simula't sapul, hindi ang mga manggagawa ang pinakikinggan ni Duterte kundi ang mga kapitalistang pangunahing nagsasamantala sa murang lakas paggawa at pinapaburan ang neoliberalismong inilalako ng imperyalismong US sa bansa. Hangga't hindi nakakawala ang Pilipinas sa gapos ng imperyalistang pandarambong at pagsasamantala, mananatili ang mga hambalos ng neoliberalismo tulad ng *labor only contracting* at iba pang iskema ng pleksibilisasyon sa paggawa. Sa ganitong mga tindig ni Duterte, mahirap nang asahan ang kanyang rehimen na maibsan ang pagdurusa ng mga manggagawang Pilipino.

Sa Timog Katagalugan pa lamang, nagpapatuloy at lalo pang tumitindi ang pakikibaka ng mga manggagawa laban sa kontraktwalisasyon. Mula nang umupo sa pwesto si Duterte, higit pang lumala ang kalagayan ng mga manggagawa. Bagama't malaki ang ipinamalas na pag-asa ng DOLE at ng kanyang rehimen noong panahon ng *peace talks,* nagmistulang buladas lamang ang pangakong iregularisa ang libu-libong manggagawang kontraktwal sa rehiyon. Wala pa sa dalawang porsyento ng 29,202 manggagawang denisisyunang dapat gawing regular ang kinilala at niregularisa ng mga pagawaang kanilang pinapasukan. Hanggang sa kasalukuyan, nanatiling 80-90% ng mga manggagawa sa rehiyon ang kontraktwal at ang mga inilalabas na kautusan ng DOLE ay pawang mga pakitang-tao lamang at hindi tiyak na naipapatupad.

Hanggang ngayon, hindi pa rin nireregularisa ang mga manggagawa ng Technol Eight at Sun Logistics, ng Yazaki Torres na may mahigit sa

15,000 manggagawang kontraktwal, mahigit sa 6,000 sa EMI Yazaki sa Cavite habang aabot sa 14,000 sa pagawaan ng Epson sa Batangas.

Sa Takata Philippines, may 3,900 kontraktwal na nakaambang mawalan ng trabaho dahil sa planong pagbebenta nito sa korporasyong Amerikano. Hindi malayong sapitin ng mga manggagawa ng Takata ang nangyari sa mga manggagawa ng MIESCOR (Meralco) sa Sto. Tomas, Batangas nang magsara ito ngayong taon matapos linlangin ang mga manggagawa.

Isang tampok na laban ngayon sa rehiyon ang pakikibaka ng mga kontraktwal na manggagawa ng Coca-Cola Femsa Philippines sa planta nito sa Sta. Rosa, Laguna. Naitulak ng mga manggagawa ng Coca-Cola ang DOLE upang maglabas ng desisyon na gawing regular ang 675 na manggagawang kontratwal ngunit hindi pa rin ito naipapatupad.

Ang napipintong pagbubukas ng *peace talks* sa pagitan ng NDFP at GRP ang nagbibigay ng pag-asa sa uring manggagawang matugunan ang kanyang mga kahilingan hanggang sa maksimum na ipatupad ang pambansang industriyalisasyon. Laman ito ng ikalawang adyenda sa usapan na Comprehensive Agreement on Socio-economic Reforms (CASER). Ngunit nakasalalay ito sa sinseridad ng rehimeng US-Duterteng tugunan ang hinaing ng mga manggagawa.

Ngayong Mayo Uno, dapat na padagundungin ng lahat ng manggagawa ang kanilang lakas at galit laban sa anti-mamamayan at anti-manggagawang rehimeng US-Duterte. Kailangang igiit nila ang pagpapatuloy ng **peace talks** at kagyat na pagbubuo ng kasunduan sa repormang sosyo-ekonomiko. Kasabay nito, hindi nila dapat tantanan

ang pakikibaka upang tuluyan nang wakasan ang kontraktwalisasyon sa bansa kasabay ng paggigiit na isulong ang pambansang industriyalisasyon na tatapos sa dominasyon ng imperyalismong US sa ekonomiya ng bansa at lilikha ng marami at disenteng trabaho para sa mamamayan.

Batid ng mga manggagawang tanging ang pagtatagumpay ng digmang bayan ang mapagpasyang hakbang ng lahat ng manggagawang Pilipino upang tapusin hindi lamang ang kontraktwalisasyon kundi higit ang dominasyon ng imperyalismong US sa bansa. Upang maging posible ito, kailangang patuloy na sumalig ang uring manggagawa sa kanilang lakas at makiisa sa iba pang inaaping uri upang isulong ang armadong pakikibaka sa kanayunan at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan. T

## Pagpugayan ang ika-200 taong kapanganakan ni Marx! Dakilain ang Marxismo bilang di-nagmamaliw na gabay sa rebolusyong Pilipino hanggang sa pagpapalaya ng sandaigdigan!

*Mayo 5, 2018*

Lubos na dinadakila at pinagpupugayan ng National Democratic Front-Southern Tagalog si Karl Marx sa ika-200 taong kapanganakan nito. Gabay sa pakikibaka ng rebolusyonaryong kilusan laban sa lumalalang krisis, pasismo at pagsasamantala sa buong daigdig ang kanyang mga prinsipyong napatunayan nang tumpak. Sa patnubay ng Marxismo, napagtagumpayan ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet sa pamumuno ni Vladimir Lenin at ng Partido Komunista ng Tsina sa pangunguna ni Mao Zedong ang pagtatatag ng mga sosyalistang lipunan.

Sa Pilipinas, tangan ng rebolusyonaryong mamamayan ang Marxismo bilang sandata ng mamamayan sa pagsusuri sa kasalukuyang kalagayan ng bansa bilang isang malakolonyal at malapyudal na lipunan at kung paano pinagsasamantalahan at inaapi ng mga naghaharing uring panginoong maylupa, malalaking burgesya kumprador at burukrata kapitalista ang masang Pilipino. Sa lahat ng mga kahirapang nararanasan nila dulot ng tatlong salot, lalong nakikita ng sambayanan ang istorikong katumpakan ng paglulunsad ng rebolusyon bilang sagot dito.

Nananatiling buhay at inspirasyon hanggang sa kasalukuyan ang

mga dakilang ambag ni Marx sa lumalakas na paglaban ng mga rebolusyonaryo at Komunistang Pilipino sa gitna ng tumitinding panunupil ng rehimeng US-Duterte. Ang lubos na di-pagkamakasarili ni Karl Marx at ng iba pang mga dakilang gurong Komunista ang nagturo sa mga proletaryong Pilipinong sundan ang landas na kanilang tinahak buhay man nila ang maging kapalit. Kabilang sa mga ito sina Noel Sanchez, Verleen Trinidad, Ben Villeno, Florencio Romano, Gerry Cristobal, Butch Servida, Cesar Batralo, Rachel Tanteo, Norman de Castro, Edward Panganiban at Romy Malabanan.

Tulad ni Marx, hindi nagpapatinag ang mamamayan ng Timog Katagalugang ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte. Walang ibang mas malakas na pwersa na magpapabagsak sa kasalukuyang paniniil ng rehimen kundi ang pagdaluyong ng sama-samang pagkilos ng mamamayan upang itambol ang kanilang mga karaingan, paniningil sa mga paglabag nya sa karapatan ng sambayanan at ang isulong ang armadong paglaban.

Sa okasyon ng ika-200 kaarawan ni Karl Marx, ang pinakadakilang gurong Komunista, ilunsad sa hanay ng mga kabataang-estudyante at iba pang hanay ng mga intelektwal ang masisiglang mga pag-aaral hinggil sa mga akda ni Marx sa mga institusyon at opisina sa akademya. Katulad ng kung paano naging mapanlikha si Marx sa pagpapalaganap ng materyalistang pagsusuri sa pamamagitan ng paglilimbag ng mga rebolusyonaryong pahayagan, pampleto at iba pang babasahin, dapat na tularan ito ng mga propagandista sa rehiyon upang tuluyang palaganapin ang Marxistang pagsusuri sa lipunang Pilipino at pagbabago rito sa pamamagitan ng rebolusyon.

Gawing hamon ng mga manggagawa ang panawagan ni Marx sa lahat ng proletaryo sa daigdig na pamunuan ang makauring pakikibaka ng mamamayan. Sapulin ng mga manggagawa ang nagpapatuloy na pagsasamantala sa kanila ng mga lokal at dayuhang kapitalista tulad ng mga inilinaw ni Marx sa Ekonomyang Pampulitika. Ang TK ang isa sa may pinakakonsentradong bilang ng mga manggagawa sa buong bansa kaya't signipikante ang papel nito upang organisahin ang kapwa nila manggagawa at iba pang aping sektor. Ganundin ang pakikipagkaisa sa uring magsasaka sa kanayunan at buuin ang saligang alyansa sa pagsusulong ng rebolusyon.

Nananawagan din ang NDF-ST sa lahat ng uri at sektor na nasa kalunsuran na tumungo sa kanayunan, humawak ng armas at isulong ang digmang bayan sa mas mataas na antas. Maging instrumento ang mga tagalunsod sa pagpapalaganap ng Marxistang pilosopiya at dapat ding matuto sila mula sa praktikal na buhay at pakikibaka ng mga magsasaka.

Napapanahong higit na palakasin ang pambansang alyansa laban sa pasismo at pang-aapi ng imperyalismo sa mamamayan. Sa malakas na alyansa ng manggagawa at magsasaka, kasama ang mga petiburgesya at pambansang burgesya, bubuuin natin ang malakas at malawak na pwersang magpapabagsak sa kasalukuyang panunupil at pagpapahirap ng imperyalismo. Maghahawan ito ng landas sa pagkakamit ng tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan at pagtatatag ng sosyalistang lipunan sa diktadurya ng uring proletaryado, isang pangitaing labis na kinatatakutan ng rehimeng US-Duterte. T

## Tuligsain ang pagtataksil ng rehimeng US-Duterte sa kasarinlan ng bansa!

*June 14, 2018*

Tinutuligsa ng National Democratic Front-Southern Tagalog ang pagtataksil ng rehimeng US-Duterte sa sambayanang Pilipino at sa kasarinlan ng bansa sa kawalang katugunan nito sa kalagayan ng mamamayang nabubuhay sa pangingisda sa mga teritoryo ng Pilipinas sa West Philippine Sea. Sa kasalukuyan, patuloy na ginigipit at ninanakawan ng mga Chinese Coast Guard ang mga mangingisdang Pilipino sa mga kinakamkam na teritoryo ng Tsina sa West Philippine Sea. Bukod dito, dapat ding singilin si Duterte sa patuloy na pagpapakatuta nito sa imperyalismong US. Sa pag-upo sa estado-poder, hindi nito nagawang ibasura ang mga hindi pantay na kasunduan at tratado sa US tulad ng Visiting Forces Agreement at Enhanced Defense Cooperation Agreement na nagbibigay ng pahintulot sa US Armed Forces na maglabas-pasok sa Pilipinas. Inilalagay lamang ni Duterte sa bingit ng kapahamakan ang bansa sa pagitan ng hidwaan ng bansang US at Tsina sa patuloy nitong pagpapakatuta sa imperyalismong US at pagiging pasibo sa mga agresyong ginagawa ng Tsina.

Binabati naman ng NDF-ST ang Bagong Alyansang Makabayan-ST para sa matagumpay na *lightning rally* na inilunsad nito habang nagtatalumpati si Rodrigo Duterte sa Kawit, Cavite sa mismong paggunita sa Araw ng Huwad na Kalayaan. Bitbit ng mga nagprotesta

ang matatagal nang hinaing ng mamamayan tulad ng pagpapatuloy ng *peace talks* sa pagitan ng NDFP at GRP at ang pagwawakas ng dominasyon ng imperyalismong US sa bansa. Samantala, kinukundena naman ng NDF-ST ang ginawang marahas na pagbubuwag sa mga nagkilos protesta at iligal na pag-aresto sa isa sa mga kasapi ng BAYAN-ST. Naniniwala ang NDF-ST sa pagtataguyod ng karapatan sa malayang pamamahayag ng mamamayan.

Binibigyang katwiran ng makabayang linya ng kanilang mga panawagan ang ginawa nilang pagpoprotesta sa aktwal na pagtatalumpati ni Duterte upang igiit ang paggalang sa soberanya ng Pilipinas laban sa patuloy na pagyurak dito ng imperyalismong US at maging ng bansang Tsina na walang pakundangang dinarahas ang mga mangingisdang Pilipino sa West Philippine Sea.

Nananawagan ang NDF-ST sa mamamayan na ubos-kayang labanan ang patuloy na pagpapakatuta ni Duterte sa imperyalismong US at igiit ang kagyat na pagbabasura ng mga hindi pantay na kasunduan at tratado. Dapat na ilantad ng sambayanan ang kainutilan ng rehimeng US-Duterte sa isyu ng West Philippine Sea kasabay ng pagsuporta sa pakikibaka ng mamamayan na tanging ang pangingisda sa mga teritoryo ng Pilipinas sa West Philippine Sea ang ikinabubuhay. Dapat na buhayin ng mamamayan ang kanilang makabayang diwa upang ipagtanggol ang kasarinlan at soberanya ng Pilipinas laban sa mga dayuhang mananakop at mapagsamantala. **T**

## *Sa paggunita sa anibersaryo ng Martial Law,* **Ibagsak ang tiranikong rehimeng US-Duterte at wakasan ang ala-Marcos niyang paghahari**

*Setyembre 21, 2019*

Ginugunita ngayon ng mamamayan ang anibersaryo ng pagdedeklara ng Martial Law ng diktadurang US-Marcos. Kasabay nito, mariing kinukundena ang makabagong diktadura ng pasista at tiranikong paghahari ng taksil, korap at kriminal ng rehimeng US-Duterte at ang patuloy na pag-iral ng Martial Law sa Mindanao. Sa nakalipas na 47 taon, mahalagang laging inaalala natin at hindi kailanman kinalilimutan ang mapapait na karanasan ng sambayanang Pilipino na dinanas sa panahon ng Martial Law ni Marcos at ngayon ay inuulit ng pasistang diktador na si Duterte. Dapat magsilbing gabay at inspirasyon ang paglaban ng sambayanang Pilipinosa pagbabagsak sa pasistang diktarurang Marcos para naman sa pagharap nito sa tiranikong paghahari ng rehimeng US-Duterte.

Sa araw ding ito, marapat lamang na bigyan natin ng mataas na pagpupugay ang lahat ng mga rebolusyonaryong martir at bayani na nagbuwis ng buhay sa paglaban sa Martial Law ni Marcos. Sila ang walang takot na humarap sa lahat ng pasistang karahasan at kalupitan ni Marcos at walang pag-iimbot na nag-alay ng kanilang buhay at sarili para labanan ang diktador ng kanilang panahon. Naging biktima man sila ng mga paglabag sa karapatang tao tulad ng pagdukot, pagkawala, tortyur at *extrajudicial killings,* nananatili silang buhay sa alaala ng

mamamayang kanilang pinaglingkuran at simbolo sila ng adhikain ng samabayang lumaya mula sa kuko ng pagsasamantala at pang-aalipin ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo.

Bago pa ang deklarasyon ng Martial Law noong September 21, 1972, nagpupunyagi na ang Communist Party of the Philippines at New Peoples Army sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa buong kapuluan at pagbubuklod sa malawak na hanay ng mamamayan sa anti-pasista, anti-imperyalista at antipyudal na nagkakaisang prente. Patuloy na sumulong ang demokratikong rebolusyon ng bayan laban sa diktadurang US-Marcos.

Hindi matatawaran ang mga naging sakripisyo ng sambayanang Pilipino sa paglaban sa diktadurang Marcos. Sa pamamagitan ng iba't ibang anyo at paraan ng pakikibaka, matatag at walang takot na hinarap ng taumbayan ang pasismo ni Marcos hanggang sa maibagsak ang diktadura sa isang popular na pag-aalsa sa EDSA. Ang CPP-NPA-NDFP at mga pambansa-demokratikong organisasyon ng mamamayan ang nasa unahan ng mga pakikibaka ng sambayanang Pilipino sa pagpatalsik sa diktadurang US-Marcos.

Sa loob ng 14 taon ng Martial Law lumawak ang impluwensya ng Partido sa buong kapuluan at nagkamit ito ng malalaking tagumpay sa demokratikong rebolusyon. Sa lahat ng larangan ng labanan, nangahas ang rebolusyonaryong mamamayan na harapin ang diktadura upang biguin ang pasistang lagim ng rehimen.

Sa harap ng bumabangong diktadura ni Duterte, dapat labanan ang lahat ng anti-mamamayan at maka-imperyalistang patakaran

ng kanyang rehimen kabilang ang pagtutulak na amyendahan ang Saligang Batas ng Goverment of the Republic of the Philippines (GRP) para mapalawig pa ang kanyang panunungkulan lagpas sa kanyang termino at para maibenta ang patrimonya at yaman ng bansa sa mga dayuhan. partikular sa imperyalistang US at China.

Nariyan pa ang walang puknat na pagtaas ng presyo ng mga bilihin dulot ng TRAIN Law, Rice Tariffication Law at iba't ibang neoliberal na patakarang itinatuguyod ng rehimen. Magkasabay na pinapasan at pinahihirapan ang mamamayan ng lahat ng kontra-mahirap na patakaran ni Duterte. Ibayong matindi ang pagsupil ni Duterte sa lehitimong pakikibaka ng mamamayan para sa kanilang karapatang demokratiko at sibil sa pamamagitan ng anti-demokratikong National Task Force to End Local Communist Armed Conflict at *whole-of-nation strategy* na pawang mga rekado sa resipe ng pasismo ni Duterte.

Ang Sauron at Sempo sa ilalim ng kanyang Joint Campaign Plan-Kapanatagan ay ilan lamang sa mga desperadong aksyon nito upang pigilan ang paglakas pa ng rebolusyon sa buong kapuluan. Binigyan nito ng panibagong tulak ang AFP-PNP upang ipagpatuloy ang kanilang mersenaryong tradisyon. Kasaysayan na rin mismo ang makapagsasabing hindi kusang isusuko ni Duterte ang kanyang pasistang paghahari at gagawin nito ang lahat ng mga anti-mamamayang pakana upang makapanatili lamang sa estado-poder. Bilang isang tirano, panghahawakan ni Duterte ang kanyang mga pasistang gawi upang patatagin pa nito ang kanyang kapangyarihan.

Si Duterte ang bagong Marcos ng panahong ito na walang habas sa

paglapastangan sa karapatan ng mamamayan at walang kahihiyang nagpapakatuta sa iba't ibang imperyalistang kapangyarihan. Ang kanyang pasistang paghahari ang nagtutulak sa mamamayan na higit na magpunyagi sa kanilang pambansa at demokratikong pakikibaka. Sa balangkas ng paglaban sa tiranya ni Duterte, higit na lumalawak at sumusulong ang anti-pasistang nagkakaisang prente ng lahat ng progresibo at makabayang pwersa sa lipunang Pilipino.

Tulad ni Marcos, ganap na itatapon ng mamamayan si Duterte sa basurahan ng kasaysayan. Sa huli, tatapusin ng nakikibakang mamamayan ang tiranya, kasakiman sa kapangyarihan at pasistang paghahari ni Duterte.

## *Halawan ng inspirasyon ang People Power 1986,* **Magkaisa at pabagsakin si Duterte!**

*Pebrero 23, 2020*

Ang National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ay lubos na nakikiisa sa paggunita at pagdiriwang ng sambayanang Pilipino sa ika-34 taong anibersaryo ng popular na pag-aalsa ng taumbayan na nangyari sa EDSA noong Pebrero 22-25, 1986 na nagpatalsik sa diktador at despotikong si Ferdinand E. Marcos. Mahigpit ding nakikiisa at sumusuporta ang NDF-ST sa namumuong panawagan ng taumbayan sa pagpapatalsik sa traydor, korap, inutil, despotiko at mamamatay taong si Duterte. Para sa NDF-ST, ang panawagang ito ng taumbayan ay napapanahon at wastong hakbang upang matigil na ang walang katulad na kalupitan at karahasan ni Duterte na lantarang iniidolo sina Marcos at Hitler. Si Duterte ang pinakamapaminsalang sakuna at trahedya na dumating at nagpahirap sa bayan.

Walang kaparis ang kalupitan ni Duterte, lalo na sa mahihirap at kapus-palad, na pangunahing biktima ng kanyang madugong gyera kontra droga, ng mga anti-mamamayang patakaran at polisiya ng kanyang gubyerno at mga kampanya ng panunupil at terorismo ng kanyang pasistang estado. Sa loob lamang ng humigit-kumulang sa apat na taon sa pwesto, nahigitan na ni Duterte ang mga nagawang kalupitan at terorismo ni Marcos sa loob ng 21 taon, kung saan, 14 na taon ay panahon ng lantarang pasistang paghahari nito.

Tulad ng inaasahan, sa ika-apat na pagkakataon, hindi dadaluhan ni Duterte ang anumang pagdiriwang ng gubyerno para gunitain ang pag-aalsang EDSA. Sina Duterte, Secretary Salvador Panelo at Solicitor General Jose Calida ay mga masusugid na Marcos Loyalist. Ang pagdalo nila sa paggunita sa pag-aalsang EDSA ay malaking insulto at pagyurak sa iniidolo nilang pasistang diktador at sampal sa pamilyang Marcos na may malaking kontribusyon sa pagkapanalo ni Duterte sa halalang pampanguluhan noong Mayo 2016.

Ang popular na pag-aalsa sa EDSA noong Pebrero 1986 ay ang rurok at kulminasyon ng iba't ibang anyo at tipo ng paglaban ng sambayanang Pilipino, sa direksyon at pamumuno ng bagong tatag na Communist Party of the Philippines-MLM, para ibagsak ang diktadurang paghahari ni Marcos matapos ipailalim nito ang bansa sa batas militar noong September 21, 1972. Kahit nasa panahon ng batas militar, hindi nagawang pigilan at ampatin ni Marcos ang mabilis na paglawak at paglakas ng armadong paglaban ng mamamayan sa kanyang diktadurang paghahari. Hindi nagawa ni Marcos na kitlin-sa-usbong ang nuo'y bagong tatag na New Peoples Army (NPA) kahit pinakawalan na niya ang pinakamalulupit at mararahas na mga kampanya ng pagkubkob at paglipol laban sa NPA. Sa kabilang banda, ang paglakas ng armadong pakikibaka sa kanayunan ang nagbigay ng lakas at inspirasyon sa unti-unting pag-usbong at paglakas ng hayag na demokratikong kilusang masa at kilusang lihim sa kalunsuran kahit umiiral ang batas militar sa bansa. Sa kalaunan, ang paglakas ng rebolusyonaryong kilusan kapwa sa kanayunan at kalunsuran ang naglatag ng kundisyon upang mabilis na maestabilisa ang ugnayan at pakikipagtulungan, sa iba't ibang antas, ng may iba't ibang anyo,

sa iba pang pwersang anti-Marcos. Ang ugnayan at pagtutulungan ay humantong sa pagtatayo ng malapad na alyansang anti-diktadura.

Dahil sa naturang mga salik at kundisyon, naganap ang popular na pag-aalsang EDSA resulta ng pagsasama-sama at pagtatagpo (convergence) ng lahat ng pwersang lumalaban sa diktadurang Marcos na sinindihan at pinag-alab ng rebolusyonaryong kilusan.

Sa ngayon, ginugunita at pinagdiriwang natin ang makaysayang pag-aalsang EDSA para muling sariwain ang mga aral at alal-aa nito sa atin na walang magagawa ang kahit sinong malakas at makapangyarihang diktador sa harap ng puspusang nakikibaka at makapangyarihang paglaban ng taumbayan. Sa nangyaring pag-aalsang EDSA, walang naging silbi ang mga tangke at malalakas na mga sandata ng pwersang militar ni Marcos sa harap ng malakas at determinadong kagustuhan ng taumbayan na ibagsak ang kanyang paghahari. Itinuturo ng kaganapan sa EDSA nuong Pebrero 1986 na kapag ang taumbayan ay nagkaisa at nagpasyang lumaban para baguhin ang kanilang abang kalagayan makalilikha ito ng makapangyarihang lakas na yayanig sa estado at magpapabagsak sa sinumang may hawak dito. Itinuturo din sa atin ng pangyayari sa EDSA na ang lakas at kapangyarihan ay lilitaw at mangyayari kapag ang sambayanang Pilipino ay organisado, mahigpit ang pagkaisa at determinadong kikilos upang ibagsak ang isang gubyernong pahirap at pasakit sa mamamayan.

Hangga't nananatili si Duterte sa pwesto, lalo pang titindi ang pang-aapi't pagsasamantala sa sambayanang Pilipino. Lalong hahaba ang listahan ng mga biktima ng *extra judicial killings* at paglabag sa

karapatang pantao ng AFP at PNP. Magpapatuloy ang walang habas na *aerial bombardment and strafing,* panganganyon at mararahas na operasyong militar alinsunod na pinatutupad na *focused military operation* sa kontra-insurehensyang programa ng AFP at PNP kung saan ang mga kawawang magsasaka at katutubo ang mga pangunahing nabibiktima. Magpapatuloy din ang mga operasyong saywar, *red-tagging,* pekeng *surrenderees,* mapalinlang na *retooled community support program* (RCSP) ng DILG at mga paglulubid ng kasinungalingan ng mga eksperto sa saywar ng administrasyong Duterte.

Walang patumanggang magpapatuloy ang madugong gyera kontra droga ng pasistang rehimen. Lalong titindi ang mga pag-atake sa mga kritiko at inaakalang kaaway ni Duterte mula sa mga progresibong organisasyon, hanay ng taong simbahan, midya, abugado, iba pang propesyunal, *political opposition* at negosyante. Dadami ang masasampahan ng kaso at maipakukulong mula sa mga progresibong grupo at indibidwal batay sa mga gawa-gawang kaso at talamak na pagtatanim ng ebidensya ng AFP at PNP. Nagiging normal na kalakaran na sa rehimeng Duterte ang pambabaluktot sa batas at paggamit dito bilang sandata para usigin at patahimikin ang inaakala nitong kaaway ng estado.

Ang higit na pagtagal sa pwesto ni Duterte ay katumbas ng lalo pang pagtagal ng kalupitan at karahasan na mararanasan ng taumbayan sa kamay ni Duterte. Tama na, sobra na! Hindi na dapat hayaan siyang manatili sa kapangyarihan. Wasto lamang na ipanawagan ng sambayanang Pilipino ang agarang pagpapatalsik sa despotiko, tiraniko at pasistang si Duterte. Kung nagawang patalsikin sa kapangyarihan si

Marcos at si Estrada sa pamamagitan ng kapangyarihan ng taumbayan o *people power,* tiyak na kayang gawin din ito sa pasistang rehimeng US-Duterte. T

## Abante, babae! Patuloy na isulong at itaguyod ang rebolusyon!

*Marso 8, 2020*

Kaisa ng kababaihan ang NDF-ST sa pagdiriwang ng ika-109 na anibersaryo ng Pandaigdigang Araw ng Kababaihan. Ang araw na ito ay tatak ng patuloy na pakikibaka ng kababaihan sa buong daigdig. Dito sa Pilipinas, ang taunang paggunita nito ay simbolo ng nagpapatuloy na pakikibaka ng kababaihan para baguhin ang malakolonyal at malapyudal na lipunan.

Ang kababaihan ay bumubuo sa kalahati ng populasyon ng lipunang Pilipino. Kabilang sila sa mga inaapi at pinagsasamantalahang uri na pumapasan ng krisis ng lipunang Pilipino. Ipinataw din sa kanila ng kasalukuyang sistema ng lipunan ang mababang pagtingin sa kababaihan na nagpahigit sa kanilang pagdurusa sa bansa.

Sa ilalim ng rehimeng US-Duterte, pinalala ang kalagayan ng kababaihan at bata. Dahil sa kanyang deklarasyong **all-out war** sa rebolusyonaryong kilusan at Martial Law sa Mindanao, daan libong pamilya ang nagsilikas mula sa kanilang mga tirahan upang isalba ang sarili mula sa hagupit ng operasyong militar at pulis. Napinsala at nawasak ang kanilang kabuhayan at walang kasiguruhan ang kanilang hinaharap. Malaking pasanin ito ng mga kababaihan na siyang nag-aaruga at nangangalaga sa pamilya habang ang kanilang mga asawa ay nasa paghahanapbuhay o kaya naman ay lumalahok sa armadong tunggalian sa Mindanao.

Wala ring pinagbago sa kalagayan ng manggagawa at magsasaka. Walang lupang sinasaka ang mga magsasaka habang nananatiling kontraktwal ang mga manggagawa. Higit pa ang pagsasamantalang natatamo ng kababaihang manggagawa at magsasaka dahil sa mababang pagtingin at pagtrato sa kanila ng mga panginoong maylupa, burgesya kumprador at ng reaksyunaryong estado.

Sa CALABARZON, kalakahan ng mga kontraktwal na manggagawa sa malalaking engklabong industriyal ay mga kababaihan upang malubos ang pagpiga sa kanilang murang lakas-paggawa at dahil sa pyudal na pagtingin sa kanila bilang mga "babaeng walang kibo". Higit na namomroblema ang kababaihang magsasaka sa kakarampot na kita ng kanilang mga asawa kaya napipilitan silang humanap ng iba pang mapagkukunan ng kabuhayan. Sa Timog Katagalugan, sinasagpang ito ng mga komersyante sa likod ng *microfinance* na naglulubog sa utang sa mga maralitang kababaihan at inilalayo ang mga maralita sa tunay na organisasyong masang nagtataguyod sa kanilang karapatan at interes.

Sa ganitog kalagayan, nagiging malinaw sa kababaihan na walang ibang landas sa maaliwalas na bukas kundi ang rebolusyon. Maraming kababaihan ang nasa unahan ng pakikibaka ng bayan. Kakapit-bisig nila ang sambayanang Pilipino para sa paggiit ng kanilang pang-ekonomiya at pampulitikang kagalingan. Maraming lider-kababaihan ang kilala sa pagbitbit ng laban ng maralitang lungsod at maralitang magsasaka. Nangunguna rin ang kababaihan sa paggiit ng serbisyong sosyal lalo sa edukasyon at kalusugan. Ang kanilang mapag-arugang katangian ang siyang dahilan kung bakit maraming kababaihan ang lumalaban para sa karapatang tao ng bayan.

Malaon nang kinilala ng rebolusyonaryong kilusan ang papel ng kababaihan sa digmang bayan. Ang Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA) ay kaalyadong organisasyon ng NDFP na nagsusulong ng mga interes at hinaing ng kababaihan. Lagi't laging may puwang ang kababaihan sa programa at patakaran ng Demokratikong Rebolusyon ng Bayan. Taliwas sa reaksyunaryong gubyerno, kinikilala at pinauunlad ng rebolusyonaryong kilusan ang kababaihan at hinihikayat ang kanilang paglahok sa iba't ibang larangan ng gawain sa rebolusyon.

Kailanma'y hindi usapin ang kasarian sa paglahok sa rebolusyon. Dahil sa kasalukuyang bulok at atrasadong sistema ng lipunang Pilipino, pinalalala nito ang kalagayan hindi lamang ng kababaihan kundi ng buong inaapi at pinagsasamantalahang uri at sektor sa bansa. Ito ang mga salik sa patuloy na pagsusulong ng rebolusyon sa bansa. Kalahok ang mga kababaihan, palalayain ng rebolusyong Pilipino ang sambayanan para itayo ang isang gubyernong tunay na maglilingkod at magkakaloob ng demokratikong kahilingan ng bayan. T

## Manggagawang Pilipino magkaisa! Isulong ang mga pakikibaka sa ekonomiya at pulitika! Ipaglaban ang mga karapatan sa gitna ng pagharap ng sambayanan sa pandemikong Covid-19! Ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte!

*Mayo 1, 2020*

Mahigpit na nakikiisa ang National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) sa lahat ng mga manggagawang Pilipino at mamamayan sa paggunita at pagdiriwang sa makaysayang Pandaigdigang Araw ng Paggawa ngayong Mayo 1, 2020. Sa iba't ibang panig ng daigdig, ipinagdiriwang ngayon ng uring manggagawa at buong uring anakpawis ang pagkakaisa ng lahat ng api at pinagsasamtalahang uri na lumalaban sa mga neoliberal at monopolyo-kapitalistang rehimen at mga kliyenteng estado ng imperyalismo habang hinaharap ang pagsugpo sa pandemikong Covid-19.

Sa Pilipinas, mahirap ang sitwasyong kinakaharap sa kasalukuyan ng mga manggagawang Pilipino at sambayanan dahil sa epekto ng Covid-19 at ng mga anti-mamamayan at anti-demokratikong hakbanging pinatutupad ng pasistang rehimeng US-Duterte sa pamamagitan ng kamay-na-bakal na lockdown at sapilitang enhanced community quarantine. Sa kabila ng kahirapang ito, may puwang at may iba't ibang kaparaanang magagamit upang gunitain at ipagdiwang ang pandaigdigang araw ng paggawa. Hinihingi ng kasalukuyang sitwasyon ang mahigpit na pagkakaisa at tulungan ng

uring manggagawa at iba pang uring pinagsasamantalahan at inaapi sa pagharap at pagsugpo sa nakamamatay na Covid-19 at sa paglaban sa tiranya ng rehimeng US-Duterte na gamitin ang Covid-19 upang isulong ang sariling pasistang agenda.

Mahalagang maimarka ng uring anakpawis ang kanyang lakas at kolektibong tinig para iparating sa rehimeng Duterte na labis na kinasusuklaman ito ng uring manggagawa at sambayanang Pilipino at hinahangad nilang patalsikin ang inutil at korap niyang rehimen. Makatarungan lamang na ipanawagan ang pagpapatalsik sa kapangyarihan si Duterte bilang korap, traydor, kriminal na mamamatay tao, pasista at ang pagiging pabaya, inutil at bangkaroteng paraan sa paglaban sa Covid-19.

Itinuturo ng pandaigdigang araw ng paggawa ang kahalagahan ng pagkakaisa at pagkilos ng uring manggagawa upang magkamit ng mga tagumpay hindi lamang para sa kanyang sariling interes kundi higit sa lahat para sa interes at kapakanan ng sangkatauhan. Ang mga naging tagumpay sa pakikibaka para sa mataas na sahod, karapatan sa pag-uunyon, seguridad sa trabaho at dagdag na mga benipisyo ay resulta ng sama-samang pagkilos at pakikibaka ng mga manggagawa sa loob ng mga planta at lansangan. Hindi ito kusang ipinagkaloob ng mga kapitalista at ng reaksyunaryong estado kundi pinagbuwisan ng buhay, dugo at di masusukat na mga sakripisyo. Sinisimbolo ng pandaigidigang araw ng paggawa ang kasabihang “sa pagkakaisa ang lakas, sa pagkilos ang tagumpay” at “mangahas makibaka, mangahas magtagumpay”.

**Ang mga manggagawa ang isa sa mga sektor na higit na ininda at napinsala ng pinatutupad na kamay-na-bakal na *lockdown* ng pasistang rehimeng US-Duterte.**

Sa Timog Katagalugan, aabot sa kalahating milyong manggagawa ang tuwirang naapektuhan ng pansamantalang pagsasara at pagtigil ng operasyon ng kalakhang mga pabrika sa rehiyon. Kung may pinahintulutan mang magpatuloy ng operasyon ito'y sa kundisyong limitadong bilang lamang ng manggagawa ang patatrabahuin (skeletal force). Bukod pa ang ibang pabrika na nagpapatupad ng mga *flexible work arrangements* tulad ng pagbabawas ng oras o araw ng pagtatrabaho para makasunod sa pinatutupad na *lockdown*. Sinamantala din ng mga kapitalista ang sitwasyon para ilusot ang mga iligal at maramihang tanggalan bilang bahagi ng kanyang maitim na balak na *union busting* lalo na kapag ang unyon ay kabilang sa progresibong bloke.

Ayon sa Department of Labor and Employment (DOLE), nasa 99,178 sa Region IV-A at 30,721 sa Region IV-B ang tuwirang apektado ng pinatutupad na *lockdown* sa Luzon. Lubhang mababa ito sa inilabas na ulat ng Philippine Export Zone Authority (PEZA) kung saan sa Cavite Ecozone pa lang ay nasa 86,549 na ang nawalan ng trabaho dahil sa temporaryong pagsasara ng 309 na kumpanya duon. Mula naman sa pinadalang ulat ng Revolutionary Council of Trade Unions-Southern Tagalog (RCTU-ST), batay sa kanilang malapit sa katotohanang pagtaya, nasa pagitan ng 350,000-400,000 manggagawa sa CALABARZON ang tuwirang apektado ng pinatutupad na lockdown.

Samantala, kakarampot at iilan lang na mga manggagawa ang nakayanang bigyan ng ayuda ng DOLE. Ayon sa pananaliksik ng

Ibon Foundation, nasa 856,000 o katumbas ng 0.8% lamang ng 10.7 milyong mga manggagawang nasa *formal sector* ang napagkalooban ng P5,000 ayuda ng DOLE sa ilalim ng Covid-19 Adjustment Measures (CAMP) habang nasa 52,000 (1%) lamang ng kabuuang 5.2 milyong *non agricultural informal earners* ang nabiyayaan ng ayuda ng iskemang *work for pay*. Mismong inamin na ng DOLE na kailangan pa nila ang dagdag na pondo para matugunan pa ang pangangailangan ng mga manggagawang Pilipino na naapektuhan nang pinatutupad na *lockdown,* ayon sa Ibon Foundation.

Ayon naman sa RCTU-ST, kakarampot ang halaga at iilan lamang na mga manggagawa sa Timog Katagalugan ang nakatanggap ng ayuda mula sa DOLE dahil sa kawalan ng pondo nito.

Sa anupaman, hindi mapapasubalian ang masamang epekto ng *lockdown* sa kabuhayan at maging sa mental na kalagayan ng mga manggagawa at mamamayan ng rehiyon na pinalawig pa ni Duterte hanggang Mayo 15, 2020. Hindi malayong mangyari na lalong dadanasin at haharapin ng milyong manggagawa at mamayan ng rehiyon ang matinding paghihikahos at malawak na kagutuman dahil sa inaasahang lalong pagsadsad ng ekonomiya ng bansa dulot ng Covid-19 at ng mga malulubhang kapabayaan at labis na kainutilan ni Duterte sa paglaban at pagsugpo nito.

**Kaparaanang militar ang tugon ni Duterte sa nagaganap na krisis sa pampublikong kalusugan sa bansa bunga ng Covid-19.**

Mas higit na pre-okupado ang rehimen sa mas mahigpit na pagpapatupad ng militaristang *lockdown* kaysa pag-ukulan ng matamang pansin paano mapapalaki at mapapabilis ang paghahatid

ng ayuda sa taumbayan. Kung paano mabibigyan ng ibayong proteksyon ang dumaraming bilang na nagkakasakit sa Covid-19 sa hanay ng mga manggagawang pangkalusugan at mamamayan. Sa pagbibigay katiyakan nang walang-patid na daloy ng medikal suplay lalo na ang mga *personal protective equipments* (PPEs) at *testing kits,* sa pagpaparami ng bilang ng mga ospital na maaaring magsagawa ng pag-eeksamen, mga *quarantine centers* at ang matagal nang kahilingan ng taumbayan sa mass testing para madaling matukoy, maihiwalay at maikwarantina ang may sakit na Covid-19 nang hindi buo-buong mga komunidad o bayan ang isasailalim sa total lockdown.

Sinasamantala ni Duterte ang krisis sa Covid-19 upang maisulong ang kanyang pasistang agenda na makapaghari lagpas sa kanyang termino na magtatapos sa Hunyo 30, 2022. Sinasangkalan ni Duterte ang rebolusyonaryong kilusan sa kanyang kabiguan na sansalain ang pagkalat ng Covid-19 matapos isa-isa niyang isisi ang kanyang kabiguan sa taumbayan, sa mga kritiko at progresibong grupo, mga lokal na opisyales at maging ang mga manggagawang pangkalusugan. Nagbabanta ngayon si Duterte na ipapataw ang Batas Militar sa bansa. Dapat lang itong labanan at biguin ng uring manggagawa kasama ng iba pang aping sektor. Hindi na dapat pang tumagal sa kapangyarihan ang isang inutil, korap, traydor, kriminal na mamamatay-tao at sagad sa butong pasistang si Rodrigo Roa Duterte.

**Si Duterte at ang kanyang naghaharing sibilyan-militar na junta ang pangunahing sagabal sa mabilis na paggapi sa Covid-19.**

Mahaba at kumplikado pa ang susuungin nating laban sa pagsugpo sa Covid-19. Walang makakapagsabi kung kailan matatapos ang banta ng pandemya sa bansa at daigdig. Pero ang tiyak tayo ay may mga dapat

tayong singilin at papanagutin sa nangyayaring trahedya sa ating bayan. Sina Duterte at ang kanyang mga utak-pulburang retiradong Heneral ang dahilan ng nararanasan nating krisis sa pampublikong kalusugan at ibayong kagutuman. Sila ang mga nagsisilbing sagabal sa mabilis na pagsugpo sa Covid-19 at sa rekoberi ng lugmok na ekonomiya ng bansa. Marapat lang silang mapatalsik sa katungkulan. Higit na magiging epektibo ang pagsugpo sa Covid-19 nang wala sa kapangyarihan at eksena sina Duterte at ang kanyang masugid na mga tauhan.

Sa pagdiriwang ng pandaigdigang araw ng panggawa, ibayo nating palakasin ang pagkakaisa ng uring manggagawa at sambayanang Pilipino laban sa mga lokal na tiranong naghahari sa bansa. Muli nating pagtibayin ang kapasyahan at determinasyong ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo at hawanin ang landas para isulong ang sosyalismo sa bansa. Subalit mangyayari lamang ito kung malawakan at maramihang lalahok ang masang manggagawa at mamamayan sa armadong pakikibaka at bagong demokratikong rebolusyon ng bayan na isinusulong ng Partido at Bagong Hukbong Bayan sa buong kapuluan. Tiyak na may naghihintay na maaliwalas na kinabukasan para sa sambayanang Pilipino sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyon ng bayan at sa kagyat na kasunod nitong sosyalitang rebolusyon at konstruksyon.

Mabuhay ang Uring Manggagawa!

Mabuhay ang Revolutionary Council of Trade Unions-ST!

Mabuhay ang Sambayanang Pilipino! T

## Wakasan ang pag-iral ng *de-facto* Martial Law sa bansa! Ibagsak ang tiraniko, diktador at pasistang rehimeng US-Duterte!

*Setyembre 7, 2020*

Mahigpit na kaisa at itinataguyod ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ang isinasagawang iba't ibang anyo ng malawakang kilos protesta ng sambayanang Pilipino upang muling gunitain at kondenahin ang madilim at mapait na kasaysayan na sinapit ng bansa sa kamay ni Ferdinand E. Marcos nang ipataw nito ang Batas Militar noong Setyembre 21, 1972, 48 taon na ang nakalilipas.

Naniniwala at nakikiisa ang NDF-ST na ito'y araw ng mga pagkilos ng sambayanang Pilipino upang patuloy na ipaglaban ang paniningil at paghahabol ng hustisya sa lahat ng mga naging biktima ng Martial Law ni Marcos. Ito'y araw ng mga pagkilos upang malawakang kondenahin at labanan ang pagtatangkang rebisahin ang kasaysayan at burahin ang lahat ng mga naging kasalanan ni Ferdinand E. Marcos sa bayan. Ito'y araw ng mga pagkilos upang ipahayag ang mariing pagtutol at pagbatikos sa pagtatangka ng mga kasapakat ni Duterte sa Kamara na itanghal si Marcos bilang "bayani" kahit sa mata ng mamamayan ng Ilocos Norte. At, ito'y araw ng paglaban at pagtuligsa sa pasistang rehimeng US-Duterte na gayahin si Marcos na ipataw ang lantarang pasistang paghahari sa bansa.

Samantalahin natin ang pagkilos ngayong araw ng Setyembre 21 para muling ipahayag ang nagkakaisang damdamin at matatag na deteminasyon ng taumbayan na labanan at biguin ang *de-facto martial law* na pinatutupad sa bansa ng pasistang rehimeng US-Duterte at likhain ang mga kundisyon para sa mabilis na pagpapabagsak sa kanyang rehimen.

Sa araw ding ito mahalagang gunitain natin ang mga alaala ng kabayanihan ng mga rebolusyonaryong martir at mamamayang Pilipino na puspusang nakibaka at nagbuwis ng kanilang natatanging buhay laban sa kinamumuhiang diktador at pasistang si Marcos hanggang sa ito'y mapabagsak sa kapangyarihan sa pamamagitan ng popular na pag-aalsa sa EDSA noong Pebrero 1986. Handugan natin sila ng mga pagpupugay dahil sa ipinamalas nilang kabayanihan at kadakilaan.

Napapanahon ang paglalabas ng resolusyon ng mga mambabatas ng EU ng Parlamento ng European Union (EU) ngayong ginugunita sa bansa ang ika-48 taon ng pagdedeklara sa Batas Militar ni Ferdinand E. Marcos. Sa naturang resolusyon, binabatikos at kinokondena nila ang pamahalaang Duterte dahil sa patuloy na pag-iral ng *extrajudicial killings* (EJKs) sa bansa, sa walang patumanggang paglabag ng mga ahente ng estado sa karapatang pantao, sa ginagawa nitong lansakang paniniil sa kalayaan sa pananalita at pamamahayag at sa patuloy na madugong kampanya ng adminstrasyong Duterte laban sa iligal na droga.

Tinatanggap at kinikilala ng NDF-ST ang mahalagang hakbang na ito ng Parlamento ng EU na paimbestigahan at papanagutin ang lahat

ng mga may kinalaman sa mga pamamaslang o *extra judicial killings* lalo sa hanay ng mga kilalang tagapagtaguyod at tagapagtanggol ng karapatang pantao sa bansa. Binibigyan ng mataas na pagkilala at pagpapahalaga ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon ang anumang mga hakbang mula sa mga indibidwal, organisasyon, institusyon at maging sa ilang gubyerno na nananawagan ng pananagutan at responsibilidad sa bahagi ng gubyernong Duterte dahil sa mga pamamaslang at paglabag nito sa karapatang pantao.

Sa botong 626 na pabor, 7 ang tutol at 52 ang abstention, naglabas ang Parlamento ng European Union ng resolusyon noong Setyembre 17, 2020 na komokondena sa ilampung libong naging biktima ng *extra judicial killings* (EJKs) at mga paglabag sa karapatang pantao na may kaugnayan sa gyera sa iligal na droga, pag-atake at panunugis sa mga aktibista, unyonista, mga dyornalista at kritiko ng gubyernong Duterte. Sa partikular, kinokondena ng resolusyon ang pagpaslang kay Randall Echanis, lider magsasaka at *peace advocate* at kay Zara Alvarez na masugid na tagapagtaguyod at tagapagtanggol sa karapatang pantao. Hinihikayat ng resolusyon ang gubyernong Duterte na magsagawa ng bukas, malaya at imparsyal na imbestigasyon sa pagpaslang sa dalawa at sa lahat ng mga naging biktima ng EJKs.

Nanawagan din ang parlyamento ng EU sa gubyernong Duterte na tanggapin at ipatupad ang mga rekomendasyong inihanay ng United Nations High Commissioner for Human Rights (UNHCHR) sa United Nations Human Rights Council (UNHRC) kabilang ang pagsasagawa ng isang malaya, bukas at lapat-sa-lupang imbestigasyon sa katindihan ng paglabag sa karapatang pantao sa ilalim ng panunungkulan ni Duterte mula 2016.

Kabilang din ang panawagan na agarang itigil ang lahat ng karahasan na pumupuntirya sa mga pinaghihinalaang mga **drug offenders**, aktibista at kritiko ng pamahalaang Duterte. Itigil ni Duterte ang mga pahayag at retorikong nag-uudyok na pumatay ng mga aktibista, kritiko at mga pinararatangan na "kaaway ng estado". Sinusuportahan din ng resolusyon ng mga mambabatas ng EU ang panawagan ng UNHCHR na buwagin ang mga pribadong hukbo at paramilitar na tinataguyod at sinusuportahan ng gubyerno.

Laman din ng resolusyon ang panawagan sa International Criminal Court (ICC) na ipagpatuloy ang kanilang isinasagawang *preliminary investigation* sa nakasampang kaso sa Korte na nagpaparatang ng *crimes against humanity* sa rehimeng Duterte dahil sa libu-libong namatay sa madugong gyera nito kontra iligal na droga. Ganundin ang panawagawan sa gubyernong Duterte na i-atras nito ang mga kasong, may malinaw na motibong pulitikal, laban kay Senator Leila de Lima at sa mamamahayag ng Rappler na si Maria Ressa at dating mananalikliksik ng Rappler na si Reynaldo Santos Jr. Nananawagan din sila na bigyan ng panibagong prangkisa ang ABS-CBN Network.

Dahil nasa kasukdulan at kaseryosohan ang impyunidad sa mga paglabag sa karapatang pantao sa bansa sa ilalim ng administrasyong Duterte, hinihikayat ng mga mambabatas ng EU ang European Commission (ehekutibong sangay ng EU) na suspendihin ang *trade incentives* na pinagkakaloob nito sa Pilipinas sa ilalim ng Generalised Scheme of Preference (GSP+) dahil sa kawalan ng substantibong pag-unlad at kahandaan sa bahagi ng gubyernong Duterte na makipagtulungan sa UNHCHR at UNHRC kaugnay sa mga nauna nitong resolusyon na inilabas nuong Hunyo 2020.

Maituturing ang resolusyon ng mga mambabatas ng EU bilang pagkilala na may umiiral na impyunidad sa bansang Pilipinas sa ilalim ng administrasyong Duterte. Patunay lamang na lubusan nang nahihiwalay ang traydor, tiraniko, diktador, kriminal at mamamatay-taong si Rodrigo Roa Duterte, hindi lang sa bansa, maging sa malaking panig ng daigdig. Maihahanay na si Duterte sa listahan ng mga pinakamalulupit na diktador sa kasaysayan ng daigdig tulad nina Adolf Hitler ng Germany, Idi Amin ng Uganda, General Augusto Pinochet ng Chile, Francois Duvalier ng Haiti, General Park Chung Hee ng South Korea, General Suharto ng Indonesia at ng amo at idolo niyang si Ferdinand E. Marcos bilang ilan sa mga halimbawa.

Alalahanin ni Duterte na malupit ang kasaysayan sa mga mandarambong at diktador na tulad ni Marcos at di malayong danasin din niya ito mula sa kamay ng taumbayan. Bumagsak si Marcos dahil sa lubusan na siyang nahiwalay at kinasusuklaman ng mamamayang Pilipino at sa internasyunal na komunidad dahil sa kanyang mga kaso ng pandarambong, libong mga pagpatay, ipinakulong, pinahirapan at sa daan-daang naging *desaparacidos*. Hindi malayong mangyari din ito kay Duterte na higit ang kasakiman at kalupitan kaysa sa kanyang iniidolong si Marcos. T

## Pag-ibayuhin ang paglaban! Isulong ang pakikibaka para sa tunay na repormang agraryo at pambansang industralisasyon! Ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte!

*Oktubre 21, 2020*

Malugod na ipinaparating ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ang mahigpit nitong pakikiisa at pagsuporta sa milyong magsasaka sa bansa na ngayo'y nagsasagawa ng iba't ibang mga pagkilos at aktibidad para sa taunang paggunita sa Oktubre 21 bilang araw ng uring magsasaka. Marapat lamang nating gunitain at ipagdiwang ang Oktubre 21 bilang araw ng mga magsasaka dahil ito'y sumisimbolo sa mga tagumpay mula sa buhay at kamatayang pakikibaka ng uring magsasaka para sa lupa at hustiyang panlipunan, sa paglaban sa iba't ibang anyo ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa kanayunan, sa paglaban sa pasismo ng estado at imperyalismo at sa kabuuang pakikibaka para sa pagsusulong ng mga demokratikong interes at kahilingan ng sektor at ng sambayanang Pilipino.

Panahon din ito upang sama-samang balikan ang nakaraan at lagumin ang ating mga karanasan at mula dito muling pagtibayin ang ating mga prinsipyo't paninindigan at ipahayag ang ating matatag na determinasyon na sumulong sa isang bago at mas mataas na antas.

Samantalahin din natin ang okasyon para ipanawagan ang ibayong pagpapalakas at pagpapatatag ng sariling hanay, manawagan para

sa pagpapatindi at pagpapalawak ng mga pakikibakang magsasaka at isanib ang sariling lakas sa iba pang kilusang masa at malapad na nagkakaisang prente para ibagsak ang anti-magsasaka at anti-mamamayang pasistang rehimeng US-Duterte.

Kinikilala at pinapupurihan ng NDF-ST ang mga dakilang kontribusyon ng kilusang magsasaka sa kabuuang pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Sa mga tagumpay na nakamit ng pambansa demokratikong kilusang magsasaka sa kurso ng pakikibaka at pagsusulong nito sa tunay na repormang agraryo, pambansang industralisasyon, hustisyang panlipunan at sa iba pang pambansa at demokratikong kahilingan ng sambayanang Pilipino.

Sa okasyong ding ito, ginugunita at dinadakila ng NDF-ST ang mga lider at kasapi ng ligal na demokratikong kilusang magsasaka at ng rebolusyonaryong kilusang magsasaka na nag-alay ng kanilang tanging buhay para sa kapakanan at interes ng kanilang uri at ng iba pang uring inaapi't pinagsasamantalahan. Ang kanilang dakilang pamana ay patuloy na magniningning at magbibigay ng inspirasyon sa isinusulong na pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansang demokrasya.

May dahilan at batayan para higit na lumakas, sumulong at magkamit ng mga tagumpay ang mga pakikibakang magsasaka laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo sa kabuuan at sa paglaban sa pasistang rehimeng US-Duterte sa partikular. Sapul nang maluklok sa kapangyarihan si Duterte, lalong nabaon sa kumunoy ng kahirapan ang mga magsasakang bumubuo sa mahigit pitumpong

(70) porsyento ng populasyon sa bansa. Labis ang kanilang dinanas na pagsasamantala at pang-aapi sa kamay ng tiraniko at despotikong si Duterte hindi lamang dahil sa mga anti-magsasaka at anti-mamamayang mga patakaran na pinatutupad ng rehimeng Duterte kundi dahil din sa kalupitan at brutalidad ng kanyang pasistang paghahari. Bala, karahasan at kamatayan ang karaniwang tugon ni Duterte sa mga lehitimo at mapayapang pagkilos ng mga magsasaka at taumbayan para iparating sa gubyerno ang kanilang mga karaingan at kahilingan.

Sukdulan ang pagiging anti-magsasaka ni Duterte. Sa halip na tugunan ang kahilingan ng mga magsasaka na magkaroon ng sariling lupang masasaka, walang pakundangang ibinukas ni Duterte ang malalawak na lupain ng bansa at maging ang mga lupaing ninuno ng mga pambansang minorya sa pangangamkam at pandarambong ng mga dayuhan at lokal na malalaking korporasyon sa pagmimina at agrikultura. Maraming mga magsasaka, setler, Lumad at iba pang pambansang minorya sa bansa, lalo na sa Mindanao, ang nawalan ng kabuhayan dahil sapilitan silang pinalayas at itinaboy ng mga pasistang tropa ng rehimen sa layuning bigyan daan ang operasyon ng mga negosyo sa pagminina at plantasyon ng mga lokal at dayuhang korporasyon. Samantala, ang mga magsasaka, lumad at pambansang minoryang naninidigan at lumalaban para sa kanilang mga karapatan ay pinagpapaslang, hinaharas, kinakasuhan at ikinukulong. Ang kanilang mga komunidad ay binobomba, inokupa at minilitarisa para sapilitan silang mapalayas sa kanilang lupang ninuno at sinasaka. Ang mga paaralan na pinapasukan ng mga batang Lumad na itinayo at pinatatakbo ng mga institusyong relihiyoso at pilantropo sa mga

liblib na lugar na pamayanan ng mga katutubong Lumad ay winasak, sinunog at sapilitang isinara ng mga mersenaryo at pasistang tropa ni Duterte dahil sa maling bintang na nagrerekruta ang mga paaralang ito para sa mga NPA.

Samantala, ayon sa datos ng grupong Karapatan, nasa 456,103 ang pwersahang pinalikas dahil sa walang habas na operasyong militar ng AFP at PNP sa kanayunan kahit sa panahon na humaharap ang bansa sa pandemikong Covid-19. Libu-libong magsasaka at katutubo din ang naging biktima ng karahasan at iba't ibang paglabag sa karapatang pantao resulta ng mga operasyong militar ng AFP at SEMPO ng PNP sa kanilang komunidad at pamayanan. Dinadanas ng masang magsasaka at pambansang minorya ang lupit at bagsik ng mga operasyong ito tulad ng nangyayari sa Negros, Mindanao, Samar, Panay, Kabikulan, Zambales at sa mismong mga probinsya ng Quezon, Rizal, Batangas, Mindoro at Palawan sa Timog Katagalugan.

Sa loob ng mahigit sa apat na taong panunungkulan ni Duterte, umabot sa 190 lider magsasaka at katutubo ang pinaslang ng mga *death squad* ni Duterte na nasa mismong hanay AFP at PNP. Si K. Randall Echanis, kilalang lider magsasaka, *peace advocate* at NDFP *consultant* ang pinakatampok na halimbawa ng mga pamamaslang o *extra judicial killings* (EJK) ng *death squad* ni Duterte na tumatarget sa mga nagsusulong ng pakikibaka para sa kapakanan ng mga magsasaka at iba pang uring anakpawis. Bago sila pinaslang, dumanas muna ang mga lider magsasaka at katutubo ng iba't ibang tipo ng demonisasyon, panggigipit at *red-tagging* mula sa AFP at PNP.

Lugmok sa hirap at gutom ang 2.4 milyong magsasaka sa palayan sanhi ng pagsadsad ng presyo ng palay sa pamilihan bunga ng

pagbaha ng *imported* na bigas dulot ng Republic Act 11203 (RA 11203) o Rice Tariffication Law (RTL). Sila'y nalugi, nabaon sa utang epekto ng pinatutupad na Rice Tariffication Law ng gubyernong Duterte na sinabayan pa ng kakulangan at kawalan ng ayuda mula sa pamahalaan sa panahon na dumaranas ang bansa sa Covid-19.

Walang balak na ibalik ni Duterte sa milyong magsasaka at manggagawang bukid sa niyugan ang pinagnanasaan ng mga burukratang *coco levy fund* para magamit sa pangangailangan at pangkagalingan ng mga magniniyog. Ang *coco levy fund* ay itinuturing ng mga magniniyog sa bansa na malaking tagumpay at bunga ng kanilang puspusang pakikibaka para mabawi ito mula sa kamay ni Danding Cojuangco at iba pang kroni ng diktador na si Ferdinand Marcos.

Nananatili ang kawalang interes ni Duterte na tugunan at resolbahin ang labis na kagutuman at kahirapan ng mga magsasaka at manggagawang bukid sa rehiyon ng Timog Katagalugan dulot ng patuloy na pagbagsak ng industriya ng niyog sa bansa, ng kawalan ng lupa, ng epekto ng pyudal at mala-pyudal na pagsasamantala ng mga panginoong maylupa, asendero't komersyante at ng patuloy na militarisasyon sa kanayunan.

Kung patuloy pang makakapanatili sa kapangyarihan ang pasistang rehimeng US-Duterte sa natitirang kulang sa dalawang taon ng kanyang termino o sakaling magtagumpay siyang mapalawig pa ang kanyang paghahari, ibayong sasahol ang kahirapan ng mga magsasaka at sambayanang Pilipino at titindi ang panunupil sa kanilang mga pundamental na karapatang

pantao at demokratiko ngayong pinatutupad na ang Anti-Terrorism Law of 2020 (ATL).

Gagamitin ni Duterte ang ATL bilang sandata sa pagpapatupad ng kamay-na-bakal na paghahari na mas masahol pa sa Batas Militar ng diktadurang Ferdinand E. Marcos. Lalo nitong sisikilin at gigipitin ang kalayaan sa pananalita, pamamahayag at pagtitipon para iparating sa gubyerno ang karaingan at kahilingan ng taumbayan. Lalong lalaganap at titindi ang *red-tagging*. Isasapubliko ang listahan ng mga pangalan ng mga aktibista, mga progresibong grupo at iba pang indibidwal na aktibong lumalaban at bumabatikos sa tiwaling paghahari ng administrasyong Duterte bilang mga "terorista". Ang pagdedeklara sa kanila bilang "terorista" ay hindi nagmula sa desisyon ng korte kundi mula sa paratang lamang ng Anti-Terrorism Council (ATC) na binubuo ng mga piling gabinete ni Duterte.

Hindi natututo si Duterte sa leksyon ng kasaysayan na ang pagtindi ng pagsasamantala at pang-aapi ng kanyang pasistang estado ay magbubunsod din ng ibayong pagtindi ng paglaban ng mga magsasaka at taumbayan na maaaring humantong sa pagpapatalsik sa kanya sa kapangyarihan.

Walang ibang dapat gawin ang masang magsasaka kundi ang patuloy na lumaban at magpunyagi para ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte. Ganundin, dapat ihanda nito ang sarili at tularan ang libu-libong kapwa nila magsasaka at iba pang sektor na nagpasyang humawak ng sandata at lumahok sa Demokratikong Rebolusyon ng Bayan (DRB) na isinusulong ng CPP-NPA-NDFP. Tanging sa pamamagitan ng DRB na may sosyalitang perspektiba magkakaroon

ng tunay na katuparan ang matagal nang mithiin ng masang magsasaka na magkaroon ng sariling lupang masasaka, matupad ang pambansang industralisasyon at kaunlaran ng bansa at tamasahin ng sambayanang Pilipino ang tunay na kalayaan at demokrasya. T

## Ipagbunyi ang mga tagumpay at hawakan ang mga aral ng First Quarter Storm

*Pebrero 7, 2021*

Malaki ang kabuluhan ng First Quarter Storm ng 1970 sa pagpunla ng binhi ng pambansa-demokratikong adhikain ng sambayanang Pilipino sa bansa. Hinawan nito ang pag-usbong ng armadong pakikibaka sa buong kapuluan at malawak na anti-diktadurang pakikibaka sa paghahari ni Marcos na rumurok sa tagumpay ng EDSA 1 na nagpatalsik sa diktadurang US-Marcos. Naging inspirasyon din ito sa anti-korapsyon at anti-pasistang pag-aalsang EDSA 2 na nagpatalsik naman sa rehimeng US-Estrada. Ang parehong anti-pasista tradisyong na naikintal sa popular na kamalayan ng mamamayan ang tanglaw sa kasalukuyang pakikibaka ng mamamayan laban sa tiranya ng kriminal, korap, pasista at papet na rehimeng Duterte.

Nagsisilbing inspirasyon sa lahat ng nakikibakang mamamayan ang FQS para sa pagsusulong ng kanilang pambansang at demokratikong interes. Sa panahon ng batas militar ni Marcos, ang mga aral ng FQS ang isa sa mga sandigan ng mga kabataan, magsasaka, manggagawa at maralita upang walang pag-iimbot na ialay ang kanilang buhay sa paglaban sa diktadura. Naitala na sa mga pahina ng rebolusyonaryong kasaysayan ng mamamayan ang mga nakamit na tagumpay ng FQS at kailanma'y hindi mapapasubalian ng mga naghaharing-uri ni matatawaran ang kabuluhan nito.

Ang FQS ng 1970 ang naging pamantayan ng tunay na militante at rebolusyonaryong kilusang masa na nagluwal ng maraming aktibista at mga proletaryong rebolusyonaryo na malugod na sumapi sa Partido Komunista ng Pilipinas at New Peoples Army. Maramihan silang tumungo sa kanayunan upang lumahok at isulong ang armadong pakikibaka. Ani Kasamang Jose Maria Sison, *founding chairman* ng Communist Party of the Philippines "kung wala ang FQS, wala ang kasalukuyang rebolusyonaryong kilusan."

Ang FQS ay ibinunga ng masinsin at malawakang pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa malawak na hanay ng mamamayan para sa kanilang pambansa at demokratikong mithiin. Ito'y isang kilusang propaganda na sa esensya'y kilusan para isulong ang rebolusyong pangkultura at edukasyon upang baguhin ang bulok-sa-kaibuturang malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan sa Pilipinas. Inilatag nito ang katumpakan ng armadong rebolusyon alinsunod sa linya at programa ng demokratikong rebolusyon ng bayan at estratehiya ng matagalang digmang bayan.

Sa pamamagitan ng FQS at ikalawang kilusang propaganda, naging materyal na pwersa ang simulain ng pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba sa pagkilos at pakikibaka ng sambayanang Pilipino laban sa tiranya ng magkasamang paghahari ng imperyalismong US at mga lokal na naghaharing malalaking kumprador, panginoong maylupa at burukratang kapitalista. Malinaw na kung wala ito, hindi makakamit ng CPP at NPA ang inabot na paglakas at paglawak ng rebolusyong Pilipino sa kasalukuyan.

Iniluwal ang FQS ng malalim at kronikong krisis ng malakolonyal at malapyudal na sistema sa Pilipinas. Ibayong pinalubha ang krisis na ito ng pag-igting ng krisis pang-ekonomya at pampulitika sa bansa kung saan hindi na makapaghari sa dating paraan ang lokal na naghaharing malalaking oligarko. Ito ang mga kundisyong nakapaligid nang ilunsad ni Marcos ang kudeta noong 1972 at ipailalim ang buong bansa sa Martial Law. Panahon ito masiglang pagsulong ng mga kilusan para sa pambansang pampapalaya sa buong daigdig. Panahon din ito ng Vietnam War at ng malakas na pandaigdigang paglaban sa panghihimasok at digmang agresyon ng US sa Vietnam.

Nagpapatuloy ang mga panlipunang salik na nagbigay-daan sa FQS. Higit na malalim at walang pagkalutas ang krisis ng malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan sa Pilipinas sa ilalim ng mga nagpalit-palitang neo-liberalistang rehimen mula kay Corazon Aquino hanggang sa kasalukuyan nakaluklok na papet na rehimeng Duterte. Higit sa alinmang panahon, nagniningning ang kabuluhan ng mga tagumpay at aral ng FQS upang mariing labanan at patalsikin ang tiraniko at pasistang rehimeng Duterte.

Nais supilin ng mga panatikong alagad ni Duterte ang tradisyon ng aktibismo ng mga kabataang Pilipino at mamamayan. Ang FQS ay ibinunga ng masinsin at malawakang pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa malawak na hanay ng mamamayan **para sa** kalayaan at demokrasya sapul dekada 1960.

Sa balangkas ng anti-komunistang McCarthyismong panunugis, mariing nilabanan at pinigilan ng 5,000 demonstrador na binubuo ng mga kabataang estudyante at mga manggagawa ang ginagawang

pagdinig ng Committee on Anti-Filipino Activities (CAFA) ng reaksyunaryong Kongreso ng Pilipinas noong Marso 1961 kung saan marahas itong sinupil ng mga pulis.

Sinindihan at higit nitong pinag-alab ang mas malawakang mga protesta at kondemnasyon sa pasismo ng estado at sa kanser ng lipunang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino na labis na naglulublob sa mamamayan sa walang kapantay na kahirapan at pagsasamantala. Mula sa 5,000 anti-CAFA na mga demonstrador lumawak at naging madalas ang halos lingguhang mga rali mula 50,000 hanggang 100,000 mula Marso 1961 hanggang sa kulminasyon ng FQS.

Sa panibagong pagkakataon, nais kitlin ng rehimeng Duterte at mga sagad-sa-butong anti-komunista na nasa NTF-ELCAC at AFP-PNP ang tipo ng aktibismong nasa tradisyon ng FQS at ng dekada 1960. Sa ngalan ng diumanong anti-komunismo at anti-terorismo, isinasalaksak ng rehimeng Duterte ang Anti-Terror Law sa sambayanan upang supilin ang lahat ng klase ng oposisyon at kritisismo sa paghahari ni Duterte at ng kasapakat na military-civillian junta upang hawanin ang daan sa pagtatayo ng pasistang diktadura sa pamamagitan ng pederalismo at kudetang konstitusyunal. Tulad ni Marcos noon, desperado si Duterte na ganap na maitatag ang kanyang pasistang-paghahari at tumagal pa sa estado-poder.

Ang hakbanging ito ng rehimen ay salaminan ng malalim at walang pagkalutas na krisis ng naghaharing sistema upang hindi na makapaghari sa dating paraan ng mga burges-demokratikong palamuti ang lokal na mga naghaharing oligarko sa bansa. Subalit

leksyon ng batas ng kasaysayan na sa bawat pagsupil ay may uusbong na binhi ng paglaban. Kailanman ay hindi maaaring supilin at kitlin ang isang ideya na nakaugat sa isang mapagpalayang kilusan dahil karugtong ng pusod ng bawat mamamayan ang ipinaglalaban nitong interes ng karamihan at kinakatawan nito ang pangako ng katubusan mula sa mapang-api at mapagsamantalang lipunang umaalipin sa kanila. **T**

## Likhain ang panibagong EDSA People Power! Ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte!

*Pebrero 25, 2021*

Ang NDF-ST at ang rebolusyonaryong mamamayan ng rehiyon ay mahigpit na nakikiisa sa sambayanang Pilipino sa paggunita sa makasaysayang pag-aalsa sa EDSA, 35 taon na ang lumipas, pag-aalsang nagpabagsak sa kapangyarihan ng diktador na si Ferdinand E. Marcos noong Pebrero 25, 1986. Ang apat na araw na pag-aalsa ng halos isang milyong mamamayan sa EDSA noong Pebrero 21-25, 1986 ay resulta ng kapasyahan at determinasyon ng taumbayan na pabagsakin sa kapangyarihan ang isang despotiko at kinamumuhiang diktador na si Ferdinand Marcos na labis na nagpahirap sa taumbayan sa loob ng mahigit isang dekada. Ito ay kulminasyon ng natipong iba't ibang anyo ng mga pakikibakang isinagawa ng uring anakpawis, mga kabataan at estudyante, mga propesyunal, taong simbahan at iba pang demokratikong uri at sektor ng lipunang Pilipino. Libong buhay ang inialay ng mga rebolusyonaryong martir at bayani ng sambayanang Pilipino sa pakikibaka laban sa diktadurang Marcos hanggang siya ay mapatalsik sa kapangyarihan. Ang popular na pag-aalsa sa EDSA, higit sa lahat, ay resulta ng masikhay at puspusang pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos na isinagawa ng rebolusyonaryong kilusan sa hanay ng mga batayang sektor ng lipunang Pilipino. Sa inisyatiba ng rebolusyonaryong kilusan nabuo at napatatag ang malapad na nagkakaisang prenteng anti-diktadura laban sa pasistang paghahari ni Marcos. Ang matatag na pamumuno ng rebolusyonaryong kilusan

sa malapad na anti-pasista at anti-diktadurang nagkakaisang prente ang naging susi sa tagumpay ng paglaban at pagpapabagsak sa diktadurang Marcos

Ipinapaalala din sa atin na ang pangyayari sa EDSA sa panahon ni Marcos ay patunay na walang anumang lakas o kapangyarihang militar ang makahahadlang at makagagapi sa lakas at kapangyarihang taglay ng masang Pilipino. Muli itong naulit sa panahon ni Erap Estrada na nagpabagsak sa kanyang korap na rehimen.

Nananatiling makabuluhan at balido ang mga aral na mahahango sa mga pangyayari sa EDSA 1 noong Pebrero 25, 1986 na nagpabagsak kay Marcos at ganundin ang sumunod na EDSA 2 noong Enero 21, 2001 na nagpabagsak sa korap na si Joseph Estrada. Hinog na hinog ang mga kundisyon sa lipunang Pilipino para muling likhain ng sambayanan ang gahiganteng lakas ng kilusang masa at nagkakaisang prente kahalintulad ng EDSA 1 at 2 para pabagsakin sa kapangyarihan ang pasistang rehimeng US-Duterte. Sukdulan at nais pang higitan ang kalupitan at pagiging anti-mamamayan ni Duterte ang karumaldumal na rekord ng kanyang iniidolong sina Hitler at Marcos. Ang malawak at mayamang karanasan ng sambayanang Pilipino sa pakikibaka na nagpabagsak kay Marcos at Estrada ay malaking puhunan para sa pagpapabagsak sa higit na kasuklam-suklam na si Duterte. Higit na kailangan ngayon ng taumbayan ang pagpupunyagi at pagkakaisa para muling ipamalas ang lakas nito sa harap ng pasistang lagim at terorismo na inihahasik ni Duterte kasama ang mga dating matataas na Heneral ng AFP at PNP sa loob ng NTF-ELCAC. Isang *de-facto civilian-military junta* sa anyo ng NTF-ELCAC, sa pamumuno ni Duterte, ang

kasalukuyang kumukubabaw sa sibilyang otoridad at nagpapatakbo ng gubyerno sa Pilipinas.

Sa bawat araw na nananatili sa pwesto si Duterte at ang NTF-ELCAC nito, araw-araw ding bumibigat ang pinapasang kalbaryo ng taumbayan lalo na ngayong sadsad ang ekonomiya at baon na baon sa utang ang bansa dahil sa nagpapatuloy na mga patakarang neo-liberal sa gitna ng pandemyang Covid-19. Bangkarote at wala nang kakayahan ang gubyernong Duterte para pagtuunan ang pagtugon sa mga pangangailangan ng masang Pilipino. Mas abala si Duterte at NTF-ELCAC sa *red-tagging,* pananakot at panggigipit, intimidasyon, magpatahimik at pumatay ng mga inosenteng sibilyan, mga kritiko at mga pinararatangan nilang "kaaway ng estado". Okupado ang isip ni Duterte at NTF-ELCAC kung paano makakapanatili sa kapangyarihan lagpas sa termino ni Duterte na magtatapos sa Hunyo 30, 2022 at kung paano malulusutan ang lahat ng naging krimen nila sa sambayanan.

Sagad ang tapang ni Duterte laban sa mga Pilipino subali't bahag ang buntot at nagsisilbing asong sunod-sunuran sa mga imposisyon ng imperyalistang kapangyarihan ng US at China. Walang nakikitang kahit maliit na puwang na pag-asa na makababangon ang Pilipinas mula sa lugmok na kahirapan at pang-aapi sa ilalim ni Duterte.

Araw-araw na lamang ay nahaharap sa kabi-kabilaang kapalpakan ang rehimeng Duterte. Patuloy ang kawalan ng direksyon ng rehimeng Duterte sa pagharap sa Covid-19. Sa simula pa lamang ay labis nang inaasa ni Duterte sa militaristang paraan ang pagharap at paglaban sa pandemyang Covid-19 sa halip na sa paraang syentipiko at medikal. Sumunod naman ang paninikluhod nito para sa limos ng paparating

na bakuna na manggagaling sa bansang China at Russia bilang paraan ng paglaban sa Covid-19. Pero hanggang sa ngayon ay wala pa ring kalinawan kung kailan darating sa bansa ang nasabing mga bakuna gayong halos lahat ng bansa sa Timog Asya ay nagsimula na ng kanilang malawakang pagbabakuna sa kanilang mamamayan.

Katakot-takot na mga kontrobersya ang hinarap ng gubyernong Duterte kaugnay sa bakuna laban sa Covid-19. Ang pinakahuli ay ang ibinulgar ng ispesyal na sugo (envoy) ni Duterte sa China na si Mon Tulfo, na sing-aga pa lamang ng Oktubre 2020 ay nakapagpabakuna na siya kabilang ang ilang opisyal ng gubyerno na may ranggong gabinete at isang senador ng bakunang gawa ng Sinopharm ng bansang China kahit wala pa itong aprubal ng Food ang Drug Administration (FDA). Maituturing na iligal ang pagpapabakunang ito nina Mon Tulfo ng mga inismagel mula sa China. Katulad rin ito ng nauna pang kontrobersyal na kaso ng Presidential Security Group (PSG) na nagpabakuna din ng gawa ng Sinopharm noon pang Setyembre 2020. Ngunit hanggang sa ngayon ay wala pang napapanagot sa iligal na pagpasok sa bansa ng bakunang ito na gawa ng Sinopharm.

Nalantad ang pagiging hungkag ng sinasabing "priority list" ng Inter Agency Task Force at ng Malacañang. Sa halip na mga *frontline health workers, indigent senior citizens,* ibang *senior citizens* na may mga karamdaman at mga mahihirap na Pilipino ang dapat nasa unahan ng listahan, ang mga VIPs at malalapit sa Malacañang pa ang mga nagkukumahog na magpabakuna sukdulang gumamit ang mga ito ng inismagel na bakuna at labagin ang sariling batas laban sa ismagling at mga panuntunang itinakda ng gubyerno hinggil sa pagpapabakuna.

Marapat lamang ding kondenahin ng taumbayan ang garapal at wala sa lugar na hakbang ng DOLE at Malacañang na ituring na isang "kalakal" o commodity ang mga *health workers* sa bansa kapalit ng mga bakunang gawa sa United Kingdom at Germany. Ang padaskol daskol na hakbang na ito ng DOLE ay resulta ng pagkukumahog at kabiguan ng gubyernong Duterte na maagang makapagsara ng mga kontrata sa pagbili ng mga bakunang gawa sa mga bansang nasa Europa dahil sa labis itong umaasa sa mga pangakong suplay mula sa China at Russia na hanggang sa kasalukuyan ay wala pang aprubal ng FDA at ni wala pa ring katiyakan kung kailan darating sa bansa. Ngunit nang mabatikos si Bello sa kanyang pahayag na ito, agad namang nagpalusot na ang kanyang tinutukoy diumano na bakunang "kapalit" ng mga *health workers* ay ang paniniguro lamang na lahat ng mga OFW na pupuntang Europa ay mabakunahan upang sa gayon ay di magkaroon ng pangamba ang dadatnang bansa na malayong malayo sa kanyang unang pahayag.

Sa kabila ng mga kontrobersyang ito, ipinahayag pa rin ni Duterte na ang Sinopharm mula sa China ang kanyang pinili na maging pangunahing bakuna para sa mamamayang Pilipino.

Kasama ng sambayanang Pilipino, patuloy ang pagpupunyagi ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyong Timog Katagalugan sa paglaban sa pasistang rehimeng US-Duterte at sa paglikha ng mga karagdagang kundisyon sa pagpapabagsak sa kanyang rehimen tulad ng pagpapabagsak sa diktadurang US-Marcos at ng tiwaling si Estrada. Matatag ang kapasyahan nitong isulong ang demokratikong rebolusyon ng bayan sa rehiyon sa isang bago at mas malakas na antas.

Kasabay ng matinding labanan sa pulitika, kailangan ring harapin ng mga rebolusyonaryo ang kanyang tungkulin sa malawakang edukasyon at panghihikayat sa mga mamamayan sa saklaw nitong mga sona at larangang gerilya hinggil sa nakamamatay na Covid-19 at paano ito lalabanan. Hindi nila dapat na katakutan ang pagpapabakuna sakaling dumating na sa bansa ang iba't ibang *brand* ng bakuna laban sa Covid-19. Naniniwala ang rebolusyonaryong kilusan na ang mga bakunang ito ay produkto ng syensya at tagumpay ng sangkatauhan sa paglaban at pagpuksa sa mga nakahahawa at nakamamatay na mga sakit na hindi dapat naipagkakait sa tao anuman ang kangyang lahi, kasarian, katayuan sa buhay, relihiyon at pampulitikang paniniwala. Kaugnay nito, matatag na ipinaglalaban at iginigiit ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon ang pagkakaroon ng libre at ligtas na bakuna para sa lahat ng mamamayang Pilipino.

## Pagpupugay sa mga kababaihan! Pulang saludo sa mga kababaihang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan!

*March 8, 2021*

Ipinaparating ng National Democratic Front - Southern Tagalog (NDF-ST) ang mahigpit at taos-puso nitong pakikiisa sa sambayanang Pilipino sa paggunita at pagdiriwang sa Pandaigdigang Araw ng Kababaihan ngayong Marso 8, 2021. Marapat lamang na gunitan natin ang pandaigdigang araw ng mga kababaihan para muling sariwain, patampukin at dakilain ang mahalagang papel na ginagampanan ng mga kababaihan sa lipunang Pilipino sa partikular at sa pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya sa kabuuan.

Hindi matatawaran ang potensyal na lakas ng mga kababaihang Pilipino na mahalaga sa pagkakamit ng mga pundamental at radikal na pagbabago sa lipunang Pilipino. Mahigit sa 50% ng populasyon ng bansa ay mga kababaihan. Mahigit sa 70% naman ng mga kababaihan sa bansa ay mga manggagawa, magsasaka at maralitang tagalunsod. Ang bulto ng mga kababaihan ay matatagpuan sa mga kanayunan ng bansa. Sa ganitong kalagayan, ang mga kababaihan ay malakas na pwersa ng rebolusyon na kailangang pukawin, organisahin at pakilusin sa milyong bilang nila.

Binabati ng NDF-ST ang Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA) na isa sa mga organisasyong kaanib ng NDF sa

pangunguna sa paggunita at pagdiriwang sa pandaigidigang araw ng mga kababaihan ngayong Marso 8, 2021. Pulang saludo naman ang aming pagbati sa mga kababaihang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Timog Katagalugan (TK) na ngayon ay abala, kasama ng mga kasapi ng MAKIBAKA sa pagsasagawa ng iba't ibang aktibidad sa kanayunan ng rehiyon para gunitan at ipagdiwang ang pandaigdigang araw ng mga kababaihan.

Higit sa lahat ipinararating ng NDF-ST ang pagbati at pagbibigay pugay sa mga kababaihan mula sa uring anakpawis na nasa unahan ng mga pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Kahanga-hanga ang ipinamalas ninyong katapangan at dedikasyon sa pagsusulong ng mga pakikibaka hindi lamang para sa inyong mga karapatan at kagalingan bilang mga babae kundi higit sa lahat sa pagsusulong ng kapakanan at makauring interes ng malawak na masa ng sambayanang Pilipino.

Sa partikular, binibigyan ng pagkilala at komendasyon ng NDF-ST ang lahat ng mga pagsisikap at kabayanihan na ipinamalas ng mga grupo at organisasyon ng mga kababaihan sa pagtatanggol sa kalayaan sa pananalita, pamamahayag at pagtitipon para iparating ang kanilang mga karaingan at kahilingan sa pamahalaan. Kapuri-puri ang mga militanteng pagkilos na isinagawa ng ligal na demokratikong kilusan ng mga kababaihan laban sa mga neo-liberal at anti-mamayang patakaran ng pasistang rehimeng US-Duterte, sa pagtatanggol sa pambansang soberenya laban sa lantarang panghihimasok at agresyon ng imperyalistang US at China, sa pagtataguyod at pagtatanggol sa karapatang pantao at sa pakikibaka para sa tunay na pambansang kalayaan at demokrasya.

Sapul nang maluklok sa kapangyarihan ang pasistang rehimeng US-Duterte, lalong sumahol ang dati nang lugmok at gulapay na kalagayan ng mga kababaihan at mamamayang Pilipino dahil sa patuloy na pag-iral ng mga anti-mamamayang patakaran at programa ng rehimen. Sinundan pa ito ng mapanupil at anti-mahirap na *lockdown* na pinatutupad ni Duterte alinsunod sa kanyang militaristang paraan sa pagharap at paglaban sa pandemyang Covid-19. Dumaranas din ang mga kababaihan ng matitinding mga pambabastos, pang-aalipusta, pangungutya at pagmamaliit ng kanilang kakayanan mula kay Duterte. Sa maraming pagkakataon, laging nasasambit sa mga pahayag ni Duterte sa publiko ang mga kabastusan, panlalait at kawalan ng respeto sa mga kababaihan. Maging ang seryoso at maselang isyu ng mga insidente ng panggagahasa sa mga kababaihan ay ginagawang tampulan ng katatawanan ni Duterte sa pamamagitan ng paulit-ulit nitong paglalahad sa publiko ng mga seksistang pahayag at "rape jokes."

Bukod sa unahan, maraming bilang ng mga kababaihang aktibista at tagapagtanggol sa karapatang pantao ang nakulong dahil sa mga gawa-gawang kaso at tanim-ebidensya ng AFP at PNP tulad sa karanasan nina Reina Mae Nasino, Amanda Echanis, Lady Ann Salem at daang bilang ng mga detenidong pulitikal sa bansa. Mapalad ang mamamahayag na si Lady Ann Salem na nakalaya noong Marso 5, 2021 pagkaraan ng halos tatlong buwang pagkakakulong matapos ibasura ng Korte sa Mandaluyong ang mga gawa-gawag kasong isinampa sa kanya ng PNP-NCR.

Hindi rin nakaligtas maging ang mga may sinasabi at kilalang personalidad na kakabaihan sa bansa tulad nina Sr. Mary John

Manansan, mga artistang sina Angel Locsin at Liza Sobereño at dating Miss Universe Catriona Gray sa walang patumanggang red-tagging ng pasistang rehimeng US-Duterte. Kakaiba naman ang nangyari sa mga kababaihang sina Zara Alvarez na masugid na tagapagtaguyod at tagapagtanggol sa karapatang pantao sa Isla ng Negros at Dra. Mary Rose Sancelan, pinuno ng Covid-19 *task force* sa Guilhulngan City, Negros Oriental. Sila'y walang awang pinaslang ng mga *death squads* ng rehimeng Duterte matapos makaranas ng *red-tagging* mula sa AFP at PNP.

Nilantad lang ni Duterte ang kanyang kahayupan at mababang pagtingin sa mga kababaihan nang utusan niya ang AFP at PNP na dapat sa maselang bahagi ng katawan barilin ang mga kababaihang mandirigma ng BHB. Ang utos na ito ni Duterte ay tahasang nagbabalewala sa mga umiiral na makataong batas ng digma sa ilalim ng United Nations Convention of 1949 at Protocol 1 of 1977 at sa Comprehensive Agreement on the Respect of Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na nilagdaang kasunduan sa pagitan ng GRP at NDFP.

Sa ganito, may makatwirang dahilan at batayan ang mga kababaihan at taumbayan na manawagan at makibaka para patalsikin sa pwesto ang korap, traydor, bastos, *misogynist*, anti-kababaihan at mamamayan, kriminal at mamamatay taong si Rodrigo Roa Duterte.

Naniniwala ang NDF-ST na ang paggunita sa pandaigidigang araw ng mga kababaihan ay hindi lamang para sariwain ang mga tagumpay na nakamit ng kilusang kababaihan sa nakaraan laban sa

pagsasamantala at pang-aapi. Panahon din ito para muling pagtibayin ang pagkakaisa at determinasyon ng mga api't pinagsasamantalahang mga kababaihan na patuloy na makibaka para lubusin ang tagumpay laban sa mga anti-mamamayang patakaran ng reaksyunaryong estado, laban sa pasismo at terorismo ng estado, laban sa kultura ng diskriminasyon, pang-aalispusta at pagturing sa kababaihan bilang bagay na libangan ng mga kalalakihan. Kaalinsabay, dapat puspusang itaas ang kamulatan at pag-unawa ng mga kababaihan na mapapawi lamang ang pagsasamantala at pang-aapi at sa maling pagturing sa mga kakabaihan bilang mababa ang katayuan sa kalakakihan sa pagtatagumpay ng Demokratikong Rebolusyon ng Bayan (DRB) at sa kasunod na sosyalistang rebolusyon at kontruksyon. Kailangang mulatin, organisahin at pakilusin ang milyong bilang ng mga kababaihan para sa pagsusulong ng DRB.

Pantay ang pagkilala at pagturing ng rebolusyonaryong kilusan sa mga karapatan at kakayahan ng kababaihan tulad sa mga kalalakihan. Itinatakwil ng rebolusyonaryong kilusan ang anumang uri ng diskriminasyon, pagmamalabis at pagmamaliit sa kakayanan ng mga kababaihan. Mataas ang pagpapahalaga at paniniwala ng rebolusyonaryong kilusan sa kakayahan ng mga kababaihan at komunidad ng LGBTQ+ sa pagsusulong ng rebolusyon sa Pilipinas.

Sa araw ding ito, muling sinasariwa ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyong Timog Katagalugan ang mga ala-ala at kabayanihan ng mga kababaihang martir ng rebolusyon sa rehiyon na sa kanilang panahon ay nag-alay ng kanilang mga tanging buhay para sa paglilingkod sa bayan. Muli nating dinadakila at pinaparangalan sina Maria Lorrena Barros, Leticia Pascual Ladlad, Rizalina Ilagan, Cristina Catalla,

Jessica Sales, Emma Travinio, Rosario Lodronio Rosal, Aniceta Rosanes Vallever, Pamela Jane Lapiz, Nora Rosanes Padilla, Lorelyn Saligumba, Andrea Rosal, Rona Jane Manalo, Justine Vargas at iba pang kababaihang martir ng rebolusyon sa ating rehiyon. Buong sigasig nilang ginampanan ang iba't ibang mga tungkulin bilang kadre ng Partido at opisyal ng Bagong Hukbong Bayan. Sila'y mga huwarang rebolusyonaryo sa kanilang panahon at patuloy na nagsisilbing inpirasyon hindi lamang ng kasalukuyang mapagpalayang kilusan ng kababaihan kundi ng buong rebolusyonaryong kilusan sa Timog Katagalugan dahil sa naipamalas nilang katapangan, kasigasigan at kabayanihan sa pagsusulong ng DRB sa rehiyon. Sa kanilang panahon, wastong tinaguyod at pinanghawakan nila sampu ng lahat ng mga kababaihang martir, ang paninidigan ng rebolusyonaryong kilusan na tanging sa pagtatagumpay ng DRB kasabay na lalaya ang mga kababaihan mula sa pang-aapi at pagsasamantala ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo at mula sa bulok at dekadenteng pyudal at burges na kultura na nakakubabaw sa lipunang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino.

Mabuhay ang mga kababaihang uring anakpawis!

Mabuhay ang magigiting na kababaihang mandidirgma ng Bagong Hukbong Bayan!

Mabuhay ang mga alaala ng mga kababaihang martir at bayani ng rebolusyon!

Mabuhay ang Sambayanang Pilipino!

Mabuhay ang CPP-NPA-NDFP! T

## Magbigkis at lumaban! Pag-alabin ang mga pakikibaka para sa trabaho, sahod, karapatan at hustisyang panlipunan!

*Mayo 1, 2021*

Taas-kamaong pagbati ang ipinaaabot ng NDF-ST sa manggagawang Pilipino sa okasyon ng ika-118 Pandaigdigang Araw ng Paggawa. Sa harap ng panunupil ng rehimeng US-Duterte at pandemya, kapuri-puri ang kanilang pagpupursige na isulong ang kahilingan para sa disenteng trabaho, nakabubuhay na sahod, ayuda, karapatan at kagalingan para sa buong bayan.

Nagpupugay ang NDF-ST sa mga lider-manggagawa at aktibistang biktima ng teroristang rehimeng Duterte kabilang sina Dandy Miguel at Emmanuel Asuncion na pinaslang nitong Marso. Hanggang sa kanilang huling sandali, ang kapakanan ng uring manggagawa at iba pang uring anakpawis ang kanilang ipinaglalaban. Pulang saludo rin ang alay kay Eddie "Ka Resty" Torrenueva, isang manggagawang nagpasyang sumapi sa Bagong Hukbong Bayan-Quezon at namartir nitong Pebrero. Ang inyong buhay at pakikibaka ang nagsisilbing inspirasyon ng buong kilusang paggawa at sambayanang nakikibaka para sa mas maaliwalas na bukas.

Sinasaluduhan ng NDF-ST ang mga manggagawa na ngayo'y nagtitipon-tipon sa iba't ibang panig ng daigdig para ipagdiwang ang pandaigidigang araw ng paggawa at ipahayag ang

kanilang puspusang paglaban at determinasyon para wakasan ang pagsasamantala at pang-aapi sa mamamayan ng daigdig sa harap ng pinaigting na atake ng imperyalismo at mga neoliberalistang rehimen sa gitna ng pandemya. Higit sa lahat, itinatanghal natin ang uring manggagawa na nasa taliba ng pambansa demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba.

Nag-iibayo ang paglaban ng manggagawang Pilipino bunsod ng kriminal na kapabayaan ng rehimeng Duterte at kasakiman ng mga monopolyo kapitalista sa tubò. Sa taong 2020 at pagtama ng pandemya, umigting ang krisis sa trabaho. Sumidhi ang disempleyo sa bansa tungong 12.7% dulot ng napakatagal na miltaristang **lockdown**. Nagsara ang maliliit na negosyo at ipinagbawal ang mga aktibidad na pandugtong ng maralita sa kanilang kabuhayan.

Tahasan nang inabandona ng reaksyunaryong gubyerno ang mga manggagawa sa panahon ng pandemya mula *lockdown* hanggang sa muling pagbubukas ng mga pabrika. Hindi kayang pasunurin ng DOLE ang mga kapitalista sa pagpapatupad ng *health protocols,* pagsasagawa ng libreng *testing*, at pagkakaloob ng *hazard pay,* kumpensasyon para sa mga naka-kwarantina at danyos sa mga nawalan ng trabaho. Hindi rin natiyak ang bakuna para sa manggagawang balik-trabaho.

Hinayaan ng rehimeng Duterte ang mga kapitalista na pigain ang kaya nila mula sa mga manggagawa habang isinasakripisyo ang kalusugan ng mga ito. Nag-oopereyt nang 80% hanggang 100% kapasidad ang karamihan sa mga pabrika—palatandaan na walang *physical distancing*. Masahol pa rito, pinupwersa ang mga manggagawa na

bumalik sa trabaho kahit na mayroon nang kaso ng COVID-19 at wala pang disimpeksyon sa pook-trabaho.

Resulta nito ang pagdami ng mga kaso ng COVID-19 sa mga engklabong industrial sa TK. Sa Laguna, 30 kumpanya ang nag-ulat ng hawahan sa kanilang pagawaan noong Hulyo 2020. Karamihan din sa higit 20,000 kaso ng COVID-19 sa probinsya ay mula sa mga manggagawa.

Hindi matapos-tapos ang kalbaryo ng mga manggagawa sa ilalim ni Duterte. Nito lamang Abril, muling ipinataw ang MECQ sa NCR at mga katabing probinsya ng Bulacan, Cavite, Laguna at Rizal, pinalawig pa nila ang MECQ hanggang kalagitnaan ng Mayo.

Nagbibingi-bingihan din ang rehimen sa mga panawagang magpatupad ng umento sa sahod sa gitna ng pagsirit ng presyo ng mga batayang bilihin laluna ng pagkain. Hindi rin nito inobliga ang mga negosyante na sagutin ang pangangailangan ng mga manggagawang hindi makapagtrabaho.

Sagad na ang pambubusabos sa mga manggagawa ng rehimeng Duterte. Dadaganan lang ng krisis dulot ng pandemya ang mga dati nang suliranin tulad ng malawakang kontraktwalisasyon, mababang sahod, hindi ligtas na pook-trabaho, pagsiil sa karapatang mag-unyon at mga di-makatarungang patakaran sa pagawaan. Sa TK, walo hanggang siyam sa sampung manggagawa ang kontraktwal bago ang pandemya. Napakababa rin ng sahod na lalong binabarat sa pamamagitan ng mga *regional wage board* at *two-tiered wage system*.

Sa kabila ng nararanasang krisis sa ekonomiya at krisis sa pampublikong kalusugan na iniluwal ng palpak at militaristang

paraan ng paglaban sa Covid-19 ng rehimen, naging abala naman ang pasistang rehimeng US-Duterte sa pag-atake sa kilusang paggawa sa rehiyon. Talamak ang demonisasyon sa pag-uunyon at sabwatan sa pagitan ng mga kapitalista at AFP-PNP para lansagin ang mga lehitimong organisasyon ng mga manggagawa. Walang patawad itong isinasagawa ng mga buktot na anti-komunista kahit may pandemya. Malalang kaso nito ang panggigipit at red-tagging sa mga manggagawa ng Coca-Cola. Ipinipresinta bilang mga diumano'y "sumukong NPA" ang mga manggagawang tinatakot ng kumpanya at Task Force Ugnay ng 2nd ID. Nagsagawa rin ang Southern Luzon Command (SOLCOM), na pinamumunuan ng talamak na red-tagger ng NTF-ELCAC na si Lt. General Parlade, ng mga porum na tinagurian nilang "information forum" para sa demonisasyon at red-tagging ng mga pormasyon ng manggagawa sa Laguna at sa rehiyon. Nagbabahay-bahay, tinatakot at binabraso ang mga unyonista na tumiwalag sa OLALIA. Ginagamit nilang panakot ang pagpapakulong nila kay Arnedo Lagunias, dating lider unyonista ng nagsarang Honda Cars at opisyal ng Alyansa ng Manggagawa sa Engklabo (AMEN) at Steve Mendoza ng OLALIA-KMU.

Subalit mariing nilalabanan ng mga manggagawa ang mga pahirap na patakaran at pang-aatake sa kanilang hanay habang iginigiit ang kanilang mga demokratikong karapatan. Naging sandigan nila ang mga militanteng unyon. Noong 2020, nagkamit ang nagkakailang unyon sa TK ng dagdag sahod para sa mga manggagawa, kumpensasyon sa panahon ng pandemya, *health insurance* at hakbanging kontra-impeksyon sa mga pabrika. Malinaw sa mga kaganapang ito ang kabiguan ng RTF-ELCAC at buong rehimeng Duterte na wasakin ang pagkakaisa ng mga manggagawa sa rehiyon.

Ramdam na ramdam ng uring anakpawis ang walang habas na pagsasamantala't pang-aapi kaya't nag-aalab ang kanilang pagnanais na magrebolusyon. Higit na lumalawak at lumalakas ang Revolutionary Council of Trade Unions-ST. Dumaraming manggagawa ang umaanib sa Partido Komunista ng Pilipinas at yumayakap sa kanilang makauring papel na pamunuan ang rebolusyon hanggang sa makamit ang isang tunay na makatarungang lipunan.

Ginugunita ng rebolusyonaryong mamamayan ng TK ang Pandaigdigang Araw ng Paggawa na may diwang ibayong palakasin ang kilusang paggawa. Tumutugon ang rehiyon sa kahingiang bigkisin ang mas malawak na bilang ng mga manggagawa. Pag-aalabin ang pakikibaka para sa sahod, trabaho, karapatan at hustisyang panlipunan. Buong giting na haharapin ng rebolusyonaryong kilusan sa pamumuno ng uring manggagawa ang teroristang rehimeng Duterte at imperyalismo saanman kinakailangan—sa mga pagawaan, lansangan, hanggang sa mga larangang gerilya sa kanayunan. **T**

## Itinataguyod at isinusulong ng NDFP ang pandaigdigang makataong batas

*Agosto 26, 2021*

Kaisa ng mamamayang Pilipino ang NDF-ST sa paggunita sa buwan ng International Humanitarian Law (IHL) ngayong Agosto. Simula't sapul, katuwang ng sambayanan ang NDFP sa pagtataguyod, paggigiit at pagtatanggol ng karapatang tao sa gitna ng pasismo ng mga nagdaan at kasalukuyang papet na rehimen. Ang lahat ng mga kaalyadong organisasyon ng NDFP ay mahigpit na tumatalima sa IHL laluna ang NPA na pangunahing armadong pwersa ng mamamayan.

Batid ng taumbayan na ang rebolusyonaryong kilusan ang tunay na nagtataguyod ng karapatang tao at rumerespeto sa pandaigdigang makataong batas. Isang testamento sa pakikibaka ng mamamayang Pilipino at rebolusyonaryong kilusan ang napagtagumpayang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP noong taong 1998. Binalangkas ito ng NDFP sa tulong ng malawak na sambayanan upang ipagtanggol ang karapatan ng mamamayang Pilipino na paulit-ulit na nilalabag ng reaksyunaryong estado.

Kabilang sa nilalaman ng kasunduan ang pagrespeto sa karapatan ng mga hindi tuwirang kalahok sa digma at ng mga mandirigmang wala nang kakayahang lumaban. Palaging isinasaalang-alang ng

NPA ang buhay at kaligtasan ng mamamayan bago magsagawa ng mga aksyong militar. Sa bawat inilulunsad na taktikal na opensiba laban sa pasistang AFP, tinitiyak ng NPA na walang madadamay na mga sibilyan. Sa mga hindi inaasahang pagkakataon at pagkakamali, mapagkumbabang nagpupuna ang kinauukulang komand ng NPA at gumagawa ng masusing imbestigasyon at bayad-pinsala. Batay sa resulta ng mga imbestigasyon, gumagawa ang CPP ng mga hakbang sa pagtutuwid para di na maulit ang mga pagkakamali. Sa mga mabibigat na pagkakamali, nilalapatan ng karampatang aksyong pandisiplina at kaparusahan ang mga sangkot alinsunod sa tuntunin sa disiplina ng BHB at sariling sistema ng hustisya at prosesong hudisyal ng Demokratikong Gubyernong Bayan.

Dahil matuwid at makatao ang rebolusyonaryonaryong kilusan, iginagalang nito kahit ang karapatan ng mga mersenaryong tropa na wala nang kapasidad na lumaban. Nilalapatan ng lunas ng NPA ang mga nasugatang AFP-PNP sa mga taktikal na opensiba. Iginagalang at tinitiyak ng Partido at NPA ang karapatan ng mga bihag ng digma alinsunod sa patakaran nito ng maluwag na pagtrato sa mga bihag at sumuko sa labanan.

Sa Timog Katagalugan, maraming pagkakataon nang ipinakita ng NPA ang makataong pagtrato sa mga bihag ng digma tulad sa pagpapalaya sa mga bihag batay sa makataong dahilan. Tampok sa mga ito ang pagpapalaya sa mga sumusunod:

1. Lt. Gan at Sgt. Causapin sa South Quezon noong 1986;

2. Cpl. Aliwalas at C1C Bulusan sa Bulalacao, Mindoro Oriental noong 1986;

3. Captain Enrico Salapong ng 15th PC/INP Company at apat niya pang kasamahan noong 1989 sa Bongabong, Mindoro Oriental;

4. Sgt. Sacbibit, PA at C2C Batocabe, PC-INP sa South Quezon noong 1990;

5. Capt Reyes at Moredo sa mainland TK noong 1991;

6. SPO3 Martillano Magtagad noong 1997 sa Roxas, Mindoro Oriental;

7. PCI Rene Francisco, hepe ng pulisya sa Rodriguez, Rizal at Sgt. Joaquin Melad noong 1997;

8. Sgt Wevino Demol, isang operatiba ng 16th ISU noong 1999 sa Tanay, Rizal;

9. Major Noel Buan, SOLCOM Deputy Intelligence Chief noong 1999 sa Mansalay, Mindoro Oriental;

10. Air Force Chaplain Capt. Melchor Fernando noong 2000 sa Paluan, Mindoro Occidental;

11. Police Inspector Rex Cuntapay, PO1 Alberto Umali at PO1 Marvin Agasen noong 2009 sa Rodriguez, Rizal; at

12. Reymando R. Malupa, aktibong CAFGU ng 203rd Brigade sa Bansud, Oriental Mindoro noong 2019.

Taliwas dito ang kondukta ng halimaw na AFP-PNP sa kanilang

mga operasyong militar at pulis. Wala itong isinasaalang-alang na kapakanan ng mga inosenteng mamamayan na tatamaan ng kanilang malupit na mga operasyong militar. Ni hindi nito isinasaalang-alang maging ang kaligtasan ng sarili nilang kasamahan. Patunay dito ang pagkamatay ni PCI Abelardo Martin—hepe ng pulis ng Dolores, Quezon—sa kamay ng mga tropa ng 2nd Scout Ranger Company na pataksil na naglunsad ng rescue operation sa gitna ng negosasyon para sa pagpapalaya kay Martin noong 1999.

Sa Timog Katagalugan, may binalangkas at sinusunod na mga tuntunin sa pagdakip, pangangalaga, at pagpapalaya sa mga *prisoners of war* (POW) bahagi ng pagsisinop sa usapin ng pangangalaga ng mga bihag ng digma alinsunod sa mga internasyunal na panuntunang nakasaad sa Geneva Conventions of 1949 at Protocol II of 1977. Patunay itong ang rebolusyonaryong gubyerno ay isang estadong nakikidigma at naigagawad sa mga POW ang makataong pagtrato alinsunod sa Protocol I at Protocol II ng Geneva Conventions.

Dineposito ng NDFP sa Swiss Federal Council ang kanyang Declaration of Understanding to Apply the Geneva Conventions and Protocol I & II. Noong Agosto 2, 1996 tinanggap at kinilala ng Swiss Federal Council ang naturang *depository declaration* ng NDFP.

Mariing pinasusubalian ng rebolusyonaryong kilusan ang paninira ng teroristang rehimeng Duterte na "lumalabag ang CPP-NPA-NDFP sa pandaigdigang makataong batas". Isang kabalintunaan ang walang batayang pagkundena ng reaksyunaryong estado sa paggamit ng NPA ng mga *command detonated explosives* na diumano ay labag sa Ottawa Treaty na nagbabawal sa paggamit ng *anti-personnel landmine*

gayong walang habas ang panganganyon at pambobomba ng AFP-PNP sa mga kabundukan nang walang malinaw na target. Higit itong nakapipinsala sa mamamayan, kanilang mga bukirin at iba pang ari-arian. Desperasyon ito ng estado dahil nais nitong pagtakpan ang terorismong inihahasik nito sa bayan.

Pawang mga gawa-gawang paninira at kasinungalingan lamang ang ibinabato ng rehimen na diumano'y nagrerekluta ng mga *child warrior* ang NPA. Malinaw na nakasaad sa Saligang Alituntunin ng Bagong Hukbong Bayan ang rekisitong edad na 18 pataas para sumapi sa NPA. Kinikilala at pinangangalagaan ng rebolusyonaryong kilusan ang karapatan ng mga bata habang isinusulong ang digmang bayan samantalang walang pakundangan ang AFP-PNP sa mga atrosidad nito laban sa mga bata. Pamalagiang nadadamay ang mga bata sa karahasang inihahasik nila sa komunidad. Katunayan, nitong Mayo 12, dinukot ng mga elemento ng 203rd Brigade ang batang si MJ, anak ng isang detenidong pulitikal at pinagbibintangang NPA.

Ang tunay na terorista at pangunahing tagalabag ng karapatang tao ay ang AFP-PNP at ang pasistang rehimeng Duterte. Upang balutan ng ligalidad, ginamit nito ang Anti-Terror Law para maghasik ng terorismo sa bayan at supilin ang anumang makatarungang pag-aalsa ng mamamayan. Ginawang sandata ang naturang batas upang patahimikin ang mga aktibista, progresibo, kritiko at oposisyon. Nagpatupad ang reaksyunaryo at pasistang AFP/PNP ng mga Synchronized Enhanced Management and Police Operations (SEMPO) kung saan nilayon nitong patahimikin at pilayin ang kilusang masa sa mga kalunsuran at kanayunan. Noong Marso 7, 2021, sabayang inatake ang mga opisina at bahay ng mga lider masa sa Cavite, Rizal,

Laguna at Batangas at walang awang pinagpapaslang nang walang kalaban-laban ang siyam na mga aktibista at lider-masa. Tinagurian itong Bloody Sunday.

Sa gitna ng pandemya at lumalalang krisis sa bansa, nagpatupad ang rehimen ng marahas na kalakaran sa ilalim ng militaristang lockdown. Sa kanayunan, walang puknat ang mga FMO at RCSPO ng AFP-PNP na nagdudulot ng samu't saring mga kaso ng paglabag sa karapatang tao gaya ng iligal na pag-aresto't imbestigasyon, tortyur, panggagahasa at pangmomolestiya sa kababaihan, pagpatay at pagmasaker, sapilitang pagpapalikas, pagkontrol sa galaw ng populasyon, paggamit sa mga pampulikong gusali bilang pasilidad militar, *food and other economic blockade* at pagpigil sa tulong at relip sa panahon ng kalamidad (denial of humanitarian access).

Lalong hindi kinikilala ng mga berdugong AFP-PNP ang karapatan ng mga mandirigma ng NPA. Makailang ulit na nilang nilalabag ang karapatan ng mga *hors de combat* o mandirigmang wala nang kapasidad na lumaban. Sinalbeyds si Mario "Ka Jethro" Caraig ng mga elemento ng 1st IB-PA at RMFB-4A noong Agosto 8 sa kabila ng kawalan niya ng kapasidad na lumaban dahil sa sugat na natamo. Nilapastangan din ang labi ng mga yumaong kasama at ipinagkait ito sa mga kaanak. Sa Timog Katagalugan, tampok ang kaso ni Noel "Ka Bai" Levanta na namartir noong Marso 2020 ngunit ibinigay sa mga kaanak ang labi ng Mayo 2020; at ang Kalayaan 3 na namatay sa labanan sa Laguna noong Agosto 2020 pero natagpuan na lamang ng mga kaanak ang mga bangkay sa mga sementeryo sa Batangas at Rizal. Marapat na panagutan ng AFP-PNP, lalo ng mga opisyal na sangkot sa kasong ito, ang pagyurak sa karapatan ng mga nakikidigmang pwersa.

Makatao at makatarungan ang digmang isinusulong ng CPP-NPA-NDFP dahil layon nitong makamit ang hustisyang panlipunan para sa lahat ng inaapi't pinagsasamantalahan ng naghaharing sistema. Makatwiran ang rebolusyong isinusulong ng mamamayan dahil hangad nitong itatag ang demokrasyang bayan at tamasahin ng mamamayan ang kasaganaan at kaunlaran. Sa gitna ng digma, makakaasa ang sambayanang Pilipino sa CPP-NPA-NDFP na patuloy nitong igagalang at itataguyod ang karapatang tao habang isinusulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon.

Sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan, makakamit ng mamamayan ang ganap na pagkilala at pagkakaloob ng kanilang mga batayang karapatan. Kasabay nito ang pagtatayo ng lipunang masagana, maunlad at mapayapa.

## Hustisya para sa lahat ng *desaparecidos*!

*Agosto 30, 2021*

Para sa mga pamilya, kaibigan at kasamahan ng mga *desaparecidos*, hindi natatapos ang kanilang pakikibaka sa paghahanap para sa mga biktima ng sapilitang pagkawala, nakikibaka din sila para sa hustisyang panlipunan at katarungan para sa lahat. Ilan na nga ba silang mga nawala na kasama na sa mahabang listahan ng mga *desaparecidos*? Sila yaong mga nag-alay ng kanilang nag-iisang buhay para kamtin ang isang malaya at masaganang bukas.

Marapat lamang na gunitain at sariwain ang kanilang mga buhay. Nananawagan ang National Democratic Front-Southern Tagalog na papanagutin ang mga berdugo at pasistang rehimen para sa walang kapatawarang krimen na pagkakait ng buhay at kalayaan para sa mga pinakamabubuting anak ng bayan. Mula pa sa panahon ng pasistang rehimeng Marcos hanggang sa kasalukuyang rehimeng Duterte, nananatili at lumulubha ang mga kaso ng sapilitang pagkawala. Ginagawa ng reaksyunaryong estado ang karumal-dumal na krimeng ito upang supilin ang pakikibaka ng mamamayan na lumalaban sa isang mapagsamantala at mapang-aping sistemang itinataguyod ng mga iilang naghaharing-uri sa bansa.

Hanggang sa kasalukuyan nagpapatuloy at mas lalo pang sumisidhi ang mga kaso ng mga *desaparecidos*. Nagpapakita lamang ito ng kawalang pagpapahalaga ng reaksyunaryong estado at armadong pwersa nito sa buhay man o kamatayan ng isang indibidwal. Sa mga

kasong ito walang bangkay na paglalamayan, walang libingang mababalikan para sa mga kaanak, kaibigan at kasamahan ng mga biktima. Sa bawat taong nawawala, hindi lamang ang kanilang pamilya ang nauulila kundi ang buong sambayanan. Nawalan ang bayan ng magigiting at mabubuti nitong anak na nagtatanggol sa karapatan at kumakalinga sa mga api.

Ito ang sinapit ng maraming anak ng bayan na walang-awang dinukot ng mga pasistang pwersa. Subalit, nawala man sila, mananatili ang kanilang alaala ng kabayanihan at magiting na buhay na inalay sa pakikibaka para pambansang demokrasya at tunay na kalayaan. Mananatili sila sa alaala ng mamamayang minahal nila nang lubos.

Nararapat na ihandog ang pinakamataas na pagpupugay at parangal sa kanilang mga ulirang- lingkod ng sambayanan. Alalahanin natin sina Rizalina Ilagan, Jessica Sales, Gerardo Faustino, Cristina Catalla, Ramon Jasul, Modesto Sison, Erwin de la Torre, Manny Salvacruz, Salvador Panganiban at Virgillo Silva. 'Wag nating kalimutan ang mga inialay na sakripisyo nina Leticia Pascual, Geminiano Gualberto, Rodelo Manaog, Albert Enriquez, Arnel Mendoza, Cesar Batralo, Philip Limjoco at marami pang mga walang mukha at walang pangalan. Patuloy nating ipanawagan ang katarungan para sa marami pang tulad nila na nakibaka hanggang sa kahuli-hulihang sandali.

Sa bawat pagkawala sumisibol din ang mga bagong usbong na mga rebolusyonaryong nagpapatuloy ng kanilang mga sinimulan. Hindi tumitigil ang mamamayan sa paglaban at paghahangad ng katarungan at kalayaan. Hindi makalilimot ang mamamayan sa pagkamit ng

hustisya para sa lahat ng biktima ng mga paglabag, krimen at atrosidad ng reaksyunaryong gubyerno.

Magsisilbing inspirasyon ang kanilang buhay at pakikibaka para higit na pag-alabain ang apoy ng rebolusyon sa buong bayan. Marami pang mga anak ng bayan ang pinili ang landas ng rebolusyonaryong pakikibaka sapagkat malinaw sa kanila na ito lamang ang tanging daan na magpapalaya sa lahat ng uri ng pang-aapi at pagsasamantala sa lipunang Pilipino.

Nawala man ang kanilang mga pisikal na katawan, wala mang libingang mahimlayan at mapag-aalayan ng bulaklak. Hangga't nagpapatuloy ang rebolusyon, mananatili silang buhay sa alaala, kasaysayan at pakikibaka ng mamamayan. Magpapatuloy ang pakikibaka para sa hustisya. Hindi natatapos ang lahat sa kamatayan. Pagkat ang mga sakripisyo ng mga martir at bayani ng rebolusyon ang higit na nagpapataba sa lupa para sa pagtatagumpay ng rebolusyon. T

## Papanagutin ang rehimeng Duterte sa krimen laban sa mga pambansang minorya! Igalang at ipaglaban ang karapatan sa pagpapasya sa sarili ng mga pambansang minorya!

*Agosto 30, 2021*

Noong Hulyo 30, dinakip ng mga sundalo ng 203rd Brigade si Lukmay de Jesus, isang Mangyan. Tinortyur si de Jesus at matinding hirap ang dinanas niya sa kamay ng mga sundalo. Bago ito, nito lamang Hulyo 29, walang-awang pinaslang naman ng mga ahente ng estado ang kilalang lider-Mangyan na si Salvador “Baduy” dela Cruz. Si dela Cruz ay pinagbabaril hanggang sa tuluyang mamatay. Noong Marso 7, kabilang ang mga Dumagat na sina Puroy at Randy “Pulong” dela Cruz sa pinaslang sa tinaguriang ‘Bloody Sunday’. Walang awa silang pinatay ng AFP-PNP sa kanilang mga tahanan sa harap mismo ng kanilang mga kapamilya at kaanak.

Ilan lamang sila sa libu-libong biktima ng *extra-judicial killings* at paglabag sa karapatang tao ng pasistang rehimeng Duterte. Bukod dito, kabilang sila sa paparaming bilang na pinapatay at pinahihirapan na mga pambansang minorya sa bansa dahil sa kanilang mga pampulitikang paninindigan at mga isinusulong na pakikibaka hindi lamang sa interes ng kanilang pinanggalingang mga etnolingwistikong grupo kundi pati sa kagalingan ng mamamayan.

Target ng madugong todo-gera ng rehimeng Duterte ang mga pambansang minorya. Noong 2017, matatandaang inilunsad ng

rehimeng Duterte ang kanyang gera laban sa mamamayang Moro. Sinalakay ng rehimen ang Marawi City na tahanan ng libu-libong Moro. Sa tabing ng anti-Muslim at anti-Moro na kampanyang "gera kontra-terorismo" ni Duterte, walang habas na binomba ang Marawi City ng rehimen. Winasak nila ang syudad, pinulbos nila ang mahigit 11,000 bahayan at sapilitang pinalayas ang mahigit 27,000 pamilya.

Sa Southern Tagalog, nagpapatuloy ang matinding paglabag ng rehimeng Duterte sa karapatan ng mga pambansang minorya. Sa Mindoro, ginawang lunsaran ng paparaming *focused military operation* at RCSPO ang mga komunidad ng mga Mangyan habang sa mga probinsya ng Rizal at Quezon, hindi na natigil ang panliligalig ng AFP-PNP sa komunidad ng mga Dumagat at Remontado. Hindi rin nalalayo dito ang nararanasan ng mga pambansang minorya sa Palawan. Paparami ang mga biktima ng pananakot, pananakit, sapilitang pagpapasuko, sapilitang pagpapalayas, iligal na pang-aaresto at pagdedetine at pamamaslang sa hanay ng mga pambansang minorya.

Sa balangkas ng *ethnocentric approach* ng kontra-rebolusyonaryong gera ni Duterte, binigyan ng higit na pokus ng rehimen ang mga pambansang minorya sa pamamagitan ng samu't saring mga mapanlinlang na programa at proyektong pangkabuhayan, edukasyon at kalusugan habang papatindi naman ang panunupil sa kanila na tinutukoy ng reaksyunaryong gubyerno bilang mga pwersa ng armadong rebolusyon. Tinutukan din ng AFP ang pagrerekrut sa hanay ng mga pambansang minorya para maging mga regular na sundalo at mga ahente sa paniktik laban sa rebolusyonaryong kilusan.

Malaon nang pinagsasamantalahan at inaapi ang mga pambansang minorya sa lipunang Pilipino. Patuloy silang inaagawan

ng kanilang mga lupang sakahan at kinakamkam ang kanilang mga lupaing ninuno para bigyang-daan ang mga anti-mamamayan at makadayuhang proyekto gaya ng mga itatayong dambuhalang Kaliwa Dam sa Quezon at Wawa-Violago Dam sa Rizal. Kabilang din sa mga proyektong ito ang mapangwasak na pagmimina tulad ng nagpapatuloy na operasyon ng DMCI Holdings sa Mindoro, ang kapitalistang plantasyon ng palm tree sa Palawan, mga proyektong renewable energy, at iba pa. Kinakamkam ang mga lupain ng mga pambansang minorya at pinalalayas sila sa kanilang mga lupaing ninuno. Nito lamang Agosto, pilit na pinalalayas ang mga Dumagat na nasa Masungi Reserve sa Baras, Rizal dahil sa proyektong ekoturismo sa lugar. Patuloy rin silang nagiging biktima ng diskriminasyon na itinataguyod ng malakolonyal at malapyudal na lipunang kinakatawan ng rehimeng Duterte. Tuluyan na ring inabandona ng reaksyunaryong gubyerno ang mga pambansang minorya sa kawalan ng mga serbisyong panlipunan.

Nananatiling masaugid na ahente ng rehimeng Duterte ang National Commission on Indigenous People (NCIP) upang sistematikong supilin ang mga karapatan ng mga pambansang minorya at hatiin ang kanilang hanay. Kailanman, hindi tumutugon ang NCIP sa karaingan ng mga pambansang minorya para sa karapatan sa pagpapasya sa sarili at sa paggalang ng mga lupaing ninuno. Ito pa ang nagmistulang tagalako sa kultura ng mga pambansang minorya at mga lupaing ninuno sa mga kapitalista para sa ekoturismo at pangangamkam.

Marapat lamang na papanagutin ang rehimeng Duterte sa kanyang mga krimen at atrosidad laban sa mga pambansang minorya. Sa okasyon ng Buwan ng mga Pambansang Minorya ngayong Agosto, ibayong

nananawagan ang NDF-ST para sa pagbubuklod at pagkakaisa ng mga pambansang minorya at mamamayan upang ipaglaban ang karapatan sa pagpapasya sa sarili ng mga pambansang minorya. Matagal na itong ipinagkakait sa kanila kasama ang kanilang karapatan sa lupa at mga lupaing ninuno.Patuloy na nilalapastangan ang kanilang identidad at kultura bilang mga pambansang minorya.

Sa kasalukuyan, ang mga pambansang minorya at iba't ibang etnolingwistikong grupo ang nagsusulong ng kanilang pakikibaka para sa lupaing ninuno at pagpapasya sa sarili sa balangkas ng demokratikong rebolusyon ng bayan. Kasama ang iba pang inaaping uri sa lipunang Pilipino, lumalahok sila sa digmang bayang inilulunsad ng CPP-NPA-NDFP. Itinayo nila ang kanilang mga pambansa-demokratikong organisasyon tulad ng MINDORO ng mga Mangyan, Kadumagetan ng mga Dumagat at Remontado at Supok ng mga pambansang minorya sa Palawan upang higit na pagkaisahin ang kanilang hanay sa diwa ng pagsusulong ng armadong rebolusyon at pagtatagumpay ng digmang bayan sa bansa.

Marami sa kanilang hanay ang sumasapi sa NPA, ang iba ay mga martir na ng rebolusyon habang ang kalakha'y nagpapatuloy sa landas ng armadong pakikibaka. Isinusulong nila hindi lamang ang pakikibaka ng grupo at tribu na kanilang pinagmulan kundi ang pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa tunay na demokrasya at ganap na kalayaan. T

## Wakasan ang paghahari ng mandarambong, tiraniko at diktador na si Rodrigo Roa Duterte! Biguin ang pagtatangkang rebisahin ang kasaysayan!

*Setyembre 21, 2021*

Sa okasyon ng ika-49 taong pagkakadeklara ng Batas Militar ng yumaong mandarambong, tiraniko at diktador na si Ferdinand E. Marcos (FM), mahigpit na kasama at katuwang ng sambayanang Pilipino ang NDF-ST sa hangarin nitong wakasan ang paghahari ng kasalukuyang mandarambong, tiraniko at diktador na si Rodrigo Roa Duterte at sa pagbigo sa pagtatangka ng pamilyang Marcos at kanilang mga kapanalig na baguhin ang kasaysayan ng bansa at lipusin ng kasingungalingan ang panahon ng paghahari ng Batas Militar ng diktadurang Marcos.

Taas-kamaong binabati ng rebolusyonaryong kilusan ng Timog Katagalugan ang iba't ibang mga grupo at organisasyon na nagsasagawa ngayon ng mga pagkilos upang gunitain ang mapait na bahagi sa kasaysayan na sinapit ng sambayanang Pilipino sa kamay ng diktador na si Marcos at sa pamilya nito nang ipataw sa bansa ang Batas Militar noong Setyembre 21, 1972. Patuloy nilang ipinapahayag ang kanilang panindigan na hindi na dapat pang maulit ang pag-iral ng Batas Militar sa bansa at biguin na mailuklok sa kapangyarihan ang isa pang potensyal na diktador sa katauhan ni Bongbong Marcos.

Kabilang din ang NDF-ST sa mga kumukondena sa pamilyang Marcos at ng kanilang mga tagasuporta sa patuloy nitong pagtatangkang rebisahin ang kasaysayan hinggil sa krimen ng diktador na si Ferdinand E. Marcos laban sa sambayanang Pilipino sa panahon ng kanyang paghaharing militar. Pinipilit ng pamilyang Marcos na palabasing bayani ang amang diktador sa kabila ng katotohanan na ang paghahari ni Marcos ay nabalutan ng malawakang katiwalian, pandarambong sa kaban ng bayan, pagsadsad ng ekonomiya ng bansa, mga pagpatay at malawakang paglabag sa karapatang pantao.

Bago ang kaarawan ng yumaong diktador noong Setyembre 11 at ilang araw bago ang ika-49 taong deklarasyon ng Batas MIlitar, sunod-sunod ang mga pahayag sa midya at iba pang plataporma ng mga kaanak ng diktador, lalo na si Bongbong Marcos na tatakbong Presidente ng Pilipinas. Pinalilitaw nila na si Marcos ang pinakamahusay na Presidente ng Pilipinas na nagbigay ng kaunlaran sa bansa. Subalit ang lubos na nakagagalit ng damdamin ay ang pagtatangka ng pamilyang Marcos na baguhin ang husga ng kasaysayan sa krimen ng diktadura hanggang ibagsak ito ng popular na pag-aalsa ng mamamayan sa EDSA. Pinalilitaw ng pamilya at tagasuporta ng mga Marcos na mabuti ang idinulot ng Batas Militar sa sambayanang Pilipino sa pag-aakalang malilinlang at mapapaniwala nila ang taumbayan. Pilit at patuloy na itinatanggi ng pamilyang Marcos at mga kapanalig nila, kabilang si Duterte, ang katotohanang ang panahon ng Batas Militar ng pamilyang Marcos ang isa sa pinakamadilim na bahagi sa kasaysayan ng sambayanang Pilipino.

Subalit hindi kailanman maaaring pasinungalingan ang mga kabuktutan ng 14 na taong pasistang paghahari ni Ferdinand E.

Marcos. Sa tala ng iba't ibang grupo sa karapatang pantao nasa 3,257 ang pinaslang (summary executed) kabilang ang 892 biktima ng masaker. May kabuuang 352 ang mga nawawala at pinaniniwalaang pinatay na rin ng mga ahente ni Marcos. Nasa 35,000 ang biktima ng *torture* at pagmamalupit at 70,000 naman ang mga ikinulong. Maraming mga detenidong pulitikal na kababaihan ang nakaranas ng sekswal na pang-aabuso at panggagahasa mula sa mga ahente ni Marcos na ang marami ay buhay na saksi at magpapatotoo kung gaano kalupit at ka-brutal si Marcos. Hindi rin kayang pasubalian ang mga testimonya ng libu-libo pang mga buhay na saksi at biktima ng Batas Militar na patuloy na naghahangad ng hustisya.

Ang pagkapanalo ng kaso ng 9,539 na biktima ng batas militar noong 1995 sa US District Court sa Hawaii ang patunay sa atrosidad ng rehimeng Marcos. Ipinag-utos ng Korte ang paggawad ng bayad-pinsala sa mga biktima ng kabuuang $1.96 bilyon na bahagi ng $10 bilyong nakaw-na-yaman ng mga Marcos. Noong Nobyembre 2018, napatunayan ng Sandiganbayan na nagkasala si Imelda Marcos sa pitong (7) kasong *graft* dahil sa iligal nitong paglalagak ng $200 milyon sa isang Swiss Foundation noong siya'y Gobernador ng Metro Manila mula 1975-1986. Napatunayan ng Sandiganbayan na ang mag-asawang Ferdinand at Imelda Marcos ay nagtayo at nangasiwa ng isang Swiss Foundation, gamit ang mga alyas na pangalan, upang itago ang kanilang ninakaw na pera ng bayan. Dagdag pa ang pagsasabatas ng Republic Act No.10368 o ang Human Rights Victims Reparation and Recognition Act of 2013 kung saan sa nasa 75,749 na mga aplikante, 11,103 lamang na mga biktima ng paglabag sa karapatang pantao ni Marcos ang nabigyan ng reparasyon.

Ang mga naturan sa unahan ang magpapasubali sa pagsisikap ng pamilyang Marcos na rebisahin ang kasaysayan sa pamamagitan ng pagtanggi sa mga ginawang atrosidad sa mamamayang Pilipino ng dating diktador.

Malalim ang sugat na iniwan ng Batas Militar ni Marcos sa sambayanang Pilipino, lalo na sa mga pamilya at mga nabubuhay pang mga biktima nito. Ang pagtatangkang rebisahin at baluktutin ang mga pangyayari sa panahon ng Batas Militar ay lalong nagpapadugo sa sugat na hanggang ngayon ay hindi pa humihilom dahil na rin sa kawalan ng hustisya, kawalan ng pag-amin at paghingi ng kapatawaran ng pamilyang Marcos sa lahat ng naging biktima ng Batas Militar.

May dahilan at batayan ang mga sama-samang pagkilos at pamamahayag ng iba't ibang grupo at sektor ng lipunang Pilipino para labanan at biguin ang pagtatangka ng ilan na rebisahin at baluktutin ang mga kaganapan at resulta nang ipataw ni Marcos ang Batas Militar sa bansa. Lalong may dahilan at batayan na kumilos ang taumbayan para matatag na labanan ang umiiral na *de facto* Martial Law na ipinatutupad sa bansa ng pasistang rehimeng US-Duterte. Dapat patuloy na magpunyagi sa paglaban ang taumbayan upang wakasan na ang tiwali, tiraniko at teroristang paghahari ni Duterte at handlangan ang pagnanais niyang makapanatili sa kapangyarihan lagpas sa kanyang termino. Kung tutuusin, sa loob lamang ng mahigit na limang (5) taong panunungkulan ni Duterte, nahigitan na niya ang brutalidad at atrosidad na ginawa ni Marcos sa mamamayang Pilipino sa loob ng labing apat (14) na taon.

Labas kay Ferdinand E. Marcos, maihahanay na rin si Duterte sa kilalang mga diktador sa mundo tulad ni Adolf Hitler ng bansang

Alemanya, Idi Amin ng Uganda, Francois "Doc" Duvalier ng Haiti, Augusto Pinochet ng Chile, Fulgencio Batista ng Cuba, Park Chung-hee ng South Korea at Suharto ng Indonesia.

May kahaharapin ding kaso si Duterte sa International Criminal Court (ICC) na mga krimen laban sa sangkatuhan na maramihang pagpatay sa ilalim ng kanyang gera kontra-droga.

Unti-unting nagkakaroon ng linaw ang posibilidad ng tambalang Bongbong Marcos bilang Presidente at Rodrigo Duterte bilang Bise Presidente sa darating na halalan sa Mayo 2022. Dapat hadlangan at biguin ng sambayang Pilipino na makapaghari sa bansa ang isang potensyal na diktador at kasalukuyang diktador. Lalo lamang nilang ilulubog ang bansa sa kumunoy ng kahirapan, pagsasamantala at kaapihan. Patuloy nilang itataguyod ang interes at kapakanan ng mga dayuhan kaysa sa mga Pilipino sa pamamagitan ng pagtupad ng mga anti-mamamayan at neo-liberal na mga patakaran ng imperyalistang kapangyarihan tulad ng US at China. **T**

## Pagpupugay sa uring magsasaka!

*Oktubre 21, 2021*

Kasama ng iba pang uring api't pinagsasamantalahan sa rehiyon ng Timog Katagalugan, malugod na ipinaparating ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ang mahigpit nitong pakikiisa at taos-pusong pagsuporta sa mga tagumpay na nakamit ng masang magsasaka sa kanilang walang humpay na pakikibaka para sa isang tunay na repormang agraryo at hustisyang panlipunan.

Ginugunita ng uring magsasaka ang Oktubre 21 bilang pananda ng walang lubay nilang pakikibaka para sa isang tunay na reporma sa lupa at bilang pagtatakwil sa huwad na PD2 at PD27 ng diktadurang Marcos noong Oktubre 21, 1972—isang buwan matapos ipataw ang Batas Militar sa Pilipinas.

Huwad na idinieklara ng PD2 ang buong bansa bilang isang "**land reform area**". Mapanlinlang namang idiniklara ng PD27 na "nagpapalaya" sa mga magsasaka mula sa pagkakagapos sa lupa at pagkakaloob sa kanila ng ariin ang kanilang lupang sinasaka.

Mahalagang balikan, upang sariwain, ang mga natamong tagumpay sa nagdaang mga taon ng masang magsasaka sa kanilang buhay at kamatayang pakikibaka para sa pagkakaroon ng sariling lupang mabubungkal, sa paglaban sa iba't ibang anyo ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa kanayunan, paglaban sa pasismo ng estado,

paglaban sa mga patakaran at imposisyon ng imperyalistang globalisasyon at sa kabuuang pakikibaka sa pagsusulong ng mga demokratikong interes at kahilingan ng sektor at ng sambayanang Pilipino. Samantalahin din ang pagdiriwang para higit na pahigpitin ang pagkakapit-bisig, ibayong patatagin ang paninindigan at itaas ang kapasyahang lumaban.

Lubos na pinasasalamatan at pinapahalagahan ng NDF-ST ang mga naging kontribusyon ng kilusang magsasaka sa kabuuang pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Higit sa lahat sa mga mahahalagang tagumpay na nakamit ng rebolusyonaryong kilusang magsasaka sa pakikibaka at pagsusulong ng rebolusyong agraryo, armadong pakikibaka at pagtatayo ng mga organong kapangyarihang pampulitika sa kanayunan. Ang uring magsasaka ang pangunahing pwersa ng demokratikong rebolusyon ng bayan na isinusulong ng CPP-NPA-NDFP. Sa mahabang panahon ay tinatamasa ng rebolusyonaryong kilusan ang malawak at malalim na suporta ng uring magsasaka.

Sa araw ding ito, binibigyang pugay ng NDF-ST ang mga lider at kasapi ng ligal na demokratikong kilusang magsasaka at ng rebolusyonaryong kilusang magsasaka na nag-alay ng kanilang tanging buhay para sa kapakanan at interes ng kanilang uri at ng iba pang uring inaapi't pinagsasamantalahan. Ang kanilang dakilang pamana ay patuloy na magniningning at magbibigay inspirasyon sa isinusulong na pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

Ang uring magsasaka ang bumubuo ng halos 75% ng populasyon ng bansa. Sila ang pangunahing sektor na lumilikha ng pangangailangang

pagkain ng bansa. Pawis at dugo ang kanilang pinupuhunan para lumikha ng pagkain na kailangan ng kabuuang populasyon ng bansa. Subalit kabaligtaran ang nangyayari. Kung sino pa ang tagapaglikha ng pagkain, siyang kulang o di sapat ang nakakain habang ang iilan ay bundat at nagpapasasa sa yaman na nilikha ng uring magsasaka.

Lalong naging kalunos-lunos ang sinapit na buhay ng masang magsasaka sa loob ng mahigit limang taong panunungkulan ni Duterte. Dumarami nang higit ang mga naghihikahos at nagugutom dahil sa anti-magsasaka at anti-mamamayang mga patakaran ng rehimeng Duterte. Sinabayan pa ito ng mga kalupitan at brutalidad ng kanyang pasistang paghahari. Bala, karahasan at kamatayan ang karaniwang tugon ni Duterte sa mga lehitimo at mapayapang pagkilos ng mga magsasaka at taumbayan para iparating sa gubyerno ang kanilang mga karaingan at kahilingan. Ayon sa datos ng grupong KARAPATAN, noong 2020, umabot sa 190 lider magsasaka at katutubo ang pinaslang ng mga *death squads* na pinaniniwalaang binuo mula sa mismong hanay ng AFP at PNP. Bago pinatay, dumanas muna sila ng iba't ibang tipo ng paninira, panggigipit at *red-tagging* mula sa NTF-ELCAC, AFP at PNP.

Ayon din sa datos ng grupong Karapatan, nasa 456,103 mga magsasaka at pambansang minorya ang sapilitang lumikas mula sa kanilang baryo at pamayanan dahil sa walang habas na paghuhulog ng bomba, panganganyon at **aerial straffing** ng AFP at PNP. Nagpapatuloy ang ganitong karahasan ng AFP at PNP hanggang sa kasalukuyan at kahit sa panahon na humaharap ang bansa sa paglaban sa pandemikong Covid-19. Libo-libong magsasaka at katutubo sa rehiyong Timog Katagalugan ang naging biktima ng karahasan at iba't ibang paglabag

sa karapatang pantao resulta ng mga operasyong militar ng AFP at PNP sa kanilang komunidad at pamayanan.

Huwad ang reporma sa lupa ng lahat ng nagdaang rehimen sa Pilipinas. Kailanman ay hindi winakasan ng mga pekeng reporma sa lupa ang pyudal na monopolyo sa lupa ng malalaking burgesya-kumprador at panginoong maylupa—manapa'y nagpatuloy ang rekonsentrasyon ng lupa sa kamay ng iilang mapagsamantala at paglubha ng malaganap na kawalang lupa ng uring magsasaka.

Walang anumang pagkukunwari at mas garapal ang gubyernong Duterte na nagpahayag na di magpapatupad ng programa sa reporma sa lupa. Mga pakitang tao at pagpapaganda lamang ng kanyang lugmok na imahe ang mga palabas sa midya na pamamahagi niya ng mga pekeng Certificate of Land Ownership Award (CLOA). Ang katotohanan, lalong dumarami ang mga magsasaka at katutubong nawalan ng lupang nabubungkal dahil walang pakundangang ibinukas ni Duterte ang mga malalawak na lupain ng bansa at maging ang mga lupaing ninuno ng mga pambansang minorya sa pangangamkam at pandarambong ng mga dayuhan at lokal na malalaking korporasyon sa pagmimina at agrikultura.

Nananatiling kontrolado ng iilang malalaking panginoong maylupa at debeloper ang mga malawak na lupain sa Timog Katagalugan. Ilan sa mga prominenteng may libo-libong ektaryang lupain sa Timog Katagalugan ay ang pamilyang Zobel-Ayala, Sy, Tan, Villar, Cojuanco, Campos, Yulo, Uy, Reyes at Murray. Nasa mahigit sa 400,192 ektaryang lupain sa rehiyon ang sangkot sa iba't ibang kaso ng pangangamkam ng lupa ng 69 PML at 51 malalaking debeloper. Mahigit 160,435

mamamayan sa rehiyon ang apektado sa naitalang 94 kasong agraryo noong 2017.

Libo-libong magsasaka sa mga palayan ng rehiyon na kabilang sa mahigit sa 2.4 milyong magsasaka sa palayan ang nalugi at nabaon sa utang sanhi ng pagsadsad sa presyo ng palay sa pamilihan bunga ng pagbaha ng imported na bigas dulot ng Republic Act 11203 (RA 11203) o Rice Tariffication Law (RTL) at talamak na ismagling ng bigas sa bansa. Maging ang mga magsasaka sa mga gulayan sa rehiyon ay nalugi at nabaon sa utang dahil sa walang habas at hindi makontrol na ismagling at pagpasok ng inangkat na mga gulay na ang bulto ay mula sa China. Lalong naging kalunos-lunos ang sitwasyon ng mga magsasaka sa bansa bunga ng kakulangan at kawalan ng ayuda mula sa pamahalaan sa panahon ng pandemya at pinsala sa kanilang kabuhayan dulot ng mga bagyo at iba pang kalamidad.

Dinambong din ni Duterte ang *coco levy fund* na pagmamay-ari ng milyong magsasaka sa niyugan. Ang *coco levy fund* ay itinuturing ng mga magniniyog sa bansa na kanilang pag-aari at kailangang puspusang ipaglaban para mabawi ito mula sa kamay ni Danding Cojuangco at iba pang kroni ng yumaong diktador na si Ferdinand E. Marcos. Pawis at dugo ang kanilang pinuhunan para ipaglaban na mabawi at magamit ito sa kanilang pangangailangan at pangkagalingan. Ang probinsya ng Quezon ang nangungunang probinsya sa bansa sa usapin ng industriya at produksyon ng niyog.

Pinapatay ni Duterte ang mga magsasaka hindi lang sa literal na pagkahulugan ng extra judicial killings (EJKs) sa bansa kundi maging

sa pamamagitan din ng mga anti-magsasakang batas at patakaran nito.

Wala nang pagsisidlan ang galit at pagkamuhi ng mga magsasaka sa pasistang rehimeng US-Duterte. Makatarungan at may batayan para manawagan ang masang magsasaka at taumbayan sa pagpapatalsik kay Duterte sa kapangyarihan. Batid ng lahat na hangga't nasa kapangyarihan si Duterte at mga tagapagmana nito, patuloy silang dadanas ng napakamiserableng buhay at kalupitan mula sa kamay ng tiraniko, mamamatay-tao at teroristang rehimen. Hindi taros ni Duterte na ang pagtindi ng pagsasamantala at pang-aapi ng kanyang pasistang estado ang magbubunsod ng ibayong pagtindi ng paglaban ng mga magsasaka at taumbayan na maaaring humantong sa pagpapatalsik sa kanya sa kapangyarihan.

Sa ganitong kalagayan, walang ibang dapat gawin ang mga magsasaka kundi ang patuloy na lumaban at magpunyagi para ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte. Puspusang labanan at hadlangan ang balakin ni Duterte na manatili sa kapangyarihan alinman sa pamamagitan ng pagdedeklara ng State of National Emergency o Martial Law gamit ang kaduda-dudang mga dahilan. Dapat ding puspusang labanan at hadlangan na maluklok sa kapangyarihan alinman kina Sara Duterte at Bongbong Marcos. Ipagpapatuloy lamang nila ang mga katiwalian at krimen sa bayan ni Duterte. Kasado na ang makinarya at salaping dinambong ni Duterte para gamitin sa pandaraya, sakali mang matuloy ang halalan sa Mayo 2022, para mailuklok ang kanyang tagapagmanang Presidente.

Sa kabilang banda, labas kina Sara at Bongbong, wala ring maaasahan

ang taumbayan na magkakaroon ng pundamental na pagbabago sa bansa sa sinumang mananalong Presidente sa darating na Mayo 2022. Lahat ng mga prominenteng pangalan na tumatakbo bilang Presidente ay kumakatawan sa burukratang kapitalistang interes ng mga naghaharing malaking burgesya-kumprador at panginoong maylupa sa bansa at siguradong patuloy na itataguyod ang mga patakaran, imposisyon at geopulitikal na interes ng mga imperyalismong US at China.

Rebolusyon at hindi eleksyon ang dapat pangunahing tahakin na landas ng mamamayang PIlipino. Dapat tularan ang libo-libong magsasaka at iba pang sektor na nagpasyang humawak ng sandata at lumahok sa Demokratikong Rebolusyon ng Bayan (DRB) na isinusulong ng CPP-NPA-NDFP. Tanging sa pamamagitan ng DRB na may sosyalitang perspektiba magkakaroon ng tunay na katuparan ang matagal nang mithiin ng mga magsasaka na magkaroon ng sariling lupang masasaka, matupad ang pambansang industralisasyon at kaunlaran ng bansa at tamasahin ng sambayanang Pilipino ang tunay na kalayaan at demokrasya. T

## Bayan, tumindig at lumaban! Ibasura ang alyansa ng mga pasista at mandarambong!

Disyembre 10, 2021

Ipinaparating ng NDF-ST ang mahigpit nitong pakikiisa at pagsuporta sa malawak na masa ng sambayanang Pilipino na ngayon ay nagsasagawa ng mga pagkilos sa iba't ibang panig ng bansa upang gunitain ang Pandaigdigang Araw ng Karapatang Pantao.

Mahalagang okasyon ito sa lahat ng mga nagsusulong at nagtatanggol sa mga pundamental na karapatang pantao at lalo na sa mga nakikibaka sa paghahanap ng hustisya sa mga naging biktima ng Batas Militar ng yumaong pasista at diktador na si Ferdinand E. Marcos, Sr. at ng mga sumunod pang mga rehimen hanggang kay Duterte. Sa araw na ito ating patampukin at malakas na tuligsain ang patuloy na mga pang-aabuso at kalupitan ng pasistang rehimeng US-Duterte sa sambayanang Pilipino. Sa mga naging presidente ng bansa matapos kay Ferdinand E. Marcos Sr., bukod tanging si Duterte ang makapapantay kung di man nakahigit sa rekord ng diktador na si Marcos sa usapin ng mga pagpatay, iba pang krimen sa bayan at paglabag sa karapatang pantao ng mamamayang Pilipino.

May natatanging halaga at kabuluhan ang mga pagtitipon at pagkilos ngayong araw para sa paggunita sa Pandaigdigang Araw ng Karapatang Pantao. Hinahamon tayo ng kasalukuyang sitwasyon na kailangan ang ibayong pagpupunyagi, pagkakaisa at tulungan ng lahat ng mga

demokratiko at makabayang pwersa upang hadlangan na mapunta muli ang kapangyarihan ng gubyerno sa isa na namang Marcos at Duterte. Matinding mga sakripisyo at pagsisikap ang kailangang gawin ng taumbayan para labanan at biguin ang pinagsamang kasamaan at kalupitan ng mga angkan ng magnanakaw, mandarambong, pasista at mga talamak na lumalabag sa karapatang pantao.

Nagsanib pwersa ang mga pampulitikang pamilya at dinastiya ng mga Duterte, Marcos, Arroyo at Estrada para isulong ang kandidatura ni Bongbong Marcos (BBM) at Sara Duterte-Carpio bilang presidente at bise presidente, ayon sa pagkakasunod, sa darating na burges na halalan sa Mayo 2022. Magtatangka ang pinagsanib na pwersa ng mga gahaman sa salapi at kapangyarihan na makuha ang poder ng gubyerno sa pamamagitan ng tambalan ng parehong anak ng mga diktador na si Bongbong Marcos at Sara Duterte-Carpio.

Kinakatawan ng mga Duterte, Marcos, Arroyo at Estrada ang maduming pulitika sa bansa at ng pinakamasahol na mukha ng mga pampulitikang dinastiya at mga burukratang kapitalista na gahaman at lasing sa kapangyarihan. Tanging hangad nila na makuha ang pampulitikang kapangyarihan at makopo ang yaman ng bansa sa kapariwaraan naman ng sambayanang Pilipino. Sa labis na pagkagahaman sa kapangyarihan at salapi, tiyak na gagawin nila ang lahat para mailuklok ang sarili sa poder. Ang walang pagsisising pamilyang Marcos ay malaon nang nakikinabang at nagtatampisaw sa mga dinambong na yaman mula sa kaban ng bayan sa panahon ng paghaharing militar ng mga Marcos. Gagamitin nila ang kanilang mga ninakaw at dinambong na yaman at salapi ng bayan para sa

pamimili ng boto, panunuhol sa mga lokal na opisyal ng gubyerno at ng COMELEC .

Kailangang ilantad, labanan at biguin ng taumbayan ang planong ito ng nagsanib na mga dinastiyang angkan na hawakan ang poder ng gubyerno at muling magkamal ng kapangyarihan. Alalahanin natin na ang mga pampulitikang dinastiyang ito ay bihasa sa pandarambong. Sila'y mga sakim at walang kabusugan sa kapangyarihan at salapi. Uulitin lang nila ang kasaysayan ng panahon na sila (Marcos, Estrada, Arroyo at Duterte) ang nasa poder ng gubyerno kung saan naging talamak ang kanilang mga katiwalian, pandarambong sa kaban ng bayan at pang-aapi sa sambayanang Pilipino. Lalo lamang malulugmok sa kahirapan at kagutuman ang sambayanang Pilipino sakaling sina BBM at Sara ang magwagi sa halalan sa pamamagitan ng pandaraya, panunuhol at manipulasyon sa botohan. Ipagpapatuloy lamang nila ang mga katiwalian, kronismo at masamang pamamalakad sa gubyerno ni Rodrigo Duterte. Sa ilalim ng panunungkulan ni Ferdinand Marcos Sr. at Rodrigo Duterte, ibayong sumahol ang kahirapan, kawalang trabaho, pagkabaon sa utang ng bansa at naging palabigasan ang ekonomiya ng kanilang mga kroni at interes ng mga dayuhang negosyo. Pareho nilang winasak, sinalaula at pinahina ang mga establisadong burges na institusyon para sa kanilang interes at kapakinabangan. Sa basurahan ng kasaysayan sila nababagay at hindi na dapat pang hayaang makapanumbalik sa kapangyarihan.

Dapat tandaan ng taumbayan na magiging mapanganib na presidente si BBM sakaling manalo siya sa halalang presidensyal sa Mayo 2022. Tulad ng kanyang amang diktador, ilulubog lamang niya ang bansa sa panibagong antas ng kronismo, korapsyon, paglabag sa karapatang

tao at ekonomyang nakasanla sa utang. Babaligtarin nito ang husga sa pinakamadilim na yugto ng kasaysayan ng bansa sa ilalim ng diktadurang Ferdinand Marcos Sr. at sa naging husga sa mga nabawi at kasalukuyang pinaglalabanan pang dambong na yaman ng mga Marcos. Itatanghal din nilang bayani si Ferdinand E. Marcos Sr. at palalabasin na pinakamahusay na naging presidente ng bansa. Babaguhin ni BBM ang pananaw at husga ng bayan sa Martial Law ng kanyang amang diktador. Palalabasin niya na ang 14 na taong pag-iral ng Martial Law ng amang diktador ay "ginintuang mga taon" sa kasaysayan ng Pilipinas. Bibigyan din nya ng proteksyon si Duterte at mga kasapakat nito mula sa pag-uusig ng International Criminal Court sa kanilang krimen laban sa sangkatauhan.

Ngayong ginugunita natin ang pandaigdigang araw ng karapatang pantao, marapat lamang na ibayong manindigan ang malawak na masa ng sambayanang Pilipino na dapat nang wakasan ang pasistang rehimeng US-Duterte. Kailangan gawin ang lahat ng makakaya para hadlangang makabalik sa kapangyarihan ang pamilyang Marcos sa pamamagitan ni BBM. Kailangan ding biguin na makapanatili sa kapangyarihan si Duterte sa pamamagitan ni Sara at ng pagtakbo niya bilang Senador. Sa kulungan sila nababagay at dapat na usigin at papanagutin sa kanilang mga kasalanan at krimen sa bayan. T

## Gunitain ang pag-aalsang EDSA! Matatag na hawakan ang kapasyahang biguin na makabalik sa kapangyarihan ang mga mandarambong at pasista!

*Pebrero 25, 2022*

Kasama ng malawak na mamamayan ng rehiyong Timog Katagalugan, ang NDF-ST ay mahigpit na nakikiisa sa sambayanang Pilipino sa paggunita sa ika-36 na anibersaryo ng pag-aalsang EDSA na nagpabagsak sa kapangyarihan ng kinamumuhian at isinusuka ng bayan na diktador, mandarambong at mamamatay-taong si Ferdinand E. Marcos Sr.

May natatanging halaga ngayon ang paggunita ng sambayanan sa pag-aalsang EDSA. Ginugunita ito ngayon sa harap ng banta at pagsisikap ng pamilyang Marcos na makabalik sa kapangyarihan sa pamamagitan ni Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. Huwag nating kalimutan na ang pamilyang ito ay responsable sa pagnanakaw at pandarambong ng pera ng bayan at isa sa mga dahilan ng pagkalugmok ng ekonomiya ng bansa at kapighatian ng mamamayang Pilipino. Matatag nating panghawakan ang ating kapasyahang hadlangan at biguin ang pagtatangka ng pamilyang ito na makabalik sa Malacañang.

Ginugunita natin ang EDSA, una sa lahat, para muling alalahanin ang mga kagitingan at kabayanihang ipinamalas ng sambayanang Pilipino sa pakikibaka nito laban sa diktadurang Marcos hanggang ito'y

mapatalsik sa kapangyarihan. Ang pag-aalsang EDSA, una sa lahat ay kulminasyon ng mga gahiganteng pakikibakang masa na nilahukan at pinamunuan ng rebolusyonaryong kilusan laban sa diktadurang Marcos at ang paglawak at paglakas ng armadong pakikibaka sa buong bansa sa pamumuno ng Partido at Bagong Hukbong Bayan. Produkto ito ng pinagsanib na lakas ng uring anakpawis, mga peti-burgesya at propesyunal at iba pang demokratikong pwersang anti-Marcos na nagbuklod-buklod sa isang malapad na nagkakaisang prenteng anti-diktadura. Ikalawa, ang pag-aalsa sa EDSA, 36 taon na ang nakakalipas, ay nagtuturo sa atin na walang malakas at makapangyarihang diktador na makagagapi sa rumaragasang kolektibong lakas at kapangyarihan ng taumbayan. At ikatlo, lubhang napapanahon at kailangan muling ipamalas ng sambayanang Pilipino ang kolektibo nitong lakas at kapangyarihan para biguin at hadlangan na makabalik sa kapangyarihan ang mga Marcos, Arroyo, Duterte at Estrada, mga pamilyang bihasa sa pandarambong, masugid na pasista at bantog na lumalabag sa karapatang pantao, sa pamamagitan nina Bongbong Marcos (BBM) at Sara Duterte-Carpio na tumatakbo bilang presidente at bise-presidente sa darating na halalan sa Mayo 9, 2022.

Sa kabilang panig, kasabay ng paggunita sa ika-36 anibersaryo ng EDSA, dapat patuloy ang mga malawakang pagkilos at protesta ng bayan laban sa pasistang rehimeng US-Duterte na kundi man napantayan ay nahigitan pa ang mga nagawang krimen sa bayan ng kanyang iniidolong si Marcos Sr. Patuloy siyang singilin at papanagutin sa kanyang mga karumal-dumal na krimen sa bayan at sangkatauhan.

Kapag nakabalik sa kapangyarihan ang pamilyang Marcos, Arroyo at Duterte, sa katauhan nina BBM at Sara, lalong magiging mailap ang

paghahanap ng katarungan sa libu-libong biktima ng paglabag sa karapatang pantao, sa mahigit sa 70,000 ikinulong kung saan nasa 34,000 ang nakaranas ng tortyur at iba't ibang uri ng pagpapahirap sa kamay ng mga pasistang tropa ni Marcos Sr. sa panahon ng Martial Law. Lalong mababalewala ang paghahanap ng katarungan para sa mga pamilya ng 3,240 na pinaslang o biktima ng *extra judicial killings* at 783 na nawawala (involuntary disappearance) sa panahon ng Martial Law ng yumaong diktador na si Marcos Sr.

Kapag makabalik sila sa kapangyarihan, maisasantabi rin ang mga kasalanan at krimen sa bayan ni Rodrigo Duterte. Dadaan sa butas ng karayom ang mga paghahabol at pagpapanagot sa matandang Duterte sa di kukulangin na 30,000 na kanyang pinapaslang sa ilalim ng madugo ngunit huwad na kampanyang kontra droga, sa 424 na pinaslang ng rehimen sa madugong kontra-rebolusyonaryong kampanya laban sa CPP-NPA-NDFP at mamamayan kung saan 216 ay mga aktibistang tagapagtanggol ng karapatang pantao. Lalong magiging mahirap na makalaya ang 489 na bilanggong pulitikal na ipinakulong ni Duterte batay sa mga gawa-gawang kasong kriminal. Higit sa lahat, kapag nakabalik sila kapangyarihan, lalong titindi ang pasismo at terorismo ng estado. Ipagpapatuloy nila ang pag-iral ng kasuklam-suklam na NTF-ELCAC ni Duterte, lalong palalakasin at paglalaanan ng malaking pondo ito bilang isa sa kanilang instrumento ng karahasan at terorismo laban sa mamamayang Pilipino.

Sa mga pahayag ni BBM, tahasan din niyang sinabi na hindi niya pahihintulutang ipailalim sa hurisdiksyon ng International Criminal Court (ICC) si Duterte para litisin sa kinakaharap nitong kaso at mga krimen laban sa sangkatauhan na nakasampa sa ICC.

Sa madaling salita, kapag naluklok sa kapangyarihan sina BBM at Sara, sa pamamagitan ng dahas, *vote buying* o pamimilí ng boto, pandaraya at manipulasyon sa resulta ng halalan, ipagpapatuloy lang nila ang nakamamatay na mga programa at patakaran ng pasistang rehimeng US-Duterte sa larangan ng ekonomiya, pulitika, militar at ugnayang panlabas. Lalo lamang nilang ilulubog sa kumunoy ng kahirapan at panunupil ang malawak na masa ng sambayanang Pilipino at sa kabilang banda'y bubusugin ang sarili, ang pasistang AFP-PNP at mga bago nilang mga kroni mula sa korupsyon at pandarambong.

Determinado at pursigido ang pamilyang Marcos, Arroyo, Duterte at Estrada na mailuklok sa kapangyarihan sina BBM at Sara. Hawak ni Duterte sa leeg ang COMELEC, AFP at PNP at mga kumpanyang nangangasiwa sa kagamitan ng halalan tulad ng F2 Logistic na pag-aari ng kanyang kroni na si Dennis Uy. Binubuhos ngayon ng pamilyang Marcos sa kampanya ni BBM at Sara ang kanilang mga nakulimbat na yaman sa bansa. Ginagamit nila ito sa panunuhol sa COMELEC, militar at pulis, mga lokal na opisyal at iba pang grupo upang sila ang ikampanya at sa kabilang banda ay siraan ang kanilang mga kalaban.

Matagal nang ginagastusan ng pamilyang Marcos ang pagpakalat ng kasinungalingan, panlilinlang at dis-impormasyon, sa pamamagitan ng kanilang mga bayarang *troll armies and vloggers* para pabanguhin ang pamilyang Marcos, rebisahin ang kasaysayan at palabasin ang panahon ng Martial Law ni Marcos Sr. bilang "ginintuang mga taon" sa kasaysayan ng Pilipinas sa kabila ng katotohanang sumipa sa 44% ng populasyon ng Pilipinas ay mahihirap sa panahon ng Martial Law.

Higit kailanman kailangan ngayon ang malawak na pagkakaisa ng sambayanang Pilipino para biguin ang pagsisikap ng pamilyang Marcos na makabalik sa kapangyarihan at ganundin ang hadlangang matupad ang ekstensyon ng kapangyarihan ng pamilyang Duterte sa pamamagitan ng kanyang anak na si Sara. Nasa kamay ng sambayanang Pilipino ang kapangyarihan sa pagbigo sa plano ng mga Marcos, Arroyo at Duterte na panatilihin sa bansa ang maka-dayuhan, anti-mamamayang patakaran at programa, tiraniko at kamay na bakal na paghahari.

Matatag at determinado ang NDF-ST at buong rebolusyonaryong kilusan sa bansa na lubusin ang tagumpay ng demokratikong rebolusyon ng bayan (DRB) sa Pilipinas, sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan, at ang kagyat na kasunod nitong sosyalistang rebolusyon. Tanging sa tagumpay ng DRB at sosyalistang rebolusyon magkakaroon ng katuparan ang malaon nang hangarin ng sambayanang Pilipino na magkaroon ng tunay na kalayaan, demokrasya, masaganang buhay at matagalang kapayapaan sa bansa. **T**

## Kababaihang Pilipino: tumindig at magbigkis laban sa pagsirit ng presyo ng petrolyo at mga bilihin!

*Marso 5, 2022*

Sa pagsalubong sa Pandaigdigang Araw ng mga Kababaihan, kinakaharap ng mga kababaihang Pilipino at ng buong daigdig ang napakabigat na pasanin bunga ng patuloy na pagsirit ng presyo ng petrolyo, na lalong nagtutulak sa pagtaas ng presyo ng mga bililhin at serbisyo sa gitna ng di-pa nakababangong ekonomya ng daigdig sa pananalasa ng pandemyang COVID-19. Ngayong Marso 8, inaasahang magpapatupad muli, sa ika-sampung pagkakataon, ng malakihang pagtaas sa presyo ng petrolyo ang mga kumpanya ng langis sa bansa. P2-3 kada litro ang inianunsyong halaga ng dagdag-singil kasabay umano ng pagsirit ng pandaigdigang presyo ng petrolyo sa $116 kada bariles dulot ng gera sa pagitan ng Russia at Ukraine.

Mula pagpasok ng taong 2022, hindi na nagpaawat ang mga kumpanya ng langis sa pagtataas sa presyo ng kanilang produkto, habang walang malilinaw na hakbanging ipinatutupad ang gubyernong Duterte para kontrahin ito. Pumalo na sa P11.65 ang kabuuang pagtaas sa krudo o diesel, P9.65 sa gasolina at P10.30 sa kerosene. Pinakaapektado at pinaka-problemado ang mga kababaihang anakpawis na halos hindi pa nakababangon ang kabuhayan mula nang manalasa ang pandemya noong 2020. Ang karamihan sa kanila ay bago pa lamang nakapagsisimulang maghanap-buhay matapos ang sunud-sunod na

*lockdown* at mga paghihigpit sa nakaraang mga taon. Samantala, ang ilang mga kababaihang magsasaka laluna sa Visayas, Mindanao at Palawan ay hindi pa nakababawi mula sa pananalanta ng bagyong Odette noong Disyembre ng nakaraang taon. Masahol pa, ipinatutupad ng mga kumpanya ng langis sa lalawigan ng Palawan ang karagdagan pang P5-6 patong o *overpricing* sa presyo ng kada litro ng krudo at gasolina.

Sa halip na pagtuunan ng pansin ng gubyernong Duterte, inutil ito sa pangunguna ng Department of Energy ni Alfonso Cusi na tila abalang-abala na sa nalalapit na eleksyon sa Mayo 9 at ipinagwawalambahala ang sitwasyon ng mayorya ng mamamayang Pilipino. Sa kabila ng malaon nang panawagang irebyu at ibasura ang RA 8479 na Downstream Oil Industry Deregulation Act of 1998 o mas popular bilang Oil Deregulation Law na kumapon sa karapatan at kakayahan ng gubyernong kontrolin ang presyo ng petrolyo sa bansa, nagbingi-bingihan ang rehimeng Duterte at mga naunang rehimen mula kay Estrada sa panawagang ito ng taumbayan. Ngayong labis-labis na ang paghihikahos ng bansa, saka nagkukumahog si Duterte sa pagpaparebyu sa nasabing batas kung kailan naka-**recess** na ang dalawang kapulungan ng ika-18 kongreso bilang paghahanda sa nalalapit na eleksyon.

Ang di maampat na pagsirit ng presyo ng petrolyo sa bansa, na nagbibigay ng pinakamalalaking tubo at ganansya sa mga dambuhalang kumpanya ng langis, ang isa sa pinakamalalang epekto ng patuloy na pagpapatupad ng mga neoliberal na patakarang ipinapataw ng imperyalismo sa bansa. Habang inilulubog ang mamamayan sa kumunoy ng ibayong kahirapan, naglulunoy ang mga

may-ari ng dambuhalang kumpanyang Shell, Petron, Chevron, Total at iba pang kumpanya ng langis sa labis na supertubo, gayundin ang mga lokal na burukratang tumatanggap ng suhol mula sa mga kumpanyang ito, laluna ang Department of Energy. Ngayong nalalapit na eleksyon, hindi malabong tumatabo ng malalaking donasyon ang mga tumatakbo sa iba't ibang mataas na pusisyon sa bansa mula sa mga kumpanyang ito para tiyaking hindi magagalaw ang Oil Deregulation Law sa panahong sila ang maluklok sa iba't ibang pusisyon sa gubyerno.

Nananawagan ang NDF-ST sa mga kababaihan ng Timog Katagalugan at buong bansa na tumindig, magbigkis at lumaban sa patuloy na pagsirit ng presyo ng petrolyo at iba pang bilihin. Dapat silang sumama sa panawagan ng mamamayang anakpawis na ipabasura ang Oil Deregulation Law at magbigay ng sapat at hindi lamang pabalat bungang ayuda sa mamamayan sa sa gitna ng lugmok nilang kalagayan. Kasabay nito ang patuloy na pagpapaigting ng anti-imperyalistang pakikibaka sa rehiyon at buong bansa para wakasan na ang pagpapatupad ng mga neoliberal na mga patakaran sa bansang ibayong naglulubog sa mamamayan sa kahirapan. T

## *Sa isang taong anibersaryo ng Bloody Sunday,* Paigtingin ang pakikibaka para sa katarungan, panagutin ang AFP-PNP at rehimeng Duterte!

Marso 7, 2022

Ipinararating ng NDF-ST ang mahigpit nitong pakikiisa sa mamamayan ng Timog Katagalugan at bansa sa paggunita sa unang taon na tinaguriang Bloody Sunday na nangyari noong Marso 7, 2021. Kasama ninyo ang NDF-ST sa patuloy na paghahanap ng katarungan, paniningil at pagpapanagot sa lahat ng mga sangkot, pangunahin ang pasistang rehimeng US-Duterte, sa pagpaslang kina Emmanuel Asuncion ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN)-Cavite; mag-asawang Ana Mariz "Chai" Lemita at Ariel Evangelista ng Ugnayan ng Mamamayan Laban sa Pagwawasak ng Kalikasan at Kalupaan (UMALPAS KA); Michael Dasigao, Mark Lee Bacasno, at Abner at Edward Mendoza ng San Isidro Kasiglahan, Kapatiran at Damayan para sa Kabuhayan, Katarungan at Kapayapaan (SIKKAD-K3); at dalawang Dumagat na sina Puroy dela Cruz at Randy "Pulong" dela Cruz. Sila ang mga tunay na bayani ng sambayanan na nagsisilbing inspirasyon ng malawak na mamamayan upang patuloy na labanan ang terorismong inihahasik ng estado. Nararapat lamang na ipagpatuloy ang marubdob na pakikibaka para usigin ang mga salarin at papanagutin sila sa kanilang mga krimen laban sa bayan.

Nagpupugay ang NDFP sa ipinamalas na tapang at katatagan ng mga kaanak ng mga biktima, mga grupong tagapagtanggol sa karapatang

tao at mamamayan ng rehiyon na nakihamok upang pagbayarin ang mga kriminal na ahente ng estado sa kanilang inutang na dugo. Hindi nagpatinag ang mga kaanak ng mga biktima na idulog ang kanilang mga hinaing sa Department of Justice (DOJ) at iba pang mga institusyon sa kabila ng mga pakana ng estado na isantabi o antalain ito. Matatandaang noong Abril 2021 ay pinaikot-ikot ng PNP-CALABARZON ang mga kaanak sa kung saan-saang opisina sa rehiyon para masampahan ng kaso ang mga sangkot na pulis.

Ngunit sa halip na matinag, nagpursige ang mga kaanak ng mga biktima, mga grupong tagapagtanggol ng karapatang tao at mamamayan sa rehiyon. Naobliga ang DOJ na imbestigahan ang Bloody Sunday alinsunod sa ibinaba nitong Administrative Order 35 at bumuo ng Special Investigating Team para dito. Noong Nobyembre 2021, nagawang sampahan ng kasong murder ang 17 pulis na sangkot sa pagpaslang kay Asuncion at naganap ang pagdinig sa kaso noong Enero 11 at 25 ng taong kasalukuyan. Nitong Enero 14, inianunsyo rin ng DOJ ang pagsasampa ng kaso ng NBI laban sa mga opisyal ng PNP-CIDG sa CALABARZON na pangunahing sangkot sa pagpaslang sa mag-asawang Ariel at Ana Mariz Evangelista sa Batangas.

Dapat maunawaan na ang anumang pag-abante na inabot sa pang-uusig sa mga salarin ay iniresulta ng konsistenteng panawagan ng mga kaanak ng mga biktima at mamamayan ng rehiyon sa reaksyunaryong ahensyang DOJ. Bukod pa rito ang inaning malawak na kundemnasyon ng rehimen, at ng PNP-CIDG CALABARZON sa internasyunal na komunidad at mga institusyong nagtatanggol sa karapatang pantao. Gayunman, kailangang ituloy ang laban ng kaanak ng mga biktima kaisa ang lahat ng sektor upang usigin at papanagutin ang lahat ng

salarin sa pagpatay sa iba pang mga biktima ng Bloody Sunday at mabilis na umusad ang imbestigasyon sa naunang dalawang kaso ng pagpatay.

Bukod sa mga pulis na sangkot sa krimen, may pananagutan din ang mga huwes na nasa likod ng mga paglikha ng mga gawa-gawang warrant na sina Laguna Judge Divinagracia Bustos-Ongkeko, Judge Jose Lorenzo dela Rosa ng Regional Trial Court Branch 4-Manila at Judge Jason Zapanta ng Manila RTC Branch 174. Malaking bagay ang hakbanging ipinatupad ng hudikatura sa pagbabawal sa mga wala sa katungkulang huwes na mag-isyu ng mga warrant lalo sa mga lugar na wala silang hurisdiksyon. Iniresulta ito ng pagkakapit-bisig ng buong bayan laban sa hungkag na sistema ng hudikatura.

Kailangang ipagpatuloy ng mamamayan ng TK ang kanilang pakikibaka para ipaglaban at igiit ang hustisya sa mga krimen ng rehimeng Duterte. Suportahan ang mga pang-uusig sa loob at labas ng bansa, kabilang ang imbestigasyon ng ICC sa mga krimen ni Duterte laban sa sangkatauhan.

Samantala, kailangang pahigpitin ng mamamayang Pilipino ang kanilang pagkakaisa upang labanan ang panibagong banta ng **crackdown** na isasagawa ng rehimeng Duterte laban sa mga progresibong organisasyon at ligal na samahang lumalaban para sa kanilang mga karapatan. Higit na mahalaga ang pagkakaisa ng bayan para biguin ang anumang mga pakana ni Duterte para takasan ang kanyang mga krimen habang patuloy na nagkakalat ng karahasan gamit ang pasistang panunupil ng estado.

Aabutin ng mahabang kamay ng rebolusyonaryong hustisya ang AFP-PNP at iba pang may kinalaman at sangkot sa karumal-dumal na mga pagpatay at iba pang paglabag sa karapatang tao sa rehiyon at buong bansa. Hindi nito papahintulutang makawala sa pananagutan ang mga salarin.

## *Sa ika-49 anibersaryo ng NDFP at pagtatapos ng termino ni Duterte,* **Buklurin ang bayan sa pagsusulong ng pambansa demokratikong adhikain at pakikibaka para sa hustisya!**

*Abril 24, 2022*

Binabati at sinasaluduhan ng NDFP-ST ang nakikibakang mamamayang Pilipino sa pag-sapit ng ika-49 anibersaryo ng pagkakatatag ng NDFP sa Abril 24. Sa loob ng halos limang dekada, nakonsolida, lumawak at lumakas ang pambansa-demokratikong pakikibaka ng sambayanan sa kabila ng panunupil ng reaksyunaryong estado laluna ng kasalukyang rehimeng Duterte na walang patumanggang nagtatatak na terorista sa si-numang lalaban dito.

Kasabay nito, binibigyan natin ng espesyal at pinakamataas na parangal ang lahat ng rebolusyonaryong martir at mamamayang nagbuwis ng buhay sa proseso ng pakikibaka sa marahas at malupit na estado. Habambuhay nang nakatatak sa kasaysayan ang kanil-ang dakilang ambag sa pagsusulong ng rebolusyon.

Nagpupugay rin ang NDFP-ST sa lahat ng alyadong organisasyon ng NDFP na nananatiling nakatindig at nakikibaka para sa interes at karapatan ng mga magsasaka, manggagawa, kabataan, kababaihan, pambansang minorya, at iba pang inaaping uri't sektor ng lipunan.

Kinikilala rin nito ang lahat ng mga progresibo, alyadong pwersa at mga kaibigan ng rebolusyong Pilipino sa loob at labas ng bansa na katuwang sa pagpapabagsak sa pahirap na malakolonyal at malapyudal na sistema at maging mga ka-kapit-bisig sa paglaban sa numero unong kaaway ng sambayanan ngayon—ang rehim-eng US-Duterte.

Mahalagang ilugar ang okasyon ng ika-49 anibersaryo ng NDFP sa mainit na kalagayang pampulitika at pang-ekonomya sa bansa. Una, ipinagdiriwang ang anibersaryo ng NDFP sa natitirang huling mga buwan ng paghahari ng kinamumuhiang rehimeng US-Duterte na nagsadlak sa sambayanang Pilipino sa labis na kahirapan at kaapihan sa nakaraang higit limang taon. Ikalawa, nalalapit ang eleksyong 2022 na nais gamitin ng anak ng diktador na si Marcos kasabwat ang mga tiranikong pamilya ng Duterte at Arroyo upang makapanumbalik sa kapangyarihan at makapagtatag ng panibagong diktadura.

Ngayong umiigting ang krisis, lalong lumilinaw na walang ibang tutunguhin ang pakikibaka ng sambayanang Pilipino kundi ibayong pagsulong. Salimbayan ang paglala ng sosyo-ekonomikong kalagayan ng Pilipinas at krisis ng imperyalismo. Sa pulitika, patuloy na nahihiwalay ang rehimeng Duterte sa malawak na hanay ng sambayanan at maging sa ilang bahagi ng lokal na naghaharing uri. Ito ngayon ang nasasaksihan sa ala-sirkong eleksyong 2022 kung saan lumalapad at lumalakas ang oposisyon habang nala-lantad ang baho at lumalaki ang disgusto ng sambayanan sa alyansang Marcos-Arroyo-Duterte. Bunga na ito ng kagutuman, disempleyo, anti-demokratikong pamamahala, pasismo at kriminal na kapabayaan sa panahon ng

pandemya na dinanas ng bayan sa ilalim ng rehimeng Duterte sa nakaraang higit limang taon.

Sa harap nito, dapat itambol nang buong lakas ang pambansa-demokratikong adhikain at padagundungin ang panawagang panagutin ang teroristang rehimeng US-Duterte ngayong rumurorok ang kampanyahan para sa eleksyong 2022. Marapat ipabatid sa lahat ang rebolusyonaryong programang mag-aahon sa sambayanan mula sa pang-aapi ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo upang sawatahin ang ilusyong nililikha ng pangako ng mga pulitiko at lumalakas na hangin ng repormismo.

Napapanahong hamunin ang mga kandidato sa eleksyon na balikan ang negosasyong pangkapayapaan ng GRP sa NDFP bilang sukatan ng kanilang sinseridad sa pagkakamit ng pangmatagalan at tunay na kapayapaang nakabatay sa hustisyang panlipunan. Okasyon ito para patampukin ang nilalaman ng inihain ng NDFP sa GRP na balangkas ng Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (CASER) sa negosasyong pangkapayapaan. Kailangang maging laman ng publikong diskurso, talakayan sa puliti-ka at lahat ng daluyan ng midya ang programa ng rebolusyonaryong kilusan lalo ang pagpapatupad ng tunay na repormang agraryo, pambansang industriyalisasyon at pagkakaloob ng dekalidad at libreng serbisyong panlipunan sa lahat ng mamamayan. Ito ang mga mayor na kahilingan ng sambayanang Pilipino na kahit kailan ay hindi ipagkakaloob ng reaksyunaryong gubyernong pinatatakbo ng mga ganid na malalaking burgesyang kumprador, panginoong maylupa at mga burukratang kapitalista sa basbas ng imperyalismo.

Kailangan ding patuloy na kabigin ang mga demokratiko at makabayang pwersang kaisa ng bayan sa pagkundena at paniningil sa pabaya, inutil, korap, papet at pasistang re-himeng Duterte. Hindi dapat matabunan ng ingay ng eleksyon ang usapin ng pagpapanagot sa rehimeng Duterte at kanyang mga berdugong galamay na responsable sa talamak na pamamaslang at paglabag sa karapatang tao lalo na ngayong patapos na ang kanyang termino. Dapat ding parusahan ang rehimeng Duterte sa gra-beng kasibaan sa pagnanakaw sa pondo ng bayan, pagyukod sa US at China at pagsabotahe sa pambansang ekonomya sa pamamagitan ng mga neoliberal na polisiya sa agrikultura at industriya. Patuloy na suportahan ang mga inisyatiba at prosesong kaugnay ng pagpapanagot kay Duterte tulad ng pagsasampa ng kaso sa International Criminal Court at mga independyenteng imbestigasyon.

Walang ibang kilusang magdadala sa mga panawagang ito na salaminan ng tunay na in-teres ng mamamayang Pilipino kundi ang rebolusyonaryong kilusan. Kaya't katambal ng mga panawagang ito ang pagpapalakas sa pakikibakang masa para sa lupa, sahod, trabaho, serbisyo at karapatan. Sa kanayunan, nag-aanyo ito sa pagpapalaki ng kasapian ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa higit lalo ng Bagong Hukbong Bayan. Sa ganito matitiyak ang paglakas ng armadong paglaban na pangunahing anyo ng pakikibaka sa pambansa demokratikong rebolusyon upang palayain ang sambayanan sa kasalukuyang bulok at naaagnas na lipunan.

Kailangan itong isagawa ng pinakakonsolidadong hanay ng nakikibakang mamamayan sa gitna ng pasistang pananalasa ng

papet na rehimen at mga armadong galamay nito pangunahin sa pamamagitan ng NTF-ELCAC. Higit na magpakahusay sa iba't ibang porma ng paglaban, pagtatayo ng mga alyansa at pakikipagkaisa sa iba't ibang uri at sektor na sukang-suka na sa tiranikong paghahari ni Duterte at tutol sa panunumbalik ng pamilya ng dating diktador na si Marcos. Itinatag, lumakas at lumawak ang NDFP noong Abril 24, 1973 sa gitna ng pananalasa ng diktadurang Marcos at sa loob ng 49 taon mahusay nitong binigkis ang organisadong hanay ng mamamayan laban sa nag-palit-palitang rehimen para sa pambansa-demokratikong pakikibaka sa buong kapuluan.

Sa okasyon ng anibersaryo ng NDFP, nararapat lamang patampukin at ipagtanggol ang mga tagumpay na nakamit ng NDFP at buong rebolusyonaryong kilusan sa loob ng ma-higit limang dekada. Higit na kailangang magpunyagi ang mga rebolusyonaryong pwersa upang abutin ang mas maraming bilang ng mamamayan at buklurin sila sa pam-bansa-demokratikong pakikibaka. Bahagi nito ang pagpapasikad sa kilusang anti-Duterte upang tiyaking mabulok sa basurahan ng kasaysayan ang tiranong rehimen. Sa proseso ng pakikibaka, imulat, organisahin at pakilusin ang milyun-milyong mamama-yang Pilipino hanggang yakapin nila't isulong ang pambansa demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba. T

## Labanan ang doble-karang pagpapakatuta nina Duterte at Marcos Jr. sa US at China

*Hunyo 12, 2022*

Walang ibang nagdiriwang sa ika-124 anibersaryo ng huwad na Kalayaan ng Pilipinas kundi ang US, China, si Duterte, Marcos at lahat ng mga kasapakat nila. Sina Rodrigo Duterte at Bongbong Marcos ay ang bagong tagapagmana ng taksil na si Emilio Aguinaldo mula sa hilera ng mga papet na naghari sa Pilipinas. Dahil sa pagkaganid sa kapangyarihan, ibinebenta nila ang kanilang kaluluwa sa demonyo, sa imperyalismo.

Sa katapusan ng Hunyo, iiwan ni Duterte ang bansang saklot ng dalawang pinakamalalaking imperyalistang kapangyarihan. Habang buong pagkapapet, inutil at lantarang nagtataksil sa bayan sa pagsubasta sa China ng mga teritoyong saklaw ng Pilipinas sa West Philippine Sea, sunud-sunuran si Duterte sa mga neoliberal na patakarang dikta ng US. Bago sya bumaba sa poder ay tiniyak niyang kung hindi man maaprubahan ang *charter change* ay maipasa ang mga batas na higit na magbubukas sa bansa sa ibayong dayuhang panghihimasok at pandarambong. Inihabol ni Duterte bago bumaba sa poder ang pagpapasa sa RA 11659 o ang batas na nag-aamyenda sa Public Service Act para pahintulutan ang 100% dayuhang pagmamay-ari sa tatlong pangunahing serbisyo publiko (telekomunikasyon, riles at airline). Ganundin ang RA 11647 o pag-amyenda sa Foreign Investments Act na nagpapahintulot naman sa buu-buong dayuhang

pagmamay-ari sa mga negosyo sa bansa kabilang ang maliliit na mga negosyo.

Pinabayaan ni Duterte ang China na dambungin at wasakin ang yaman ng West Philippine Sea sa kapinsalaan ng mga mangingisda at buong kabuhayan ng bansa. Gayundin, inabandona ni Duterte ang mga mangingisdang walang habas na hinaharas, pinagbabawalan at sinasagasaan ng malalaking barko ng China. Walang kahihiyan niyang isinubasta ang mayayamang isla sa WPS kapalit ng dambuhalang mga proyektong Build Build Build na gatasang-baka ng kanyang rehimen at mga alipures niya tulad ng Kaliwa Dam Project.

Habang umiigting ang girian sa pagitan ng US at China sa gitna ng mainit na tensyon sa Europa na humantong sa gera sa Ukraine, hinayaan ni Duterte na magpayao't parito ang USS Carl Vinson sa West Philippine Sea at maglunsad ng sunud-sunod na pagsasanay-militar. Hindi niya inalintana ang panganib na maaaring idulot nito sa bansa sakaling tumindi ang tensyon at humantong sa gera ang girian sa pagitan ng US at China.

Ang garapalang pangangayupapa ni Duterte sa interes ng mga imperyalista ay asahang hihigitan pa ni Marcos II. Sa panahon pa lamang ng kampanya ay iprinesenta na niya ang kanyang malambot at mapagpaubayang paninindigan sa pagharap sa US at China. Kaya nga hindi pa man naipoproklama si Marcos II ay nagkokoro na ang dalawang imperyalistang kapangyarihan sa pagbati sa bagong rehimen.

Hindi pa man nauupo si Marcos II ay inihayag na niya ang kahandaang muling pirmahan at palawigin ang Visiting Forces Agreement sa

US. Kaya hindi nakakapagtaka ang paulit-ulit na pagpapahayag ng imperyalistang bansa at mga pinakikilos nitong bayarang institusyon para palisin ang anumang pagdududa sa resulta ng nakalipas na pambansang eleksyon. Samantala, si Marcos din ang bukod-tanging tumindig sa pagkakaroon ng bilateral na pakikipag-usap sa China mula pa sa panahon ng kampanyahan. Sa halip na igiit ang ipinanalong kaso ng Pilipinas sa Permanent Court of Arbitration, palasukong umayon si Marcos II sa pahayag ng China ng pagbalewala sa desisyong pabor sa Pilipinas.

Hindi nagdiriwang ang sambayanan ngayong Hunyo 12. Bagkus, ikinagagalit nila ang mahigit 124 taon ng pangangayupapa, pang-aapi at pang-aalipin ng imperyalismong US, at ngayon ng China sa ating bayan. Lalo silang nasusuklam dahil ang kasalukuyan at papalit na lider ng bansa ay isa na namang papet, taksil at bentador ng kalayaan ng bansa. Dapat labanan ng bayan ang garapalan at doble-karang pangangayupapa ni Duterte at ng papalit na rehimeng Marcos II sa imperyalismo. Isinusubo nila ang bansa at ang mamamayan sa higit na panganib at kapahamakan, makapangunyapit lamang sa poder. Ibayong isulong at suportahan ang pambansa-demokratikong rebolusyon na tanging magbibigay ng ganap na kalayaan sa bansa mula sa lahat ng anyo ng dayuhang pananakop, pang-aapi at pagsasamantala. T

# 5

# PARANGAL PARA SA MGA MARTIR AT LINGKOD-BAYAN

## Pagpupugay kay Fidel Castro, dakilang rebolusyonaryo at lider ng Cuba

*Nobyembre 26, 2016*

Buong pusong nakikiramay ang National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) sa mamamayan ng Cuba sa pagpanaw ni Kasamang Fidel Castro. Pumanaw si Ka Fidel noong Nobyembre 25, 2016 sa edad na 90.

Nakaukit na sa kamalayan ng mamamayan ng Cuba at buong daigdig ang naging mahalagang ambag ni Ka Fidel sa pagsusulong ng rebolusyon laban sa imperyalistang paghahari. Mula sa maliit, nakapagpalakas ang kanilang rebolusyonaryong kilusan at nagtagumpay dahil

sinuportahan at itinaguyod ito ng masang anakpawis.

Ibinagsak nila ang gobyerno ng diktadurang si Fulgencio Batista na suportado ng imperyalismong US para itayo ang isang bagong gubyernong nagtataguyod sa pambansang soberanya at teritoryal na integridad ng bansang Cuba. Itinayo nila ang isang gubyernong pangunahing nagbibigay pansin sa kagalingan at interes ng kanilang mamamayan tulad ng pagbibigay-diin sa serbisyong panlipunan partikular ang suporta sa edukasyon, at pagnanasyunalisa at pagpapalawak ng serbisyo sa kalusugan.

Niyanig ng rebolusyong Cubano ang paghahari ng imperyalismong US. Pinatunayan ng pakikibaka ng mamamayan ng Cuba na kahit sa tungki ng ilong ng kaaway ay kayang pagtagumpayan ang kilusan para sa pambansang pagpapalaya at sosyalismo. Patuloy na nakapagpunyagi ang mamamayan ng Cuba sa kabila ng pang- ekonomiyong blokeyo at panggigipit ng imperyalismong US.

Nakapangibabaw rin sila sa mga kontra-rebolusyonaryong grupo at kilusan na binuo at sinustentuhan ng US. Hinangaan ng mga mamamayan sa iba't ibang panig ng mundo ang ipinamalas na katatagan at kapangahasan ng mamamayang Cubano sa harap ng isang makapangyarihang bansa. Ang kanilang rebolusyonaryong karanasan ay naging inspirasyon sa maraming mga bayang malakolonyal at malapyudal na malaon nang naghahangad ng kalayaan laban sa dominasyon ng mga dayuhang bansa.

Sinuportahan ni Ka Fidel ang iba't ibang mga kilusan para sa pambansang pagpapalaya. Nakipag-ugnayan siya at nagpadala ng

suportang materyal, gayundin ng personel tulad na lamang ng mga bansa sa Latin America at South Africa. Sa galit ng imperyalismong US ay ilang daang beses na pinagtangkaan ng mga ahente ng Central Intelliegence Agency (CIA) na paslangin si Ka Fidel subalit kailanman ay hindi sila nagtagumpay.

Nagluluksa ang mamamayan hindi lamang sa bansang Cuba kundi maging sa iba pang bahagi ng daigdig dahil sa pagpanaw ng isang kapita-pitagang lider na namuno sa isang dakilang rebolusyon. Gayunman, ang alaala at pamana ni Ka Fidel ay mananatili sa isip at puso ng bawat Cubano at sa lahat ng mga nakikibaka laban sa imperyalismo. Magsisilbi itong tanglaw sa patuloy na lumalakas na kilusan para sa pambansang pagpapalaya sa paparaming mga bansa.

Mabuhay ang buhay at pakikibaka ni Ka Fidel!

Mabuhay ang mga kilusan para sa pambansang pagpapalaya! T

## Pagpupugay sa mga rebolusyonaryong martir sa Nasugbu, Batangas! Pagbayarin ang rehimeng US-Duterte sa kanyang mga krimen sa mamamayan!

*Disyembre 1, 2017*

Nagpupugay ang buong rebolusyunaryong kilusan sa Timog Katagalugan sa labinlimang Pulang kumander at mandirigma ng BHB na pinaslang ng pasistang AFP sa Nasugbu, Batangas noong Nobyembre 28, 2017. Habambuhay na dadakilain ng mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan ang inialay nilang talino, galing at kakayahan alang-alang sa pagsusulong ng demokratikong interes ng sambayanan.

Taos-puso ding nakikiramay ang National Democratic Front- Southern Tagalog sa mga pamilya, kaibigan at kasama ng lahat ng mga Pulang kumander at mandirigma na nag-alay ng kanilang natatanging buhay para sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan. Walang kaparis na pighati ang nararamdaman ngayon ng mamamayan sa maagang pagpanaw ng mga mahal na kasama.

Kaisa ng kanilang mga pamilya at kaibigan ang lahat ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan sa pagdadalamhati. Mananatiling nakaukit sa gunita ng bawat kasama at masang kanilang nakasalamuha ang kanilang mga alaala. Ang kanilang inialay na buhay na kasimbigat ng kabundukan ng Sierra Madre ay magsisilbing inspirasyon sa lahat ng mamamayang nakikibaka para sa tunay na demokrasya at kalayaan.

Marapat lamang na paghalawan ng aral ang kanilang mga naging buhay. Tiyak na ang kanilang mga rebolusyonaryong simulain at adhikain ay tatagos sa bawat uring kanilang pinagmulan upang pukawin ang mamamayang kumilos para sa pagtatagumpay ng rebolusyon. Mapagpasya nating ibaling ang ating pagdadalamhati sa patuloy na pagpupunyagi sa ating mga rebolusyonaryong gawain at paigtingin ang ating pakikibaka laban sa rehimeng US-Duterte.

Ang pinakamahusay na paraan ng pagbibigay parangal at pagpupugay sa mga martir ay ang pagpapatuloy ng kanilang nasimulan, ang mahigpit na pagtangan sa mga armas na kanilang nabitawan at ang higit pang pagpupunyagi sa pagsusulong ng digmang bayan pangunahin sa pamamagitan ng armadong pakikibaka. Dapat na ibaling ng mamamayan ang kanilang poot at galit sa kasalukuyang pasistang rehimen na siyang salarin sa pagpaslang ng mga Pulang mandirigma.

Ang mga utang na dugo ng rehimen ang siya ring dugong dumidilig sa matabang lupa ng rebolusyon. Tiyak na libu-libong mamamayan ang mapupukaw upang tahakin ang rebolusyonaryong landas tulad ng ating mga bayani. Ang mamamayang nagpupuyos sa galit ang siyang sisingil sa rehimeng US-Duterte para sa lahat ng krimen nito sa sambayanang Pilipino.

Pansamantalang kabiguan lamang para sa lahat ng rebolusyonaryo ang naging kamatayan ng mga Pulang mandirigma sa kamay ng pasistang kaaway. Hindi magtatagal, muling tataglayin ng rebolusyonaryong mamamayan ng Batangas ang ibayong lakas upang tanganan ang mga sandatang nabitiwan ng mga kasamang namartir sa Nasugbu.

Hangga't nananatiling malakolonyal at malapyudal ang lipunang Pilipino sa pamamagitan ng papet na rehimeng US-Duterte, kikilos ang daang libong mamamayan upang patuloy na ipaglaban at igiit ang kanilang mga demokratikong karapatan. Ang sumasahol na panlipunang krisis at ligalig ang siyang pangunahing matutulak sa mamamayan upang isulong ang tunay na panlipunang pagbabagong tanging sa pagrerebolusyon lamang makakamit.

Mabuhay ang lahat ng bayani ng rebolusyong Pilipino!

Mabuhay ang New Peoples Army!

Paigtingin ang digmang bayan laban sa pasista at diktador na rehimeng US-Duterte!

## Gina Lopez: Dakilang kaibigan at tagapagtanggol ng mga mamamayan at kalikasan

*Agosto 19, 2019*

Ang National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ay lubhang nalulungkot sa pagpanaw ni Regina Paz (Gina) L. Lopez, dating kalihim ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) at kasalukuyang Tagapangulo ng ABS-CBN Foundation Inc. dahil sa sakit na kanser.

Nais din naming iparating ang aming taos pusong pakikiramay at pakikidalamhati sa mga naiwang pamilya, kaibigan at katrabaho ni Gina Lopez. Nakapanghihinayang at nawalan tayo ng isang Gina Lopez na seryoso, masugid at matapang na kampiyon ng kalikasan at kapaligiran. Nawala sa ating piling ang isang kasama na may mataas na pagpapahalaga sa pangangalaga at proteksyon ng likas na yaman ng bansa at kapaligiran laban sa mga mapanira, mapagsamantala at mandarambong na malalaking burgesya komprador at mga dayuhang namumuhunan lalo na sa industriya ng pagmimina sa bansa. Sa kanyang pakikibaka para sa preserbasyon ng kalikasan, laging laman ng kanyang isip ang kinabukasan ng mga susunod na henerasyon na siyang makikinabang sa isang protektado at preserbadong likas na tirahan (habitat) ng iba't ibang uri ng nabubuhay na hayop at halaman (wildlife).

Bagama't nagmula sa makapangyarihang angkan ng malaking negosyo, namumukod tangi si Gina Lopez na tinawid ang makitid na

interes ng pinagmulang uri upang sinserong hanapin ang kanyang lugar sa piling ng paglilingkod sa mamamayan sa limitado nyang kapasidad at hangaring baguhin ang kalagayan ng masang api't pinagsasamantalahan sa paraang nakikita nyang kapaki-pakinabang—ang ipagtanggol ang kapaligiran at kalikasan laban sa mapangwasak na operasyon ng mga dambuhalang kumpanya sa pagmimina na nagdidisloka at sumisira sa kabuhayan at kinabukasan ng kasalukuyan at susunod na mga henerasyong Pilipino. Matatag siyang ginabayan ng kanyang prinsipyo na "mamamayan muna bago ang negosyo at tubo" at hindi niya ito ikinumpromiso sa gitna ng napakalakas na opusisyon ng malalaking korporasyong interes sa loob at labas ng gubyernong Duterte.

Hindi namin malilumutan ang katapangang ipinamalas ni Gina Lopez sa pagtatanggol at pakikipaglaban sa kapakanan ng mga magsasaka at katutubo sa rehiyong Timog Katagalugan. Bago pa siya naging miyembro ng gabinete ni Duterte, aktibo na si Gina Lopez sa kampanya sa pagtatanggol sa kalikasan at lupain ng mga katutubo sa rehiyon laban sa walang habas na pangwawasak dito ng mga kumpanya sa pagmimina. Nuong maging Kalihim siya ng DENR, maraming kumpanya sa pagmimina sa rehiyon ang kanyang ipinasara, sinuspinde ang operasyon at kinansela ang mga permiso dahil sa malawakan, iresponsableng pangwawasak ng mga ito sa mga lupang ninuno at pinagkukunan ng kabuhayan ng mga magsasaka at katutubo. Itinulak din niya ang kampanyang **No To Mining in Palawan** at nagpatupad ng iba pang mga proyektong naglalayong pangalagaan at ipagtanggol ang inang kalikasan habang nagsisilbing kalihim ng DENR.

Marami pa sana siyang magagawa para sa kapakanan ng mga magsasaka at katutubo dangan lamang na maaga siyang napatalsik bilang kalihim ng DENR bunga ng presyur ng mga kinatawan ng malalaking burgesya kumprador sa loob at labas ng gabinete at gubyerno ni Duterte. Wala ring nakuhang suporta si Gina Lopez mula kay Duterte matapos tanggihan ng makapangyarihang Commission on Appointment (CA) ang kanyang nominasyon bilang kalihim ng DENR. Tunay na nagpapakita lamang na walang puwang sa administrasyong Duterte ang mga upisyal ng gubyerno na katulad ni Gina Lopez na seryoso, masugid at matapang na nagtatanggol sa yaman at kalikasan ng bansa mula sa pagsasamantala at pandarambong ng malalaking burgesya komprador at dayuhang negosyo ng mga imperyalista. At higit sa lahat, walang puwang sa loob ng administrasyong Duterte ang katulad ni Gina Lopez na may malasakit sa kapakanan ng mga mahihirap nating kababayan.

Matapos mawala sa gabinete, bilang tagapangulo ng ABS-CBN Foundation, ipinagpatuloy ni Gina Lopez ang kanyang masugid na adbokasiya sa pangangalaga ng kalikasan sa pamamagitan ng kanyang proyektong Bantay Kalikasan at sa pagtatanggol sa mga karapatan ng bata at kanilang proteksyon sa ilalim naman ng programang Bantay Bata 163.

Itinuturo ng kwento ng buhay ni Gina Lopez na ang kabuluhan ng buhay ay matatagpuan lamang sa sinserong paghahangad ng kabutihan para sa mga dukha. Naunawaan niya ang tunay na kalagayan at pangangailangan ng mga kapuspalad sa kanyang ginagawang pakikipamuhay sa kanila. Kaya hindi kataka-taka na ang

kanyang adbokasiya sa maraming bagay ay katugma ng mga layunin at programa ng rebolusyonaryong kilusan.

Sa isang banda, may kabilang leksyon ang kanyang buhay—na gaano man kasinsero ang kagustuhan ng mga katulad nya na baguhin ang kalagayan ng maliliit na mamamayan, ipagtanggol ang kalikasan at likas-yaman ng bansa para sa kapakinabangan ng mga susunod na henerasyon at repormahin ang bulok na mga kalakaran sa gubyerno—hindi kailanman ito magkakaroon ng katuparan sa ilalim ng mapagsamantala at mapang-aping sistema ng lipunang pinaghaharian ng malalaking kumprador-panginoong maylupa at mga burukratang kapitalista na nasa lukob ng dayuhang kapangyarihan. Ito ang naging trahedya ni Gina Lopez sa maikling panahon na naging bahagi siya ng reaksyunaryong gubyerno. Sa bandang huli, nakutsabahan ang iba't ibang pwersa sa loob at labas ng gubyernong Duterte upang siraan at hadlangan ng Commission on Appointment ang kanyang nominasyon bilang kalihim ng DENR.

Nananawagan kami sa iba pang mga nakakariwasa sa buhay na tularan si Gina Lopez at ilapit ang sarili sa mga dukha't inaaping sektor ng ating lipunan. Ihanda ang mga sarili sa pagtulong at pagsuporta sa mga ipinaglalaban ng mamamayan para sa tunay na kalayaan at demokrasya. Bilang simula, magsilbing tinig at aktibong maging tagapagtanggol ng karapatang pantao, mga kalayaang sibil at iba pang karapatang demokratiko na unibersal na kinikilala ng lahat ng sibilisadong bansa. Ganundin, hinihikayat namin kayo na sumama at lumahok sa mga kilusang nagsusulong at nangangalaga sa inang kalikasan at sa pagtataggol ng karapatan ng mga bata at kababaihan. Magsagawa ng mga programa at proyektong pangkabuhayan para sa

mga kapos-palad nating kababayan. At higit sa lahat nananawagan kami sa inyo na makisalamuha at ihanay ang sarili sa pakikibaka ng uring anakpawis para sa pambansang demokrasya.

Mabuhay ang mga alaalang iniwan ni Ms. Gina Lopez!

Mabuhay ang mamamayang Pilipino!

Paglingkuran ang sambayanan!

## Ka Facio: Huwarang rebolusyonaryo, tunay na Komunista at tagapaglingkod ng mamamayang Pilipino

*Pebrero 24, 2022*

Pinakamataas na parangal at pagpupugay ang iginagawad ng National Democratic Front-Southern Tagalog kay kasamang Kevin Castro na mas nakilala ng masa at mga kapwa rebolusyonaryo bilang Ka Andres, Ka Facio, Ka Lima at Ka Pablo. Nasawi siya sa isang labanan sa Brgy. Binibitinan, Polilio, Quezon nitong Pebrero 21, 2022 sa edad na 28. Isang bata ngunit responsab-leng ng kadre ng Partido si Ka Facio, kagawad ng Komiteng Subrehiyon sa mga probinsya ng Rizal-Quezon at Laguna, rebolusyonaryong guro at mahusay na propagandista-ahitador ng Hukbong bayan at mamamayan.

Nagmula siya sa uring petiburgesya sa Malolos, Bulacan. Isa siyang mabuting anak at panganay sa isang nakababatang kapatid na lalaki. Nakapag-aral siya ng kursong edukasyon sa University of the Philippines-Diliman at aktibo sa pagsusulong ng karapatan ng mga estudyante sa pamantasan laluna nang maging miyembro ng konseho sa kanilang kolehiyo. Kalaunan ay naging aktibo rin siya sa paglaban sa iba pang isyu ng mga kabataan at iba pang uri at sektor sa loob at labas ng pamantasan at namulat sa kalagayan ng mamamayang Pilipinong isinadlak sa kahirapan ng tatlong salot ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo. Sumapi siya sa Kabataang

Makabayan, ang lihim na pambansa-demokratikong organisasyon ng mga kabataang nagtataguyod ng armadong pakikibaka. Noong 2016, naging aktibo siya sa pagdalo at pagiging bahagi ng mga peace forum na inorganisa ng NDFP sa iba't ibang pamantasan sa Maynila at sa Timog Katagalugan.

Isa siya sa mga kabataan-estudyanteng tumugon sa panawagan ng Partido Komunista ng Pilipinas na sumapi sa BHB noong 2016. Mula noon, buong sigasig na ginampanan ni Ka Facio ang mga rebolusyonaryong tungkulin at higit na ginagap ang pagsusulong ng matagalang digmang bayan sa kanayunan. Naitalaga siyang kumilos sa larangan sa Hilagang Quezon kung saan siya umugat at epektibong namuno bilang sumisibol na batang kadre ng rebolusyon. Sa mahusay na paggabay at pamumuno ng komite ng Partido sa subrehiyon sa pangunguna ng namartir na si Ermin "Ka Monte/Romano" Bellen, mabilis na nahasa si Ka Facio bilang isang komprehensibong kadre na naging mahalagang salik para muling mareaktiba ang ilang naiwang mga base sa Hilagang Quezon laluna ang mga base sa Polilio Group of Islands.

Napakataas ng pagpapahalaga niya sa lahat ng gawain laluna ang gawaing masa, na di niya alintana ang mga panganib makabalik lang at mapamunuan ang masa. Kahit nga sa panahon ng pandemya, sinikap niyang alamin ang kalagayan nila at gabayan ang mga masa sa pagharap sa mahihirap na kalagayan---hinggil sa kabuhayan, kalusugan at iba pang laban ng mamamayan.

Walang tanggi sa atas si Ka Facio, hindi siya nagsasayang ng panahon para matupad ang kanyang misyon at maiabante ang mga gawain

saanman siya maitalaga. Isa rin siyang mahusay na manunulat at makata. Lapat siyang makitungo sa mga kasama at masa dahilan para mahalin siya ng mga ito, laluna ng mga katutubong Dumagat at Remontado. Katunayan, mataas ang inaani niyang respeto mula sa mga kapwa kasama at mamamayan sa taglay niyang mahusay na aktitud at pagiging huwarang batang kadre. Kritikal siya sa sarili at likas ang kanyang kababaang loob kaya mahusay niyang napakikitunguhan ang mga suliraning kinakaharap niya—sa pakikitungo sa mga kasama, sa kanyang pamumuno, at maging sa pakikitungo sa masa. Larawan siya ng  pagiging di makasarili at ng walang pag-iimbot na ibigay ang kanyang kakayahan  para sa katuparan ng mga rebolusyonaryong tungkulin at gawain. Isa rin siyang huwarang kasamang may piniling kasarian at aktibong mandirigma sa pagsusulong ng pantay na pagkilala at pagrespeto sa kanilang hanay.

Nakapanghihinayang na maagang tinawid ni Ka Facio ang imortalidad. Marami pa siyang magagawa at misyong maisasakatuparan, marami pa siyang masang nais paglingkuran at masang naghihintay. Pero ang lahat ng kanyang pagsisikap at sakripisyo ay hindi masasayang dahil ipagpapatuloy ito ng mga kapwa rebolusyonaryong nakasama niya sa buhay-at-kamatayang pakikibaka, ng bawat mamamayang nakadaupang-palad niya. At higit sa lahat, ang kanyang kadakilaan at kabayanihan ay buong-panahong mananahan at magpapasalin-salin sa iba't ibang henerasyon ng mamamayan sa Maynila, sa Hilagang Quezon at sa buong Pilipinas.

Nakitil man ng kaaway ang kanyang kaisa-isang buhay, hindi nila makikitil, ni mapipigil ang pag-agos ng rebolusyonaryong enerhiya ng

mamamayang binigkis ng mga pagsisikap ni Ka Facio, ng Partido at buong rebolusyonaryong kilusan sa Hilagang Quezon. Ipagpapatuloy ng higit na nakararaming kabataaan at mabubuting anak ng bayan sa lalawigan ang mga dakilang misyon at simulain ni Ka Facio.

Nawala ka man sa aming piling pero nag-iwan ka naman ng walang kamatayang pamana ng kabayanihan. Ginawan ka namin ng bantayog na nakaukit sa aming mga puso at isipan at patuloy na magiging inspirasyon ng mga susunod na henerasyon, lalong higit, ng mga kabataan at batang kadre na katulad mo.

Mabuhay si Ka Facio!

Mabuhay ang mga martir ng rebolusyon!

Mabuhay ang sambayanang Pilipino!